

Liahona

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Hinikayat ni Pangulong Nelson ang mga Banal na Makinig sa Panginoon

Ipinahayag ni Pangulong Nelson ang Ika-200 Anibersaryo ng Proklamasyon tungkol sa Pagpapanumbalik

Gagamit ang Simbahan ng Simbolong Magbibigay-diin na ang Tagapagligtas ang Sentro ng Kanyang Simbahan

Sinang-ayunan ang mga Bagong General Authority Seventy at Young Men General Presidency

8 Bagong Templo Ibinalita



ANG PAGPAPANUMBALIK NG KABUUAN NG EBANGHELYO NI JESUCRISTO

ISANG PROKLAMASYON SA MUNDO PARA SA IKA-200 TAONG ANIBERSARYO

ANG UNANG PANGULUHAN AT KAPULUNGAN NG LABINDALAWANG APOSTOL NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Taimtim naming ipinapahayag na minamahal ng Diyos ang Kanyang mga anak sa bawat bansa sa mundo. Ipinagkaloob sa atin ng Ama sa Langit ang banal na pagsilang, ang walang katumbas na buhay, at ang walang-katapusang sakripisyo ng pagbabayad-sala ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, nabuhay muli si Jesus at nakamit ang tagumpay laban sa kamatayan. Siya ang ating Tagapagligtas, ang ating Halimbawa, at ang ating Manunubos.

Dalawang daang taon na ang nakalipas, isang magandang umaga ng tagsibol noong 1820, ang batang si Joseph Smith, na naghahangad na malaman kung anong simbahan ang dapat niyang sapian, ay nagtungo sa kakahuyan na malapit sa kanyang tahanan sa may hilagang bahagi ng New York, USA upang manalangin. May mga tanong siya tungkol sa kaligtasan ng kanyang kaluluwa at naniwala na gagabayan siya ng Diyos.

Mapagpakumbaba naming ipinapahayag na bilang kasagutan sa kanyang dalangin, nagpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo kay Joseph at pinasimulan ang “pagpapanumbalik ng lahat ng bagay” (Mga Gawa 3:21) tulad ng ibinadya sa Biblia. Sa pangitaing ito, nalaman niya na kasunod ng pagkamatay ng mga orihinal na Apostol, ang Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan ay nawala sa lupa. Magiging kasangkapan si Joseph sa pagbabalik nito.

Ipinapahayag namin na sa ilalim ng direksyon ng Ama at ng Anak, dumating ang mga sugo mula sa langit upang turuan si Joseph at muling itatag ang Simbahan ni Jesucristo. Ipinanumbalik ni Juan Bautista, na nabuhay na mag-uli, ang awtoridad na magbinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ipinanumbalik ng tatlo sa orihinal na labindalawang Apostol—nila Pedro, Santiago, at Juan—ang pagka-apostol at mga susi ng awtoridad ng priesthood. Dumating din ang iba pa, kabilang si Elijah, na nagpanumbalik ng awtoridad na magbuklod ng mga pamilya magpakailanman sa isang walang hanggang ugnayan na napagtagumpayan ang kamatayan.

Nagpapatotoo rin kami na binigyan si Joseph Smith ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos na magsalin ng isang sinaunang talaan: ang Aklat ni Mormon—Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Kabilang sa mga nasusulat sa mga sagradong pahina nito ang tala tungkol sa personal na ministeryo ni Jesucristo sa mga

tao sa kanlurang bahagi ng mundo pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuturo nito ang layunin ng buhay at ipinaliliwanag ang doktrina ni Cristo, na siyang sentro ng layuning iyon. Bilang katuwang na banal na kasulatan ng Biblia, nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon na ang lahat ng tao ay anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, na Siya ay may banal na plano para sa ating buhay, at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, ay nagsasalita sa atin ngayon katulad noong sinaunang panahon.

Ipinapahayag namin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na itinatag noong ika-6 ng Abril 1830, ang ipinanumbalik na Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan. Nakasalig ang Simbahang ito sa sakdal na buhay ng pangunahing batong-panulok nito, na si Jesucristo, at sa Kanyang walang katapusang Pagbabayad-sala at literal na Pagkabuhay na Mag-uli. Muling tumawag si Jesucristo ng mga Apostol at pinagkalooban sila ng awtoridad ng priesthood. Inaanyayahan Niya tayong lahat na lumapit sa Kanya at sa Kanyang Simbahan, upang tumanggap ng Espiritu Santo, ng mga ordenansa ng kaligtasan, at magkamit ng walang maliw na kagalakan.

May dalawang daang taon na ngayon ang nakalipas mula nitong Pagpapanumbalik na pinasimulan ng Diyos Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Milyun-milyong tao na sa mundo ang tumanggap sa mga iprinopesiyang pangyayaring ito.

Malugod naming ipinapahayag na ang ipinangakong Pagpapanumbalik ay sumusulong sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag. Kailanman ay hindi na magiging katulad nang dati ang mundo, habang ang Diyos ay patuloy na “ti[ti]punin ang lahat ng mga bagay kay Cristo.” (Mga Taga-Efeso 1:10)

Lakip ang lubos na paggalang at pasasalamat, kami bilang Kanyang mga Apostol ay nag-aanyaya sa lahat na malaman—tulad ng pagkakaalam namin—na bukas ang kalangitan. Ipinapahayag namin na ipinababatid ng Diyos ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga minamahal na anak. Nagpapatotoo kami na yaong mga mapanalanging pag-aaralan ang mensahe ng Pagpapanumbalik at kikilos nang may pananampalataya ay pagpapalaing magkamit ng kanilang sariling patotoo sa kabanalan nito at sa layunin nitong ihanda ang mundo para sa ipinangakong Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.

Ang proklamasyon na ito ay binasa ni Pangulong Russell M. Nelson bilang bahagi ng kanyang mensahe sa Ika-190 Taunang Pangkalahatang Kumperensya na ginanap noong ika-5 ng Abril 2020, sa Salt Lake City, Utah.

Mga Nilalaman Mayo 2020

Tomo 23 • Bilang 5

Sesyon sa Sabado ng Umaga

- 6 Pambungad na Mensahe
Pangulong Russell M. Nelson
- 8 Hindi Ba Tayo Magpapatuloy sa Isang Napakadakilang Adhikain?
Pangulong M. Russell Ballard
- 12 Pagtiyak ng Isang Makatwirang Hatol
Elder James R. Rasband
- 15 Isang Natatanging Dakilang Tungkulin
Joy D. Jones
- 18 Mga Alaala na Espirituwal na Nagpapatibay
Elder Neil L. Andersen
- 23 Sa Kaibuturan ng Ating Puso
Douglas D. Holmes
- 27 Mga Panalangin nang May Pananampalataya
Pangulong Henry B. Eyring

Sesyon sa Sabado ng Hapon

- 30 Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Seventy, at General Officer
Pangulong Dallin H. Oaks
- 31 Ulat ng Church Auditing Department, 2019
Kevin R. Jorgensen
- 32 Ang Paglabas ng Aklat ni Mormon
Elder Ulisses Soares
- 36 Lumapit kay Cristo—Pamumuhay Bilang mga Banal sa mga Huling Araw
Elder John A. McCune

- 38 Isang Buhay na Saksi ng Buhay na Cristo
Bishop Gérald Caussé
- 41 Pagnilayan ang Kabutihan at Kadakilaan ng Diyos
Elder Dale G. Renlund
- 45 Ang Bisa ng Aklat ni Mormon sa Pagbabalik-loob
Elder Benjamin M. Z. Tai
- 48 Isang Matibay na Pundasyon Laban sa Panahong Darating
Elder Gary E. Stevenson

Sesyon sa Sabado ng Gabi

- 52 Hosana at Aleluia—Ang Buhay na Jesucristo: Ang Sentro ng Pagpapanumbalik at Pasko ng Pagkabuhay
Elder Gerrit W. Gong
- 56 Paano Pinagpapala ng Priesthood ang mga Kabataan
Laudy Ruth Kaouk
- 58 Paano Pinagpapala ng Priesthood ang mga Kabataan
Enzo Serge Petelo
- 60 Nagkakaisa sa Pagsasakatuparan ng Gawain ng Diyos
Jean B. Bingham
- 66 Siya ay Nagpapatiuna sa Atin
Pangulong Henry B. Eyring
- 69 Ang Melchizedek Priesthood at ang mga Susi
Pangulong Dallin H. Oaks

- 72 Pagbubukas ng Kalangitan para sa Tulong
Pangulong Russell M. Nelson

Sesyon sa Linggo ng Umaga

- 75 Katuparan ng Propesiya
Elder Ronald A. Rasband
- 78 Upang Makita Nila
Bonnie H. Cordon
- 81 Ganap na Kaliwanagan ng Pag-asa
Elder Jeffrey R. Holland
- 84 “Ang Bahay na Ito ay Itayo sa Aking Pangalan”
Elder David A. Bednar
- 88 Pakinggan Siya
Pangulong Russell M. Nelson
- 92 Sigaw na Hosana
Pangulong Russell M. Nelson

Sesyon sa Linggo ng Hapon

- 93 Ang Dakilang Plano
Pangulong Dallin H. Oaks
- 96 Ang Pagpapala ng Patuloy na Paghahayag sa mga Propeta at Personal na Paghahayag Upang Gabayan ang Ating Buhay
Elder Quentin L. Cook
- 101 Paghanap ng Kanlungan mula sa mga Unos ng Buhay
Elder Ricardo P. Giménez
- 104 Pumarito at Maging Kabilang
Elder Dieter F. Uchtdorf
- 107 Ang Pinakamatitibay na Tahanan
Elder L. Whitney Clayton
- 110 Pagbabahagi ng Mensahe ng Pagpapanumbalik at ng Pagkabuhay na Mag-uli
Elder D. Todd Christofferson
- 114 Sumulong nang may Pananampalataya
Pangulong Russell M. Nelson
- 64 Mga General Authority at General Officer ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 116 Ulat sa Estadistika, 2019
- 117 Mga Balita sa Simbahan
- 127 Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



São Paulo, Brazil

Ang Ika-190 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Sesyon sa Sabado ng Umaga, Abril 4, 2020

Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na panalangin: Elder Richard J. Maynes
Pangwakas na panalangin: Michelle Craig
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square*:
“Gising, Magbangon,” *Mga Himno*, blg. 7; “Uma-
ga Na,” *Mga Himno*, blg. 1, areglo ni Wilberg; “It
Is Well with My Soul,” Spafford at Bliss, areglo ni
Wilberg; “O mga Anak ng Diyos” *Mga Himno*,
blg. 30; “Unang Panalangin ni Joseph Smith,”
Mga Himno, blg. 20; “Come, Thou Fount of
Every Blessing,” Robinson/American folk melody,
areglo ni Wilberg.

Sesyon sa Sabado ng Hapon, Abril 4, 2020

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na panalangin: Milton Camargo
Pangwakas na panalangin: Elder Rubén V. Alliaud
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square:
“Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4,
areglo ni Wilberg; “Habang Aking Binabasa,”
Mga Himno, blg. 176, areglo ni Murphy;
“Pangino’y Hari!” *Mga Himno*, blg. 33;
“Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5,
areglo ni Wilberg.

Sesyon sa Sabado ng Gabi, Abril 4, 2020

Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na panalangin: Elder Kyle S. McKay
Pangwakas na panalangin: Cristina B. Franco
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square:
“Let Zion in Her Beauty Rise,” *Hymns*, blg. 41,
areglo ni Kasen; “Liwanag sa Gitna Nitong
Dilim,” *Mga Himno*, blg. 53, areglo ni Wilberg;
“Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189;
“O, Makinig, Lahat ng Bansa!” *Mga Himno*,
blg. 165, areglo ni Wilberg.

Sesyon sa Linggo ng Umaga, Abril 5, 2020

Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na panalangin: Elder Brook P. Hales
Pangwakas na panalangin: Elder Peter M. Johnson
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square:
“Truth Eternal,” *Hymns*, blg. 4; “Saligang
Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47, areglo ni Wilberg;
“This Is My Beloved Son,” *Children’s Songbook*,
76, areglo ni Cardon; “Tayo’y Magalak,” *Mga
Himno*, blg. 3; “Israel, Diyos ay Tumatawag,”
Mga Himno, blg. 6, areglo ni Wilberg; “Hosanna
Anthem/Espiritu ng Diyos,” Stephens at *Mga
Himno*, blg. 2, areglo ni Stephens.

Sesyon sa Linggo ng Hapon, Abril 5, 2020

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na panalangin: Elder Kevin R. Duncan

Pangwakas na panalangin: Elder Lynn G. Robbins
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square:
“Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21,
areglo ni Wilberg; “Ang Araw ay Sumisikat,” *Mga
Himno*, blg. 29, areglo ni Murphy; “Buhay ang
Aking Manunubos,” *Mga Himno*, blg. 78; “Sala-
mat, O Diyos, sa Aming Propeta” *Mga Himno*,
blg. 15, areglo ni Wilberg.

* Ang musika para sa bawat sesyon, sa ilalim
ng pamamahala ng iba’t ibang tagakumpas at
iba’t ibang organista, ay dati nang nairekord; ang
pangwakas na himno ay nirekord ng Tabernacle
Choir at anim na iba pang mga koro mula sa
Accra, Ghana; Mexico City, Mexico; Seoul, South
Korea; São Paulo, Brazil; Frankfurt, Germany; at
sa Auckland, New Zealand.

Makukuha ng mga Mensahe sa Kumperensya

Para ma-access online ang mga mensahe
sa pangkalahatang kumperensya sa mara-
ming wika, bisitahin ang conference.Church
ofJesusChrist.org at pumili ng wika. Makikita rin
ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app.
Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos
ang pangkalahatang kumperensya, makukuha
ang mga video at audio recording sa wikang

Ingles sa mga distribution center. Ang impormas-
yon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa
mga format na maa-access ng mga miyembrong
may kapansanan ay nasa disability.Church of
JesusChrist.org.

Sa Pabalat

Harap: Ipinintang larawan ng Unang Pangitain
na gawa ni Dan Burr
Likod: Larawang kuha ni Mason Coberly

Mga Retratang Kinunan sa Kumperensya

Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kuha
nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly,
Weston Colton, Brian Nicholson, at Leslie
Nilsson. Ang iba pang mga larawan ay kuha
nina Alexandre Borges, Mark Brunson, Nicolas
Serey Bustamante, Annette Campbell, Karisa
Creer, Cathie Frost, Alejandro Gutierrez, Natalia
Hepworth, Korene Knight, Ashlee Larsen, Bruno
Lima, Ashley Malili, Melanie Miza, Kendrick
Navarro, Arteh Odjidja, Veronica Olson, Alaine
Palmer, Melanie Porter, Jonas Rebicki, Mark
Romesser, Elizabeth Thompson, Chung Ho Tsai,
Emily Utykanski, Marco Vargas, Christopher
Walker, Dave Ward, Jonathan Wing, Justin
Wright.



West Jordan, Utah, USA

MAYO 2020 TOMO 23 BLG. 5
LIAHONA 16720 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard L. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flittton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinkley, Eric P. Johnson, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Ammon Harris, Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrisaa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: Liahona, FL 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada:

May 2020 Vol. 23 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431) POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



Sandy, Utah, USA

Indeks ng mga Tagapagsalita

Andersen, Neil L., 18
Ballard, M. Russell, 8
Bednar, David A., 84
Bingham, Jean B., 60
Caussé, G  rald, 38
Christofferson, D. Todd, 110
Clayton, L. Whitney, 107
Cook, Quentin L., 96
Cordon, Bonnie H., 78
Eyring, Henry B., 27, 66
Gim  nez, Ricardo P., 101
Gong, Gerrit W., 52
Holland, Jeffrey R., 81
Holmes, Douglas D., 23
Jergensen, Kevin R., 31
Jones, Joy D., 15
Kaouk, Laudy Ruth, 56
McCune, John A., 36
Nelson, Russell M., 6, 72, 88, 92, 114
Oaks, Dallin H., 30, 69, 93
Petelo, Enzo Serge, 58
Rasband, James R., 12
Rasband, Ronald A., 75
Renlund, Dale G., 41
Soares, Ulisses, 32
Stevenson, Gary E., 48
Tai, Benjamin M. Z., 45
Uchtdorf, Dieter F., 104

Indeks ng mga Paksa

Adan at Eva, 60
Aklat ni Mormon, 12, 32, 38, 45, 110
Ama sa Langit, 18, 41, 81, 88
Awa, 12
Banal na kasulatan, mga, 88
Basbas ng Priesthood, mga, 56
Basbas, pagpapala, mga, 58
Bisa, kapangyarihan, 27
Espiritu Santo, 88, 96
Espirituwalidad, 48, 107
Family history, 84, 88
Gawaing misyonero, 27, 66, 75, 104, 110
Gawain sa templo, 52, 66, 81, 84, 114
Halimbawa, 78, 110
Jesucristo, 6, 12, 36, 38, 41, 45, 48, 52, 66, 72, 78, 81, 84, 88, 93, 101, 104, 110, 114
Joseph Smith, 6, 8, 15, 18, 27, 32, 58, 60, 66, 75, 84, 88, 96, 101, 104, 110
Kaalaman, 18
Kababaihan, 15, 60
Kagalakan, 101
Kalalakihan, 60
Kalayaan, 23, 69
Kapayapaan, 6, 12, 36
Kasal, pag-aasawa, 69
Katarungan, 12
Katotohanan, 69
lider ng Simbahan, mga, 30
Liwanag ni Cristo, 78
Melchizedek Priesthood, 69
Ordenansa, mga, 69, 84
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 107
Pag-aayuno, 72
Pag-asa, 81
Pagbabalik-loob, 45
Pagbabayad-sala, 12, 38, 41, 52, 56, 93, 101
Paghahanda, 6
Paghahayag, 15, 23, 88, 96
Paghihirap, 6, 8, 32, 36, 38, 56, 93, 88, 101, 107
Paghuhukom, 12, 69
Pagiging bukas-palad, 41
Pagkabuhay na Mag-uli, 52, 93, 110
Pagkadisipulo, 104, 107
Pagkakaisa, 23, 60
Pagkamarapat, 58
Pagkamartir, 8
Pagkatuto, pag-aaral, 104
Pagmamahal, pag-ibig, 18, 23, 36, 81, 110
Pagpapagaling, 12
Pagpapanumbalik, 8, 15, 27, 52, 60, 66, s75, 81, 88, 93, 110, 114
Pagsisisi, 23, 45, 104
Pagtitipon ng Israel, 66, 78
Pag-unlad, 107
Pag-uusig, 8
Pamilya, 69
Pamumuno, 23
Panalangin, 27, 72
Pananampalataya, 27, 48, 72, 101, 114
Pangalan ng Simbahan, 72
Pansariling pag-unlad, 15, 45, 69
Pasasalamat, 41
Pasko ng Pagkabuhay, 52
Paskua, 52
Patotoo, 18, 32, 48
Patriarchal blessing, mga, 56
Personal na paghahayag, 18, 88, 96
Plano ng kaligtasan, 69
Priesthood, 15, 58, 60, 66, 84
Propesiya, 75
Propeta, mga, 1, 75, 88, 96
Relasyon o ugnayan, mga, 23
Relief Society, 60
Sakripisyo, 23, 110
Susi, mga, 69
Tahanan, 107
Takot, 6
Templo, mga, 48, 56, 75, 88, 92, 114
Tipan, mga, 84
Tungkulin sa Simbahan, mga, 96
Unang Pangitain, 6, 8, 15, 18, 27, 92, 93

Mga Tampok na Kaganapan sa Ika-190 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya



Si Pangulong Russell M. Nelson ay may malinaw na mensahe sa pangkalahatang kumperensya: “Pakinggan Siya.”

“Dapat nating hangarin, sa lahat ng paraan, na pakinggan si Jesucristo, na nangungusap sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan at ministeryo ng Espiritu Santo,” pagtuturo ni Pangulong Nelson.

“Ang layunin nito at ng lahat ng pangkalahatang kumperensya ay tulongan tayong pakinggan Siya” (pahina 7).

Sa kumperensyang nakatuon sa Unang Pangitain at Pagpapanumbalik, itinuro sa atin na maririnig natin Siya, tulad ni Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan. Napapaligiran ng mga epekto ng isang pandemyang laganap sa mundo na nakakaapekto sa milyun-milyon, itinuro sa atin na pakinggan Siya para mapatnubayan tayo sa ating mga alalahanin. Sa ninanais na magandang kinabukasan para

sa Simbahan at sa bawat isa sa atin, itinuro sa atin na panibaguhin ang ating mga pagsisikap na pakinggan Siya at sundin Siya.

“Ang maraming nakasisiglang bahagi nitong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020,” sabi ni Pangulong Nelson “. . . ay maibubuo sa dalawang salita ng Diyos: ‘Pakinggan Siya.’ Dalangin namin na ang tuon ninyo sa Ama sa Langit, na bumigkas sa mga salitang iyon,

at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, ay manatili sa inyong isipan sa lahat ng naganap.”

Kapag pinag-aralan ninyo ang mga mensahe sa kumperensyang ito at hinangad na “makinig, pakinggan, at dinggin ang mga salita ng Tagapagligtas,” makikita ninyo na natutupad sa inyong buhay ang pangako ng propeta na “mababawasan ang takot at madaragdagan ang pananampalata-ya” (pahina 114).

- Ipinakilala ni Pangulong Nelson ang bagong simbolo para sa Simbahan sa pahina 73.
- Ipinakilala ni Pangulong Nelson ang pagpapahayag tungkol sa Pagpapanumbalik sa pahina 91.
- Pinangunahan ni Pangulong Nelson ang pandaigdigang kapitapitang kapulungan sa pahina 92.
- Ibinalita ni Pangulong Nelson ang walong bagong templo sa pahina 115.
- Alamin pa kung paano natin matutulungan ang iba na #PakingganSiya sa HearHim. ChurchofJesusChrist.org. ■

MGA LARAWAN SA ISYUNG ITO

Sinisikap naming idokumento ang bawat pangkalahatang kumperensya sa pamamagitan ng mga larawan na inilalathala namin. Bagama’t magkakaiba ang bawat kumperensya, ang mga larawan sa isyu na ito ay nagpapakita ng ilan sa mga hindi karaniwang pangyayari na inilahad sa kumperensyang ito.

Bukod pa sa mga larawan mula sa brodkast na ito, makikita ninyo ang mga larawan mula sa magandang Temple Square (na walang tao sa ngayon dahil sa COVID-19 at sa konstruksiyon), gayundin ang mga ipinintang larawan na may kinalaman sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at mga larawang isinumite ng mga miyembro habang nakikibahagi sila sa kumperensya sa iba’t ibang panig ng mundo.



TINATAWAG AKO SA PANGALAN, NI WALTER RANE



Sesyon sa Sabado ng Umaga | 4 Abril 2020

Ni Pangulong Russell M. Nelson
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw

Pambungad na Mensahe

Dapat nating hangarin, sa lahat ng paraan, na pakinggan si Jesucristo, na nangungusap sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan at ministryo ng Espiritu Santo.

Mahal kong mga kapatid, sa pagbati namin sa inyo sa makasaysayang pangkalahatang kumperensyang ito ng Abril 2020 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sa mga kadahilanang alam ninyo, nakatayo ako sa inyong harapan sa isang bakanteng awditoryum!

Wala kong kamalay-malay, nang ipangako ko sa inyo sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre

2019 na ang kumperensyang ito ng Abril ay magiging “napakahalaga” at “di-malilimutan,” na ang pagsasalita sa isang nakikitang kongregasyon na wala pang 10 tao ay gagawing napakahalaga at di-malilimutan ang kumperensyang ito *para sa akin!* Gayunman ang kaalaman na nakikibahagi kayo gamit ang electronic transmission, at ang magandang pag-awit ng koro ng “It Is Well with My Soul,”



ay naghahatid ng malaking ginhawa sa *aking* kaluluwa.

Tulad ng alam ninyo, ang pagdalo sa kumperensyang ito ay mahigpit na nilimitahan bilang bahagi ng ating mga pagsisikap na maging mabubuting mamamayan sa buong mundo at gawin ang lahat upang limitahan ang pagkalat ng COVID-19. Napakalaki na ng epekto ng virus na ito sa buong mundo. Panandalian ding nabago nito ang ating mga miting sa Simbahan, gawaing misyonero, at gawain sa templo.

Bagama’t ang mga paghihigpit ngayon ay nauugnay sa nakamamatay na virus, ang mga personal na pagsubok ay higit pa sa pandemyang ito. Ang mga pagsubok sa hinaharap ay maaaring bunga ng isang aksidente, kalamidad, o di-inaasahang personal na dalamhati.

Paano natin matitiis ang gayong mga pagsubok? Sinabi na sa atin ng Panginoon na “kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.”¹ Mangyari pa, maaari tayong mag-imbak ng pagkain at tubig at mag-impok ng pera. Ngunit mahalaga rin ang pangangailangan nating punan ng pananampalataya, katotohanan, at patotoo ang ating personal na *espirituwal* na imbak.

Ang tunay na hangarin natin sa buhay ay maghandang humarap sa ating Lumikha. Ginagawa natin ito sa araw-araw na pagsisikap na maging katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.² At ginagawa natin *inyan* kapag nagsisisi tayo araw-araw at tumatanggap ng Kanyang kapangyarihang maglinis, magpagaling, at magpalakas. Sa gayo’y madarama natin ang walang-maliw na kapayapaan at galak, maging sa maligalig na mga panahon. Ito mismo ang dahilan kaya tayo hinihikayat ng Panginoon na tumayo sa mga banal na lugar at “huwag matinag.”³

Ngayong taon, ginugunita natin ang ika-200 anibersaryo ng isa sa pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo—ang pagpapakita ng Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo

kay Joseph Smith. Sa iisang pangitaing iyon, itinuro ng Diyos Ama si Jesucristo at sinabing: “Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!”⁴


Ang payo na iyon kay Joseph ay para sa bawat isa sa atin. Dapat nating hangarin, sa lahat ng paraan, na pakinggan si Jesucristo, na nangungusap sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan at ministeryo ng Espiritu Santo.

Ang layunin nito at ng lahat ng pangkalahatang kumperensya ay tulungan tayong pakinggan Siya. Ipinagdasal namin, at inaanyayahan namin kayong ipagdasal, na mapasaatin nang sagana ang Espiritu ng Panginoon upang marinig ninyo ang mga mensahe ng Tagapagligtas para sa inyo—mga mensaheng maghahatid ng kapayapaan sa inyong kaluluwa. Mga mensaheng magpapahilom sa inyong pusong nasaktan. Mga mensaheng magbibigay-liwanag sa inyong isipan. Mga mensaheng tutulong sa inyo na malaman kung ano ang gagawin ninyo habang patuloy kayong nabubuhay sa mga panahon ng kaguluhan at pagsubok.

Dalangin namin na maging mahalaga at di-malilimutan ang kumperensyang ito dahil sa mga mensaheng maririnig ninyo, mga kakaibang pahayag na gagawin, at mga karanasan kung saan aanyayahan kayong makibahagi.

Halimbawa, sa pagtatapos ng sesyon sa Linggo ng umaga, magsasama-sama tayo sa isang pandaigdigang pagtitipon kung saan pangungunahan ko kayo sa sagradong Pagsigaw ng Hosana. Dalangin namin na maging pinakatampok na espirituwal na sandali ito para sa inyo habang sabay-sabay nating ipinapahayag ang ating lubos na pasasalamat sa Diyos Ama at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak sa pagpuri sa Kanila sa kakaibang paraang ito.

Para sa sagradong karanasang ito, gagamit tayo ng malinis na puting panyo. Ngunit kung wala kayo nito, ikaway na lang ang kamay ninyo. Sa pagtatapos ng Pagsigaw ng Hosana,



LARAWAN NI CRISTO, NI HENRICH HORMANN

sasabay ang kongregasyon sa koro sa pag-awit ng “Espiritu ng Diyos.”⁵

Mahal kong mga kapatid, magiging kahanga-hanga ang kumperensyang ito. Magiging pambihira ang taon na ito habang nakatuon tayong mabuti sa Tagapagligtas at sa Kanyang ipinangumalik na ebanghelyo. Ang pinakamahalagang pangmatagalang mga epekto ng makasaysayang kumperensyang ito ay ang pagbabago ng ating puso at pagsisimula ng hangarin nating pakinggan Siya habambuhay.

Welcome sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020! Alam ko na inaalagaan tayo ng Diyos, na ating Ama sa Langit, at ng Kanyang Anak na

si Jesucristo. Makakasama natin Sila sa buong dalawang maluwalhating araw na ito habang hinahangad nating mas mapalapit sa Kanila at parangalan Sila. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 38:30.
2. Tingnan sa 3 Nephi 27:27.
3. Doktrina at mga Tipan 87:8.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
5. *Mga Himno*, blg. 2.



Curitiba, Paraná, Brazil



Ni Pangulong M. Russell Ballard
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Hindi Ba Tayo Magpapatuloy sa Isang Napakadakilang Adhikain?

Dapat nating tandaan palagi ang sakripisyong ginawa nina Joseph at Hyrum Smith, pati na ng napakaraming iba pang matatapat na lalaki, babae, at bata, para maitatag ang Simbahan.

Maraming salamat po, President, sa napakagandang panimula. Mga kapatid, 215 taon na ang nakalilipas, isang batang lalaki ang isinilang kina Joseph at Lucy Mack Smith sa Vermont sa

isang rehiyon na tinatawag na New England sa hilagang-silangang Estados Unidos.

Sina Joseph at Lucy Mack ay nanalig kay Jesucristo, nag-aral ng

mga banal na kasulatan, taimtim na nanalangin, at namuhay nang may pananampalataya sa Diyos.

Pinangalanan nila ang kanilang bagong silang na sanggol na Joseph Smith Jr.

Tungkol sa pamilya Smith, sinabi ni Brigham Young: “Binantayan [si Joseph Smith] ng Panginoon, at ang kanyang ama, at ang ama ng kanyang ama, at ang kanyang mga [ninuno mula] kay Abraham, at mula kay Abraham hanggang sa baha, mula sa baha hanggang kay Enoc, at mula kay Enoc hanggang kay Adan. Binantayan niya ang mag-anak na iyon at ang dugong nananalaytay mula sa pinagmulan niyon hanggang sa pagsilang ng taong iyon. [Si Joseph Smith] ang inordenan noon pa sa kawalang-hanggan.”¹

Pinakamamahal ng kanyang pamilya, malapit si Joseph Jr. lalo na sa kanyang kuyang si Hyrum, na halos anim na taong gulang na nang isilang si Joseph.

Noong Oktubre, nakaupo ako sa isang malapad na bato na nasa munting tahanan ng mga Smith sa Sharon, Vermont, kung saan isinilang si Joseph. Nadama ko ang pagmamahal ni Hyrum kay Joseph at naisip ko na hawak niya ang kanyang bunsong kapatid at tinuturuan itong lumakad.

Nakaranas sina Ama at Inang Smith ng personal na mga problema, kaya napilitan silang ilipat nang maraming beses ang kanilang pamilya bago nila tuluyang nilisan ang New England at matapang na ipinasiyang magpakalayo pa pakanluran, sa New York State.

Dahil nagkaisa ang pamilya, nalagpasan nila ang mga hamong ito at sama-samang hinarap ang mabigat na gawaing magsimulang muli sa isang isandaang-akre (0.4 km²) ng mapunong lupain sa Manchester, malapit sa Palmyra, New York.

Hindi ko sigurado kung natatanto ng marami sa atin ang pisikal at emosyonal na mga hamon ng pagsisimulang muli ng pamilya Smith—paghahawan at paglilinis sa lupain, pagtatanim ng mga halaman at bukirin, pagtatayo ng isang munting



Buenos Aires, Argentina

tahanang yari sa troso at iba pang istrukturang pangsakahan, pagtatrabaho nang arawan, at paggawa ng mga produktong pantahanan na ibebenta sa bayan.

Nang dumating ang pamilya sa kanlurang New York, lagapan ang iba't ibang relihiyon sa lugar—na kilala bilang Second Great Awakening.

Sa panahong ito ng pagdedebate at pagtatalu-talo ng iba't ibang relihiyon, nakaranas si Joseph ng isang kamangha-manghang pangitain, na kilala ngayon bilang Unang Pangitain. Pinagpala tayong magkaroon ng apat na pangunahing salaysay na aking pagkukunan.²

Itinala ni Joseph: “Sa panahong ito ng malaking kaguluhan [sa relihiyon], ang aking pag-iisip ay natawag sa matamang pagmumuni-muni at malaking pagkabahala; subalit, bagaman ang aking mga damdamin ay matindi at kadalasan ay masidhi, gayon man nanatili akong malayo sa mga pangkat na ito, bagaman ako ay dumadalo sa ilan nilang pagpupulong na kasindalas ng ipinahihintulot ng pagkakataon. . . . [Subalit] napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao na kasimbata ko, at walang kabatiran sa mga tao at bagay-bagay, na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali.”³

Binuksan ni Joseph ang Biblia para maghanap ng mga sagot sa kanyang mga tanong at nabasa ang Santiago 1:5: “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.”⁴

Isinulat niya: “Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito. Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmumuni-muni ito.”⁵

Natanto ni Joseph na wala sa Biblia ang lahat ng sagot sa mga tanong sa buhay; bagkus, itinuro



nito sa kalalakihan at kababaihan kung paano nila matatagpuan ang mga sagot sa kanilang mga tanong sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

Dagdag pa niya: “Kaya nga, alinsunod dito, sa aking matibay na hangaring humingi sa Diyos, nagtungo ako sa kakahuyan upang maisagawa ang aking pagtatangka. Ito ay sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng taong isanlibo walong daan at dalawampu.”⁶

Di-naglaon pagkatapos niyon, sinabi ni Joseph na “tumuon sa akin ang [isang haligi ng] liwanag [at] nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—[Joseph,] *Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya.*”⁷

Pagkatapos ay nangusap ang Tagapagligtas: “Joseph, anak ko, ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na. Humayo ka, lumakad sa aking mga palatuntunan, at sundin ang aking mga kautusan. Masdan, ako ang Panginoon ng kaluwalhatian. Ipinako Ako sa krus para sa sanlibutan, nang ang lahat ng maniniwala sa aking

pangalan ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan.”⁸

Dagdag pa ni Joseph, “Hindi pa natatagalan, samakatwid, nang ako ay matauhan, upang makapagsalita, nang aking tanungin ang mga Katauhan na nakatayo sa itaas ko sa loob ng liwanag, kung alin sa lahat ng sekta ang tama.”⁹

Paggunita niya: “Sinabi nila sa akin na lahat ng sekta ay naniniwala sa maling mga doktrina, at na walang isa man sa kanila ang kinikilala ng Diyos bilang kanyang simbahan at kaharian. At . . . kasabay nito ay [natanggap ko] ang isang pangako na ang kabuuan ng ebanghelyo ay dapat ipaalam sa akin sa hinaharap.”¹⁰

Isinulat din ni Joseph, “Marami akong nakitang anghel sa pangitaing ito.”¹¹

Kasunod ng maluwalhatian pangitaing ito, isinulat ni Joseph: “Ang aking kaluluwa ay puspos ng pagmamahal, at sa loob ng maraming araw maaari akong magalak nang may malaking kagalakan. . . . Kasama ko ang Panginoon.”¹²

Lumabas siya mula sa Sagradong Kakahuyan para simulan ang kanyang paghahanda na maging isang propeta ng Diyos.

Unti-unti ring nalaman ni Joseph ang mga naranasan ng mga sinaunang propeta—pagtanggap, paglaban, at pag-uusig. Inalala ni Joseph na ikinuwento niya ang kanyang nakita at narinig sa isa sa mga pastor na aktibo noon sa pagbuhay sa relihiyon:

“Labis akong nagulat sa kanyang inasal; hindi lamang niya itinuring ang aking isinalaysay nang gayun-gayon lamang, kundi lakip ang labis na pag-aalipusta, nagsasabing ang lahat ng ito ay sa diyablo, na wala nang ganoong mga bagay tulad ng mga pangitain o paghahayag sa panahong ito; na ang ganoong mga bagay ay lumipas na kasama ng mga apostol, at kailanman ay hindi na magkakaroon ng mga gayon.

“Daglian kong natuklasan, gayon pa man, na ang pagsasabi ko ng salaysay ay pumukaw ng labis na kapinsalaan laban sa akin sa mga

mangangaral ng relihiyon, at naging sanhi ng labis na pag-uusig, na patuloy na lumubha; . . . at ito'y pangkaraniwan na sa lahat ng sekta—nagkaisa ang lahat upang usigin ako.”¹³

Tatlong taon pagkaraan, noong 1823, muling nabuksan ang kalangitan bilang bahagi ng patuloy na Pagpapalumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga huling araw. Isinulat ni Joseph na nagpakita sa kanya ang isang anghel na nagngangalang Moroni at sinabi “na ang Diyos ay may gawaing ipagagawa sa akin . . . [at na] may nakalagak na isang aklat, na nakasulat sa mga laminang ginto” na naglalaman ng “kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo . . . gaya ng ibinigay ng Tagapagligtas sa mga sinaunang tao [sa mga lupain ng Amerika].”¹⁴

Kalaunan, nakuha, isinalin, at inilathala ni Joseph ang sinaunang talaan, na kilala ngayon bilang Aklat ni Mormon.

Ang kapatid niyang si Hyrum, na palaging nakasuporta sa kanya, lalo na pagkatapos ng masakit at nakamatay na operasyon sa kanyang binti noong 1813, ay isa sa mga saksi sa mga laminang ginto. Isa rin si Hyrum sa anim na miyembro ng Simbahan ni Jesucristo nang ito ay inorganisa noong 1830.

Noong nabubuhay sila, magkasamang naharap sina Joseph at Hyrum sa mga mandurumog at pag-uusig. Halimbawa, nakaranas sila ng sobrang hirap sa napakaabang kalagayan sa Liberty Jail sa Missouri sa loob ng limang buwan noong panahon ng taglamig ng 1838–39.

Noong Abril 1839, sinulatan ni Joseph ang asawa niyang si Emma na inilalarawan ang kanilang sitwasyon sa Liberty Jail: “Naniniwala ako na mga limang buwan at anim na araw na ako ngayong binabantayan ng isang nakasimangot na guwardiya gabi’t araw, at sa loob ng mga pader, rehas, at lumalangitngit na mga pintuang bakal ng isang mapanglaw, madilim, at maruming bilangguan. . . . Aalisin din naman kami sa [lugar] na ito, at ikinatutuwa namin ito. Tatanggapin namin ang anumang mangyari

sa amin, wala na yatang lugar na mas malala pa kaysa rito. . . . Hinding-hindi na namin nanaising bumalik pa rito pagkatapos ng nangyari sa amin sa Liberty sa Clay County, Missouri. Sapat na ito para magunita namin magpakailanman.”¹⁵

Sa harap ng pag-uusig, nagpakita si Hyrum ng pananampalataya sa mga pangako ng Panginoon, kabilang ang katiyakan na makakatakas siya sa kanyang mga kaaway kung pipiliin niya. Sa isang basbas na natanggap ni Hyrum noong 1835 sa mga kamay ni Joseph Smith, nangako ang Panginoon sa kanya, “Magkakaroon ka ng kapangyarihang makatakas mula sa kamay ng iyong mga kaaway. Ang iyong buhay ay hahangarin nang walang-kapaguran, ngunit ikaw ay makakatakas. *Kung makasisiya sa iyo*, at nais mo, *magkakaroon ka ng kapangyarihan na kusang magbuwis ng iyong buhay* upang luwalhatiin ang Diyos.”¹⁶

Noong Hunyo 1844, pinapili si Hyrum kung gusto niyang mabuhay o magbuwis ng kanyang buhay para luwalhatiin ang Diyos at “tatakan ang kanyang patotoo ng kanyang dugo”—sa tabi ng kanyang pinakamamahal na kapatid na si Joseph.¹⁷

Isang linggo bago ang malagim na paglalakbay patungong Carthage, kung saan sila walang-awang pinaslang ng armadong duwag na mga mandurumog na pinintahan ang kanilang mukha para hindi sila makilala, itinala ni Joseph na “pinayuhan ko ang kapatid kong si Hyrum na dalhin ang kanyang pamilya sa susunod na bapor at pumunta sa Cincinnati.”

Nararamdaman ko pa rin ang matinding pagkaantig ng aking damdamin habang inaalala ko ang sagot ni Hyrum: “Joseph, *hindi kita maaaring iwan*.”¹⁸

Kaya nagtungo sina Joseph at Hyrum sa Carthage, kung saan sila pinaslang bilang mga martir para sa layunin at pangalan ni Cristo.

Nakasaad sa opisyal na pahayag tungkol sa pagkamartir: “Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay . . . inilabas ang Aklat ni Mormon, na kanyang isinalin sa

pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, at siya ring naging daan ng pagkakalathala nito sa dalawang lupalop; ipinadala ang kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo, na nilalaman nito, sa apat na sulok ng mundo; inilabas ang mga paghahayag at kautusang bumubuo sa aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan, at marami pang ibang magagaling na kasulatan at mga tagubilin para sa kapakinabangan ng mga anak ng tao; tinipon ang maraming libu-libong Banal sa mga Huling Araw, nagtayo ng isang malaking lunsod, at nag-iwan ng katanyagan at pangalan na hindi maaaring mapatay. . . . At gaya ng karamihan sa hinirang ng Panginoon noong mga sinaunang panahon, ay tinatakan [ni Joseph] ang kanyang misyon at kanyang mga gawain ng kanyang sariling dugo; at gayun din ang kanyang kapatid na si Hyrum. *Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay*.”¹⁹

Kasunod ng pagpaslang, ibinalik ang katawan nina Joseph at Hyrum sa Nauvoo, hinugasan, at binihisan para makita ng pamilya Smith ang kanilang mga mahal sa buhay. Ginunita ng kanilang pinakamamahal na ina: “Matagal ko nang pinalakas ang loob ko, pinukaw ang bawat lakas ng aking kaluluwa, at nanawagan ako sa Diyos na palakasin ako; ngunit nang pumasok ako sa silid, at makita ko ang pinaslang na mga anak ko [na sabay na tumambad sa aking pani-ngin], at marinig ko ang mga hikbi at hinagpis ng aking pamilya [at] mga daing . . . mula sa mga labi ng kanilang mga asawa, anak, at kapatid, hindi ko iyon nakayanan. Napasandal ako na umiiyak sa Panginoon sa pagdurusa ng aking kaluluwa, ‘Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo pinabayaan ang pamilyang ito?’”²⁰

Sa sandaling iyon ng kalungkutan at pagdurusa, naalala niya na sinabi nila, “Inay, huwag mo kaming iya-kan; nadaig namin ang mundo sa pagmamahal.”²¹

Tunay ngang nadaig nila ang mundo. Sina Joseph at Hyrum Smith, tulad ng inilarawan na yaong matatapat na Banal sa aklat ng Apocalipsis, ay

“nanggaling sa malaking kapighati-an, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero [at] . . . nasa harapan ng luklukan ng Dios; at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo.

“Sila’y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init.

“Sapagka’t ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila’y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa’t luha ng kanilang mga mata.”²²

Habang ipinagdiriwang natin ang masayang okasyong ito, ang ika-200 anibersaryo ng Unang Pangitain, dapat nating alalahanin palagi ang sakripisyong ginawa nina Joseph at Hyrum Smith, pati na ng napakaraming iba pang matatapat na lalaki, babae, at bata, upang maitatag ang Simbahan para matamasa ko at ninyo ang maraming pagpapala at lahat ng katotohanang inihayag sa atin ngayon. Hindi dapat makalimutan ang kanilang katapatan kailanman!

Madalas kong pagtakhan kung bakit kinailangang magdusa nang husto sina Joseph at Hyrum at ang kanilang mga pamilya. Maaaring dahil nakilala nila ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang pagdurusa sa mga paraang hindi sana nangyari kung wala iyon. Sa pamamagitan nito, pinagnilayan nila ang tungkol sa Getsemani at ang panahong nakapako sa krus ang Tagapagligtas. Sabi nga ni Pablo, “Sapagka’t sa inyo’y ipinagkaloob alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya sa kaniya, kundi upang magtiis din naman alangalang sa kaniya.”²³

Bago siya namatay noong 1844, sumulat si Joseph ng isang masiglang liham sa mga Banal. Iyon ay isang panawagang kumilos, na nagpapatuloy sa Simbahan ngayon:

“Mga kapatid, *hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain?* Sumulong at huwag

umurong. Lakas ng loob, mga kapatid [na lalaki at babae]; at humayo, humayo sa pananagumpay! . . .

“ . . . Tayo, samakatwid, bilang isang simbahan at mga tao, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, [ay] maghain sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan.”²⁴

Habang nakikinig tayo sa Espiritu sa pagdiriwang ng ika-200 anibersaryong ito ngayong Sabado’t Linggo, isipin kung ano ang maihahandog ninyo sa Panginoon sa kabutihan sa darating na mga araw. Maging matapang—ibahagi ito sa isang taong pinagkakatiwalaan ninyo, at ang pinakamahalaga, mag-ukol ng panahon na gawin ito!

Alam ko na nalulugod ang Tagapagligtas kapag naghahandog tayo sa Kanya mula sa ating puso sa kabutihan, tulad noong malugod Siya sa matapat na alay ng kahanga-hangang magkapatid na sina Joseph at Hyrum Smith, at ng lahat ng iba pang matatapat na Banal. Tapat kong pinatotohanan ito sa sagrado at banal na pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Brigham Young, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 635; tingnan din sa Brigham Young, “Remarks,” *Deseret News*, Okt. 26, 1859, 266.
2. May apat na pangunahing salaysay tungkol sa Unang Pangitain na pinagkunan ko, tingnan sa “Joseph

Smith’s Accounts of the First Vision,” josephsmithpapers.org.

3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:8.
4. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11.
5. Joseph Smith—Kasaysayan 1:12.
6. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14.
7. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
8. Sa Joseph Smith, “History, circa Summer 1832,” 3, josephsmithpapers.org; ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra ay iniayon sa pamantayan.
9. Joseph Smith—Kasaysayan 1:18.
10. Joseph Smith, “Church History,” *Times and Seasons*, Mar. 1, 1842, 707; tingnan din sa josephsmithpapers.org.
11. Joseph Smith, “Journal, 1835–1836,” 24, josephsmithpapers.org.
12. Joseph Smith, “History, circa Summer 1832,” 3, josephsmithpapers.org; ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra ay iniayon sa pamantayan.
13. Joseph Smith—Kasaysayan 1:21–22.
14. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–34.
15. Joseph Smith, “Letter to Emma Smith, 4 April 1839,” 1–2, josephsmithpapers.org; ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra ay iniayon sa pamantayan.
16. Joseph Smith, sa “Minute Book 1,” 186, josephsmithpapers.org; idinagdag ang pagbibigay-diin; ang pagbabantas ay iniayon sa pamantayan.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 136:39.
18. Joseph Smith, “History of Joseph Smith,” *The Latter-day Saints’ Millennial Star*, Abr. 19, 1862, 248; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Doktrina at mga Tipan 135:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
20. “Lucy Mack Smith, History, 1845,” 312–13, josephsmithpapers.org; ang pagbabaybay at pagbabantas ay iniayon sa pamantayan.
21. “Lucy Mack Smith, History, 1845,” 313, josephsmithpapers.org.
22. Apocalipsis 7:14–17.
23. Mga Taga Filipos 1:29.
24. Doktrina at mga Tipan 128:22, 24; idinagdag ang pagbibigay-diin.



SINA JOSEPH AT HYRUM SMITH NA NAKATAYO SA TABING-ILOG NI THEODORE S. GORICA



Ni Elder James R. Rasband
Ng Pitumpu

Pagtiyak ng Isang Makatwirang Hatol

Para matiyak ang isang makatwirang hatol, aalisin ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ang mga sanga-sanga ng kamangmangan at masasakit na tinik ng pasakit na idinulot ng iba.

Itinuturo ng Aklat ni Mormon ang Doktrina ni Cristo

Noong nakaraang Oktubre, hina-mon tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na pag-isipan kung paano mababago ang ating buhay kung ang ating “kaalamang natamo mula sa Aklat ni Mormon ay biglang mawala?”¹ Pinagnilayan ko na ang kanyang tanong, at sigurado ako na ginawa rin ito ng marami sa inyo. Isang ideya ang nagpabalik-balik sa aking isipan—kung wala ang Aklat ni Mormon at ang malinaw na mga turo nito tungkol sa doktrina ni Cristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, saan ako babaling para sa kapayapaan?

Ang doktrina ni Cristo—na binubuo ng nakapagliligtas na mga alituntunin at ordenansa ng pananampalataya kay Cristo, pagsisipi, binyag, kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas—ay itinuro nang maraming beses sa lahat ng banal na kasulatan ng Pagpapanumbalik ngunit may partikular na kapangyarihan sa Aklat ni Mormon.² Ang doktrina ay nagsisimula sa pananampalataya kay Cristo, at bawat isa sa mga elemento nito ay

nakasalalay sa pagtitiwala sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, “Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng ganap at lubos na mapaniniwalaang kaalaman tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo na matatagpuan sa buong aklat.”³ Kapag mas nauunawaan natin ang banal na kaloob ng Tagapagligtas, mas malalaman natin, sa ating puso’t isipan,⁴ ang realidad ng pagtiyak ni Pangulong Nelson na “ang mga katotohanan ng Aklat ni Mormon ay may *kapangyarihan* na pagalingin, panatagin, ipanumbalik, tulungan, palakasin, aluin, at pasayahin ang ating kaluluwa.”⁵

Tinutugunan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang Lahat ng Hinihingi ng Katarungan

Ang isang napakahalaga at nakapapayapang kontribusyon ng Aklat ni Mormon sa ating pagkaunawa tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay ang turo nito na tinutugunan ng maawaing sakripisyo ni Cristo ang lahat ng hinihingi ng katarungan. Tulad ng ipinaliwanag ni Alma, “Ang

Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunin ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos.”⁶ Ang plano ng awa ng Ama⁷—na tinatawag din sa mga banal na kasulatan na plano ng kaligayahan⁸ o plano ng kaligtasan⁹—ay hindi maisakatuparan maliban kung matugunan ang lahat ng hinihingi ng katarungan.

Ngunit ano ba talaga ang “mga hinihingi ng katarungan”? Isipin ang sariling karanasan ni Alma. Tandaan na noong binata pa si Alma, humayo siya na naghahangad na “wasakin ang simbahan.”¹⁰ Sa katunayan, sinabi ni Alma sa kanyang anak na si Helaman na siya ay “pinarusahan ng mga pasakit ng impierno” dahil talagang “pinaslang [niya] ang marami sa . . . mga anak [ng Diyos]” sa pag-akay sa kanila “palayo tungo sa pagkawasak.”¹¹

Ipinaliwanag ni Alma kay Helaman na dumating sa wakas ang kapayapaan sa kanya nang “maapuhap ng [kanyang] isipan” ang turo ng kanyang ama “hinggil sa pagparito [ni] Jesucristo . . . na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.”¹² Nagsumamo ang nagsisising si Alma para sa awa ni Cristo¹³ at pagkatapos ay nakadama ng kagalakan at ginhawa nang matanto niya na nagbayad-sala na si Cristo para sa kanyang mga kasalanan at natugunan ang lahat ng hiningi ng katarungan. Muli, ano ang hiningi ng katarungan kay Alma? Tulad ng itinuro mismo ni Alma kalaunan, “Walang maruming bagay ang maaaring magmana ng kaharian ng Diyos.”¹⁴ Kaya, maaaring ang bahaging nakaginawa kay Alma ay na kung hindi dahil sa awa, mananaig sana ang katarungan at hindi na siya makakabalik upang mamuhay sa piling ng Ama sa Langit.¹⁵

Pinagagaling ng Tagapagligtas ang mga Sugat na Hindi Natin Kayang Pagalingin

Ngunit nakatuon lamang ba ang kagalakan ni Alma sa kanyang sarili—sa *kanyang* pag-iwas sa kaparusahan at

sa *kanyang* pagiging karapat-dapat na bumalik sa Ama? Alam natin na nabalisa rin si Alma para sa mga taong inakay niya palayo sa katotohanan.¹⁶ Ngunit hindi kayang pagalingin at ibalik mismo ni Alma ang lahat ng naakay niya palayo. Hindi niya kayang tiyakin na mabibigyan sila ng patas na pagkakataon na matutuhan ang doktrina ni Cristo at mapagpala sa pamamagitan ng pamumuhay ng masasayang alituntunin nito. Hindi niya kayang ibalik yaong mga maaaring namatay na nalinlang pa rin ng kanyang mga maling turo.

Gaya ng minsang itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: “Ang ideya na nagligtas kay Alma . . . ay ito: Ang maibalik ang hindi ninyo kayang ibalik, mapagaling ang sugat na hindi ninyo kayang pagalingin, maayos yaong inyong sinira at hindi kayang ayusin ang mismong layunin ng pagbabayad-sala ni Cristo.”¹⁷ Ang nakagagalak na katotohanan na “[n]aapuhap” ng isipan ni Alma ay hindi lamang siya ang malilinis kundi mapagaling at gagawing buo rin maging ang mga nasaktan niya.

Tinitiyak ng Sakripisyo ng Tagapagligtas ang Makatwirang Hatol

Ilang taon bago naligtas si Alma ng nagbibigay-katiyakang doktrinang ito, itinuro ni Haring Benjamin ang lawak ng pagpapagaling na handog ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Ipinahayag ni Haring Benjamin na “masayang balita ng dakilang kagalakan” ang ibinigay sa kanya “ng isang anghel mula sa Diyos.”¹⁸ Kabilang sa masayang balitang iyon ang katotohanan na si Cristo ay magdurusa at mamamatay para sa ating mga kasalanan at pagkakamali upang tiyakin na “ang *makatwirang hatol* ay sumapit sa mga anak ng tao.”¹⁹

Ano ba talaga ang hinihingi ng isang “makatwirang hatol”? Sa sumunod na talata, ipinaliwanag ni Haring Benjamin na para matiyak ang isang makatwirang hatol, nagbayad-sala ang dugo ng Tagapagligtas “para sa mga kasalanan ng mga yaong nahulog dahil sa pagkakasala ni Adan” at para sa mga “nangamatay na hindi nalalaman ang



SI CRISTO NA NAGDARASAL SA HALAMANAY NG GETSEMANI, NI HERMANN CLEMENTZ

kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, o kung sino ay walang malay na nagkasala.”²⁰ Hinihingi rin ng isang makatwirang hatol, pagtuturo niya, na “ang dugo ni Cristo ay [m]agbayad-sala para sa” mga kasalanan ng maliliit na bata.²¹

Ang mga banal na kasulatang ito ay nagtuturo ng isang maluwalhating doktrina: pinagagaling ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, na isang libreng kaloob, yaong mga nagkasala nang hindi nila alam—yaong mga tao, wika nga ni Jacob, na “walang batas na ibinigay.”²² Ang pananagutan sa kasalanan ay depende sa liwanag na ibinigay sa atin at nakasalalay sa ating kakayahang gamitin ang ating kalayaan.²³ Nalaman lamang natin ang nagpapagaling at nagpapanatag na katotohanang ito dahil sa Aklat ni Mormon at sa iba pang mga banal na kasulatan tungkol sa Pagpapanumbalik.²⁴

Mangyari pa, kung may batas na ibinigay, kung alam natin ang kalooban ng Diyos, mananagot tayo. Tulad ng binigyang-diin ni Haring Benjamin: “Sa aba niya na nakaaalam na siya ay naghihimagsik laban sa Diyos! Sapagkat ang kaligtasan ay di mapapasa kaninuman, maliban sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.”²⁵

Isa rin itong masayang balita ng doktrina ni Cristo. Hindi lang

pinagagaling at ipinanunumbalik ng Tagapagligtas ang mga nagkakasala dahil sa kawalan ng kaalaman, kundi gayon din, para sa mga nagkakasala laban sa liwanag, pagagalingin sila ng Tagapagligtas kung sila ay magsisisi at mananampalataya sa Kanya.²⁶

Marahil talagang “[n]aapuhap” ni Alma ang dalawang katotohanang ito. Tunay nga kayang nadama ni Alma ang inilarawan niyang “[napakagandang] kagalakan”²⁷ kung naisip niya na iniligtas siya ni Cristo ngunit iniwang may pinsala magpakailanman ang mga yaong inakay niya palayo sa katotohanan? Siguradong hindi. Para madama ni Alma ang lubos na kapayapaan, kailangan din ng mga taong napinsala niya ng pagkakataong mapagaling.

Ngunit paano ba talaga sila—o yaong mga maaari nating mapinsala—mapagagaling Bagama’t hindi natin lubos na nauunawaan ang mga sagradong paraan kung paano nagpapagaling at nagpapanumbalik ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, alam natin na upang matiyak ang isang makatwirang hatol, lilinisin ng Tagapagligtas ang lahat ng sanga-sanga ng kamangmangan at ang masasakit na tinik ng pasakit na idinulot ng iba.²⁸ Sa pamamagitan nito tinitiyak Niya na lahat ng anak ng Diyos ay bibigyan ng pagkakataon, nang may kalinawan, na piliing sundin

Siya at tanggapin ang dakilang plano ng kaligayahan.²⁹

Aayusin ng Tagapagligtas ang Lahat ng Nasira Natin

Ang mga katotohanang ito ang naghatid marahil ng kapayapaan kay Alma. At ang mga katotohanan ding ito ang dapat maghatid sa atin ng maling kapayapaan. Dahil tayo ay likas na mga lalaki at babae, tayong lahat ay nagkakabunguan, o kung minsang nagkakabanggaan, sa isa't isa at nagdudulot ng pinsala. Tulad ng mapapatotohanan ng sinumang magulang, ang kirot na nauugnay sa ating mga pagkakamali ay hindi lamang dahil sa takot na maparusahan tayo mismo kundi sa takot na maaaring nalimitahan natin ang kagalakan ng ating mga anak o sa anumang paraan ay nahadlangan natin silang makita at maunawaan ang katotohanan. Ang maluwalathing pangako ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay na pagdating sa ating mga pagkakamali bilang mga magulang, hindi Niya pananagutin ang ating mga anak at ipinapangako Niya na pagagalingin Niya sila.³⁰ At kahit nagkasala sila laban sa liwanag—tulad nating lahat—nakaunat ang Kanyang bisig ng awa³¹ at tutubusin Niya sila kung aasa lamang sila sa Kanya at susunod sa Kanya.³²

Bagama't may kapangyarihan ang Tagapagligtas na ayusin ang hindi natin kayang ayusin, iniutos Niya sa atin na gawin ang lahat ng makakaya natin para itama ang maling ginawa natin bilang bahagi ng ating pagsisisi.³³ Hindi lamang ang ugnayan natin sa Diyos ang naaapektuhan dahil sa ating mga kasalanan at pagkakamali kundi maging ang ugnayan natin sa iba. Kung minsan ang ating mga pagsisikap na magpagaling at magpanumbalik ay maaaring kasingsimple ng paghingi ng tawad, ngunit sa ibang mga pagkakataon ang pagtatama ng mali ay maaaring mangailangan ng maraming taon ng mapagkumbang pagsisikap.³⁴ Subalit, sa marami nating mga kasalanan at pagkakamali, talagang hindi natin kayang lubusang mapagaling ang mga nasaktan natin.

Ang napakaganda at nakapapayapang pangako ng Aklat ni Mormon at ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay na aayusin ng Tagapagligtas ang lahat ng nasira natin.³⁵ At pagagalingin din Niya tayo kung babaling tayo sa Kanya nang may pananampalataya at magsisipi sa naidulot nating pinsala.³⁶ Ibibigay Niya ang mga kaloob na ito dahil sakdal ang Kanyang pag-ibig sa ating lahat³⁷ at dahil tapat Siyang nangako ng pagtiyak ng isang makatwirang hatol na kumikilala kapwa sa katarungan at awa. Pinatotohanan ko na ito ay totoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Pangwakas na Mensahe," *Liahona*, Nob. 2019, 122.
2. Tingnan sa 2 Nephi 31; 3 Nephi 11:28, 32, 35, 39–40; Doktrina at mga Tipan 10:62–63, 67–70; 68:25; Moises 6:52–54; 8:24; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.
3. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona*, Nob. 2017, 62.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
5. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" 62.
6. Alma 42:15.
7. Tingnan sa Alma 42:15.
8. Tingnan sa Alma 42:8.
9. Tingnan sa Alma 24:14; Moises 6:62.
10. Tingnan sa Mosias 27:8–10.
11. Alma 36:13, 14.
12. Alma 36:17, 18.
13. Tingnan sa Alma 36:18.
14. Alma 40:26; tingnan din sa 1 Nephi 15:34; Alma 7:21; 11:37; Helaman 8:25.
15. Tingnan sa 3 Nephi 27:19; tingnan din sa Moises 6:57.
16. Tingnan sa Alma 36:14–17.
17. Boyd K. Packer, "The Brilliant Morning of Forgiveness," *Ensign*, Nob. 1995, 19–20.
18. Mosias 3:2, 3.
19. Mosias 3:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
20. Mosias 3:11; tingnan din sa 2 Nephi 9:26.
21. Mosias 3:16; tingnan din sa Mosias 15:25; Moroni 8:11–12, 22.
22. 2 Nephi 9:25.
23. Tingnan sa 2 Nephi 2:26–27; Helaman 14:29–30.
24. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:54. Sa pagpapaliwanag sa doktrina ng binyag para sa mga patay, sinabing minsan ni Propetang Joseph: "Habang ang isang bahagi ng lahi ng tao ay walang awang hinahatulan at isinusumpa ang iba, ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamalasakit at paggalang ng isang ama; itinuturing Niya silang Kanyang mga supling. . . . Siya ang

matalinong Mambabatas, at hahatulan ang lahat ng tao, hindi ayon sa makitid at makasariling mga ideya ng tao. . . . Hahatulan Niya sila, 'hindi ayon sa wala sila, kundi ayon sa mayroon sila'; lahat ng nabuhay nang walang nalalamang batas ay hahatulan nang walang batas, at lahat ng nabuhay sa ilalim ng batas ay hahatulan ayon sa batas ding iyon. Hindi natin kailangang pag-alinlanganang karunungan at katalinuhan ng Dakilang Jehova; magbibigay Siya ng kahatulan o ng awa sa lahat ng bansa ayon sa kanilang iba't ibang ginawa, sa kanilang mga paraan ng pagtatamo ng katalinuhan, sa mga batas na sumasakop sa kanila, sa mga pasilidad na nagamit nila para magtamo ng tamang impormasyon, at . . . di maglalaon kakailanganin nating sabihing lahat na tama ang ginawa ng Hukom ng buong daigdig" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 474–75).

25. Mosias 3:12; tingnan din sa 2 Nephi 9:27.
26. Tingnan sa Mosias 3:12; Helaman 14:30; Moroni 8:10; Doktrina at mga Tipan 101:78. Maaaring walang alam ang mga indibiduwal tungkol sa ilang kautusan at tipan o hindi nila nagagamit ang kanilang kalayaang pumili sa ilang sitwasyon ngunit may pananagutan pa rin sa ibang sitwasyon dahil sa Liwanag ni Cristo na taglay nila (tingnan sa 2 Nephi 9:25; Moroni 7:16–19). Ang Tagapagligtas, na ating hukom at tumiyak ng isang makatwirang hatol, ang tutukoy sa mga sitwasyong ito (tingnan sa Moroni 3:20; Moises 6:53–57). At Siya ang nagsakripisyo para sa dalawang ito—ang una ay walang kundisyon at ang huli ay may kundisyon ng pagsisisi.
27. Alma 36:21.
28. Tingnan sa Mosias 3:11; tingnan din sa D. Todd Christofferson, "Pagtubos," *Liahona*, Mayo 2013, 110; Alma 7:11–12 ("Dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao. . . . At dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan"); Isaia 53:3–5 ("Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan"); 61:1–3 ("Pinahiran ako ng Panginoon upang . . . magpagaling ng mga bagbag na puso, . . . upang iukol sila na nagsisitangis sa Sion, upang bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis"). Isang aral ang binanggit ng Tagapagligtas mula sa mga talatang ito sa Isaia nang ipahayag Niya na Siya ang Mesias: "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig" (tingnan sa Lucas 4:16–21).
29. Sa mundo ng mga espiritu, "ipinangaral ang ebanghelyo sa mga mangmang, hindi nagsipagsisi at sa mga mapanghimagsik para sila ay mapalaya mula sa pagkaalipin at patuloy na kamtin ang mga pagpapalang inilaan ng isang mapagmahal na Ama sa Langit para sa kanila" (Dallin H. Oaks, "Magtiwala sa Panginoon," *Liahona*, Nob. 2019, 27). Tingnan sa I Ni Pedro 4:6; 2 Nephi 2:11–16; Doktrina at mga Tipan 128:19; 137:7–9; 138:31–35.

30. Tingnan sa Moises 6:54. Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard ang doktrinang ito patungkol sa pagpapakamatay: “Ang Panginoon lamang ang nakaaalam ng lahat ng detalye, at siya ang hahatol sa ating mga ginawa rito sa lupa. Kapag hahatulan na Niya tayo, pakiramdam ko ay isasaalang-alang niya ang lahat ng bagay: ang ating mga namanang katangian at kemikal na komposisyon, ang kalagayan ng ating pag-iisip, ang ating katalinuhan, ang mga turong natanggap natin, ang mga tradisyon ng ating mga ninuno, ang ating kalusugan, at iba pa. Nalaman natin sa mga banal na kasulatan na ang dugo ni Cristo ay magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng mga tao ‘na nangamatay na hindi nalalaman ang kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, o kung sino ay walang malay na nagkasala’ (Mosias 3:11)” (“Suicide: Some Things We Know, and Some We Do Not,” *Ensign*, Okt. 1987, 8; *Tambuli*, Mar. 1988, 18).
31. Tingnan sa Jacob 6:5; Mosias 29:20; 3 Nephi 9:14; Doktrina at mga Tipan 29:1.
32. Tingnan sa Helaman 8:15.
33. Tingnan sa Levitico 6:4–5; Ezekiel 33:15–16; Helaman 5:17; Doktrina at mga Tipan 58:42–43.
34. Ito lamang ang uri ng gawaing pinagkaabalahan ni Alma (tingnan sa Alma 36:24).
35. Mahusay na itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer ang tuntuning ito:
“May mga pagkakataon na hindi na ninyo maaayos ang nasira ninyo. Marahil ay matagal na ninyong nagawa ang pagkakamali, o hindi kayo pinatawad ng napinsala. Marahil ay napakatindi ng pinsala kaya hindi ninyo ito maaayos gaano man ninyo kagusto.
“Ang inyong pagsisisi ay hindi matanggap maliban kung itama ninyo ang mali. Kung hindi ninyo mababawi ang inyong nagawa, wala na kayong kawala. Madaling maunawaan kung gaano katindi ang nadarama ninyong kawalang-kakayahan at kawalang-pag-asa at kung bakit ninyo gugustuhing sumuko, tulad ng ginawa ni Alma. . . .
“Kung paano maaayos ang lahat, hindi natin alam. Maaaring hindi maisagawa ang lahat sa buhay na ito. Nalalaman natin mula sa mga pangitain at pagdalaw na ipinagpapatuloy ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang gawain ng pagtubos sa kabilang buhay.
“Ang kaalamang ito ay dapat kapwa makaginhawa sa inosente at sa nagkasala. Iniisip ko ang mga magulang na labis na nagdurusa dahil sa mga pagkakamali ng kanilang suwail na mga anak at nawawalan ng pag-asa” (“The Brilliant Morning of Forgiveness,” 19–20).
36. Tingnan sa 3 Nephi 12:19; tingnan din sa Mateo 6:12; 3 Nephi 13:11.
37. Tingnan sa Juan 15:12–13; I Ni Juan 4:18; Dieter F. Uchtdorf, “Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot,” *Liahona*, Mayo 2017, 107.



Ni Joy D. Jones
Primary General President

Isang Natatanging Dakilang Tungkulin

Bilang mga kababaihang may pananampalataya, magagamit natin ang mga alituntunin ng katotohanan mula sa mga karanasan ni Propetang Joseph na nagbibigay ng mga kaalaman tungkol sa pagtanggap ng paghahayag para sa ating sarili.

Nagpapasalamat akong maituon ang aking mensahe ngayon sa patuloy na mga tungkulin ng kababaihan sa Pagpapanumbalik. Malinaw na sa buong kasaysayan ay may natatanging bahagi ang kababaihan sa plano ng ating Ama sa Langit. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, “Hindi masusukat ang impluwensya ng . . . kababaihan, hindi lamang sa mga pamilya kundi sa Simbahan ng Panginoon, bilang asawa, ina, at lola; bilang mga kapatid at tiya; bilang mga guro at lider; at lalo

na bilang mga uliran at tapat na taga-pagtanggol ng pananampalataya.”¹

Sa Relief Society noon sa Nauvoo, 178 taon na ang nakalipas, ipinayo ni Propetang Joseph Smith sa kababaihan na “maging marapat sa [kanilang] mga pribilehiyo.”² Ang kanilang halimbawa ay nagtuturo sa atin ngayon. Nagkakaisa silang sumunod sa tinig ng isang propeta at namuhay nang may matatag na pananampalataya kay Jesucristo nang tumulong silang ilatag ang pundasyong tinatayuan natin



ngayon. Mga kapatid na babae, tayo naman ang kikilos. May isang banal na utos sa atin ang Panginoon, at ang ating matapat at natatanging kontribusyon ay napakahalaga.

Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Ang maging mabuting babae sa huling panahon ng mundong ito, bago ang ikalawang pagparito ng ating Tagapagligtas, ay natatanging dakilang tungkulin. Maaaring higit sa sampung beses ang lakas at impluwensya ng mabuting babae ngayon kaysa noong mga panahong mas mapayapa.”³

Nakiusap din si Pangulong Russell M. Nelson: “Hinihiling ko sa aking mga kapatid na babae sa [Simbahan] . . . [na tumulong]! Gawin ang inyong responsibilidad sa inyong tahanan, komunidad, at kahirian ng Diyos—nang mas mahusay kaysa rati.”⁴

Kamakailan, nagkaroon ako ng pribilehiyo, kasama ang isang grupo ng mga bata sa Primary, na makausap si Pangulong Russell M. Nelson sa replika ng tahanan ng pamilya Smith sa Palmyra, New York. Makinig habang itinuturo ng ating pinakamamahal na propeta sa mga bata kung ano ang magagawa *nila* para makatulong.

Sister Jones: “Gusto kong malaman kung may gusto kayong itanong kay Pangulong Nelson. Kasama ninyo rito ang propeta. Mayroon ba kayong matagal nang gustong itanong sa propeta? Sige, Pearl.”

Pearl: “Mahirap po bang maging propeta? Talaga po bang marami kayong ginagawa?”

Pangulong Nelson: “Siyempre mahirap. Lahat ng ginagawa para maging higit na katulad ng Tagapagligtas ay mahirap. Halimbawa, nang gustong ibigay ng Diyos ang Sampung Utos kay Moises, saan Niya pinapunta si Moises? Sa tuktok ng bundok, sa tuktok ng Bundok ng Sinai. Kaya kinailangang umakyat ni Moises sa tuktok ng bundok na iyan para makuha ang Sampung Utos. Kung tutuusin maaari namang sabihin ng Ama sa Langit na, ‘Moises, diyan ka magsimula, at dito naman ako, at magkita tayo

sa gitna.’ Pero hindi, nais ng Panginoon na may pagsisikap, dahil naghatid ito ng mga gantimpala na hindi darating kung wala ito. Halimbawa, nag-aral na ba kayong magpiyano?”

Mga Bata: “Opo.”

Pearl: “Nag-aaral po ako ng biyolin.”

Pangulong Nelson: “At nagpa-praktis ba kayo?”

Mga Bata: “Opo.”

Pangulong Nelson: “Ano’ng mangyayari kung hindi kayo magpapraktis?”

Pearl: “Makakalimutan po.”

Pangulong Nelson: “Tama, hindi ka uunlad, ‘di ba? Kaya ang sagot ay oo, Pearl. Kailangang magsikap, magsipag nang husto, mag-aral nang mabuti, at walang katapusan iyan. Mabuti iyan! Mabuti iyan, dahil lagi tayong umuunlad. Kahit sa kabilang buhay, umuunlad pa rin tayo.”

Ang sagot ni Pangulong Nelson sa mahal na mga batang ito ay para rin sa bawat isa sa atin. Nais ng Panginoon na may pagsisikap, at ang pagsisikap ay naghatid ng mga gantimpala. Patuloy tayong nagpa-praktis. Palagi tayong uunlad hangga’t nagsisikap tayong sumunod sa Panginoon.⁵ Hindi Niya tayo inaasahang maging perpekto ngayon. Patuloy nating inaakyat ang ating personal na Bundok ng Sinai. Tulad noong araw, ang paglalakbay natin ay talagang nangangailangan ng pagsisikap, sipag, at pag-aaral, ngunit ang determinasyon nating umunlad ay maghahatid ng walang-hanggang mga gantimpala.⁶

Ano pa ang matututuhan natin mula kay Propetang Joseph Smith at sa Unang Pangitain tungkol sa pagsisikap, sipag, at pag-aaral? Ang Unang Pangitain ay nagbibigay sa atin ng direksyon sa *ating* natatangi at patuloy na mga tungkulin. Bilang mga kababaihang may pananampalataya, magagamit natin ang mga alituntunin ng katotohanan mula sa mga karanasan ni Propetang Joseph na nagbibigay ng mga kaalaman tungkol sa pagtanggap ng paghahayag para sa ating sarili. Halimbawa:

- Kumikilos tayo kahit nahihirapan.
- Nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan upang tumanggap ng karunungan kung paano kikilos.
- Ipinapakita natin ang ating pananampalataya at tiwala sa Diyos.
- Taimtim tayong sumasamo sa Diyos na tulungan tayong hadlangan ang impluwensya ng kaaway.
- Ipinapasakop natin sa Diyos ang mga naisin ng ating puso.
- Nakatuon tayo sa Kanyang liwanag na gumagabay sa mga desisyon natin sa buhay at nananatili ito sa atin kapag bumabaling tayo sa Kanya.
- Nauunawaan natin na kilala Niya ang bawat isa sa atin sa pangalan at may mga tungkuling gagampanan ang bawat isa sa atin.⁷

Bukod pa ryan, ipinanumbalik ni Joseph Smith ang kaalaman na tayo ay may banal na potensyal at walang-hanggang kahalagahan. Dahil sa kaugnayan nating iyan sa ating Ama sa Langit, naniniwala ako na *inaasahan* Niya tayong tumanggap ng paghahayag mula sa Kanya.

Pinagbilinan ng Panginoon si Emma Smith na “[tanggapin] ang Espiritu Santo,” matuto ng marami, “isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, . . . hangarin ang mga bagay na mas mabuti,” at “tuparin ang mga tipan na [kanyang] ginawa” sa Diyos.⁸ Ang pagkatuto ay mahalaga sa pag-unlad, lalo na’t itinuturo sa atin ng palagiang patnubay ng Espiritu Santo kung ano ang kailangang isantabi ng bawat isa sa atin—ibig sabihin yaong mga *nakakagambala* sa atin o *nakakaantala* sa ating pag-unlad.

Sabi ni Pangulong Nelson, “Nakiusap ako sa inyo na dagdagan ang inyong espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag.”⁹ Patuloy kong inaala ang mga salita ng ating propeta habang iniisip ko ang kakayahan ng kababaihan na tumulong. Nakikiusap siya sa atin, na nagpapahiwatig ng prayoridad. Itinuturo niya sa atin kung paano espirituwal na manatiling ligtas sa isang mundong puno ng kasamaan sa pamamagitan ng

pagtanggap at pagtalima sa paghahayag.¹⁰ Kapag ginawa natin ito, na igi-nagalang at ipinamumuhay ang mga utos ng Panginoon, pinangakuan tayo, maging katulad ni Emma Smith, ng “isang putong ng kabutihan.”¹¹ Itinuro ni Propetang Joseph ang kahalagahan na *alam* natin na sinasang-ayunan ng Diyos ang landas na ating tinatahak sa buhay na ito. Kung wala ang kaalamang iyan, “mapapagal ang [ating] mga isipan at manghihina” tayo.¹²

Sa kumperensyang ito, makarinig tayo ng mga katotohanan na humihikayat sa atin na baguhin, pagbutihin, at dalisayin ang ating buhay. Sa pamamagitan ng personal na paghahayag, mapipigilan natin ang tinatawag ng ilan na “nakapupuspos na epekto ng pangkalahatang kumperensya”—kapag determinado tayo sa pag-alis natin na gawin itong *lahat* ngayon. Maraming tungkulin ang kababaihan, ngunit imposible, at hindi kailangan, na gawin ang mga ito nang sabay-sabay. Tinutulungan tayo ng Espiritu na matukoy kung aling gawain ang pagtutuunan ngayon.¹³

Tinutulungan tayo ng mapagmahal na impluwensya ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo na malaman ang *Kanyang* prayoridad para sa ating pag-unlad. Ang pagtalima sa personal na paghahayag ay humahantong sa *personal* na pag-unlad.¹⁴ Nakikinig at kumikilos tayo.¹⁵ Sabi ng Panginoon, “Huminigi sa Ama sa aking pangalan, nang may pananampalataya na naniniwalang kayo ay makatatanggap, at

mapapasainyo ang Espiritu Santo, na nagpapahayag ng lahat ng bagay na kinakailangan.”¹⁶ Ang ating patuloy na tungkulin ay tumanggap ng patuloy na paghahayag.

Kapag nagtatamo tayo ng mas matinding antas ng kahusayan sa paggawa nito, makatatanggap tayo ng karagdagang kapangyarihan sa kani-kanya nating tungkulin na maglingkod at isagawa ang gawain ng kaligtasan at kadakilaan—upang tunay na “isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti.”¹⁷ Sa gayon ay mas epektibo nating mahihikayat ang ating bagong henerasyon na gawin din iyon.

Mga kapatid, hangad nating lahat ang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay.¹⁸ May magandang pagkakaisa sa kababaihan at kalalakihan sa pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos ngayon. Matatanggap natin ang kapangyarihan ng priesthood sa pamamagitan ng mga tipan, na unang ginawa sa mga tubig ng binyag at pagkatapos ay sa loob ng mga banal na templo.¹⁹ Itinuro sa atin ni Pangulong Nelson, “Bawat babae at bawat lalaki na nakikipagtipan sa Diyos at tumutupad sa mga tipang iyon, at karapat-dapat na nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood, ay matatanggap mismo ang kapangyarihan ng Diyos.”²⁰

Inaamin ko ngayon na bilang isang babae ay hindi ko natanto, noong bata pa ako, na magagamit ko, sa pamamagitan ng aking mga tipan, ang kapangyarihan ng priesthood.²¹ Mga

kapatid, dalangin ko na matukoy at mapahalagahan natin ang kapangyarihan ng priesthood habang ating “[tinutupad] ang [ating] mga tipan,”²² tinatanggap ang mga katotohanan ng mga banal na kasulatan, at pinakikinggan ang mga salita ng ating mga buhay na propeta.

Buong tapang nating ipahayag ang ating katapatan sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas, “na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.”²³ Masaya tayong magpatuloy sa paglalakbay na ito patungo sa ating pinakamataas na espirituwal na potensyal at tulungan natin ang mga nasa paligid natin na magawa rin ito sa pamamagitan ng pagmamahal, paglilingkod, pamumuno, at habag.

Magiliw na ipinaalala sa atin ni Elder James E. Talmage, “Ang pinakadakilang tagapagtanggol ng kababaihan ay si Cristo Jesus.”²⁴ Sa huling pagsusuri tungkol sa patuloy na mga tungkulin ng kababaihan sa Pagpapanumbalik, at para sa ating lahat, anong tungkulin ang pinakadakila? Pinatotohanan ko na iyon ay ang *pakinggan* Siya,²⁵ sundin Siya,²⁶ magtiwala sa Kanya,²⁷ at ipadama sa iba ang Kanyang pagmamahal.²⁸ Alam ko na Siya ay buhay.²⁹ Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” *Liahona*, Nob. 2015, 95–96.
2. Joseph Smith, sa “Nauvoo Relief Society Minute Book,” 38, josephsmithpapers.org.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 259.
4. Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 97.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:26–28.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:33.
7. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17.
8. Doktrina at mga Tipan 25:8, 10, 13.
9. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 96.
10. Tingnan sa 2 Nephi 9:39.
11. Doktrina at mga Tipan 25:15.
12. *Lectures on Faith* (1985), 68.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:61.
14. Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring: “Ngayon, kung magkakausap lamang tayo nang sarilinan (sana nga ay magawa natin iyon), kung saan malaya mong maitatanong ang anumang gusto mo, nawawari ko sa isip ko na nagsasabi ka ng parang ganito: ‘O Brother Eyring, naramdaman ko ang ilan sa mga bagay na inilarawan mo. Inaantig ng Espiritu Santo ang puso at isipan ko paminsan-minsan. At kailangan ko ito palagi para hindi ako madaig o malinlang. Posible ba ito? Posible ba ito, at, kung posible nga, ano



San Bernardo, Santiago, Chile

ang dapat gawin para matanggap ang pagpapalang iyan?”

“Simulan natin sa unang bahagi ng tanong mo. Oo, posible ito. Sa tuwing kailangan ko ang katiyakang iyan—at kailangan ko rin iyan paminsan-minsan—naaalala ko ang dalawang magkapatid. Nakaranas ng matinding pagsalungat sina Nephi at Lehi, at ang ibang mga tagapaglingkod ng Panginoon na kasama nilang gumagawa. Naglilingkod sila sa mundong lalo pang sumasama. Kinailangan nilang harapin ang kahila-hilakbot na mga panlilinlang. Kaya kumilos ako nang may lakas ng loob—at ikaw rin—mula sa mga salita sa isang talatang ito ng Helaman. Nakapaloob ang katiyakan sa salaysay tungkol sa lahat ng nangyari sa buong taon, na parang sa nagsulat ay halos hindi na ito kagulat-gulat. Makinig:

“At sa ikapitumpu at siyam na taon ay nagkaroon ng labis na sigalutan. Subalit ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi, at marami sa kanilang mga kapatid na nakaaalam hinggil sa tunay na aral ng doktrina, na nakatatanggap ng maraming paghahayag sa araw-araw, anupa’t sila ay nangaral sa mga tao, hanggang sa mawakasan nila ang kanilang sigalutan sa taon ding yaon.” [Helaman 11:23]

“Sila ay nakatanggap ng ‘maraming paghahayag sa araw-araw.’ Kaya, para sa iyo at sa akin, sinasagot niyan ang unang tanong. Oo, posibleng mapatnubayan ng Espiritu Santo na sapat na upang magkaroon ng maraming paghahayag araw-araw. Hindi ito magiging madali. Pero posible. Iba-iba ang kakailanganin nito sa bawat tao dahil nagsisimula tayo kung saan tayo naroroon sa kani-kanya nating mga karanasan sa buhay” (“Gifts of the Spirit for Hard Times” [Brigham Young University fireside, Set. 10, 2006], 3–4, speeches.byu.edu).

15. Tingnan sa 2 Nephi 2:16.
16. Doktrina at mga Tipan 18:18.
17. Doktrina at mga Tipan 25:10.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:26, 33, 41, 45–46.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
20. Russell M. Nelson, “Mga Espirituwal na Kayamanan,” *Liahona*, Nob. 2019, 77.
21. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Mga Espirituwal na Kayamanan,” 76–79; Dallin H. Oaks, “Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2014, 49–52; Henry B. Eyring, “Ang Kababaihan at ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2018, 58–60.
22. Doktrina at mga Tipan 25:13.
23. 2 Nephi 31:19.
24. James E. Talmage, *Jesus the Christ*, 3rd ed. (1916), 475.
25. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
26. Tingnan sa Mateo 4:19–20.
27. Tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6; Doktrina at mga Tipan 11:12.
28. Tingnan sa Juan 13:34; Moroni 7:47.
29. Tingnan sa 2 Nephi 33:6; Doktrina at mga Tipan 76:22.



Ni Elder Neil L. Andersen
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Alaala na Espirituwal na Nagpapatibay

Kapag pinadidilim ng personal na mga paghihirap o mga sitwasyon sa mundo ang ating landas, ang mga alaala na espirituwal na nagpapatibay ay parang kumikinang na mga bato na pinagliliwanag ang ating daan.

Labingwalong taon pagkaraan ng Unang Pangitain, sumulat si Prophetang Joseph Smith ng isang detalyadong salaysay tungkol sa kanyang karanasan. Naharap siya sa oposisyon, pag-uusig, pananakot, pagbabanta, at malulupit na pag-atake.¹ Subalit buong tapang na patuloy niyang pinatotohanan ang kanyang Unang Pangitain: “Ako’y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan kinausap nila ako; at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito’y totoo. . . . Ito’y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito’y hindi ko maipagkakaila.”²

Sa mga oras ng kanyang paghihirap, naalala ni Joseph ang halos dalawang dekada ng katiyakan ng pagmamahal ng Diyos para sa kanya at ng mga pangyayaring nagpasimula sa matagal nang ipinropesiyang Pagpapanumbalik. Habang pinagninilayan ang kanyang espirituwal na paglalakbay, sinabi ni Joseph: “Hindi ko masisisi ang sinuman kung hindi



Salt Lake City, Utah, USA

paniwalaan ang aking kasaysayan. Kung hindi ko ito naranasan, ako mismo ay hindi maniniwala rito.”³

Ngunit ang mga karanasan ay totoo, at hindi niya kailanman kinailutan o ikinaila ang mga iyon, na tahimik na pinagtitibay ang kanyang patotoo hanggang sa humantong siya sa piitan ng Carthage. “Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan,” wika niya, “subalit ako ay mahinahon gaya ng isang uma-ga sa tag-araw; ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao.”⁴

Ang Inyong mga Karanasan na Espirituwal na Nagpapatibay

May aral para sa atin sa halimbawa ni Propetang Joseph. Kasama ng mapayapang patnubay na nata-tanggap natin mula sa Espiritu Santo, paminsan-minsan, makapangyarihan at napakapersonal na tinitiyak ng Diyos sa ating lahat na kilala at mahal Niya tayo at na pinagpapala Niya tayo nang personal at hayagan. Sa gayon, sa mga sandali ng ating paghihirap, ipinaaalala ng Tagapaglitang ang mga karanasang ito sa ating isipan.

Isipin ang sarili ninyong buhay. Sa paglipas ng mga taon, libu-libong malalim na espirituwal na karanasan ang napakinggan ko na mula sa mga Banal sa mga Huling Araw sa iba’t ibang dako ng daigdig, na pinagtitibay sa akin nang walang anumang pagdududa na kilala at mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin at na sabik Siyang ihayag ang Kanyang Sarili sa atin. Ang mga karanasang ito ay maaaring dumating sa mahahala-gang panahon ng ating buhay o sa mga pangyayaring maaaring tila hindi makabuluhan sa simula, ngunit palagi itong nalalakipan ng isang napakalakas na espirituwal na pagpapatibay ng pagmamahal ng Diyos.

Ang pag-alala sa mga karanasang ito na espirituwal na nagpapatibay ay umaakay sa atin na lumuhod at manalangin, na sinasambit ang tulad sa ipinahayag ni Propetang Joseph: “Ang natanggap ko ay mula sa langit. Ito’y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos.”⁵

Apat na Halimbawa

Pagnilayan ang inyong sariling mga alaala na espirituwal na nagpapatibay habang ibinabahagi ko ang ilang halimbawa mula sa iba.

Ilang taon na ang nakararaan, isang matandang stake patriarch na may dalawang mahina nang balbula sa puso ang nagmakaawa noon kay Dr. Russell M. Nelson na tumulong, bagama’t noong panahong iyon ay wala pang operasyon na makalulunang para sa pangalawang mahina nang balbula. Sa huli ay pumayag si Dr. Nelson na gawin ang operasyon. Ganito ang sabi ni Pangulong Nelson:

“Matapos bawasan ang bara ng unang balbula, tiningnan namin ang pangalawang balbula. Nakita naming buo naman ito, pero masyadong maluwang kaya hindi na ito maaaring [gumana nang maayos]. Habang sinusuri ang balbulang ito, may malinaw na mensaheng pumasok sa isipan ko: *Bawasan mo ang luwang*. Sinabi ko ito sa aking assistant. ‘Maaayos natin ang balbula kung mababawasan natin ang luwang nito at maibalik ito sa normal na sukat.’

“Ngunit paano? . . . Malinaw na nailarawan sa aking isipan ang paraan para magawa ito, ipinakikita kung paano ito tatahiin—itutupi rito at isuksok doon. . . . Naaalala ko pa ang paglalarawang iyon sa aking isipan—kasama ang mga putul-putol na linya kung saan dapat tahiin. Natapos ang pagtatahi ayon sa nakalarawan sa aking isipan. Sinubukan namin ang balbula at malaki ang nabawas sa dugong tumatagas dito. Sabi ng



Dr. Russell M. Nelson

assistant ko, ‘Himala ito.’”⁶ Nabuhay pa nang maraming taon ang patriarch.

Pinatnubayan si Dr. Nelson. At alam niya na alam ng Diyos na alam niya na pinatnubayan siya.

Una naming nakilala ni Kathy si Beatrice Magré sa France 30 taon na ang nakararaan. Kamakailan ay ikinuwento sa akin ni Beatrice ang isang karanasan na nakaapekto nang malaki sa kanyang espirituwal na buhay matapos ang kanyang binyag noong tinedyer pa siya. Ganito ang kuwento niya:

“Ang mga youth ng aming branch ay naglakbay kasama ang kanilang mga lider sa Lacanau Beach, isang oras at kalahati mula sa Bordeaux.

“Bago umuwi, isa sa mga lider ang nagpasiyang lumangoy sa huling pagkakataon at tumalon sa mga alon na suot ang kanyang salamin sa mata. Nang umahon siya, wala na ang salamin niya. . . . Nawala iyon sa dagat.

“Dahil nawala ang salamin niya, hindi niya maimamaneho ang kanyang sasakyan. Hindi kami makakauwi at malayo kami sa aming tahanan.

“Iminungkahi ng isang sister na puspos ng pananampalataya na magdasal kami.

“Bumulung-bulong ako na walang maitutulong sa amin ang pagdarasal, at asiwang sumali ako sa grupo sa pagdarasal nang hayagan habang nakatayo kami hanggang baywang sa malabong tubig.

“Nang matapos ang panalangin, iniunat ko ang aking mga kamay para patilamsikan ang lahat. Habang



Beatrice Magré

kumakampay-kampay ako sa dagat, napunta sa kamay ko ang salamin niya. Isang makapangyarihang damdamin ang nanuot sa aking kaluluwa na talagang pinakikinggan at sinasagot ng Diyos ang aming mga panalangin.”⁷

Pagkaraan ng apatnapu’t limang taon, naalala niya iyon na para bang kahapon lang iyon nangyari. Napagpala si Beatrice, at alam niya na alam ng Diyos na alam niya na napagpala siya.

Magkaibang-magkaiba ang mga karanasan nina Pangulong Nelson at Sister Magré, subalit para sa dalawa, isang di-malilimutang alaala ng pagmamahal ng Diyos na espirituwal na nagpapatibay ang tumimo sa kanilang puso.

Ang mga pangyayaring iyon na nagpapatibay ay kadalasang dumaring sa pag-aaral tungkol sa ipinangbabalik na ebanghelyo o sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.

Ang retratong ito ay kinunan sa São Paulo, Brazil, noong 2004. Si Floripes Luzia Damasio ng Ipatinga Brazil Stake ay 114 taong gulang. Patungkol sa kanyang pagbabalik-loob, ikinuwento sa akin ni Sister Damasio na nagbigay ang mga missionary sa kanyang nayon ng priesthood blessing sa isang sanggol na malubha ang sakit na mahimalang gumaling. Gusto pa niyang matuto pa. Habang nagdarasal siya tungkol sa kanilang mensahe, isang di-maikakailang pagpapatibay ng Espiritu ang nagpatunay sa kanya na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos. Sa edad na 103, nabinyagan siya, at, sa edad na 104, na-endow siya.



Si Sister Floripes Luzia Damasio kasama si Elder Andersen.

Taun-taon pagkaraan nito, 14-na-oras siyang nagbibiyaha sakay ng bus para gumugol ng isang linggo sa templo. Nakatanggap si Sister Damasio ng isang pagpapatibay mula sa langit, at alam niya na alam ng Diyos na alam niya na totoo ang pagpapatibay na iyon.

Narito ang isang espirituwal na alaala mula sa una kong misyon sa France 48 taon na ang nakararaan.

Habang nagbabahay-bahay, nag-iwan kaming magkompanyon ng isang Aklat ni Mormon sa isang matandang babae. Pagbalik namin sa apartment ng babae pagkaraan ng mga isang linggo, binuksan niya ang pinto. Bago pa nakapagsalita ang sinuman, nakadama ako ng isang tiyak na espirituwal na kapangyarihan. Nagpatuloy ang marubdob na damdamin nang papasukin kami ni Madame Alice Audubert at sabihin sa amin na nabasa na niya ang Aklat ni Mormon at na alam niyang ito ay totoo. Nang paalis na kami sa apartment niya noong araw na iyon, nanalangin ako, “Ama sa Langit, tulungan po sana Ninyo akong hindi malimutan ang nadama ko.” Hindi ko iyon nalimutan kailanman.

Sa isang tila karaniwang sandali, sa isang pinto na katulad ng daan-daang iba pang pinto, nadama ko ang kapangyarihan ng langit. At alam ko na alam ng Diyos na alam ko na nabuksan ang isang dungawan sa langit.

Personal at Hindi Maikakaila

Ang mga sandaling ito na espirituwal na nagpapatibay ay dumarating sa iba’t ibang pagkakataon at sa iba’t



Si Elder Andersen na binibinyagan si Alice Audubert.

ibang paraan, na personal para sa bawat isa sa atin.

Isipin ang inyong mga paboritong halimbawa sa mga banal na kasulatan. Yaong mga nakikinig kay Apostol Pedro ay “nangasaktan ang kanilang puso.”⁸ Ang Lamanitang babae na si Abish ay naniwala sa “kahangahangang pangitain ng kanyang ama.”⁹ At pumasok sa isipan ni Enos ang isang tinig.¹⁰

Ganito inilarawan ng kaibigan ko na si Clayton Christensen ang isang karanasan habang binabasa nang may taimtim na panalangin ang Aklat ni Mormon: “Isang kalugud-lugod, masigla, magiliw na [Diwa ang] pumalibot sa akin at pinuspos ang aking kaluluwa, at nilukob ako ng damdamin ng pagmamahal na di ko akalaing madarama ko, [at nagpatuloy ang damdaming iyon gabi-gabi].”¹¹

May mga pagkakataon na may mga espirituwal na damdamin sa ating puso na parang apoy, na nagbibigay ng kaliwanagan sa ating kaluluwa. Ipinaliwanag ni Joseph Smith na kung minsan ay “may bigla [tlayong [n] aiisip” at paminsan-minsa’y dumadaloy ang dalisay na talino.”¹²

Ipinayo ni Pangulong Dallin H. Oaks, bilang tugon sa isang matapat na lalaki na nagsabing hindi pa siya kailanman nakaranas ng gayon, “Marahil ay paulit-ulit nang nasingot ang iyong mga dalangin, ngunit nakatuon ang iyong mga inaasahan sa isang palatandaang napakaringal o isang tinig na napakalakas kaya iniisip mo na hindi ka pa nasasagot.”¹³ Ang Tagapagligtas mismo ang nagsalita sa mga taong may malaking pananam-palataya na “[nabasbasan] ng apoy at ng Espiritu Santo, [ngunit] hindi nila nalalaman ito.”¹⁴

Paano Ninyo Siya Maririnig?

Narinig natin kamakailan na sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson na: “Inaanyayahan ko kayo na isiping mabuti at madalas ang mahalagang tanong na ito: Paano *ninyo* Siya maririnig? Inaanyayahan ko rin kayong gumawa ng mga hakbang upang marinig Siya nang mas maigi at mas

madalas.”¹⁵ Inulit niya ang paanyayang iyan ngayong umaga.

Naririnig natin Siya sa ating mga dalangin, sa ating mga tahanan, sa mga banal na kasulatan, sa ating mga himno, sa marapat na pagtanggap natin ng sakramento, sa pagpapahayag ng ating pananampalataya, sa paglilingkod natin sa iba, at sa pagdalo natin sa templo kasama ng mga kapwa napanampalataya. Ang mga sandali na espirituwal na nagpapatibay ay dumarating habang mapanalangin tayong nakikinig sa pangkalahatang kumperensya at habang mas sinusunod natin ang mga kautusan. At mga bata, para rin sa inyo ang mga karanasang ito. Tandaan, si Jesus ay “nagturo at naglingkod sa mga [bata] . . . at [ang mga bata] ay nangu-sap . . . ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay.”¹⁶ Sabi ng Panginoon:

“[Ang kaalamang ito] ay ibinigay sa pamamagitan ng aking Espiritu sa inyo, . . . at maliban sa aking kapangyarihan hindi ninyo matatanggap [ito];

“Dahil dito, maaari ninyong patotohanan na narinig ninyo ang aking tinig, at nababatid ang aking mga salita.”¹⁷

Magagawa nating “pakinggan Siya” dahil sa pagpapala ng walang-katumbas na Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Bagama’t hindi natin mapipili ang takdang-panahon ng pagtanggap sa mga sandaling ito na nagpapatibay, ibinigay ni Pangulong Henry B. Eyring ang payong ito sa ating paghahanda: “Mamayang gabi, at bukas ng gabi, maaari kayong magdasal at isiping

itanong: May ipinahatid bang mensahe ang Diyos para sa akin? Nakita ko ba ang Kanyang kamay sa aking buhay o sa buhay ng aking [pamilya]?”¹⁸ Binubuksan ng pananampalataya, pagsunod, pagpapakumbaba, at tunay na hangarin ang mga dungawan sa langit.¹⁹

Isang Paglalarawan

Maaari ninyong isipin ang inyong mga espirituwal na alaala sa ganitong paraan. Lakip ang patuloy na panalangin, determinasyong tuparin ang ating mga tipan, at kaloob na Espiritu Santo, tumatahak tayo sa landas ng ating buhay. Kapag pinadidilim ng personal na paghihirap, pagdududa, o panghihina ng loob ang ating landas, o kapag ang mga sitwasyon sa mundo na hindi natin kontrolado ay nagiging dahilan para mag-alala tayo tungkol sa hinaharap, ang mga alaala na espirituwal na nagpapatibay mula sa ating aklat ng buhay ay parang kumikinang na mga bato na nililiwanagan ang daang tinatahak natin, na tinitiyak sa atin na kilala tayo ng Diyos, mahal Niya tayo, at isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang tulungan tayong makauwi. At kapag isinantabi ng tao ang kanilang mga alaala na nagpapatibay at sila ay nali-gaw o nalilito, ibinabaling natin sila sa Tagapagligtas habang ibinabahagi natin ang ating pananampalataya at mga alaala sa kanila, at tinutulungan silang matuklasang muli yaong mahalagang espirituwal na sandali na minsan nilang pinahalagahan.

Ang ilang karanasan ay napakasa-grado kaya binabantayan natin ang mga ito sa ating espirituwal na alaala at hindi natin ibinabahagi ang mga iyon²⁰

“Ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; anupa’t, nangungusap sila ng mga salita ni Cristo.”²¹

“Ang mga anghel ay hindi tumitigil sa paglilingkod sa mga anak ng tao.


“Sapagkat masdan, sila ay nasa-sakop [ni Cristo], upang maglingkod alinsunod sa . . . kanyang utos, ipinakikita ang kanilang sarili sa kanila na may matibay na pananampalataya at may matatag na isipan sa bawat anyo ng kabanalan.”²²

At “ang Mangaaliw, sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, . . . ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi.”²³

Masayang alalahanin ang inyong mga sagradong alaala. Paniwalaan ang mga ito. Isulat ang mga ito. Ibahagi ang mga ito sa inyong pamilya. Magtiwala na dumarating ang mga ito sa inyo mula sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak.²⁴ Hayaan silang maghatid ng pagtitiis sa inyong mga pagdududa at pag-unawa sa inyong mga paghihirap.²⁵ Ipinapangako ko sa inyo na kapag malugod ninyong kinilala at maingat na pinahalagahan ang mga pangyayari na espirituwal na nagpapatibay sa inyong buhay, mas marami pang darating sa inyo. Kilala at mahal kayo ng Ama sa Langit!



Ang panalangin, pagtupad sa tipan, at ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin sa paglalakbay sa buhay.



Ang mga espirituwal na alaala ay parang kumikinang na mga bato na nagbibigay ng liwanag sa daang tinatahak natin.



Ibinabahagi natin ang ating pananampalataya at mga alaala upang maibaling ang mga naligaw tungo sa Tagapagligtas.



Si Jesus ang Cristo, ang Kanyang ebanghelyo ay naipanumbalik, at kapag nanatili tayong matapat, pina-tototohanan ko na makakasama Niya tayo magpakailanman, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*, Tomo 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846* (2018), 150–53; tingnan din sa Joseph Smith, “History, 1838–1856, volume A-1 [23 December 1805–30 August 1834],” 205–9, joseph-smithpapers.org; *Mga Banal*, 1:365–66.
2. Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 614.
4. Doktrina at mga Tipan 135:4.
5. Noon pa man ay namamangha na ako sa mga salita sa Joseph Smith—Kasaysayan na: “Nakakita ako ng pangitain; Ito’y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:25). Kaka-ilanganin niyang manindigan sa harap ng Diyos at ipahayag na ang mga pangyayaring ito sa Sagradong Kakahuyan ay totoo nangyari sa kanyang buhay at na hindi na magiging katulad ng dati ang kanyang buhay kailanman dahil dito. Mga 25 taon na ang nakararaan, una kong narinig ang ibang bersyon ng pahayag na ito mula kay Elder Neal A. Maxwell. Ibinigay niya ang halimbawang ito: “Matagal na noong Mayo 1945 nagkaroon ako ng gayong sandali sa pulo ng Okinawa sa edad na labingwalo. Tiyak na walang kabayanihan sa akin kundi isang pagpapala para sa akin at sa iba nang bombahin ng kanyon ng mga Hapon ang aming kinaroroonan. Matapos ang paulit-ulit na pambobomba na lumalagpas sa aming kinaroroonan, tumama rin ang pag-asinta ng kanyon ng kaaway. Dapat ay patuloy nila kaming binomba para umepekto iyon, ngunit may isang tugon mula sa langit kahit sa isa man lang na takot at makasariling

panalangin. Tumigil ang pambobomba. . . . Napagpala ako, at alam ko na alam ng Diyos na alam ko” (“Becoming a Disciple,” *Ensign*, Hunyo 1996, 19).

- Hindi lang idinagdag ni Elder Maxwell na alam niya, at hindi lang alam ng Diyos, kundi alam ng Diyos na alam niya na napagpala siya. Simboliko para sa akin na itinataas nito nang isang bahagdan ang pananagutan. Kung minsan, nilalakipan ng ating Ama sa Langit ng pagpapala ang isang matinding espirituwal na pagpapatibay sa atin na tumulong ang kalangitan alang-alang sa atin. Hindi ito maikakaila. Nananatili ito sa atin, at kung tayo ay matapat at nananampalataya, huhubugin nito ang ating buhay sa darating na mga taon. “Napagpala ako, at alam ko na alam ng Diyos na alam ko na napagpala ako.”
6. Russell M. Nelson, “Ang Magiliw na Kapangyarihan ng Panalangin,” *Liahona*, Mayo 2003, 8.
 7. Personal na kuwento mula kay Beatrice Magré na ibinahagi kay Elder Andersen noong Okt. 29, 2019; follow-up email noong Ene. 24, 2020.
 8. Mga Gawa 2:37.
 9. Alma 19:16.
 10. Tingnan sa Enos 1:5.
 11. Clayton M. Christensen, “Ang Pinaka-Kapaki-pakinabang na Kaalaman,” *Liahona*, Ene. 2009, 22.
 12. Tingnan sa *Mga Turo: Joseph Smith*, 153.
 13. Dallin H. Oaks, *Life’s Lessons Learned: Personal Reflections* (2011), 116.
 14. 3 Nephi 9:20.
 15. Russell M. Nelson, “How Do You #HearHim? A Special Invitation,” Peb. 26, 2020, blog.ChurchofJesusChrist.org.
 16. 3 Nephi 26:14.
 17. Doktrina at mga Tipan 18:35–36. Palaging may kalakip na damdamin ang espirituwal na kaalaman. “Kayo ay mabilis sa paggawa ng kasamaan subalit mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon ninyong Diyos. Nakakita kayo ng isang anghel, at nangusap siya sa inyo; oo, manaka-naka ay narinig ninyo ang kanyang tinig; at siya

ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya’t hindi ninyo madama ang kanyang mga salita” (1 Nephi 17:45).

18. Henry B. Eyring, “O Tandaan, Tandaan,” *Liahona*, Nob. 2007, 69.
19. Tingnan sa 2 Nephi 31:13; Moroni 10:4. Binisita ni Pangulong Dallin H. Oaks ang aming mission sa Bordeaux, France, noong 1991. Ipinaliwanag niya sa aming mga missionary na ang ibig sabihin ng tunay na hangarin ay na ang taong nag-darasal ay parang ganito ang sinasabi sa Panginoon: “Hindi po ako nagtatanong para lang mag-usisa, kundi may ganap na katapatang kumilos ayon sa sagot sa aking panalangin. Kung ibibigay po Ninyo sa akin ang sagot na ito, kikilos po ako para baguhin ang buhay ko. Kikilos po ako.”
20. “Ibinigay sa marami na malaman ang mga hiwaga ng Diyos; gayunpaman, sila ay pinasailalim sa isang mahigpit na pag-uutos na hindi nila ipamamahagi tanging alinsunod lamang sa bahagi ng kanyang salita na ipinagkaloob niya sa mga anak ng tao, alinsunod sa pagtalima at pagsusumikap na kanilang ibinigay sa kanya” (Alma 12:9).
- Sabi ni Elder Neal A. Maxwell: “Kailangan ng inspirasyon upang malaman kung kailan magbabahagi [ng mga espirituwal na karanasan]. Naaalala ko na narinig kong sinabi ni Pangulong Marion G. Romney, sa magkahalong pagpapatawa at karunungan, na ‘Magkakaroon tayo ng mas maraming espirituwal na karanasan kung hindi tayo gaanong magkukuwento tungkol sa mga iyon’” (“Called to Serve” [Brigham Young University devotional, Mar. 27, 1994], 9, speeches.byu.edu).
21. 2 Nephi 32:3.
22. Moroni 7:29–30.
23. Juan 14:26.
24. Ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay para sa lahat. Noong buong linggo bago ang kumperensya, nang matapos ko ang aking mensahe, espirituwal akong natuon sa isang aklat na pinamagatang *Divine Signatures: The Confirming Hand of God* (2010), na isinulat ni Gerald N. Lund, na naglingkod bilang isang General Authority Seventy mula 2002 hanggang 2008. Sa aking katuwaan, ang mga salita ni Brother Lund ay isang magandang pangalawang saksi sa mga alituntuning ibinahagi sa mensaheng ito sa kumperensya at masisiyahan ang sinumang naghahangad na mag-aral pa tungkol sa mga alaala na espirituwal na nagpapatibay.
25. Ang isa sa mga paboritong sipi ni Pangulong Thomas S. Monson ay mula sa makatang Scottish na si James M. Barrie: “Binigyan tayo ng Diyos ng mga alaala, upang magkaroon tayo ng mga rosas ng Hunyo sa Disyembre ng ating buhay” (sa Thomas S. Monson, “Think to Thank,” *Liahona*, Ene. 1999, 22). Totoo rin ito sa mga espirituwal na alaala. Maaaring ang mga ito ang pinakamalaking tulong sa malalamig na panahon ng pagsubok sa ating buhay kapag kailangan natin yaong mga espirituwal na alaala ng “Hunyo.”



Ni Douglas D. Holmes
*Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency
na Ini-release Kamakailan*

Sa Kaibuturan ng Ating Puso

Sinisikap ng Panginoon na tulungan tayo—tayong lahat—na itimo ang ebanghelyo nang mas malalim sa ating puso.

Mga kapatid, nabubuhay tayo sa isang napakagandang panahon. Sa pagdiriwang natin ng pagsisimula ng Pagpapanumbalik, marapat ding ipagdiwang natin ang patuloy na Pagpapanumbalik na nasasaksihan natin. Kasama ninyo akong nagagalak na mabuhay sa panahong ito.¹ Sa pama-magitan ng Kanyang mga propeta, patuloy na isinasayos ng Panginoon ang lahat ng kailangan para tulungan tayong maghanda na tanggapin Siya.²

Isa sa mga kailangang iyon ang bagong inisyatibong Mga Bata at Kabataan. Marami sa inyo ang pamilyar sa pagbibigay-diin ng programang ito sa pagtatakda ng mga mithiin, mga bagong simbolo ng pagiging kabilang, at mga kumperensyang For the Strength of Youth. Ngunit huwag natin hayaang palabuin ng mga ito ang ating pananaw tungkol sa mga alituntuning pinagbabatayan ng programang ito at ang layunin nito: ang tumulong na itimo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kaibuturan ng puso ng mga bata at kabataan.³

Naniniwala ako na kapag naging mas malinaw sa atin ang mga alituntuning ito, mapapansin natin na hindi

lamang ito isang programa para sa mga miyembrong edad 8 hanggang 18. Makikita natin kung paano sinisikap ng Panginoon na tulungan tayo—tayong lahat—na itimo ang Kanyang ebanghelyo nang mas malalim sa ating puso. Dalangin kong tulungan tayo ng Espiritu Santo na sama-samang matuto.

Mga Ugnayan—“Samahan Sila”⁴


Ang unang alituntunin ay mga ugnayan. Dahil ang mga ito ay likas na bahagi ng Simbahan ni Jesucristo, kung minsa’y nalilimutan natin na mahalaga ang mga ugnayan sa ating patuloy na paglalakbay patungo kay Cristo. Hindi tayo inaasahang hanapin

o tahaking mag-isa ang landas ng tipan. Kailangan natin ang pagmamahal at suporta ng mga magulang, ibang kapamilya, kaibigan, at lider na tumatahak din sa landas.

Kailangan sa ganitong mga uri ng ugnayan ang oras. Oras para magkasama-sama. Oras para sama-samang magtawanan, maglaro, matuto, at maglingkod. Oras para pahalagahan ang mga interes at hamon ng bawat isa. Oras para maging bukas at tapat sa bawat isa habang sama-sama tayong nagsisikap na magpakabuti. Ang mga ugnayang ito ay isa sa mga pangunahing layunin ng pagtitipon bilang mga pamilya, korum, klase, at kongregasyon. Ang mga ito ang pundasyon ng epektibong ministering.⁵

Binigyan tayo ni Elder Dale G. Renlund ng susi sa pagbubuo ng ganitong mga ugnayan nang sabihin niyang, “Para mabisang mapaglingkuran ang iba kailangan natin silang tingnan . . . ayon sa paningin ng Ama sa Langit. Noon lamang natin mauunawaan ang tunay na kahalagahan ng isang kaluluwa. Noon lamang natin madarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa lahat ng Kanyang anak.”⁶

Ang pagtingin sa iba na tulad ng pagtingin ng Diyos ay isang kaloob. Inaanyayahan ko tayong lahat na hangarin ang kaloob na ito. Kapag idinilat natin ang ating mga mata upang makakita,⁷ matutulungan din natin ang iba na makita ang kanilang sarili na tulad ng Diyos.⁸ Binigyang-diin ni Pangulong Henry B. Eyring ang kapangyarihang ito nang sabihin niya: “Ang magiging pinakamahalaga



ay kung ano ang natututuhan [ng iba] mula sa [inyo] kung sino talaga sila at kung ano talaga ang maaari nilang kahinatnan. Sa palagay ko hindi nila ito gaanong matututuhan mula sa mga lektyur. Makukuha nila ito mula sa *damdamin* kung sino kayo, sino sila sa tingin ninyo, at ano ang iniisip ninyo na maaaring kahinatnan nila.”⁹ Ang pagtulong sa iba na maunawaan ang kanilang tunay na identidad at layunin ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na maibibigay natin.¹⁰ Ang pagtingin sa iba at sa ating sarili na tulad ng pagtingin sa atin ng Diyos ay nagbibigkis sa ating puso nang “magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig.”¹¹

Sa patuloy na dumaraming puwersang sekular na umiimpluwensiya sa atin, kailangan natin ang lakas na nagmumula sa mapagmahal na mga ugnayan. Kaya kapag nagpapalano tayo ng mga aktibidad, miting, at iba pang mga pagtitipon, tandaan natin na ang pinakamahalagang layunin ng mga pagtitipong ito ay ang bumuo ng mapagmahal na mga ugnayan na pinag-iisa tayo at itinitimo ang ebanghelyo ni Jesucristo nang mas malalim sa ating puso.¹²

Paghahayag, Kalayaang Pumili, at Pagsisi—“Iugnay ang mga Ito sa Langit”¹³

Mangyari pa, hindi sapat na mabigkis lamang. Maraming grupo at organisasyon na nagkakaisa kahit iba’t iba ang mga layunin. Gayunman, ang pagkakaisang hangad natin ay ang makiisa tayo kay Cristo, na iugnay ang ating sarili sa Kanya.¹⁴ Para maiugnay ang ating puso sa langit, kailangan natin ng personal na espirituwal na mga karanasan, tulad ng malinaw na sinabi sa atin ni Elder Andersen.¹⁵ Nararanasan natin ang mga iyon kapag ipinasok ng Espiritu Santo ang salita at pagmamahal ng Diyos sa ating puso’t isipan.¹⁶

Ang paghahayag na ito ay dumaring sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon; sa mga inspiradong salita ng mga buhay na propeta at iba pang matatapat na disipulo; at sa marahan at banayad na tinig.¹⁷ Ang mga

salitang ito ay hindi lang nakasulat, naririnig ng tainga, mga ideya sa ating isipan, o damdamin sa ating puso. Ang salita ng Diyos ay espirituwal na kapangyarihan.¹⁸ Ito ay katotohanan at liwanag.¹⁹ Ito ang paraan para marinig Siya! Sinisimulan at pinag-iibayo ng salita ang ating pananampalataya kay Cristo at pinalalakas ang pagnais nating maging mas katulad ng Tagapagligtas—ibig sabihin, magsisi at tumahak sa landas ng tipan.²⁰

Noong nakaraang Abril, tinulungan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na maunawaan na napakahalaga ng pagsisi sa pagsisikap na tumanggap ng paghahayag.²¹ Sabi niya: “Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating magbago! Tinutulutan natin ang Tagapagligtas na baguhin tayo at gawin tayong pinakamabuting bersyon ng ating sarili. . . . Pinipili nating maging higit na katulad ni Jesucristo!”²² Ang prosesong ito ng pagbabago, na pinsidhi ng salita ng Diyos, ang paraan para makaugnay tayo sa langit.

Ang paanyaya ni Pangulong Nelson na magsisi ay nakasalig sa alituntunin ng kalayaang pumili. Dapat nating *piliin* na magsisi para sa ating sarili. Hindi maipipilit ang ebanghelyo sa ating puso. Sabi nga ni Elder Renlund, “Ang mithiin ng ating Ama sa Langit bilang magulang ay hindi ang iutos sa Kanyang mga anak na *gawin* kung ano ang tama; kundi ang *piliin* na gawin kung ano ang tama.”²³

Sa mga programang pinalitan ng Mga Bata at Kabataan, mahigit 500 iba’t ibang gawain ang kailangang kumpletuhin para makatanggap ng iba’t ibang pagkilala.²⁴ Ngayon, isa lang ang mahalaga. Ito ay isang paanyayang *piliin* na maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Ginagawa natin ito sa pagtanggap ng salita ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo at pagtutulot na baguhin tayo ni Cristo upang maging pinakamabuting bersyon ng ating sarili.

Ito ay talagang higit pa sa pagtakda ng mga mithiin o pagpapabuti pa ng sarili. Ang mga mithiin ay isang kasangkapan lamang na tumutulong sa atin na umugnay sa langit sa

pamamagitan ng paghahayag, kalayaang pumili, at pagsisi—na luma-pit kay Cristo at itimo ang Kanyang ebanghelyo nang mas malalim sa ating puso.

Pakikilahok at Sakripisyo—“Hayaan Silang Mamuno”²⁵

Ang panghuli, para maitimo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kaibuturan ng ating puso, kailangan nating makilahok dito—ibigay ang ating oras at talento rito, magsakripisyo para dito.²⁶ Gusto nating lahat na maging makabuluhan ang ating buhay, at totoo ito lalo na sa bagong henerasyon. Gusto nilang magkaroon ng layunin.

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang pinakamagandang layunin sa mundo. Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: “Inuutusan tayo ng Diyos na ihatid ang ebanghelyong ito sa buong daigdig. Iyan ang layunin na dapat magbigkis sa atin ngayon. Tanging ang ebanghelyo ang makapagligligtas sa mundo sa kalamidad na dulot ng sarili nitong pagkawasak. Tanging ang ebanghelyo ang makapagbibigkis sa mga lalaki [at babae] ng lahat ng lahi at bansa sa kapayapaan. Tanging ang ebanghelyo ang makapaghahatid ng galak, kaligayahan, at kaligtasan sa buong sangkatauhan.”²⁷

Ipinangako ni Elder David A. Bednar, “Kapag binigyan natin ng karapatan ang mga kabataan sa pamamagitan ng pag-anyaya at pagtutulot sa kanila na kumilos, susulong ang Simbahan sa mahimalang mga paraan.”²⁸ Kadalasan ay hindi natin inaanyayahan at pinahihintulutan ang mga kabataan na magsakripisyo para sa dakilang layuning ito ni Cristo. Napansin ni Elder Neal A. Maxwell, “Kung ang [ating] kabataan ay masyadong hindi nabibigatan [sa gawain ng Diyos] mas malamang na [madadaig sila ng] mundo.”²⁹

Ang programang Mga Bata at Kabataan ay nakatuon sa pagpapalakas ng mga kabataan. Sila ang pumipili ng kanilang sariling mga mithiin. May kani-kanyang tungkulin ang mga quorum at class presidency. Ang ward youth council, tulad ng ward council, ay nakatuon sa gawain ng kaligtasan at

kadakilaan.³⁰ At nagsisimula ang mga miting ng mga korum at klase sa pag-sasanggungan kung paano gawin ang gawaing ibinigay sa kanila ng Diyos.³¹

Sabi ni Pangulong Nelson sa mga kabataan ng Simbahan: “Kung pipiliin ninyo, kung gusto ninyo, maaari kayong maging malaking bahagi . . . ng isang bagay na malaki, maringal, at dakila! . . . Kayo ay kabilang sa mga pinakamahasag [sa *lahat* ng] ipinadala ng Panginoon sa mundong ito. Mayroon kayong kapasidad na maging mas matalino at mahusay at magkaroon ng [mas malaking] epekto sa mundo kaysa naunang mga henerasyon!”³² Sa isa pang okasyon, sinabi ni Pangulong Nelson sa mga kabataan: “Lubos ang tiwala ko sa inyo. Mahal ko kayo at maging ng Panginoon. Tayo ay Kanyang mga tao, na samasamang gumagawa sa Kanyang banal na gawain.”³³ Mga kabataan, nadarama ba ninyo ang tiwala ni Pangulong Nelson sa inyo at kung gaano kayo kahalaga sa gawaing ito?

Mga magulang at adult leader, inaanyayahan ko kayo na tingnan ang mga kabataan na tulad ng pagtingin ni Pangulong Nelson. Kapag nadama ng mga kabataan ang inyong pagmamahal at pagtitiwala, kapag hinikayat at tinuruan ninyo sila kung paano mamuno—at pagkatapos ay hinayaan ninyo silang mamuno—mamamangha kayo sa kanilang mga kabatiran, kakayahan, at katapatan sa ebanghelyo.³⁴ Madarama nila ang kagalakan sa pagpiling makilahok at magsakripisyo para sa dakilang layunin ni Cristo. Ang Kanyang ebanghelyo ay titimo nang mas malalim sa

kanilang puso, at susulong ang gawain sa mahimalang mga paraan.

Pangako at Patotoo

Ipinapangako ko, kapag nagtuon tayo sa mga alituntuning ito—mga ugnayan, paghahayag, kalayaang pumili, pagsisisi, at pagsasakripisyo—ang ebanghelyo ni Jesucristo ay titimo nang mas malalim sa puso nating lahat. Makikita natin na ang Pagpapambungalik ay susulong tungo sa pangunahing layunin nito, ang tubusin ang Israel at itatag ang Sion,³⁵ kung saan si Cristo ang mamamahala bilang Hari ng mga hari.

Pinatotohanan ko na patuloy na ginagawa ng Diyos ang lahat ng kailangan upang ihanda ang Kanyang mga tao para sa araw na iyon. Nawa’y makita natin ang Kanyang impluwensya sa maluwalathing gawaing ito habang nagsisikap tayong “lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya.”³⁶ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:12. Sabi ni Pangulong Nelson: “Isipin na lang ninyo ang kagalakan at kahalagahan [ng lahat ng ito]: bawat propeta simula kay Adan ay nakita ang panahon natin. At bawat propeta ay nagsalita tungkol sa panahon *natin*, kung kailan matitipon ang Israel at ang mundo ay magiging handa sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Isipin ninyo ito! Sa dinamidami ng mga taong tumira sa mundo natin, *tayo* ang mga makikilahok sa huli at malaking pagtitipon na ito. Talagang nakatutuwa ito! (“Pag-asa ng Israel” [pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018], HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org).

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland:

“Napakagandang panahon nito para mabuhay!”

“Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang pinakatiyak, pinakaligtas, pinakamaasahan, at pinakamakabuluhan katotohanan sa lupa at sa langit, sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Walang anuman o sinumang makapigil sa Simbahang ito sa pagsasagawa ng misyon nito at pagsasakatuparan ng tadhana nito na ipinahayag bago lalangin ang mundo. . . . Hindi

ninyo kailangang matakot o mag-alinlangan sa hinaharap.

“Hindi tulad ng bawat ibang panahon bago ang sa atin, ang dispensasyong ito ay hindi makararanas ng institusyonal na apostasiya; hindi nito makikita ang pagkawala ng mga susi ng priesthood; hindi ito magdurusa nang dahil sa paghinto ng paghahayag mula sa tinig ng Makapangyarihang Diyos. . . . Kaysayang mabuhay sa panahong ito!”

“ . . . Kung hindi pa ninyo napapansin, napakapositibo ko tungkol sa mga huling araw. . . . Maniwala. Bumangon. Maging matapat. At gawin ang lahat para makinabang nang husto sa kamanghamanghang panahon kung kailan tayo nabubuhay!” (Post sa Facebook, Mayo 27, 2015; tingnan din sa “Be Not Afraid, Only Believe” [mensahe sa Church Educational System religious educators, Peb. 6, 2015], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org).

2. Tingnan sa Juan 1:12.

3. Hindi pa natatagalan pagkatapos kaming matawag bilang Young Men General Presidency, tinalakay sa amin ni Pangulong Henry B. Eyring ang natatanging mga hamon at oportunidad na hinaharap ng mga kabataan ng Simbahan ngayon. Pinayuhan niya kami na magtuon sa mga bagay na tutulong na itimo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kaibuturan ng kanilang puso. Ang payong iyon ang naging gabay namin sa Young Men Presidency.

4. Tingnan sa “Be with Them,” ChurchofJesusChrist.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/be-with-them.

5. Tingnan sa Mosias 18:25; Moroni 6:5.

6. Dale G. Renlund, “Sa Paningin ng Diyos,” *Liahona*, Nob. 2015, 94; tingnan din sa Moises 1:4–6.

Itinuro ni Pangulong Thomas S.

Monson: “Responsibilidad nating makita ang tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaaring kahinatnan nila. Makikiusap ako sa inyo na isipin ninyo sila sa ganitong paraan” (“Tingnan ang Kapwa Ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila,” *Liahona*, Nob. 2012, 70).

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell:

“Kadalasan, ang tahasang *hindi pagsunod* ng isang kabataan sa mga pamantayan ng Simbahan, o ang kanyang tila nanghamong mga tanong, o ang kanyang mga ipinahahayag na mga pagdududa ay nakapagbibigay kaagad sa kanya ng negatibong bansag. Ang mga resulta nito ay maaaring paglayo at, kung minsan, pagtalikod. Hindi gusto ng tunay na pagmamahal ang mga bansag!” (“Unto the Rising Generation,” *Ensign*, Abr. 1985, 9).

7. Tingnan sa II Mga Hari 6:17.

8. Sabi ni Stephen L. Richards, bilang miyembro ng Unang Panguluhan: “Ang pinakamataas na uri ng paghiwatig ay yaong nakakakita at nakapaglalabas ng mas mabubuting katangian ng iba, ng kabutihang likas sa kanila” (sa Conference Report, Abr. 1950, 162; sa David A. Bednar, “Mabilis Magmasid,” *Ensign*, Dis. 2006, 35; *Liahona*, Dis. 2006, 19). Tingnan din sa II Mga Hari 6:17.



Bluffdale, Utah, USA



9. Henry B. Eyring, "Teaching Is a Moral Act" (mensahe sa Brigham Young University, Ago. 27, 1991), 3, speeches.byu.edu; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Henry B. Eyring, "Tulongang Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin," *Liahona*, Nob. 2012, 60–67.
10. Tingnan sa Moises 1:3–6.
11. Mosias 18:21; tingnan din sa Moises 7:18.
12. "Ang mga kabataang lalaki na may matibay at positibong ugnayan sa aktibong [mga Banal sa mga Huling Araw na] pamilya, kaibigan, at lider, na tumutulong sa kanila na magkaroon ng ugnayan sa kanilang Ama sa Langit, ay mas malamang na mananatiling aktibo. Ang mga partikular na bahagi ng programa—tulad ng kurikulum tuwing Linggo, programa ng mga aktibidad ng [Young Men], mga inaasahang personal na tagumpay . . . ay maaaring maliit ang epekto na labas sa mga ugnayang iyon. . . . Ang mahalagang tanong ay hindi kung paano lubusang ipinatutupad ang partikular na mga elemento ng programa kundi kung paano nakakambag ang mga ito sa mga positibong ugnayan na nagpapalakas sa identidad na pangrelihiyon ng mga [Banal sa mga Huling Araw na] kabataang lalaki" ("Be with Them," [Church of Jesus Christ.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/be-with-them](https://www.churchofjesuschrist.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/be-with-them)).
13. Tingnan sa "Connect Them with Heaven," [Church of Jesus Christ.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/connect-them-with-heaven](https://www.churchofjesuschrist.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/connect-them-with-heaven).
14. Tingnan sa Juan 15:1–5; 17:11; Mga Taga Filipos 4:13; I Ni Juan 2:6; Jacob 1:7; Omni 1:26; Moroni 10:32.
15. Maraming halimbawa nito sa mga banal na kasulatan; narito ang dalawa lamang:
 - 1 Nephi 2:16; Enos 1:1–4.
 16. Tingnan sa Lucas 24:32; 2 Nephi 33:1–2; Jacob 3:2; Moroni 8:26; Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
 17. Tingnan sa II Kay Timoteo 3:15–16; Doktrina at mga Tipan 68:3–4; 88:66; 113:10.
 18. Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 1:5; Alma 26:13; 31:5; Helaman 3:29; 5:17; Doktrina at mga Tipan 21:4–6; 42:61; 43:8–10; 50:17–22; 68:4.
 19. Tingnan sa Juan 6:63; 17:17; Alma 5:7; Doktrina at mga Tipan 84:43–45; 88:66; 93:36.
 20. Tingnan sa Juan 15:3; I Ni Pedro 1:23; Mosias 1:5; Alma 5:7, 11–13; 32:28, 41–42; 36:26; 62:45; Helaman 14:13.
 21. Tingnan sa 2 Nephi 31:19–21; 32:3, 5.
 22. Russell M. Nelson, "Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay," *Liahona*, Mayo 2019, 67.
 23. Dale G. Renlund, "Piliin Ninyo sa Araw na Ito," *Liahona*, Nob. 2018, 104.
 24. Kasama sa bilang na ito ang mga kinakailangan sa mga programa ng Scouting, na bago itong huli ay bahagi ng programa ng mga aktibidad ng Simbahan para sa mga bata at kabataang lalaki, una sa lahat sa Estados Unidos at Canada. Sa mga lugar na hindi lumahok sa Scouting, ang bilang ng mga kinakailangang gawin ay mahigit 200. Dagdag pa rito, ang iba't ibang mga programa ng aktibidad para sa mga batang lalaki, batang babae, kabataang lalaki, at kabataang babae ay iba-iba ang istruktura, kaya mas kumplikado ang buong karanasan para sa mga pamilya.
25. Tingnan sa "Let Them Lead," [Church of Jesus Christ.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/let-them-lead](https://www.churchofjesuschrist.org/callings/aaronic-priesthood-quorums/my-calling/leader-instruction/let-them-lead).
26. Tingnan sa Omni 1:26; 3 Nephi 9:20; 12:19; Doktrina at mga Tipan 64:34. "Ang isang relihiyong hindi nangangailangan ng sakripisyo sa lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng kapangyarihan na sapat para magkaroon ng pananampalatayang kailangan tungo sa buhay at kaligtasan" (*Lectures on Faith* [1985], 69).
27. Ezra Taft Benson, *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 167; sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2019), 2; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel," [Hope of Israel.Church of Jesus Christ.org](https://www.hopeofisrael.org).
28. Pulong kasama si Elder David A. Bednar; tingnan din sa "2020 Temple and Family History Leadership Instruction," Feb. 27, 2020, [Church of Jesus Christ.org/family-history](https://www.churchofjesuschrist.org/family-history).
29. Neal A. Maxwell, "Unto the Rising Generation," 11. Nagpatuloy si Elder Maxwell: "Sa pagtupad sa tungkulin, ilang deacons at teachers quorum presidency ang tumatawag lamang sa isang mag-aalay ng panalangin o magpapasa ng sakramento? Mga kapatid, talagang natatangi ang mga espiritung ito, at magagawa nila ang mga bagay na mahalaga kung bibigyan sila ng pagkakataon!"
30. Tingnan sa *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 2.2, [Church of Jesus Christ.org](https://www.churchofjesuschrist.org).
31. Makukuha ang ilang resources sa Gospel Library para tulongang ang mga kabataan na mamuno, kabilang na ang "Mga Resource ng Quorum at Class Presidency," "Paggamit ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women*," at sa resources para sa mga klase ng Young Women at mga korum ng Aaronic Priesthood sa "Ward o Branch Callings."
32. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel," [Hope of Israel.Church of Jesus Christ.org](https://www.hopeofisrael.org). Sa debosyonal ding ito, sinabi ni Pangulong Nelson: "Inireserba ng Ama sa Langit ang marami sa Kanyang pinakamagiging na anak—masasabi kong, ang [Kanyang] pinakamahusay na pangkat—para sa huling yugtong ito. Ang magiging na espiritu[ng iyon]—ang pinakamahuhusay na manlalaro, [ang mga bayaning iyon]—ay kayo!"
33. Russell M. Nelson, pambungad na pananalita sa "Mga Bata at Kabataan: Isang Face to Face Event Kasama si Elder Gerrit W. Gong," Nob. 17, 2019, [broadcasts.Church of Jesus Christ.org](https://www.broadcasts.churchofjesuschrist.org).
34. Sabi ni Pangulong Nelson: "Kailangang hayaan nating mamuno ang mga kabataan, lalo na ang mga tinawag at itinalagang maglingkod sa mga panguluhan ng klase at korum. Ang awtoridad ng priesthood ay ibibigay sa kanila. Matututuhan nila kung paano tumanggap ng inspirasyon sa pamumuno sa kanilang klase o korum" (sa "Children and Youth Introductory Video Presentation," Set. 29, 2019, [Church of Jesus Christ.org](https://www.churchofjesuschrist.org)).
- Sabi ni Elder Quentin L. Cook, "Hinihiling sa ating mga kabataan na dagdagan ang kanilang indibiduwal na responsibilidad sa mas murang edad—hindi kailangang akuin ng mga magulang at lider ang mga bagay na magagawa ng kabataan para sa kanilang sarili" ("Mga Pagbabago para Palakasin ang mga Kabataan," *Liahona*, Nob. 2019, 40).
35. Itinuro ni Pangulong George Q. Cannon: "Ang Diyos ay nagreserba sa dispensasyong ito ng mga espiritung may tapang at determinasyon na harapin ang mundo, at lahat ng kapangyarihan ng demonyo, na nakikita at hindi nakikita, upang ipahayag ang ebanghelyo at panindigan ang katotohanan at itatag at itayo ang Sion ng ating Diyos nang walang takot sa lahat ng ibubunga nito. Ipinadala Niya ang mga espiritung ito sa henerasyong ito upang ilatag ang pundasyon ng Sion na hindi na maibabagsak kailanman, at magkaroon ng binhing magiging matwid, at igagalang ang Diyos, at igagalang Siya nang lubos, at susundin Siya sa lahat ng pagkakataon" ("Remarks," *Deseret News*, Mayo 31, 1866, 203); tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 215–16.
36. Moroni 10:32.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Panalangin nang May Pananampalataya

Kapag nagdarasal tayo nang may pananampalataya, nagiging mahalagang bahagi tayo sa gawain ng Panginoon habang inihahanda Niya ang mundo para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Nasagot ang panalangin ni Elder Maynes sa simula ng unang sesyong ito ng pangkalahatang kumperensya. Dumating na sa atin ang inspirasyon sa pamamagitan ng magagandang mensahe at magandang musika. Unti-unti nang natutupad ang pangako ni Pangulong Russell M. Nelson na hindi malilimutan ang kumperensyang ito.

Itinalaga na ni Pangulong Nelson ang taong ito bilang “bicentennial period na gumugunita sa 200 taon mula nang magpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo kay Joseph Smith sa isang pangitain.” Inanyayahan tayo ni Pangulong Nelson na gumawa ng personal na plano na ihanda ang ating sarili para sa makasaysayang kumperensyang ito, na sinabi niyang magiging isang paggunita na “hindi inaasahan sa kasaysayan ng Simbahan, at ang inyong bahagi ay mahalaga.”¹

Tulad ko, marahil ay narinig ninyo ang kanyang mensahe at itinanong ninyo sa sarili, “Sa anong paraan mahalaga ang aking bahagi?” Marahil

ay nabasa at ipinagdasal ninyo ang mga naganap sa Pagpapanumbalik. Marahil, higit kaysa rati, nabasa ninyo ang mga salaysay tungkol sa ilang pagkakataong iyon na ipinakilala ng Diyos Ama ang Kanyang Pinakamamahal na Anak. Marahil ay nabasa ninyo ang mga pagkakataon na nagsalita ang Tagapagligtas sa mga anak ng ating Ama sa Langit. Alam ko na ginawa ko ang lahat ng iyon at iba pa.


Nakahanap ako ng mga reperensya sa aking pagbabasa tungkol sa priesthood ng Diyos at sa pagbubukas ng dispensasyon. Napakumbaba ako nang matanto ko na ang paghahanda ko para sa kumperensyang ito ay hindi inaasahan sa aking personal na kasaysayan. Nakadama ako ng mga pagbabago sa puso ko. Nakadama ako ng panibagong pagpapasalamat. Napuspos ako ng galak sa pagkakataong maanyayahan na makibahagi sa pagdiriwang na ito ng patuloy na Pagpapanumbalik.

Iniisip ko na, dahil sa maingat na paghahanda, mas masaya, mas maganda ang pananaw, at mas

determinado ang iba na maglingkod kung saan sila kailangan ng Panginoon.

Ang mga pambihirang kaganapang pinararangalan natin ay ang simula ng ipinropesiyang huling dispensasyon, kung saan inihahanda ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at Kanyang mga tao, yaong mga maytaglay ng Kanyang pangalan, na tanggapin Siya. Bilang bahagi ng ating paghahanda para sa Kanyang pagdating, suportahan Niya ang bawat isa sa atin sa pagharap sa espirituwal na mga hamon at oportunidad na walang katulad sa anumang nakita na sa kasaysayan ng mundong ito.

Noong Setyembre 1840, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ang sumusunod: “Ang gawain ng Panginoon sa mga huling araw na ito, ay napakalawak at hindi kayang unawain ng mga mortal. Ang mga kaluwalhatian nito ay di sukat mailarawan, at ang karingalan ay di mapapantayan. Ito ang paksang



Mixco, Guatemala

ikinintal sa damdamin ng mga propeta at matwid na mga tao mula pa nang likhain ang daigdig hanggang sa bawat nagdaang henerasyon at hanggang sa kasalukuyan; at tunay ngang ito ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung kailan ang lahat ng bagay na na kay Cristo Jesus, sa langit man o sa lupa, ay samasamang titipunin sa Kanya, at kung kailan ang lahat ng bagay ay ipanunumbalik, na sinalita ng mga banal na propeta mula pa sa simula ng daigdig; sapagkat magaganap dito ang maluwalhating katuparan ng mga pangakong ginawa sa mga ama, habang ang mga pagpapakita ng kapangyarihan ng Kataas-taasan ay magiging dakila, maluwalhati, at banal.”

Sinabi pa nila: “Ipinasiya naming magpatuloy at pag-isahin ang aming lakas para sa pagtatayo ng Kaharian, at pagtatatag ng Priesthood sa kanilang kaganapan at kaluwalhatian. Ang gawaing dapat isakatuparan sa mga huling araw ay napakahalaga, at kakailanganin nito ang lakas, kasanayan, talento, at kakayahan ng mga Banal, nang sa gayon ito ay lumaganap taglay ang kaluwalhatian at karingalang inilarawan ng propeta[ng si Daniel] [tingnan sa Daniel 2:34–35, 44–45]; at samakatuwid ay kailangang pag-ukulan ng pansin ng mga Banal, upang maisagawa ang mga gawaing gayon kalawak at karingal.”²

Hindi pa inihahayag ang marami sa mga detalye ng gagawin natin at kung kailan natin ito gagawin sa patuloy na Pagpapanumbalik. Subalit alam ng Unang Panguluhan kahit noong mga unang panahong iyon ang ilan sa lawak at lalim ng gawain ng Panginoon na nasa ating harapan. Narito ang ilang halimbawa ng alam naming magaganap:

Sa pamamagitan ng Kanyang mga Banal, ibibigay ng Panginoon ang kaloob na Kanyang ebanghelyo “sa bawat bansa, lahi, wika, at tao.”³ Patuloy na magkakaroon ng bahagi ang tekno-lohiya at mga himala—gayon din ang indibiduwal na “mga mamamalakaya ng mga tao”⁴ na naglilingkod nang may kapangyarihan at lumalagong pananampalataya.

Tayo bilang mga tao ay mas magkakaisa sa gitna ng tumitinding kaguluhan. Tayo ay titipunin sa espirituwal na lakas ng mga grupo at pamilya na puspos ng liwanag ng ebanghelyo.

Kahit ang isang mundong walang pananalig ay kikilalanin ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at matatanto ang kapangyarihan ng Diyos doon. Ang matatapat at matatapang na disipulo ay walang-takot, mapagkumbaba, at hayagang tataglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Paano makakalahok, kung gayon, ang bawat isa sa atin sa gawaing ito na gayon kalawak at karingal? Itinuro na sa atin ni Pangulong Nelson kung paano mapapalakas ang espirituwal na kapangyarihan. Kapag itinuring nating masayang pagkakataon ang pagsisisi dahil sa ating lumalagong pananampalataya na si Jesus ang Cristo, kapag naunawaan natin at nanalig tayo na naririnig ng Ama sa Langit ang ating bawat dalangin, kapag sinikap nating sundin at ipamuhay ang mga kautusan, madaragdagan ang ating kakayahang tumanggap ng patuloy na paghahayag. Maaari nating makasama ang Espiritu Santo sa tuwina. Mananatili sa atin ang damdamin ng kaliwanagan kahit magdilim pa ang mundong ginagalawan natin.

Si Joseph Smith ay isang halimbawa ng kung paano mapalalago ang gayong espirituwal na lakas. Ipinakita niya sa atin na ang pananalangin nang may pananampalataya ang susi sa paghahayag mula sa Diyos. Nanalangin siya nang may pananampalataya, na naniniwala na sasagutin ng Diyos Ama ang kanyang panalangin. Nanalangin siya nang may pananampalataya, na naniniwala na sa pamamagitan lamang ni Jesucristo siya maaaring lumaya mula sa mga kasalanang kanyang nagawa. At nanalangin siya nang may pananampalataya, na naniniwala na kailangan niyang hanapin ang totoong Simbahan ni Jesucristo upang matamo ang kapatawarang iyon.

Sa buong ministeryo ng propeta,

gumamit si Joseph Smith ng mga panalangin nang may pananampalataya upang magtamo ng patuloy na paghahayag. Habang nahaharap tayo sa mga hamon ngayon at sa mga darating pa, kakailanganin din nating gawin ang kanyang ginawa. Sinabi ni Pangulong Brigham Young, “Wala akong alam na iba pang paraan para sa mga Banal sa mga Huling Araw maliban sa patuloy na manalangin sa ating puso’t isipan na gabayan at patnubayan ng Diyos ang kanyang mga tao.”⁵

Ang mga salitang ito mula sa panalangin sa sakramento kung gayon ay dapat ilarawan sa ating pang-araw-araw na buhay: “Lagi siyang alalahanin.” Ang “siya” ay tumutukoy kay Jesucristo. Ang sumunod na mga salita, “at susundin ang kanyang mga kautusan,” ay nagpapahiwatig kung ano ang kahulugan sa atin ng alalahanin Siya.⁶ Kapag lagi nating aalalahanin si Jesucristo, maaari nating itanong sa tahimik na panalangin, “Ano ang nais Niyang ipagawa sa akin?”

Ang gayong panalangin, na inialay nang may pananampalataya kay Jesucristo, ang nagpasimula sa huling dispensasyong ito. At ito ang magiging pinakamahalagang bahaging gagampanan ng bawat isa sa atin sa patuloy na pagpapanumbalik na ito. Nakakita ako, tulad ninyo, ng kahanga-hangang mga halimbawa ng gayong panalangin.

Una ay si Joseph Smith. Itinanong niya nang may simpleng pananampalataya kung ano ang nais ipagawa sa kanya ng Panginoon. Ang Kanyang sagot ay nagpabago sa kasaysayan ng mundo.

Para sa akin, isang mahalagang aral ang nagmula sa tugon ni Joseph sa pag-atake ni Satanas nang lumuhod si Joseph para manalangin.

Alam ko mula sa aking karanasan na sinisikap ni Satanas at ng kanyang mga kampon na ipadama sa atin na hindi tayo dapat manalangin. Nang gawin ni Joseph Smith ang lahat ng makakaya niya sa pagsamo sa Diyos na iligtas siya mula sa kapangyarihang nagtangkang gapusin siya,

tinugon ang paghingi niya ng tulong at nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

Napakatindi ng pagtatangka ni Satanas na hadlangan ang pagsisimula ng Pagpapanumbalik dahil napakahalaga ng panalangin ni Joseph. Tayo ay magkakaroon ng mas maliliit na bahaging gagampanan sa patuloy na Pagpapanumbalik. Subalit sisikapin ng kaaway ng Pagpapanumbalik na pigilan tayo sa pagdarasal. Ang halimbawa ng pananampalataya at determinasyon ni Joseph ay maaaring magpalakas sa ating determinasyon. Isa ito sa maraming dahilan kaya kasama sa aking mga dalangin ang pasasalamat sa Ama sa Langit para kay Propetang Joseph.

Si Enos sa Aklat ni Mormon ay isa pang huwaran para sa aking panalangin nang may pananampalataya habang sinisikap kong gampanan ang aking bahagi sa patuloy na Pagpapanumbalik. Anuman ang magiging bahagi ninyo, maaari ninyo siyang ituring na personal ninyong guro.

Tulad ni Joseph, nanalangin si Enos nang may pananampalataya. Inilarawan niya ang kanyang karanasan nang ganito:

“At ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa aking sariling kaluluwa; at sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya; oo, at nang dumating ang gabi ay inilakas ko pa ang aking tinig sa kaitaasan kung kaya’t iyon ay nakarating sa kalangitan.

“At doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain.

“At ako, si Enos, nalalaman na ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling, kaya nga, ang aking pagkakasala ay napalis.

“At aking sinabi: Panginoon, paano ito nangyari?

“At sinabi niya sa akin: Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, na hindi mo pa kailanman narinig o

nakita. At maraming taon ang lilipas bago niya ipakikita ang kanyang sarili sa laman; samakatwid humayo ka, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo.”⁷

Ang aral na nagpala sa akin ay ang mga salitang ito: “Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, na hindi mo pa kailanman narinig o nakita.”

May pananampalataya si Joseph kay Cristo kaya pumunta siya sa kakahuyan at nanalangin din para makawala sa mga kapangyarihan ni Satanas. Hindi pa niya nakita ang Ama at ang Anak, pero nanalangin siya nang may pananampalataya nang buong lakas ng kanyang puso.

Ang karanasan ni Enos ay nagturo din sa akin ng mahalagang aral na iyon. Kapag nagdarasal ako nang may pananampalataya, ang Tagapagligtas ang aking tagapamagitan sa Ama at nadarama ko na nakararating sa langit ang aking panalangin. Dumarating ang mga sagot. Natatanggap ang mga pagpapala: May kapayapaan at kagalakan maging sa mga panahon ng paghihirap.

Naalala ko, bilang pinakabagong miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, nang lumuhod ako sa panalangin kasama si Elder David B. Haight. Ang edad niya noon ang edad ko ngayon, na may mga hamon na nararanasan ko mismo ngayon. Naalala ko ang tinig niya nang siya ay manalangin. Hindi ako nagmulat ng mata para tumingin, pero sa pandinig ko ay parang nakangiti siya. Kinausap niya ang Ama sa Langit nang may galak sa tinig niya.

Naririnig ko sa aking isipan ang kaligayahan niya nang sabihin niyang, “Sa pangalan ni Jesucristo.” Ang dinig ko ay parang nadama ni Elder Haight na pinagtitibay ng Tagapagligtas sa sandaling iyon ang panalangin isinamo niya sa

Ama. At natiyak ko na tatanggapin iyon nang may ngiti.

Madaragdagan ang kakayahan nating gumawa ng mahalagang kontribusyon sa kahanga-hangang patuloy na Pagpapanumbalik habang lumalakas ang ating pananampalataya kay Jesucristo bilang ating Tagapagligtas at sa ating Ama sa Langit bilang ating mapagmahal na Ama. Kapag nanalangin tayo nang may pananampalataya, nagiging mahalagang bahagi tayo sa gawain ng Panginoon habang inihahanda Niya ang mundo para sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Dalangin ko na makasumpong tayong lahat ng galak sa paggawa ng gawaing ipinagagawa Niya sa bawat isa sa atin.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ay buhay. Ito ang Kanyang Simbahan at kaharian sa lupa. Si Joseph Smith ang propeta ng Pagpapanumbalik. Si Pangulong Russell M. Nelson ang propeta ng Panginoon sa lupa ngayon. Hawak niya ang lahat ng susi ng priesthood sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “My 2020 Invitation to You: Share the Message of the Restoration of the Savior’s Gospel,” Ene. 1, 2020, [blog.ChurchofJesusChrist.org](https://www.churchofjesuschrist.org/blog).
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 599.
3. Mosias 15:28.
4. Mateo 4:19.
5. *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe (1954), 43–44.
6. Doktrina at mga Tipan 20:77.
7. Enos 1:4–8.



Sandy, Utah, USA



Sesyon sa Sabado ng Hapon | 4 Abril 2020

Inilahad ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Seventy, at Pangkalahatang Pinuno

Mga kapatid, ilalahad ko sa inyo ngayon ang mga General Authority, Area Seventy, at Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan para sa inyong boto ng pagsang-ayon.

Ipakita lamang ang inyong pagboto sa karaniwang paraan saan man kayo naroon. Kung mayroong mga tutol sa alinman sa mga iminungkahi, hinihiling naming kontakin ninyo ang inyong stake president.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag

at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Dallin H. Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

at si M. Russell Ballard bilang Gumanap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, at Ulisses Soares.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Iminumungkahing i-release natin ang mga sumusunod bilang mga Area Seventy: Elder Jorge T. Becerra, Mark S. Bryce, Jeremy R. Jaggi, Kelly R. Johnson, Adeyinka A. Ojederan, at Moisés Villanueva.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin nang may taos-pusong pasasalamat ang mga sumusunod na Young Men General Presidency: Stephen W. Owen bilang Pangulo, Douglas D. Holmes bilang Unang Tagapayo, at M. Joseph Brough bilang Pangalawang Tagapayo.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang kahanga-hangang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin ang mga sumusunod bilang mga General Authority Seventy: Jorge T. Becerra, Matthew S. Holland,



Curitiba, Paraná, Brazil

William K. Jackson, Jeremy R. Jaggi, Kelly R. Johnson, Thierry K. Mutombo, Adeyinka A. Ojadiran, Ciro Schmeil, at Moisés Villanueva.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga di sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang mga Area Seventy: Jay D. Andersen, Faapito Auapaau, Frederick K. Balli Jr., Kevin W. Birch, John W. Boswell III, J. Francisco Bühner, Suchat Chaichana, Matthew R. Clarke, L. Guido Cristobal, Edmarc R. Dumas, Carlos A. Gabaldón, M. Andrew Galt IV, Clark G. Gilbert, Leonard D. Greer, Vladislav Y. Gornostaev, D. Martin Goury, Richard I. Heaton, Broc C. Hiatt, David H. Huntsman, Norman C. Insong, Daniel Kabason, Federico M. Kähnlein, Jeffrey J. Kerr, Youngjoon Kwon, David G. LaFrance, Ricardo C. Leite, Marcelo Louza, Jose G. Manarin, Jeremiah J. Morgan, Mark A. Mortensen, Eduardo F. Ortega, Nathan D. Pace, Michael M. Packer, Omar I. Palacios, Jorge W. Pérez, Kyrlo Pokhylko, Sergio A. Poncio, Arthur Rascon, Miguel A. Reynoso, Gustavo G. Rezende, Robert G. Rivarola, Tonga J. Sai, Luciano Sankari, Rosendo Santos, Henry Savstrom, J. Matthew Scott, James E. Slaughter, Robert T. Smith, Ricardo A. Spencer, Colin C. Stauffer, David C. Stewart, Jared W. Stone, Arlen M. Tumaliuan, Martin J. Turvey, Yan C. Vega, Paul B. Whippy, Chad R. Wilkinson, at Dow R. Wilson.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang bagong Young Men General Presidency sina Steven J. Lund bilang Pangulo, Ahmad Saleem Corbitt bilang Unang Tagapayo, at Bradley Ray Wilcox bilang Pangalawang Tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang di sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan

natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at Pangkalahatang Pinuno.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon.

Muli, inaanyayahan namin ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi na kontakin ang kanilang stake president.

Salamat sa inyong patuloy na panampalataya at mga panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan. ■

Ulat ng Church Auditing Department, 2019

Inilahad ni Kevin R. Jergensen

Managing Director, Church Auditing Department

Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Mahal na mga Kapatid: Ayon sa paghahayag, na nakatala sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric—ang nagbibigay ng awtoridad sa paggastos ng pondo ng Simbahan. Ginugugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo alinsunod sa inapubahang mga budget, patakaran, at pamamaraan.

Ang Church Auditing, na binubuo ng mga sertipikadong propesyonal at hindi sakop ng iba pang mga departamento at unit ng Simbahan, ay may responsibilidad na magsagawa ng mga audit para makapaglaan ng makatwirang katiyakan tungkol sa mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, sa opinyon ng Church Auditing, sa lahat ng mahahalagang bagay, ang mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at mga ari-arian ng Simbahan para sa taong 2019 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa mga budget, patakaran, at pamamaraan sa accounting na inaprubahan ng Simbahan. Sinusunod ng Simbahan ang mga itinuturo sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa budget, umiwas sa utang, at mag-ipon para sa oras ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,

Church Auditing Department

Kevin R. Jergensen

Managing Director ■



Ni Elder Ulisses Soares
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Paglabas ng Aklat ni Mormon

Pinatotohanan ng makasaysayang mga katotohanan at natatanging mga saksi ng Aklat ni Mormon na ang paglabas nito ay tunay na mahimala.

Habang kausap ang mga elder ng Simbahan sa isang okasyon, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith: “Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag, at nasaan ang ating relihiyon? Wala.”¹ Mahal kong mga kapatid, kasunod ng Unang Pangitain, ang mahimalang paglabas ng Aklat ni Mormon ang pangalawang pangunahing bahagi ng nalalahad na Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa dispensasyong ito. Pinatotohanan ng Aklat ni Mormon ang pagmamahal ng

Diyos para sa Kanyang mga anak, ang di-makasarili at banal na nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo, at ang Kanyang tampok na ministeryo sa mga Nephita pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.² Pinatotohanan din nito na ang labi ng sambayanan ni Israel ay magiging isa sa pamamagitan ng Kanyang gawa-in sa mga huling araw at na hindi sila itatakwil magpakailanman.³

Habang pinag-aaralan natin ang paglabas ng banal na kasulatang ito

sa mga huling araw na ito, natatanto natin na ang buong pagsasagawang ito ay mahimala—mula sa pagtanggap ni Propetang Joseph ng mga laminang ginto mula sa isang banal na anghel hanggang sa pagsasalin nito “sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos,”⁴ ang pag-iingat dito, at ang paglalathala nito sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon.

Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay nagsimula na bago pa man natanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula sa mga kamay ni anghel Moroni. Ipinropesiya ng mga sinaunang propeta ang paglabas ng aklat na ito sa ating panahon.⁵ Binanggit ni Isaias ang isang aklat na natatakan, na kapag lumabas ito ay magtatalo ang mga tao tungkol sa salita ng Diyos. Ang sitwasyong ito ay magtutulot sa Diyos na magawa ang Kanyang “kagilagilalas na gawa at kamanghamangha,” na magsasanhi sa “karunungan ng kanilang mga pantas [na] mapawi, at ang unawa ng kanilang mga mabait [na] malingid,” samantalang ang maamo ay “mananagana sa kanilang kagalakan sa Panginoon, . . . at ang dukha sa gitna ng mga tao ay magagalak sa Banal ng Israel.”⁶ Nagsalita si Ezekiel tungkol sa tungkod ng Juda (ang Biblia) at tungkod ng Ephraim (ang Aklat ni Mormon) na pag-iisahin. Ipinahihiwatig kapwa ni Ezekiel (sa Lumang Tipan) at ni Lehi (sa Aklat ni Mormon) na ang mga ito ay “magsasama” tungo sa ikalilito ng mga maling doktrina, pagtatatag ng kapayapaan, at pagdadala sa atin sa kaalaman ng mga tipan.⁷

Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, tatlo’t kalahating taon matapos maranasan ang Unang Pangitain, tatlong beses dinalaw si Joseph ni anghel Moroni, ang huling propeta ng mga Nephita sa sinaunang Amerika, na resulta ng kanyang taimtim na mga dalangin. Sa kanilang mga pag-uusap na tumagal nang magdamag, sinabi ni Moroni kay Joseph na ang Diyos ay may kagila-gilalas na gawaing ipagagawa sa kanya—ang pagsasalin at paglalathala sa mundo ng mga



Bountiful, Utah, USA

inspiradong salita ng mga sinaunang propeta ng kontinente ng Amerika.⁸ Kinabukasan, pumunta si Joseph sa lugar, na di-kalayuan sa kanyang tahanan, kung saan ibinaon ni Moroni ang mga lamina sa pagtatapos ng kanyang buhay, ilang siglo na ang nakalilipas. Doon nakitang muli ni Joseph si Moroni, na nagbilin sa kanya na ihanda ang kanyang sarili na tanggapin ang mga lamina sa hinaharap.

Sa sumunod na apat na taon, tuwing Setyembre 2 ng bawat taon, tumanggap ng karagdagang mga tagubilin si Joseph mula kay Moroni tungkol sa kaalaman kung paano dapat pamahalaan ang kaharian ng Panginoon sa mga huling araw. Kasama rin sa paghahanda kay Joseph ang mga pagdalaw ng mga anghel ng Diyos, na siyang nagpasimula sa kadakilaan at kaluwalhatian ng mga kaganapang mangyayari sa dispensasyong ito.⁹

Ang kasal nila ni Emma Hale noong 1827 ay bahagi ng paghahandang iyon. Mahalaga ang papel na ginampanan ni Emma sa pagtulong sa Propeta sa buong buhay at ministeryo nito. Sa katunayan, noong Setyembre 1827, sinamahan ni Emma si Joseph sa burol kung saan nakatago ang mga lamina, at hinihintay niya si Joseph nang ibinigay ni Moroni ang talaan dito. Natanggap ni Joseph ang pangako na maiingat ang mga lamina kung ilalan niya ang lahat ng kanyang pagsisikap upang mapanatiling ligtas ang mga ito hanggang sa dapat na itong ibalik sa mga kamay ni Moroni.¹⁰

Mahal ng mga kasama sa ebanghelyo, marami sa mga tuklas ngayon mula sa mga sinaunang panahon ang nangyayari habang naghuhukay ang mga arkeologo o nang di-sinasadya sa isang itinatayong gusali. Gayunman, itinuro ng isang anghel kay Joseph Smith ang kinaroroonan ng mga lamina. Ang kinalabasan niyan mismo ay isang himala.

Ang proseso ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay isa ring himala. Ang sagradong sinaunang talaang ito ay hindi “isinalin” sa tradisyonal na paraan na tulad ng pagsasalin ng mga iskolar sa sinaunang mga teksto sa



PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

pamamagitan ng pag-aaral ng isang sinaunang wika. Dapat nating mas ituring ang proseso na isang “paghahayag” sa tulong ng pisikal na mga kasangkapang inilaan ng Panginoon, kaysa isang “pagsasalin” ng isang taong may kaalaman sa mga wika. Ipinahayag ni Joseph Smith na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay “isinalin [niya] ang Aklat ni Mormon mula sa [hieroglyphs], na ang kaalaman tungkol dito ay naglaho sa mundo, kung saan napakagandang kaganapan ang naranasan [niyang] mag-isa, na isang kabataang walang pinag-aralan, upang daigin ang karunungan ng mundo at malaking kamangmangan ng labingwalong siglo, sa isang bagong paghahayag.”¹¹ Maliwanag ding makikita ang tulong ng Panginoon sa pagsasalin ng mga lamina—o paghahayag, ika nga—kung iisipin ang mahimalang ikli ng panahon na ginugol ni Joseph sa pagsasalin nito.¹²

Pinatotohanan ng mga eskriba ni Joseph ang kapangyarihan ng Diyos na ipinakita habang isinasalin ang

Aklat ni Mormon. Sinabing minsan ni Oliver Cowdery: “Ang mga araw na ito ay hindi maaaring malimutan—ang maupo sa ilalim ng tinig na dinidiktahan ng inspirasyon sa langit, pinukaw ang sukdulang pasasalamat ng pusong ito! Sa araw-araw ako ay nagpatuloy, nang walang umaabala, na magsulat mula sa kanyang bibig, habang isinasalin niya . . . [ang] ‘Ang Aklat ni Mormon.’”¹³

Makikita sa mga sangguniang pangkasaysayan na mula nang makuha ni Joseph ang mga lamina noong 1827, may mga nagtangkang nakawin ang mga ito mula sa kanya. Isinulat niya na ang “walang tigil na pamimilit ang ginamit upang ang mga [lamina] ay maagaw sa [kanya]” at na “lahat ng pakana na maaaring gawin ay ginamit sa ganoong layunin”¹⁴ Kalaunan napilitang umalis sina Joseph at Emma sa Manchester, New York patungo sa Harmony, Pennsylvania, para maghanap ng ligtas na lugar upang magpatuloy sa gawain ng pagsasalin, malayo sa masasamang-loob at

mga indibiduwal na nais nakawin ang mga lamina.¹⁵ Isinulat ng isang mananalaysay: “Sa gayon natapos ang unang bahagi ng paghihirap ni Joseph sa pangangalaga sa mga lamina. . . . Subalit naging ligtas ang talaan, at sa kanyang mga paghihirap na ingatan ang mga ito walang dudang mara-ming natutuhan si Joseph tungkol sa mga paraan ng Diyos at ng tao na magiging malaking tulong sa kanya sa hinaharap.”¹⁶

Habang isinasalin ang Aklat ni Mormon, nalaman ni Joseph na pipili ang Panginoon ng mga saksi upang makita ang mga lamina.¹⁷ Bahagi ito ng itinatag mismo ng Panginoon nang sabihin Niyang, “Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawat salita.”¹⁸ Sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris, na ilan sa mga naunang kasama ni Joseph sa pagtatatag ng kagila-gilalas na gawa-in ng Diyos sa dispensasyong ito, ang mga unang saksing tinawag na magbigay ng natatanging patotoo sa mundo tungkol sa Aklat ni Mormon. Pinatotohanan nila na isang anghel, na nagmula sa presensya ng Panginoon, ang nagpakita sa kanila ng sinaunang talaan at na nakita nila ang mga nakaukit sa mga lamina. Pinatotohanan din nila na narinig nila ang tinig ng Diyos mula sa langit na nagsasabing ang sinaunang talaan ay isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos ay inutusan silang patotoohan ito sa buong mundo.¹⁹

Mahimalang tumawag ang Panginoon ng walo pang saksi upang makita ang mga laminang ginto para sa kanilang sarili at maging natatanging mga saksi sa katotohanan at kabanalan ng Aklat ni Mormon sa mundo. Pinatotohanan nila na nakita at masusi nilang siniyasat ang mga lamina at ang mga nakaukit dito. Sa kabila ng mga pagsubok, pag-uusig, at lahat ng uri ng paghihirap, at nanghina pa ang pananampalataya ng ilan sa kanila kalaunan, ang labing-isang ito na piniling sumaksi sa Aklat ni Mormon ay hindi kailanman itinanggi ang kanilang patotoo na nakita nila ang mga lamina. Hindi na nag-iisa si

Joseph Smith sa pagkaalam sa mga pagdalaw ni Moroni at sa mga laminang ginto.

Itinala ni Lucy Mack Smith na masayang-masayang dumating ng bahay ang kanyang anak matapos ipakita sa mga saksi ang mga lamina. Ipinaliwanag ni Joseph sa kanyang mga magulang, “Nadarama kong gumaan ang aking pasanin, na halos [napakabit] at hindi ko na makayang pasanin; at napuspos ng galak ang aking puso, na hindi na ako nag-iisa sa mundo.”²⁰

Dumanas si Joseph Smith ng mara-ming pagsalungat sa pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon nang matapos ang pagsasalin nito. Nakumbinsi niya ang isang tagalimbag na nagngangalang Egbert B. Grandin sa Palmyra, New York, na ilimbag ito matapos lamang isangla ni Martin Harris, bilang pagpapakita ng malaking pananam-palataya at sakripisyo, ang kanyang sakahan bilang garantiya sa mga gastusin sa paglimbag. Bahagi ng patuloy na pagsalungat matapos ang paglathala ng Aklat ni Mormon, puno ng pananampalatayang ibinenta ni Martin Harris ang 151 akre (0.6 km²) ng kanyang sakahan upang bayaran ang mga gastusin sa paglilimbag. Sa isang paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith, inutusan ng Panginoon si Martin Harris na huwag mag-imbots sa kanyang ari-arian at bayaran ang halaga ng paglilimbag ng aklat na “naglalaman ng katotohanan at ng salita ng Diyos.”²¹ Noong Marso 1830 inilathala ang unang 5,000 kopya ng Aklat ni Mormon, at ngayon mahigit 180 milyong kopya na ang nailimbag sa mahigit isang daang wika.

Pinatotohanan ng makasaysayang mga pangyayari at natatanging mga saksi sa Aklat ni Mormon na ang paglabas nito ay tunay na mahimala. Gayunpaman, ang bisa ng aklat na ito ay hindi lamang nakabatay sa kahanga-hangang kasaysayan nito kundi sa makapangyarihan at walang-kapantay na mensahe nito na nagpabago sa napakaraming buhay—pati na ang sa akin!

Binasa ko ang buong Aklat ni Mormon sa unang pagkakataon

noong bata pa akong estudyante sa seminary. Sa mungkahi ng aking mga guro, sinimulan ko itong basahin simula sa mga pahina ng pambungad nito. Natatandaan ko pa ang pangakong nasa unang mga pahina ng Aklat ni Mormon: “Pagbulay-bulayin sa [inyong] mga puso . . . , at . . . itanong sa Diyos [nang may pananam-palataya] . . . sa pangalan ni Cristo kung ang aklat ay totoo. Yaong mga magpapatuloy sa paraang ito . . . ay magtatamo ng patotoo ng katotohanan at kabanalan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”²²

Nasasaisip ang pangakong iyon, na taimtim na hinahangad na malaman ang iba pa tungkol sa katotohanan niyon, at sa diwa ng panalangin, pinag-aralan ko ang Aklat ni Mormon, paunti-unti, habang kinukumpleto ko ang lingguhang mga takdang aralin sa seminary. Naaalala ko, na parang kahapon lamang, na isang magiliw na pakiramdam ang unti-unti kong nadama sa aking kaluluwa at pumuspos sa puso ko, na nililiwanagan ang aking pang-unawa, at nagiging mas lalong nakalulugod, tulad ng inilarawan ni Alma sa kanyang pangangaral ng salita ng Diyos sa kanyang mga tao.²³ Kalaunan ang damdaming iyan ay naging kaalamang nag-ugat sa aking puso at naging pundasyon ng aking patotoo tungkol sa mahahalagang kaganapan at turong matatagpuan sa sagradong aklat na ito.

Sa pamamagitan ng mga ito at ng ba pang walang-katumbas na personal na mga karanasan, tunay na naging saligang bato ang Aklat ni Mormon na nagpapaibayo sa aking pananampalataya kay Jesucristo at sa aking patotoo sa doktrina ng Kanyang ebanghelyo. Naging isa ito sa mga haliging nagpapatotoo sa akin sa banal na nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo. Naging kalasag ito sa buong buhay ko laban sa mga pagtatangka ng kaaway na pahinain ang aking pananampalataya at udyukan akong huwag maniwala at pinalalakas nito ang loob ko na ipahayag sa mundo ang aking patotoo tungkol sa Tagapagligtas.

Mahal kong mga kaibigan, ang aking patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon ay dumating nang taludtod sa taludtod²⁴ bilang isang himala sa aking puso. Hanggang sa araw na ito, ang patotoong ito ay patuloy na lumalago habang patuloy kong ninanais, nang tapat sa puso ko, na mas lubos na maunawaan ang salita ng Diyos na nakapaloob sa pambihirang aklat na ito ng banal na kasulatan.

Sa lahat ng nakaririnig sa aking tinig ngayon, inaanyayahan ko kayong makibahagi sa kagila-gilalas na paglabas ng Aklat ni Mormon sa inyong sariling buhay. Ipinapangako ko sa inyo na habang mapanalangin at patuloy ninyong pinag-aaralan ang mga salita nito, makakabahagi kayo sa mga pangako at saganang mga biyaya nito sa inyong buhay. Muli kong pinagtiti-bay ang pangakong nasa mga pahina nito: na kapag [itinanong] ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may mata-pat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo,” maawain Niyang “ipaaalam ang kato-tohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”²⁵ Matitiyak ko sa inyo na ibibigay Niya sa inyo ang sagot sa napakaperso-nal na paraan, tulad ng nagawa Niya para sa akin at sa maraming iba pa sa buong mundo. Ang inyong karanasan ay magiging maluwalhati at sagrado para sa inyo tulad ng mga karanasan ni Joseph Smith para sa kanya, gayundin para sa mga unang saksi at para sa lahat ng naghangad na makatang-gap ng patotoo na may integridad at mapagkakatiwalaan ang banal na aklat na ito.

Pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay tunay ngang salita ng Diyos. Pinatototohanan ko na ang banal na talaang ito ay “naghahayag ng mga doktrina ng ebanghelyo, nagba-banghay ng plano ng kaligtasan, at nagsasabi sa mga tao kung ano ang dapat nilang gawin upang matamo ang kapayapaan sa buhay na ito at ang walang hanggang kaligtasan sa buhay

na darating.”²⁶ Pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay kasangkapan ng Diyos upang maisagawa ang pagtiti-pon ng Israel sa ating panahon at mai-pakilala sa mga tao ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay at minamahal tayo at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, ang pangunahing batong panulok ng ating relihiyon. Sinasabi ko ang lahat ng ito sa sagradong pangalan ng ating Manunubos, Guro, at ating Panginoon, maging si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph Smith, sa “Minute Book 1,” 44, josephsmithpapers.org; gayundin sa Church History Library, Salt Lake City; pinagpare-pareho ang pagpapalaki ng mga letra.
2. Tingnan sa 3 Nephi 11–26.
3. Tingnan sa Ezekiel 37:21–28; 1 Nephi 13:34–41; 3 Nephi 20:46; 21:1–11; pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
4. Pambungad sa Aklat ni Mormon.
5. Tingnan sa Apocalipsis 14:6–7; 1 Nephi 19:21.
6. Isaias 29:14, 19; tingnan din sa mga talata 11–13.
7. Tingnan sa Ezekiel 37:16–17; 2 Nephi 3:12.
8. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–47; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 27:5; Joseph Smith, “History, 1838–1856, volume A-1 [23 December 1805–30 August 1834],” 5, josephsmithpapers.org.
9. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:54; tingnan din sa Joseph Smith, “Church History,” *Times and Seasons*, Mar. 1, 1842, 707, josephsmithpapers.org.
10. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:59; *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 57–59.
11. Joseph Smith, “History, 1838–1856, volume E-1 [1 July 1843–30 April 1844],” 1775, josephsmithpapers.org; gayundin sa Church History Library, Salt Lake City; pinagpare-pareho ang pagbabantas. Tingnan din sa Joseph Smith, “Letter to James Arlington Bennet, 13 November 1843,” 1, josephsmithpapers.org; gayundin sa Church History Library, Salt Lake City.
12. Tingnan sa John W. Welch, “Timing the Translation of the Book of Mormon: ‘Days [and Hours] Never to Be Forgotten,’” *BYU Studies*, tomo 57, blg. 4 (2018), 11–50.
13. Oliver Cowdery, sinipi sa Joseph Smith—History 1:71, footnote; tingnan din sa *Latter Day Saints’ Messenger and Advocate*, Okt. 1834, 14.
14. Joseph Smith—Kasaysayan 1:60.
15. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:60–62.
16. Andrew H. Hedges, “‘All My Endeavors to Preserve Them’: Protecting the Plates in Palmyra, 22 Setyembre–Disyembre 1827,” *Journal of Book of Mormon Studies*, tomo 8, blg. 2 (1999), 23.
17. Tingnan sa 2 Nephi 27:12–14; Ether 5:1–3.
18. Mateo 18:16.
19. Tingnan sa “Ang Patotoo ng Tatlong Saksi,” Aklat ni Mormon.
20. Joseph Smith, sa Lucy Smith, *Biographical Sketches of Joseph Smith, the Prophet, and His Progenitors for Many Generations* (1880); tingnan din sa “Lucy Mack Smith, History, 1845,” 154, josephsmithpapers.org.
21. Doktrina at mga Tipan 19:26.
22. Pambungad sa Aklat ni Mormon; tingnan din sa Moroni 10:3–5.
23. Tingnan sa Alma 32:41–43.
24. Tingnan sa 2 Nephi 28:30.
25. Moroni 10:4.
26. Pambungad sa Aklat ni Mormon.



Olmué, Marga Marga, Chile



Ni Elder John A. McCune
Ng Pitumpu

Lumapit kay Cristo— Pamumuhay bilang mga Banal sa mga Huling Araw

*Makakaya nating gawin ang mahihirap na bagay
at matutulungan ang iba na magawa rin ito, dahil
alam natin kung kanino tayo maaaring magtiwala.*

Maraming salamat, Elder Soares, sa iyong malakas na patotoo na may diwa ng isang propeta tungkol sa Aklat ni Mormon. Kamakailan lamang, nagkaroon ako ng natatanging oportunidad na mahawakan ang isang pahina ng orihinal na manuskrito ng Aklat ni Mormon. Sa partikular na pahinang ito, sa unang pagkakataon sa dispensasyong ito, nakatala ang magiting na mga salitang ito ni Nephi: “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila.”¹

Habang hawak ko ang pahinang ito, napuspos ako ng labis na pasasalamat sa mga pagsisikap ng 23-taong-gulang na si Joseph Smith, na nagsalin ng Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng “kaloob at kapangyarihan ng Diyos.”² Nakadama rin ako ng pasasalamat sa mga salita ng batang si Nephi, na

nautusang isagawa ang napakahirap na gawain na kunin ang mga laminang tanso mula kay Laban.

Alam ni Nephi na kung patuloy siyang mananatiling nakatuon sa Panginoon, magtatagumpay siya sa pagtupad sa iniutos sa kanya ng Panginoon. Buong buhay siyang nanatiling nakatuon sa Tagapagligtas kahit dumanas siya ng mga tukso, pisikal na pagsubok, at maging ng pagtataksil ng ilan sa pamilya niya mismo.

Alam ni Nephi kung kanino siya magtitiwala.³ Dinagtagal matapos bumulalas ng, “O kahabag-habag akong tao! Oo, ang aking puso ay nalulungkot dahil sa aking laman,”⁴ sinabi ni Nephi, “Ang aking Diyos ang aking naging tagapagtaguyod; pinatnubayan niya

ako sa aking mga kahirapan sa ilang; at pinangalagaan niya ako sa ibabaw ng tubig ng malawak na dagat.”⁵

Bilang mga alagad ni Cristo, hindi tayo makaiiwas sa mga hamon at pagsubok sa ating buhay. Madalas ay kailangan nating gumawa ng mahihirap na bagay na nakalulula kung tatangkaing mag-isa, at maaaring imposible. Sa pagtanggap natin sa paanyaya ng Tagapagligtas na “lumapit sa akin,”⁶ maglalaan Siya ng suporta, aliw, at kapayapaang kailangan, tulad ng ginawa Niya para kina Nephi at Joseph. Maging sa pinakamabibigat nating pagsubok, madarama natin ang mainit na yakap ng Kanyang pagmamahal kapag nagtiwala tayo sa Kanya at tinanggap natin ang Kanyang kalooban. Mararanasan natin ang kagalakang nakalaan para sa Kanyang matatapat na disipulo, sapagkat si “Cristo ay kagalakan.”⁷

Noong 2014, habang naglilingkod sa isang full-time mission, nakaranas ang aming pamilya ng mga di-inaasahang pangyayari. Habang nakasakay sa skateboard pababa sa isang matarik na burol, nahulog ang aming bunsong anak at nagtamo ng matinding pinsala sa kanyang utak. Nang lumala ang kanyang kalagayan, isinalang siya kaagad ng mga doktor sa isang biglaang operasyon.

Lumuhod ang pamilya namin sa sahig ng isang dapat sana’y bakanteng silid ng ospital, at ibinuho namin ang aming puso sa Diyos. Sa gitna ng nakalilito at masakit na sandaling ito, pinuspos kami ng pagmamahal at kapayapaan ng ating Ama sa Langit.



Millcreek, Utah, USA

Hindi namin alam ang mangyayari sa hinaharap o kung muli naming makikitang buhay ang aming anak. Ang napakalinaw lamang sa amin ay na nasa mga kamay ng Diyos ang kanyang buhay at ang mga resulta, mula sa walang-hanggang pananaw, ay magiging para sa kanya at sa aming ikabubuti. Sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu, handang-handa kaming tanggapin ang anumang kalalabasan.

Hindi ito naging madali! Dalawang-buwang pagka-ospital ang naging resulta ng aksidente samantalang pinamumunuan namin ang mahigit 400 full-time missionary. Lubhang nawalan ng alaala ang aming anak. Bahagi ng kanyang pagpapagaling ang matagal at mahirap na physical, speech, at occupational therapy sessions. Nananatili ang mga hamon, ngunit sa paglipas ng panahon, nasakihan namin ang isang himala.

Malinaw naming nauunawaan na hindi lahat ng pagsubok na kinakaharap natin ay magkakaroon ng resultang gusto natin. Gayunman, habang nananatili tayong nakatuon kay Cristo, madarama natin ang kapayapaan at makikita ang mga himala ng Diyos, anuman ang mga iyon, sa Kanyang panahon at sa Kanyang paraan.

Magkakaroon ng mga pagkakataon na hindi natin makikita sa anumang paraan na magiging maganda ang wakas ng isang kasalukuyang sitwasyon at maaari pa nating sabihin, tulad ni Nephi, “Ang aking puso ay nalulungkot dahil sa aking laman.”⁸ Maaaring may mga pagkakataon na ang tanging pag-asa natin ay na kay Jesucristo. Malaking pagpapala ang magtaglay ng pag-asa at tiwalang iyon sa Kanya. Si Cristo ay palaging tutupad sa Kanyang mga pangako. Ang Kanyang kapahingahan ay tinitiyak para sa lahat ng lumalapit sa Kanya.⁹

Taimtim ang pagnanais ng ating mga pinuno na madama ng lahat ang kapayapaan at aliw na nagmumula sa pagtitiwala at pagtutuon sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Matagal nang ipinararating ng ating buhay na propetang si Pangulong

Russell M Nelson ang pananaw ng Panginoon para sa sanlibutan at sa mga miyembro ng Simbahan ni Cristo: “Ang ating mensahe sa mundo ay simple at taos-puso: inaanyayahan natin ang lahat ng anak ng Diyos sa magkabilang panig ng tabing na *lumapit sa kanilang Tagapagligtas*, tanggapin ang mga pagpapala ng banal na templo, magkaroon ng walang-hanggang kagalakan, at maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.”¹⁰

Ang paanyayang ito na “lumapit kay Cristo” ay may *partikular* na mga implikasyon para sa mga Banal ng mga Huling Araw.¹¹ Bilang mga miyembro ng Simbahan ng Tagapagligtas, nakipagtipan tayo sa Kanya at espirituwal na naging mga anak Niya.¹² Nabigyan din tayo ng oportunidad na tumulong sa Panginoon sa pag-anyaya sa iba pa na lumapit sa Kanya.

Habang tumutulong tayo kay Cristo, ang dapat na pinaka-taimtim na pagtuunan ng ating mga pagsisikap ay sa loob ng sarili nating tahanan. Magkakaroon ng mga pagkakataon na mahaharap sa mga hamon ang ating mga kapamilya at malalapit na kaibigan. Ang mga impluwensya ng mundo, at siguro’y ang sarili nilang mga pagnanais, ay maaaring magsanhi na mag-alinlangan sila sa katotohanan. Dapat nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang maipadama sa kanila kapwa ang pagmamahal ng Tagapagligtas at ang ating pagmamahal. Naaalala ko ang talata sa banal na kasulatan na naging paborito nating himno na “Mahalin ang Bawat Isa,” na itinuturo sa atin, “Mababatid na kayo’y alagad ko, kung kayo ay nagmamahalan.”¹³

Sa pagmamahal natin sa mga taong nag-aalinlangan sa katotohanan, maaaring subukan ng kaaway ng lahat ng kagalakan na ipadama sa atin na nagtataksil tayo sa mga mahal natin kung patuloy *natin* mismong ipamumuhay ang kabuuan ng ebanghelyo at ipapangaral ang mga katotohanan nito.

Ang kakayahan nating tulungan ang iba na lumapit kay Cristo o makabalik kay Cristo ay nakasalalay nang malaki

sa halimbawang ipinapakita natin sa sarili nating personal na pangako na manatili sa landas ng tipan.

Kung totoong nais nating sagipin ang mga taong mahal natin, kailangan natin mismong manatiling matatag kay Cristo sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang Simbahan at sa kabuuan ng Kanyang ebanghelyo.

Sa pagbalik sa kuwento ni Nephi, alam natin na ang hilig ni Nephi na magtiwala sa Panginoon ay nagmula sa impluwensya ng likas na hilig ng kanyang mga magulang na magtiwala sa Panginoon at sa kanilang halimbawa ng pagtupad sa mga tipan. Magandang halimbawa nito ang pangitain ni Lehi sa punungkahoy ng buhay. Matapos makakain ng matamis at nakasisiyang bunga ng punungkahoy, “nagpalingun-lingon [si Lehi], nagbabaka-sakaling matagpuan [niya] ang [kanyang] mag-anak.”¹⁴ Nakita niya sina Saria, Sam, at Nephi na nakatayo “na waring hindi alam kung saan sila patutungo.”¹⁵ Pagkatapos ay sinabi ni Lehi, “Kinawayan ko sila; at sinabihan ko rin sila sa isang malakas na tinig na dapat silang lumapit sa akin, at kumain ng bunga.”¹⁶ Pansinin lamang na hindi nilisan ni Lehi ang punungkahoy ng buhay. Espirituwal siyang nanatili sa piling ng Panginoon at inanyayahang lumapit ang kanyang pamilya kung saan *siya* naroon upang kumain ng bunga.

Aakitin ng kaaway ang ilan na lisanin ang kagalakan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga turo ni Cristo mula sa Kanyang Simbahan. Paniniwalain niya tayo na maaari tayong manatiling matatag sa landas ng tipan nang mag-isa, sa pamamagitan ng sarili nating espirituwalidad, nang hindi nakadepende sa Kanyang Simbahan.

Sa mga huling araw na ito, ipinangumalik ang Simbahan ni Cristo upang tulungan ang mga pinagtipanang anak ni Cristo na manatili sa Kanyang landas ng tipan.

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, “Masdan, ito ang aking doktrina—sinuman ang magsisisi at *lalapit sa akin*, siya rin *ay* aking simbahan.”¹⁷

Sa pamamagitan ng Simbahan ni Cristo, lumalakas tayo sa pamamagitan ng ating mga karanasan bilang isang komunidad ng mga Banal. Naririnig natin ang Kanyang tinig sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang pinakamahalaga sa lahat, sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan ay binibigyan tayo ng lahat ng mahalagang pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Cristo na matatamo lamang sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga sagradong ordenansa.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Simbahan ni Cristo sa lupa, na ipinainumbalik sa mga huling araw na ito para sa kapakinabangan ng lahat ng anak ng Diyos.

Pinatototohanan ko na kapag lumapit tayo kay Cristo at namuhay bilang mga Banal sa mga Huling Araw, pagpapalain tayo ng dagdag na sukat ng Kanyang pagmamahal, Kanyang kagalakan, at Kanyang kapayapaan. Gaya ni Nephi, makakaya nating gawin ang mahihirap na bagay at matutulungan ang iba na magawa rin ito, dahil alam natin kung kanino tayo maaaring magtiwala.¹⁸ Si Cristo ang ating liwanag, ating buhay, at ating kaligtasan.¹⁹ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. 1 Nephi 3:7.
2. Pahina ng Pamagat ng Aklat ni Mormon; tingnan din sa pambungad sa Aklat ni Mormon.
3. Tingnan sa 2 Nephi 4:19.
4. 2 Nephi 4:17.
5. 2 Nephi 4:20.
6. Mateo 11:28.
7. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 82.
8. 2 Nephi 4:17.
9. Tingnan sa Mateo 11:28–30.
10. Russell M. Nelson, “Magpatuloy Tayo,” *Liahona*, Mayo 2018, 118–19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:59.
12. Tingnan sa Mosias 5:7.
13. Juan 13:35; tingnan din sa “Mahalin ang Bawat Isa,” *Mga Himno*, blg. 196.
14. 1 Nephi 8:13.
15. 1 Nephi 8:14.
16. 1 Nephi 8:15.
17. Doktrina at mga Tipan 10:67; idinagdag ang pagbibigay-diin.
18. Tingnan sa 2 Nephi 4:19.
19. Tingnan sa Mga Awit 27:1.



Ni Bishop Gérald Caussé
Presiding Bishop

Isang Buhay na Saksi ng Buhay na Cristo

Ang pinakamahalagang mensahe ng Aklat ni Mormon ay ang ipanumbalik ang totoong kaalaman tungkol sa mahalagang papel ni Jesucristo sa kaligtasan at kadakilaan ng sangkatauhan.

Isang araw ng tagsibol noong 2017, maayos ang takbo ng open house para sa Paris France Temple nang lapitan ng isang malungkot na lalaki ang isa sa mga tour guide. Sinabi niyang nakatira siya sa tabi ng templo at inamin na talagang tutol siya sa

pagtatayo nito. Ikinuwento niya na isang araw habang nakadungaw siya sa bintana ng kanyang apartment, minasdan niyang ibaba ng isang malaking crane ang estatuwa ni Jesus mula sa kalangitan at dahan-dahan itong inilapag sa bakuran ng templo. Ipinahayag ng lalaking ito na lubusang binago ng karanasang ito ang kanyang damdamin tungkol sa ating Simbahan. Natanto niya na mga tagasunod tayo ni Jesucristo at humingi ng kapatawaran sa maaaring naidulot niyang kasiraan noon.

Ang estatuwa ng *Christus*, na nakapalamuti sa bakuran ng Paris Temple at ang iba pang mga pag-aari ng Simbahan, ay nagpapatotoo sa ating pagmamahal sa Tagapagligtas. Ang orihinal na marmol na estatuwa ay gawa ng Danish artist na si Bertel Thorvaldsen, na nililok ito noong 1820—na siya ring taon ng Unang Pangitain. Ang estatuwa ay malaking kabaligtaran sa karamihan sa mga gawa ng mga artist sa panahong iyon, na karamihan ay ipinapakita ang pagdurusa ni Cristo sa krus. Itinatanghal



Sandy, Utah, USA

ng gawa ni Thorvaldsen ang buhay na Cristo, na nagtagumpay laban sa kamatayan at bukas ang mga bisig na nag-aanyaya sa ating lahat na lumapit sa Kanya. Tanging ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay at paa at ang sugat sa Kanyang tagiliran ang nagpapatotoo sa di-mailarawang pagdurusing tiniis Niya upang iligtas ang buong sangkatauhan.

Marahil ang isang dahilan kung bakit mahal nating mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang estatuwang ito ay dahil ipinaaalala nito sa atin ang paglalarawang ibinigay sa Aklat ni Mormon tungkol sa pagpapakita ng Tagapagligtas sa kontinente ng Amerika:

“At masdan, nakita nila ang isang Lalaking bumababa mula sa langit; at siya ay nabibihisan ng isang maputing bata; at siya ay bumaba at tumayo sa gitna nila. . . .

“At ito ay nangyari na, na iniunat niya ang kanyang kamay at nangusap sa mga tao, sinasabing:

“Masdan, ako si Jesucristo, . . .

“ . . . Ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, at niluwalhati ang Ama sa pagdadala ko ng mga kasalanan ng sanlibutan.”¹

Pagkatapos ay inanyayahan Niya ang bawat lalaki, babae, at bata na lumapit at isuksok ang kanilang mga kamay sa Kanyang tagiliran at damhin ang mga bakas ng mga pako sa Kanyang mga kamay at paa, sa gayo’y makatanggap sila ng personal na pag-saksi na Siya nga ang pinakahihintay na Mesiyas.²

Ang dakilang tagpong ito ang pinakamahalagang eksena sa Aklat ni Mormon. Ang buong “mabuting balita” ng ebanghelyo ay nasa imaheng ito ng Tagapagligtas na magiliw na iniunat ang Kanyang “mga bisig ng awa”³ para anyayahan ang bawat tao na lumapit sa Kanya at tumanggap ng mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Ang pinakamahalagang mensahe ng Aklat ni Mormon ay ang ipanumbalik ang totoong kaalaman tungkol sa mahalagang papel ni Jesucristo sa kaligtasan at kadakilaan ng



sangkatauhan. Ang temang ito ay umaalingawngaw mula sa pambungad na pahina hanggang sa pinakahuling mga salita ng huling kabanata. Sa mga siglo ng apostasiya at espirituwal na kalituhan, ang mas malalim na kahulugan ng ginawa ni Cristo sa Gethsemane at sa Golgotha ay nawala o nasira. Tuwang-tuwa siguro si Joseph Smith nang, habang isinasalin niya ang 1 Nephi, ay natuklasan niya ang kagila-gilalas na pangakong ito: “Ang mga huling talaang ito [ang Aklat ni Mormon] . . . ang magpapatibay sa katotohanan ng una [ang Biblia] . . . at ipaalam ang malilina at mahahalagang bagay na inalis sa mga yaon; at ipaalam sa lahat ng lahi, wika, at tao, na ang Kordero ng Diyos ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at na ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas.”⁴

Ang malilina at mahahalagang katotohanan tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay matatagpuan sa buong Aklat ni Mormon. Habang inililista ko ang ilan sa mga katotohanang ito, inaanyayahan ko kayong pagnilayan kung paano nito nabago o mababago ang inyong buhay.

1. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay isang libreng regalong inalok sa lahat ng *nabuhay*, *nabubuhay*, at *mabubuhay* sa mundo.⁵
2. Bukod pa sa pagpasan sa bigat ng ating mga kasalanan, inako ng Cristo sa Kanyang Sarili ang ating mga pighati, sakit, pagdurusa, at karam-daman, at lahat ng paghihirap na kaakibat ng pagiging mortal ng tao. Walang paghihirap, sakit o kalungkutan na hindi Niya pinagdusahan para sa atin.⁶
3. Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, nadaraig natin ang mga negatibong bunga ng Pagkahulog ni Adan, pati na ang pisikal na kamatayan. Dahil kay Cristo, lahat ng anak ng Diyos na isinilang dito sa lupa, gaano man sila kabuti, ay mararanasan ang muling pagsasama ng kanilang espiritu at katawan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkabuhay na Mag-uli⁷ at babalik sa Kanya upang “[ma]hatulan . . . alinsunod sa [kanilang] mga gawa.”⁸
4. Sa kabilang dako, ang pagtanggap ng buong pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay batay sa ating kasigasigan⁹ sa pamumuhay ng “doktrina ni Cristo.”¹⁰ Sa kanyang panaginip, nakita ni Lehi ang “makipot at makitid na landas”¹¹ na patungo sa punungkahoy ng buhay. Ang bunga nito, na sumagsisag sa pagmamahal ng Diyos na ipinahayag sa katangi-tanging mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang “pinakamahalaga at pinakakanais-nais . . . [at] pinakadakilang sa lahat ng kaloob ng Diyos.”¹² Upang makuha ang bunga na ito, kailangan nating manampalataya kay Jesucristo, magsisi, “makinig sa salita ng Diyos,”¹³ tumanggap ng mahalagang ordenansa, at tumupad ng mga sagradong tipan hanggang sa huling sandali ng ating buhay.¹⁴
5. Sa Kanyang Pagbabayad-sala, hindi lamang hinuhugasan ni Jesucristo ang ating mga kasalanan, kundi nagbibigay rin Siya ng kapangyarihang *nagbibigay-kakayahan* na nagiging daan upang ang Kanyang mga disipulo ay “[mahubad] ang



likas na tao,”¹⁵ umunlad nang “taludtod sa taludtod,”¹⁶ at maragdagan ang kabanalan¹⁷ upang balang araw ay maging perpektong mga nilalang sila sa larawan ni Cristo,¹⁸ marapat na muling makapiling ang Diyos¹⁹ at manahin ang lahat ng pagpapala ng kaharian ng langit.²⁰

Ang isa pang nakapapanatag na katotohanang nasa Aklat ni Mormon ay na, bagama’t walang katapusan at pangkalahatan ang saklaw nito, ang Pagbabayad-sala ng Panginoon ay isang kamangha-manghang personal at magiliw na kaloob, na akma para sa bawat isa sa atin.²¹ Tulad noong anyayahan ni Jesus ang bawat isa sa mga disipulong Nephita na damhin ang Kanyang mga sugat, namatay Siya para sa bawat isa sa atin, sa personal na paraan, na para bang ikaw o ako lamang ang tao sa mundo. Ipinaaabot Niya sa atin ang personal na paanyaya na lumapit sa Kanya at humugot sa kagila-gilalas na mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.²²

Ang personal na katangian ng Pagbabayad-sala ni Cristo ay lalong nagiging tunay kapag isinasaalang-alang natin ang mga halimbawa ng pambihirang kalalakihan at kababaihan sa Aklat ni Mormon. Kabilang sa kanila sina Enos, Alma, Zisrom, Haring Lamoni at ang kanyang asawa, at ang mga tao ni Haring Benjamin. Ang mga kuwento ng kanilang pagbabalik-loob

at masisiglang patotoo ay buhay na saksi kung paano maaaring mabago ang ating puso at ating buhay dahil sa walang-katapusang kabutihan at awa ng Panginoon.²³

Itinanong ni propetang Alma sa kanyang mga tao ang maalab na tanong na ito. Sabi niya, “Kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon *ngayon*?”²⁴ Mahalaga ang tanong na ito ngayon, dahil bilang mga disipulo ng Panginoon, kailangan natin ang Kanyang mapagtubos na kapangyarihan upang samahan tayo, hikayatin tayo, at baguhin tayo sa bawat araw.

Maaari ding itanong ang tanong ni Alma nang ganito: kailan ninyo huling nadama ang magiliw na impluwensya ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa inyong buhay? Nangyayari ito kapag nadarama ninyo ang “kasing-ganda at kasing-tamis” na kagalakan²⁵ na nagpapatotoo sa inyong kaluluwa na ang inyong mga kasalanan ay napatawad; o kapag ang mahihirap na pagsubok ay biglang mas magaan nang pasanin; o kapag lumambot ang inyong puso at kaya na ninyong patawarin ang isang taong nakasakit sa inyo. O maaaring tuwing napapansin ninyo na naragdagan ang kakayahan ninyong magmahal at maglingkod sa iba o na ginagawa kayong ibang tao ng proseso ng

pagpapabanal, na nakaayon sa huwaran ng Tagapagligtas.²⁶

Pinatotohanan ko na lahat ng karanasang ito ay tunay at mga katibayan na ang buhay ay maaaring mabago sa pamamagitan ng pagsamalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Nililina at pinalalawak ng Aklat ni Mormon ang ating kaalaman tungkol sa pambihirang kaloob na ito. Habang pinag-aaralan ninyo ang aklat na ito, maririnig ninyo ang tinig ni Cristo na nag-aanyaya sa inyo na lumapit sa Kanya. Ipinapangako ko na kung tatanggapin ninyo ang paanyayang ito at itutulad ang inyong buhay sa Kanyang halimbawa, darating ang Kanyang mapagtubos na impluwensya sa inyong buhay. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, babaguhin kayo ng Tagapagligtas sa araw-araw “hanggang sa ganap na araw”²⁷ na, tulad ng ipinahayag Niya, inyong, “makikita ang aking mukha at malalaman na ako nga.”²⁸ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. 3 Nephi 11:8–11.
2. Tingnan sa 3 Nephi 11:14–15.
3. Alma 5:33.
4. 1 Nephi 13:40.
5. Tingnan sa 2 Nephi 9:21; 26:24–27; Mosias 3:13.
6. Tingnan sa Alma 7:11–12.
7. Tingnan sa 2 Nephi 10:25.
8. Mosias 3:24; tingnan din sa 2 Nephi 2:4, 10, 26; 9:6–7, 12–13, 15, 22; Mosias 3:12; 16:7–8; Alma 11:41–44; 42:6–8, 23; Helaman 14:16; Mormon 9:12.
9. Tingnan sa 2 Nephi 9:21; Mosias 3:12; Helaman 5:11; 14:18.
10. 2 Nephi 31:21; tingnan din sa 3 Nephi 27:20–21.
11. 1 Nephi 8:20.
12. 1 Nephi 15:36.
13. 1 Nephi 15:24.
14. Tingnan sa 2 Nephi 31.
15. Mosias 3:19.
16. 2 Nephi 28:30.
17. Tingnan sa Mosias 3:19.
18. Tingnan sa 3 Nephi 27:27; Moroni 10:32–33.
19. Tingnan sa 2 Nephi 2:8; Mosias 2:41.
20. Tingnan sa Alma 11:37.
21. Tingnan sa 2 Nephi 9:21.
22. Tingnan sa Omni 1:26; Alma 5:33; Moroni 10:32–33.
23. Tingnan sa Enos 1; Mosias 5; Alma 12; 18–19; 36.
24. Alma 5:26; idinagdag ang pagbibigay-diin.
25. Alma 36:21.
26. Tingnan sa Mosias 3:19.
27. Doktrina at mga Tipan 50:24.
28. Doktrina at mga Tipan 93:1.



Ni Elder Dale G. Renlund
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagnilayan ang Kabutihan at Kadakilaan ng Diyos

Inaanyayahan ko kayong alalahanin sa bawat araw ang kadakilaan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at ang mga ginawa Nila para sa inyo.

Sa buong kasaysayan ng mundo, kahit at lalo na sa mahihirap na panahon, hinikayat tayo ng mga propeta na alalahanin ang kadakilaan ng Diyos at pagnilayan ang mga ginawa Niya para sa atin bilang mga indibiduwal, bilang mga pamilya, at bilang mga tao.¹ Ang tagubiling ito ay matatagpuan sa buong banal na kasulatan ngunit mas kita sa Aklat ni Mormon. Ipinaliliwanag sa pahina ng pamagat na isa sa mga layunin ng Aklat ni Mormon ay “ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama.”² Kasama sa pagtatapos ng Aklat ni Mormon ang pagsamo ni Moroni: “Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito . . . na inyong maalala kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao, . . . at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso.”³

Kapansin-pansin ang di-nagbabagong mga pagsamo mula sa mga propeta na pagbulayan ang kabutihan ng Diyos.⁴ Nais ng ating Ama sa Langit na alalahanin natin ang kabutihan Niya at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, hindi

para sa sarili Nilang kasiyahan kundi para sa impluwensya sa atin ng pag-alalang iyon. Sa pagnilay sa Kanilang kabaitan, lumalawak ang ating pananaw at pang-unawa. Sa pagbubulay sa Kanilang habag, nagiging mas mapagkumbaba, madasalin, at matatag tayo.

Ipinapakita ng nakaaantig na karanasan ko sa isang dati kong pasyente kung paano tayo mababago ng pasasalamat para sa pagiging bukas-palad at pagkahabag. Noong 1987, nakilala ko si Thomas Nielson, isang pambihirang tao na nangailangan ng heart transplant. Siya ay 63 taong gulang at nakatira sa Logan, Utah, sa Estados Unidos. Matapos magserbisyo sa militar noong World War II, pinakasalan niya si Donna Wilkes sa Logan Utah Temple. Naging isa siyang masigasig at mahusay na kantero. Nang

magkaedad na, ikinasiya niya nang labis ang makatrabaho ang kanyang panganay na apong si Jonathan kapag bakasyon nito sa eskuwela. Naging malapit ang dalawa sa isa’t isa, una dahil nakita ni Tom na marami silang pagkakatulad ni Jonathan.


Nainip si Tom sa paghihintay sa donasyong puso. Hindi siya gaanong pasensyoso. Palagi siyang nakagawa at nakakamit ng mga mithiin sa pamamagitan ng kasipagan at simpleng determinasyon. Dahil sa sakit sa puso, at hindi makagalaw nang normal, tinanong ako ni Tom paminsan-minsan kung ano ang ginagawa ko para mapabilis ang proseso. Pabiro siyang nagmungkahi ng mga paraan para mas madali siyang makakita ng donasyong puso.

Isang masaya subalit nakakatakot na araw, may nakuhang donasyong puso na akmang-akma kay Tom. Tugma ang laki ng puso at tipo ng dugo, at bata pa ang donor, 16 anyos pa lang. Kay Jonathan ang donasyong puso, ang pinakamamahal na apo ni Tom. Nang umagang iyon, lubhang nasugatan si Jonathan nang mabangga ng dumaraang tren ang kotseng sinasakyan niya.

Nang bisitahin ko sina Tom at Donna sa ospital, alalang-alala sila. Mahirap isipin ang pinagdaraanan nila, batid na maaaring madugtungan ang buhay ni Tom gamit ang puso ng kanilang apo. Noong una, ayaw nilang tanggapin ang alok na puso mula sa nagdadalamhating mga



Provo, Utah, USA



magulang ni Jonathan, na kanilang anak na babae at manugang na lalaki. Gayunman, alam na nina Tom at Donna na patay na ang utak ni Jonathan, at naunawaan nila na hindi ang kanilang mga dalangin para sa donasyong puso para kay Tom ang sanhi ng aksidente ni Jonathan. Hindi, ang puso ni Jonathan ay isang kaloob na maaaring magpala kay Tom sa oras ng kanyang pangangailangan. Naunawaan nila na maaaring may buting idudulot ang trahedyang ito at nagpasiya silang ituloy iyon.

Naging matagumpay ang transplant. Pagkatapos, nag-iba ang pagkatao ni Tom. Higit pa iyon sa pagbuti ng kalusugan o pasasalamat. Sinabi niya sa akin na nagbulay-bulay siya tuwing umaga tungkol kay Jonathan, sa kanyang anak at manugang, sa kaloob na natanggap niya, at sa responsibilidad na kaakibat ng kaloob na iyon. Kahit madali pa ring makita ang kanyang pagiging palabiro at determinasyon, napansin ko na mas pormal, maalalahanin, at maawain si Tom.

Nabuhay pa nang 13 taon si Tom pagkaraan ng transplant, mga taon na hindi niya mararanasan kung nagkataon. Nakasaad sa kanyang obitwaryo na tinulutan siya ng mga taon na iyon na antigin ang buhay ng kanyang pamilya at ng iba pa sa pagiging bukas-palad at mapagmahal. Naging isa siyang pribadong tagasuporta at halimbawa ng optimismo at determinasyon.

Gaya ni Tom, bawat isa sa atin ay nakatanggap ng mga kaloob na hindi

natin kayang ibigay sa ating sarili, mga kaloob mula sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, kabilang na ang pagtubos sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo.⁵ Natanggap natin ang buhay sa mundong ito, at tatanggap tayo ng pisikal na buhay sa kabilang buhay, at ng walang-hanggang kaligtasan at kadakilaan—kung pipiliin natin—lahat dahil sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Tuwing ginagamit, pinakikibangan, o iniisip pa natin ang mga kaloob na ito, dapat nating isaalang-alang ang sakripisyo, pagiging bukas-palad, at pagkahabag ng mga nagbigay nito. Ang pagpipitagan para sa mga nagbigay ay hindi lamang tayo ginawang mapagpasalamat. Ang pagbubulay tungkol sa Kanilang mga kaloob ay maaari at dapat tayong baguhin.

Isang pambihirang pagbabago ang nangyari kay Nakababatang Alma. Noong si Alma ay “nagpapalibut-libot at naghihimagsik laban sa Diyos,”⁶ nagpakita ang isang anghel. “Katulad ng tinig ng kulog,”⁷ pinarusahan ng anghel si Alma sa pag-uusig nito sa Simbahan at “[pag-akay] papalayo [ng] mga puso ng mga tao.”⁸ Sa bandang huli ay idinagdag ng anghel ang babalang ito “Humayo, at alalahanin ang pagkakabihag

ng inyong mga ama . . . at pakatandaan kung gaano kadakila ang mga bagay na . . . ginawa [ng Diyos] para sa kanila”⁹ Sa lahat ng posibleng ipangaral, iyon ang binigyang-diin ng anghel.

Nagsisi si Alma at nakaalala. Kalauanan ay ibinahagi niya ang babala ng anghel sa kanyang anak na si Helaman. Ipinayo ni Alma, “Nais kong gawin mo ang tulad ng ginawa ko, sa pag-alaala sa pagkabihag ng ating mga ama; sapagkat sila ay nasa pagkaalipin, at walang sinumang makapagpapalaya sa kanila maliban sa Diyos ni Abraham, . . . Isaac, at . . . Jacob; at tunay na kanyang hinango sila sa kanilang mga paghihirap.”¹⁰ Sinabi lang ni Alma, “Ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya.”¹¹ Naunawaan ni Alma na sa pag-alaala sa pagkaligtas mula sa pagkaalipin at suporta sa panahon ng “mga pagsubok at suliranin ng lahat ng uri,” nakikilala natin ang Diyos at nalalaman ang katiyakan ng Kanyang mga pangako.¹²

Iilan lamang sa atin ang nagkaroon ng dramatikong karanasan na tulad ng kay Alma, subalit maaaring gayon din kalalim ang ating pagbabago. Ipinangako ng Tagapagligtas noong araw:

“Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso . . . , at aking bibigyan kayo ng pusong laman.

“At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo. . . .

“ . . . At kayo’y magiging aking bayan, at ako’y magiging inyong Dios.”¹³

Sinabi ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa mga Nephita kung



San Bernardo, Santiago, Chile

paano nagsisimula ang pagbabagong ito. Tinukoy niya ang napakahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit nang sabihin Niyang:

“At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na *lumapit* sa akin. . . .

“At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan ng Ama ay *hihikayatin* ko ang lahat ng tao sa akin.”¹⁴

Ano ang kailangan ninyong gawin para mapalapit sa Tagapagligtas? Isipin ang pagpapasakop ni Jesucristo sa kalooban ng Kanyang Ama, Kanyang pagdaig sa kamatayan, Kanyang pag-ako sa inyong mga kasalanan at pagkakamali, Kanyang pagtanggap ng kapangyarihan mula sa Ama upang mamagitan para sa inyo, at Kanyang sukdulang pagtubos sa inyo.¹⁵ Hindi pa ba sapat ang mga bagay na ito para lumapit kayo sa Kanya? Sapat na ito para sa akin. Si Jesucristo ay “nakatayong nakaunat ang mga kamay, umaasa at [handang] . . . pagalingin, patawarin, linisin, palakasin, dalisayin, at pabanalin [kayo at ako].”¹⁶

Ang mga katotohanang ito ay dapat magbigay sa atin ng bagong puso at hikayatin tayong piliing sundin ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Subalit maging ang mga bagong puso ay “malamang na malihis, . . . malamang na iwan ang Diyos na [ating] minamahal.”¹⁷ Para malabanan ang posibilidad na ito, kailangan nating pagnilayan araw-araw ang mga kaloob na natatanggap natin at kung ano ang hinihiling nitong gawin natin. Ipinayo ni Haring Benjamin, “Nais kong inyong pakatandaan, at laging panatilihin sa inyong alaala ang kadakilaan ng Diyos . . . at ang kanyang kabutihan, at mahabang pagtitiis sa inyo.”¹⁸ Sa paggawa nito, magiging marapat tayo sa pambihirang mga pagpapala mula sa langit.

Ang pagbubulay tungkol sa kabutihan at awa ng Diyos ay tinutulungan tayong maging mas handang tumanggap ng mga espirituwal na bagay. Dahil diyan, ang nag-ibayong espirituwal na pagkasensitibo ay tinutulutan



tayong malaman ang katotohanan ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.¹⁹ Kabilang dito ang isang patotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon, pagkabatid na si Jesus ang Cristo, ang ating personal na Tagapagligtas at Manunubos, at pagtanggap na ipinangumalik na ang Kanyang ebanghelyo sa mga huling araw na ito.²⁰


Kapag inaalala natin ang kadakilaan ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo at ang Kanilang mga ginawa para sa atin, hindi natin Sila babalewalain, tulad ng hindi pagbabalewala ni Tom sa puso ni Jonathan. Sa masaya at mapitagang paraan, inalala ni Tom bawat araw ang trahedyang nagpahaba ng kanyang buhay. Sa matinding kagalakan sa pagkaalam na tayo ay maaaring maligtas at madakila, kailangan nating alalahanin na ang kaligtasan at kadakilaan ay dumating kapalit ng isang malaking sakripisyo.²¹ Maaari tayong magalak nang may pagpipitagan kapag natanto natin na kung wala si Jesucristo, tiyak na mapapahamak tayo, ngunit sa Kanya, matatanggap natin ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng Ama sa Langit.²² Tunay ngang itinutulot ng pagpipitagan ito na matamasa natin ang pangakong “buhay na walang hanggan sa daigdig na ito” at sa huli ay matanggap ang “buhay na walang

hanggan . . . maging ang walang kamatayang kaluwalhatian” sa daigdig na darating.²³

Kapag pinagninilayan natin ang kabutihan ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo, nadaragdagan ang ating tiwala sa Kanila. Nagbabago ang ating mga dalangin dahil alam natin na ang Diyos ay ating Ama at tayo ay Kanyang mga anak. Hindi natin hangad na baguhin ang Kanyang kalooban kundi iayon ang ating kalooban sa Kanya at kamtin para sa ating sarili ang mga pagpapalang nais Niyang ipagkaloob, kung hihilingin natin ang mga ito.²⁴ Inaasam natin na maging mas mapagkumbaba, mas dalisay, mas matatag, mas katulad ni Cristo.²⁵ Ang mga pagbabagong ito ay pinagigin-dapat tayo para sa mga karagdagang pagpapala mula sa langit.

Sa pagkilala na bawat mabuting bagay ay nagmumula kay Jesucristo, mas mabisa nating maipapahayag sa iba ang ating pananampalataya.²⁶ Magkakaroon tayo ng lakas ng loob sa harap ng mga gawain at sitwasyon na tila imposibleng kayanin. Patitibayin natin ang ating determinasyon na tuparin ang mga tipang ginawa natin upang sundan ang Tagapagligtas.²⁸ Mapupuspos tayo ng pagmamahal sa Diyos, nanaisin nating tulungan ang mga nangangailangan nang hindi nanghuhusga, mamahalin ang ating mga anak at palalakiin sila sa kabutihan, pananatilihin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, at lagi tayong magagalak.²⁹ Ang mga ito ang pambihirang mga bunga ng pag-alaala sa kabutihan at awa ng Diyos.

Sa kabilang dako, nagbabala ang Tagapagligtas, “Walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay.”³⁰ Sa palagay ko hindi naiinsulto ang Diyos kapag nakakalimutan natin Siya. Sa halip, palagay ko ay labis Siyang nalulungkot. Alam Niya na napagkaitan natin ang ating sarili ng pagkakataong mas mapalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pag-alaala sa Kanya at sa Kanyang kabutihan. Dahil dito



nalalampasan tayo ng pagkakataong mas mapalapit Siya sa atin at ng partikular na mga pagpapalang naipangako Niya.³¹

Inaanyayahan ko kayong alalahanin bawat araw ang kadakilaan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at ang nagawa Nila para sa inyo. Hayaan ninyong ang inyong pagninilay tungkol sa Kanilang kabutihan ay mas matibay na ibigkis sa Kanila ang inyong pusong halaghag.³² Pagnilayan ang Kanilang pagkahabag, at mabibiyayaan kayo ng dagdag na espirituwal na pagkasensitibo at magiging higit na tulad ni Cristo. Ang pagbubulay-bulay sa Kanilang pagdamay ay tutulungan kayong “[manatiling] matapat hanggang wakas,” hanggang sa kayo ay “[tanggapin] sa langit” upang “manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan.”³³

Sinabi ng ating Ama sa Langit, sa pagtukoy sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, “Pakinggan Siya!”³⁴ Sa pagtalima ninyo sa mga salitang iyon at pakikinig sa Kanya, alalahanin, nang may galak at pagpipitagan, na gustung-gusto ng Tagapagligtas na ipanumbalik ang hindi ninyo kayang ipanumbalik; gustung-gusto Niyang pagalingin ang mga sugat na hindi ninyo kayang pagalingin; gustung-gusto Niyang ayusin ang hindi na maisasaayos;³⁵ pinupunan Niya ang anumang kawalan ng katarungang ipinabata sa inyo;³⁶ at gustung-gusto Niyang tuluyang paghilumin maging ang mga pusong wasak.³⁷

Nang pagbulayan ko ang mga kaloob mula sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo, nalaman ko ang Kanilang walang-hanggang pagmamahal at Kanilang di-malirip na habag sa lahat ng anak ng Ama sa

Langit.³⁸ Nabago ako ng kaalamang ito, at mababago rin kayo nito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa, sa, Abraham 2:16; Exodo 13:3; Josue 4:6–9; 1 Samuel 7:11–12.
2. Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
3. Moroni 10:3.
4. Tingnan, halimbawa, sa Deuteronomio 6:12; 11:18; Josue 4:21–24; 1 Samuel 7:12; Mga Taga-Roma 2:4; Mga Taga-Roma 11:22; 2 Nephi 9:10; 33:14; Jacob 1:7; Mosias 5:3; Mosias 25:10; Mosias 27:22; Alma 34:4; Helaman 12:2; 3 Nephi 4:33; 18:11–12; Mormon 2:13; Doktrina at mga Tipan 133:52; 138:2.
5. Tingnan sa Isaia 53:3–12; Lucas 22:44; Juan 3:16; Mga Taga Galacia 2:20; Mosias 3:5–11; Alma 7:10–13; Doktrina at mga Tipan 19:16–19.
6. Mosias 27:11.
7. Mosias 27:11.
8. Mosias 27:9; tingnan din sa talata 13.
9. Mosias 27:16.
10. Alma 36:2.
11. Alma 36:27.
12. Tingnan sa Alma 36:27–29.
13. Ezekiel 36:26–28.
14. 3 Nephi 27:14–15; idinagdag ang pagbibigay-diin. Tingnan din sa Juan 12:32; 2 Nephi 26:24.
15. Tingnan sa Mosias 15:7–9; Apocalipsis 21:4.
16. Russell M. Nelson, “Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay,” *Liahona*, Mayo 2019, 67.
17. “Come, Thou Fount of Every Blessing,” *Hymns* (1948), blg. 70.
18. Mosias 4:11; tingnan din sa Alma 36:2, 28–29; Eter 7:27; 10:2; Moroni 9:25.
19. Tingnan sa Moroni 10:4–5.
20. Tingnan sa pahina ng pamagat at pambungad sa Aklat ni Mormon.
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:18–19.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
23. Moises 6:59; tingnan din sa Alma 36:28.
24. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Panalangin.”
25. Tingnan sa “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80.
26. Tingnan sa Filemon 1:6.
27. Tingnan sa 1 Samuel 17:37; 1 Nephi 4:2.
28. Tingnan sa Alma 5:6, 13, 26–28.
29. Tingnan sa Mosias 4:11–26.
30. Doktrina at mga Tipan 59:21.
31. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:63–64.
32. Tingnan sa “Come, Thou Fount of Every Blessing.”
33. Mosias 2:41.
34. Tingnan sa Mateo 17:5; Marcos 9:7; Lucas 9:35; 3 Nephi 11:7; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
35. Tingnan sa Boyd K. Packer, “The Brilliant Morning of Forgiveness,” *Ensign*, Nob. 1995, 19–20.
36. Tingnan sa Apocalipsis 21:4.
37. Tingnan sa Awit 147:3.
38. Tingnan sa 2 Nephi 26:33.



NI Elder Benjamin M. Z. Tai
Ng Pitumpu

Ang Bisa ng Aklat ni Mormon sa Pagbabalik-loob

Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng espirituwal na nutrisyon, nagmumungkahi ng plano ng pagkilos, at ikinokonekta tayo sa Espiritu Santo.

Matapos basahin ang ulat mula sa pagsusuring medikal na kamakailan lamang ginawa, nalaman ko na kinakailangan kong gumawa ng mga pagbabago sa paraan ng aking pamumuhay. Para matulungan ako, nagmungkahi ang doktor ng isang plano sa pagkain at pag-eehersisyo, na kung susundin ko ay mas lulusog ako.

Kung bawat isa sa atin ay susuriin sa espirituwal, ano kaya ang malalaman natin tungkol sa ating sarili? Anong mga pagbabago ang imumungkahi ng ating doktor sa espirituwal? Para maging katulad ng nararapat nating kahinatnan, mahaling alam natin ang gagawin at gawin ang ating nalaman.

Si Jesucristo ang Dakilang Manggagamot.¹ Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, tinatalian Niya ang ating mga sugat, pinapasan ang ating mga karamdaman, at pinagagaling ang ating mga pusong wasak.² Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ang ating kahinaan ay maaaring maging lakas.³ Inaanyayahan Niya tayong

sundin Siya⁴ sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya, pakikinig sa Kanyang mga salita, at paglakad sa kaamuan ng Kanyang Espiritu.⁵ Nangako Siyang tutulungan Niya tayo⁶ sa habambuhay na proseso ng pagbabalik-loob, na babaguhin tayo at magdadala sa atin ng walang-hanggang kaligayahan.⁷

Ibinigay sa atin ng Tagapagligtas ang Aklat ni Mormon bilang isang mabisang kagamitan na tutulong sa ating pagbabalik-loob. Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng espirituwal na nutrisyon, nagmumungkahi ng plano ng pagkilos, at ikinokonekta tayo sa Espiritu Santo. Isinulat para sa atin,⁸ naglalaman ito ng salita ng Diyos nang malinaw⁹ at ipinaaalaman sa atin ang ating identidad, layunin, at kahihinatnan.¹⁰ Kasama ng Biblia, ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo kay Jesucristo¹¹ at nagtuturo kung paano natin malalaman ang katotohanan at magiging katulad Niya.

Si Brother Saw Polo ay 58 anyos nang ituro sa kanya ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Nang

makilala ko siya, ilang taon na siyang branch president, pero nalaman kong hindi pa niya nabasa ang Aklat ni Mormon dahil hindi pa iyon nakasalin sa kanyang wikang Burmese. Nang tanungin ko siya kung paano niya nalaman na totoo ang aklat nang hindi ito nababasa, sinabi niya na pinag-aralan niya ang picture book na *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon* araw-araw sa pagtingin sa mga larawan, paggamit ng diksyunaryo para isalin ang mga salitang Ingles, at pagsulat ng mga bagay na natutuhan niya. Ipinaliwanag niya, “Tuwing mag-aaral ako, ipinagdarasal ko ang natutuhan ko, at napapayapa ako at nagagalak, lumilinaw ang aking isipan, at lumalambot ang puso ko. Nadama ko ang Espiritu Santo na nagpapatotoo sa akin na ito ay totoo. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.”

Tulad ni Brother Saw Polo, mapag-aaralan ng bawat isa sa atin ang Aklat ni Mormon ayon sa ating sitwasyon. Kapag hinangad nating maniwalang at pagnilayan ang mga turo nito, maitatanong natin nang tapat sa Diyos kung totoo ang mga turo.¹² Kung tapat tayo sa ating kagustuhang makaalam at may tunay na layuning kumilos, sasagutin Niya tayo sa ating puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo



Bountiful, Utah, USA

natin malalaman ang katotohanan ng lahat ng bagay.¹³ Kapag nagtamo tayo ng banal na patotoo sa Aklat ni Mormon, malalaman din natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ding iyon na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na si Joseph Smith ay Kanyang propeta, at na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Kanyang ipin anum-balik na Simbahan.¹⁴

Sa simula ng aking misyon noong binata ako, sumakay ako ng eroplano patungong Australia. Nadaramang ako'y nag-iisa, nag-aalala, at walang alam ngunit nangakong maglingkod, kinailangan ko talagang tiyakin na totoo ang pinaniniwalaan ko. Taimtim akong nagdasal at nagbasa ng mga banal na kasulatan, ngunit habang tumatagal ang biyahe, tumitindi ang pagdududa ko sa aking sarili at nanghina ako. Matapos maghirap nang ilang oras, tumigil ang isang flight attendant sa tabi ng upuan ko. Kinuha niya ang binabasa kong Aklat ni Mormon mula sa kamay ko. Tiningnan niya ang pabalat at sinabing, "Magandang aklat iyan!" at ibinalik sa akin ang aklat at patuloy na naglakad. Hindi ko na siya nakitang muli.

Habang nauulinigan ko sa aking isipan ang sinabi niya, malinaw kong narinig at nadama sa puso ko, "Narito ako, at alam ko kung nasaan ka. Gawin mo lang ang lahat ng makakaya



mo, at Ako na ang bahala sa iba." Sa eroplanong iyon sa ibabaw ng Karagatang Pasipiko, tumanggap ako ng personal na patotoo sa pamamagitan ng pag-aaral ko ng Aklat ni Mormon at mga pahiwatig ng Banal na Espiritu na kilala ako ng aking Tagapagligtas at totoo ang ebanghelyo.

Itinuro ni Elder David A. Bednar: "Ang malaman na totoo ang ebanghelyo ang pinakadiwa ng patotoo. Ang patuloy na katapatan sa ebanghelyo ang pinakadiwa ng pagbabalik-loob."¹⁵ Sa pagbabalik-loob, kailangan nating "maging tagatupad ng salita, at huwag tagapakinig lamang."¹⁶ Ang plano ng pagkilos ng Diyos para sa atin—ang doktrina ni Cristo—ay itinuturo nang napakalinaw sa Aklat ni Mormon.¹⁷ Kabilang dito ang:

- Una, *pagsampalataya* kay Jesucristo sa pamamagitan ng *pagtitiwala* sa Kanya, *pagsunod* sa Kanyang mga utos, at *pagkaalam* na tutulungan Niya tayo.¹⁸
- Pangalawa, *pagsisisi* araw-araw sa ating mga pagkakamali at *pagdanas* ng kaligayahan at kapayapaan kapag pinatawad Niya tayo.¹⁹ Hinihingi sa atin ng pagsisisi na *patawarin* natin ang iba²⁰ at tinutulungan tayong sumulong. Nangako ang Tagapagligtas na patatawarin tayo kapag nagsisi tayo.²¹
- Pangatlo, *paggawa* at *pagtupad* sa mga tipan sa Diyos sa mga ordenansang tulad ng binyag.

Pananatilihin tayo nito sa landas ng tipan patungo sa Kanya.²²

- Pang-apat, *pagtanggap* ng kaloob na Espiritu Santo. Tinutulutan tayo ng kaloob na ito na laging makasama ang isang nagpapabanal, nagpapanatag, at gumagabay sa atin.²³
- At panlima, *pagtitiis* hanggang wakas sa *pagsulong* nang may katatagan habang *nagpapakabusog* araw-araw sa mga salita ni Cristo.²⁴ Sa pagpapakabusog mula sa Aklat ni Mormon at pagkapit nang mahigpit sa mga turo nito, madaraig natin ang mga tukso at tatanggap tayo ng patnubay at proteksyon habambuhay.²⁵

Sa patuloy na pagsasabuhay ng doktrina ni Cristo, madaraig natin ang puwersang humahadlang sa pagbabago at ang takot na pumipigil sa pagkilos. Makatatanggap tayo ng personal na paghahayag, dahil ang Espiritu Santo ang "*magbibigay-alam* sa inyo ng lahat ng bagay na narapat ninyong gawin,"²⁶ at "ang mga salita ni Cristo ang *magsasabi* sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."²⁷

Sa loob ng 20 taon, pinaglabanan ni Brother Huang Juncong ang alak, sigarilyo, at di-mapigilang pagsusugal. Nang turuan siya tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ipin anum-balik na ebanghelyo, hinangad ni Brother Huang na magbago para sa kanyang pamilya. Ang pinakamalaking hamon



sa kanya ay paninigarilyo. Isang chain-smoker, maraming ulit na niyang sinubukang tumigil ngunit nabigo. Isang araw, hindi maalis sa kanyang isipan ang mga salitang ito mula sa Aklat ni Mormon: “may matapat na puso, may tunay na layunin.”²⁸ Kahit nabigo sa mga naunang pagtatangka, nadama niya na baka puwede siyang magbago sa tulong ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Nakiisa ang pananampalataya ng mga full-time na missionary sa kanyang pananampalataya at nagplano ng praktikal na paraan na magpapatigil sa paninigarilyo, na sinabayan ng maraming panalangin at pag-aaral ng salita ng Diyos. Tapat at may tunay na layunin, kumilos nang may tapat na determinasyon si Brother Huang at natanto niya na sa pagtutuon sa mga bagong gawi na nais niyang pag-ibayuhin, tulad ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon, hindi na siya gaanong nagtuo sa mga gawi na nais niyang alisin.

Sa paggunita sa kanyang karanasan 15 taon na ang nakalipas, sabi niya, “Hindi ko natatandaan kung kailan ako talaga tumigil na manigarilyo, pero nang subukan ko araw-araw na gawin ang mga bagay na kailangan kong gawin para maanyayahan ang Espiritu ng Panginoon sa buhay ko at patuloy kong ginawa iyon, nawalan ako ng ganang manigarilyo at tumigil na ako mula noon.” Sa pamumuhay ng mga turo sa Aklat ni Mormon, nagbago ang buhay ni Brother Huang, at naging mas mabuti siyang asawa’t ama.

Nangako si Pangulong Russell M. Nelson: “Sa mapanalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormon *araw-araw*, makagagawa kayo ng mas maiinam na desisyon—*sa araw-araw*. Ipinangangako ko na habang pinagninilayan ninyo ang inyong pinag-aaralan, ang mga dungawan sa langit ay mabubuksan, at tatanggap kayo ng mga sagot sa inyong sariling mga tanong at ng patnubay sa inyong buhay. Ipinangangako ko na sa araw-araw ninyong dibdibang pag-aaral ng Aklat ni Mormon, mapoprotektahan kayo laban sa mga kasamaan ngayon,



New York City, New York, USA

pati na sa laganap na salot ng pornograpiya at ng iba pang nakamamanhid na mga adiksiyon.”²⁹

Mga kaibigan, ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, at mas mapapalapit tayo sa Kanya kung pag-aaralan natin ito.³⁰ Sa pagsubok natin sa mga salita roon, tatanggap tayo ng patotoo sa katotohanan nito.³⁰ Sa patuloy na pamumuhay ayon sa mga turo nito, “wala na [tayong] pag-nanais pang gumawa ng masama.”³² Ang ating puso, mukha, at likas na pagkatao ay magiging mas katulad ng Tagapagligtas.³³ Ibinabahagi ko sa inyo ang aking tiyak na patotoo na si Jesus ang Cristo, ating Tagapagligtas, Manunubos, at Kaibigan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Marcos 2:17.
2. Tingnan sa Awit 147:3; Isaias 53:4; Mateo 8:17.
3. Tingnan sa 2 Nephi 25:23; Jacob 4:7; Eter 12:27.
4. Tingnan sa Mateo 19:21; Marcos 10:21; Lucas 18:22; 2 Nephi 31:10.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:23.
6. Tingnan sa Isaias 41:10.
7. Tingnan sa Mosias 2:41; 3:19; 5:2.
8. Tingnan sa 2 Nephi 25:8, 21–22; Mormon 7:1; 8:35.
9. Tingnan sa 2 Nephi 25:7; 31:2–3.
10. Tingnan sa 2 Nephi 2:25; Alma 40.

11. Tingnan sa Isaias 29:4, 11–18; Ezekiel 37:16–21; 2 Corinto 13:1; 1 Nephi 13:38–42; 2 Nephi 3:12; 25:26.
12. Tingnan sa Alma 32:26–43.
13. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
14. Tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon.
15. David A. Bednar, “Nagbalik-loob sa Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2012, 109.
16. Santiago 1:22.
17. Tingnan sa 2 Nephi 31; 3 Nephi 11:31–40; 27:13–22.
18. Tingnan sa 1 Nephi 3:7; Moroni 7:33.
19. Tingnan sa Mosias 4:3.
20. Tingnan sa Mateo 18:21–35; Marcos 11:25–26; Lucas 6:37; 3 Nephi 13:14–15; Doktrina at mga Tipan 64:10; 82:1.
21. Tingnan sa Mosias 26:30; Moroni 6:8.
22. Tingnan sa 2 Nephi 31:17–18.
23. Tingnan sa 1 Nephi 10:19; 2 Nephi 33:1; 3 Nephi 11:32; 28:11; Moroni 6:4.
24. Tingnan sa 2 Nephi 31:20.
25. Tingnan sa 1 Nephi 15:24.
26. 2 Nephi 32:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
27. 2 Nephi 32:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
28. Moroni 10:4.
29. Russell M. Nelson, “Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?” *Liahona*, Nob. 2017, 62–63.
30. Tungkol sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat” (pambungad sa Aklat ni Mormon).
31. Tingnan sa Jacob 6:7; Alma 32:26–43.
32. Alma 19:33.
33. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17; Mosias 3:19; 5:2; Alma 5:14, 19.



Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Isang Matibay na Pundasyon Laban sa Panahong Darating

Sa darating na mga taon, nawa'y tulutan natin ang mga pagbabagong gagawin sa Salt Lake Temple na antigin at hikayatin tayo.

Kasaysayan ng Salt Lake Temple

Balikan natin ang isang mainit na hapon noong Hulyo 24, 1847, bandang alas-2:00 n.h. Kasunod ng nakakapagod na 11-araw na paglalakbay ng 148 miyembro ng Simbahan na bumuo sa unang grupong nagpakanluran, si Brigham Young, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na maysakit at mataas ang lagnat, ay pumasok sa Salt Lake Valley.

Dalawang araw kalaunan, habang nagpapagaling mula sa kanyang sakit, pinamunuan ni Brigham Young ang ilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at iba pa sa paggalugad sa lugar. Itinala ni William Clayton: “Mga tatlong-kapat ng isang milya sa hilaga ng kampo, dumating kami sa isang magandang kapatagan, na patag at maayos pababa sa kanluran.”¹

Habang sinisiyasat ang lugar kasma ang grupo, biglang tumigil si Brigham Young at itinusok ang kanyang tungkod sa lupa, at bumulalas, “Dito

itatayo ang Templo ng ating Diyos.” Isa sa mga kasama niya si Elder Wilford Woodruff, na nagsabi na ang pahayag na ito ay “tumimo sa [kanya] na parang kidlat,” at nagsuksok siya ng sanga sa lupa para markahan ang lugar na pinagtusukan ng tungkod ni Pangulong Young. Apatnapung akre (16 na ektarya) ang pinili para sa templo, at napagpasiyahan na dapat iplano ang lungsod “nang perpektong parisukat na may mga kalsada sa Hilaga & Timog, silangan & kanluran” at nasa pinakagitna nito ang templo.²

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1851, nagkaisa ang mga miyembro ng Simbahan sa pagsangayon sa isang mungkahi na magtayo ng isang templo “sa pangalan ng Panginoon.”³ Dalawang taon kalaunan, noong Pebrero 14, 1853, inilaan ni Heber C. Kimball ang lugar sa isang pampublikong seremonya na dinaluhan ng libu-libong Banal, at pina-simulan ang pagbubungkal ng lupa (groundbreaking) para sa pundasyon ng Salt Lake Temple. Makalipas ang

ilang buwan, noong Abril 6, inilatag ang malalaki at mabibigat na batong panulok ng templo at inilaan sa detalyadong mga seremonya na tinampan ng mga color guard at banda at ng isang prusisyon na pinangunahan ng mga pinuno ng Simbahan mula sa lumang tabernakulo patungo sa pagtatayuan ng templo, kung saan nag-alay ng mga mensahe at panalangin sa bawat isa sa apat na batong panulok.⁴

Sa seremonya ng groundbreaking, ginunita ni Pangulong Young na nakakita siya ng isang pangitain nang una siyang tumapak sa lupang iyon nang siyasatin nila ang lupa sa lambak, na sinasabing, “Nabatid ko [noon] tulad ng pagkabatid ko ngayon, na ito ang lupang pagtatayuan ng templo—malinaw kong nakita iyon.”⁵

Sampung taon pagkaraan, ibinahagi ni Brigham Young ang sumusunod na kabatiran bilang isang propeta sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1863: “Gusto kong makitang maitayo ang templo sa isang paraan na magtatagal hanggang sa milenyo. Hindi lamang ito ang templong itatayo natin, magkakaroon pa ng daan-daang ganito at ilalaan ang mga iyon sa Panginoon. Ang templong ito ay makikilala bilang unang templong itinayo ng mga Banal sa mga Huling



Araw sa kabundukan. . . . Gusto kong tumayo ang templong iyon . . . bilang isang maipagmamalaking banta-yog ng pananampalataya, tiyaga at kasipagan ng mga banal ng Diyos sa kabundukan.”⁶

Habang pinag-aaralan ang maikling kasaysayang ito, namangha ako sa papel ni Brigham Young bilang tagakita—una, ang pagtiyak niya na, hangga’t maaari at, gamit ang mga pamamaraan ng pagtatayo na may-roon sa panahon at lugar na yaon, itatayo ang Salt Lake Temple sa isang paraan na magtatagal ito sa buong Milenyo at, pangalawa, ang kanyang propesiya tungkol sa pagdami ng itatayong mga templo sa buong mundo, *at sinabi pa niyang magkakaroon ng daan-daang ganito.*

Renobasyon ng Salt Lake Temple

Tulad ni Brigham Young, pinangalagaang maigi ng ating propeta ngayon ang Salt Lake Temple at lahat ng iba pang templo. Sa paglipas ng mga taon, pinagbilinan na ng Unang Panguluhan, paminsan-minsan, ang Presiding Bishopric na tiyaking matatag ang pundasyon ng Salt Lake Temple. Noong maglingkod ako sa Presiding Bishopric, sa kahilingan ng Unang Panguluhan, siniyasat namin ang buong pasilidad at istruktura ng Salt Lake Temple, at sinuri din namin ang pinakabagong kaalaman sa seismic design at mga pamamaraan sa pagtatayo.

Heto ang ilang bahagi ng pag-aaral na ibinigay sa Unang Panguluhan



“Dito itatayo ang Templo ng ating Diyos,” ipinahayag ni Pangulong Brigham Young.



Ang mga renobasyon sa Salt Lake Temple ay makakatulong sa katuparan ng hangarin ni Brigham Young na itayo ang templo na magtatagal hanggang sa Milenyo.

noon: “Sa disenyo at konstruksyon ng Salt Lake Temple, ginamit ang pinakamahusay na engineering, mga trabahador, materyales sa konstruksyon, muwebles at iba pang mga materyal na makukuha noon. Simula nang ilaan ito noong 1893, nananatiling matibay na nakatayo ang templo at nagsisilbing tanglaw ng pananampalataya [at] pag-asa at liwanag sa mga tao. Matinding pangangalaga ang ginawa upang magamit, malinis, at mapanatili sa magandang kundisyon ang templo. Maganda ang kundisyon ng grانيتo sa mga dugtungan sa pagitan ng sahig at pader sa labas at loob at ng mga suportang biga. Kinukumpirma ng mga pag-aaral kamakailan na ang

lugar na pinili ni Brigham Young para sa templo ay may napakaganda at siksik na lupa.”⁷

Lumabas sa pag-aaral na kinailangan ang karaniwang mga pagkumpuni at pag-aayos upang mabago at maiakma sa panahon ang templo, kabilang na ang plasa sa labas at bakuran sa palibot nito, mga lipas nang utility system, at bautismuhan. Gayunman, inirekomenda ring magkaroon ng hiwalay at mas komprehensibong seismic upgrade simula sa pundasyon ng templo pataas.

Ang Pundasyon ng Templo

Kung maaalala ninyo, malaki ang bahagi ni Pangulong Brigham Young sa pagtatayo ng pundasyon ng orihinal na templo, na nakapagsilbi nang husto sa templo simula nang matapos ito 127 taon na ang nakararaan. Ang bagong mungkahing seismic upgrade package para sa templo ay gagamit ng base isolation technology, na ni hindi pa naiisip noong itinatayo ito. Ito ang itinuturing na pinakabago at pinakamodernong teknolohiya para sa proteksyon sa lindol.

Ang teknolohiyang ito, na katutuklas pa lang, ay magsisimula sa pundasyon mismo ng templo, na maglalaan ng matibay na pananggalang laban sa



Sinimulan ang pagtatayo ng Salt Lake Temple noong 1853.




pinsalang dulot ng lindol. Ang mahalaga, patitibayin nito ang istruktura ng templo para manatili itong matatag, kahit lindulin at yanigin pa ang lupa at ang paligid nito.

Ang renobasyong ito ng templo na gagamitan ng teknolohiyang ito ay ipinaalam ng Unang Panguluhan noong nakaraang taon. Sa ilalim ng pamamahala ng Presiding Bishopric, sinimulan na ang konstruksyon ilang buwan pa lang ang nakalilipas, noong Enero 2020. Tinatayang matatapos ito sa loob ng apat na taon.

Pagtiyak na Matibay ang Inyong Personal na Pundasyon

Kapag pinagninilayan ko ang susunod na apat na taon ng mangyayari



Ang iminungkahing seismic upgrade para sa Salt Lake Temple ay itinuturing na pinakabago at pinakamahusay na proteksyon laban sa lindol.

dito sa maganda, maringal, dakila, at kahanga-hangang Salt Lake Temple, mas nakikinita ko ito bilang isang panahon ng *pagpapanibago* sa halip na isang panahon ng pagsasara! Sa gayunding paraan, maaari nating itanong sa ating sarili, “Paano tayo mabibigyang-inspirasyon ng malawakang pagpapanibago sa Salt Lake Temple na sumailalim sa sarili nating espirituwal na *pagpapanibago*, *pagpapakabuti*, *pagsilang na muli*, *pagpapasiglang muli*, o *pagpapanumbalik*?”

Maaaring makita natin sa masusing pagsusuri sa ating sarili na maaaring makinabang din tayo at ang ating pamilya sa paggawa natin ng ilang kinakailangang espirituwal na paglilinis at renobasyon, maging ng isang seismic upgrade! Maaari nating simulan ang gayong proseso sa pagtatatag ng:

“Ano ba ang hitsura ng aking pundasyon?”

“Ano ang bumubuo sa makapal, matatag, at matibay na mga batong panulok na bahagi ng aking personal na pundasyon, kung saan nakasalig ang aking patotoo?”

“Ano ang mga pangunahing saligan ng aking espirituwal at emosyonal na pagkatao na magtutulot sa akin at sa aking pamilya na manatiling matatag at di-natitinag, at kayanin pa maging ang mga nakayayanig at marahas na pangyayaring tiyak na mangyayari sa aming buhay?”

Ang mga kaganapang ito, na kahalintulad ng lindol, ay kadalasang mahirap mahulaan at dumarating na may iba’t ibang antas ng katindihan—nakikipagbuno sa mga tanong o pagdududa, nahaharap sa pagdurusa o paghihirap, nagpapatulong sa mga lider, miyembro, doktrina, o patakaran ng Simbahan upang mapatawad sa personal na mga kasalanan. Ang pinakamagaling na panlaban sa mga kasinungalingang ito ay nakasalalay sa ating espirituwal na pundasyon.

Ano kaya ang espirituwal na mga batong panulok ng personal na buhay natin at ng ating pamilya? Maaaring ang mga ito ay simple, malinaw, at mahalagang mga alituntunin ng pagsasabuhay ng ebanghelyo—panalangin ng pamilya; pag-aaral ng banal na kasulatan, pati na ng Aklat ni Mormon; pagdalo sa templo; at pag-aaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* at home evening. Ang iba pang makatutulong na resources para palakasin ang inyong espirituwal na pundasyon ay maaaring kabilangan ng Mga Saligan ng Pananampalataya, ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak, at “Ang Buhay na Cristo.”

Para sa akin, ang mga alituntuning kasama sa mga tanong na tinatalakay bilang bahagi ng pagtanggap ng temple recommend ay nagsisilbing matibay na batayan para sa isang espirituwal na pundasyon—lalo na ang unang apat na tanong. Ang tingin ko sa mga ito ay mga espirituwal na mga batong panulok.

Mangyari pa, pamilyar tayo sa mga tanong na ito, dahil isa-isang binasa ito sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson noong nakaraang pangkalahatang kumperensya.

1. May pananampalataya at patotoo ka ba sa Diyos Amang Walang Hanggan; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; at sa Espiritu Santo?
2. May patotoo ka ba sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa Kanyang

papel na ginagampanan bilang iyong Tagapagligtas at Manunubos?

3. May patotoo ka ba sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo?

4. Sinasang-ayunan mo ba ang Pangu-lo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang propeta, tagakita, at tagapag-hayag at bilang nag-iisang tao sa mundo na may karapatang gamitin ang lahat ng susi ng priesthood?⁸

Nakikita ba ninyo kung paano ninyo maituturing ang mga tanong na ito bilang mahahalagang bahagi ng inyong personal na pundasyon upang tulungan kayong maitayo at mapatibay ito? Nagturo si Pablo sa mga taga-Efeso tungkol sa isang simbahan na “itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok; na sa kaniya’y ang buong gusali, na nakalap na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon.”⁹

Isa sa mga lubos kong ikina-gagalak sa buhay ay ang makilala at mabigyang-inspirasyon ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na mga buhay na halimbawa ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Sila ay may matibay na personal na mga pundasyon na nagtutulot sa kanila na makayanan ang mga nakayayanig na pangyayari nang may matatag na pang-unawa, sa kabila ng kanilang pighati at pasakit.

Para mas mailarawan ito nang personal, nagsalita ako kamakailan sa burol ng isang maganda at masayahing bata pang maybahay at ina (na kaibigan din ng aming pamilya). Isa siyang determinadong Division 1 soccer player nang makilala niya at makasal sila ng kanyang asawang nag-aaral ng dentistry. Biniyayaan sila ng isang magandang anak na babae na parang matanda na kung mag-isip. Buong tapang niyang pinaglabanan ang iba’t ibang uri ng kanser sa loob ng anim na taon na puno ng mga hamon. Sa kabila ng di-naglalahong sakit ng dam-damin at katawan na kanyang dinanas,

nagtiwala siya sa kanyang mapagmahal na Ama sa Langit at madalas banggitin ng kanyang mga tagasubaybay sa social media ang kanyang bantog na kasabihang: “Alam ng Diyos ang bawat detalye ng ating buhay.”

Sa isa sa kanyang mga social media post, isinulat niya na may nagtanong sa kanya ng, “Paano mo pa nagagawang manampalataya sa kabila ng lahat ng pighating nararanasan mo?” Matatag siyang sumagot nang ganito: “Kasi pananampalataya ang nakatutulong sa akin na malagpasan ang mga paghihirap na ito. Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay hindi nangangahulugan na walang mangyayaring masama. Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay tinutulutan akong maniwala na magkakaroon muli ng liwanag. At ang liwanag na iyon ay mas magliliwanag pa dahil namuhay ako sa kadiliman. Bagama’t nasaksihan ko ang maraming kadiliman sa paglipas ng mga taon, mas marami ang liwanag na nasaksihan ko. Nakakita ako ng mga himala. Naka-ramdam ako ng mga anghel. Nalaman ko na pinalalakas ako ng aking Ama sa Langit. Hindi ko mararanasan ang alinman sa mga iyon kung naging madali ang buhay. Ang hinaharap ng buhay na ito ay maaaring hindi nababati, ngunit hindi ang pananampalataya ko. Kung pinipili kong huwag manampalataya, pinipili kong mamuhay lamang sa kadiliman. Dahil kung walang pananampalataya, kadiliman lamang ang matitira.”¹⁰

Ang kanyang matatag na patotoo tungkol sa pagsampalataya sa Panginoong Jesucristo—sa kanyang mga salita at gawa—ay inspirasyon para sa iba. Kahit *mahina* ang kanyang katawan, hinikayat niya ang iba na maging *mas malakas*.

Naiisip ko ang napakaraming iba pang miyembro ng Simbahan, mga mandirigmang tulad ng kapatid na ito, na namumuhay bawat araw nang may pananampalataya, nagsisikap na maging tapat at matapang na mga disipulo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Natututo sila tungkol kay Cristo. Nangangaral sila tungkol kay

Cristo. Nagsisikap silang tularan Siya. Matatag man o mabuway ang mga araw ng kanilang buhay, matibay at di-natitinag ang kanilang espirituwal na pundasyon.

Sila ang matatapat na taong naka-uunawa sa malalim na kahulugan ng mga titik sa “Saligang kaytibay, mga Banal ng Diyos” at “sa [Tagapagligtas] umaasa, Sa Kanya’y ligtas at ‘di na mawawalay.”¹¹ Napakalaki ng pasasalamat ko na makasama ang mga taong nakapaghandang isang espirituwal na pundasyon na karapat-dapat tawaging *Mga Banal* at sapat ang lakas at katatagan na kayanin ang maraming paghihirap sa buhay.

Palagay ko hindi lalabis ang ating pagsasaad sa kahalagahan ng gayong matibay na pundasyon sa ating personal na buhay. Kahit sa murang edad, may natututuhan ang ating mga batang Primary kapag inaawit nila ang katotohanang ito mismo:

*Ang taong matalino’y nagtayo ng [bahay] sa ibabaw ng bato, At bumuhos ang ulan. . . . Nang umulan ay biglang bumaha, Ang bahay sa bato nanatiling nakatayo.*¹²

Pinagtibay ng banal na kasulatan ang batayang doktrinang ito. Itinuro ng Tagapagligtas sa mga tao sa mga lupain ng Amerika:

“At kung lagi ninyong gagawin ang mga bagay na ito ay pinagpala kayo, sapagkat kayo ay *nakatayo sa aking bato*.

“Ngunit sinuman sa inyo ang gagawa ng labis o kulang kaysa rito ay *hindi nakatayo sa aking bato*, kundi nakatayo sa saligang buhangin; at kapag bumuhos ang ulan, at ang mga baha ay dumating, at ang hangin ay umihip, at humampas sa kanila, sila ay babagsak.”¹³

Taimtim na inaaasam ng mga pinuno ng Simbahan na malaki ang maitulong ng malawakang renobasyon ng Salt Lake Temple sa katuparan ng hangarin ni Brigham Young na “maitayo ang templo sa isang paraan na magtatagal hanggang sa milenyo.”

Sa darating na mga taon, nawa'y tulutan natin ang mga pagbabagong gagawin sa Salt Lake Temple na antigin at hikayatin tayo, bilang mga indibiduwal at pamilya, upang tayo man—kahalintulad nito—ay “maitayo sa isang paraan na magtatagal hanggang sa milenyo.”

Magagawa natin ito kapag tinupad natin ang utos ni Apostol Pablo na “[magtipon] sa [ating] sarili ng *isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating*, upang [tayo'y] makapanangan sa buhay na [walang hanggan].”¹⁴ Taimtim kong dalangin na maging tunay at matibay ang ating espirituwal na pundasyon, na maging sarili nating pangulong bato sa panulok ang ating patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa Kanyang papel bilang ating Tagapagligtas at Manunubos, na siya kong pinatotohanan sa Kanyang pangalan, maging si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. William Clayton journal, Hulyo 26, 1847, Church History Library, Salt Lake City.
2. Tingnan sa “At the Tabernacle, Presidents Woodruff and Smith Address the Saints Yesterday Afternoon,” *Deseret Evening News*, Ago. 30, 1897, 5; “Pioneers' Day,” *Deseret Evening News*, Hulyo 26, 1880, 2; Wilford Woodruff journal, Hulyo 28, 1847, Church History Library, Salt Lake City.
3. “Minutes of the General Conference of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, held at Great Salt Lake City, State of Deseret, April 6, 1851,” *Deseret News*, Abr. 19, 1851, 241.
4. Tingnan sa “The Temple,” *Deseret News*, Peb. 19, 1853, 130; “Minutes of the General Conference,” *Deseret News*, Abr. 16, 1853, 146; “Minutes of the General Conference,” *Deseret News*, Abr. 30, 1853, 150.
5. “Address by President Brigham Young,” *Millennial Star*, Abr. 22, 1854, 241.
6. “Remarks by President Brigham Young,” *Deseret News*, Okt. 14, 1863, 97.
7. Paglalahad ng Presiding Bishopric sa Unang Panguluhan tungkol sa Salt Lake Temple, Okt. 2015.
8. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pangwakas na Mensahe,” *Liahona*, Nob. 2019, 121.
9. Mga Taga Efeso 2:20–21.
10. Social media post ni Kim Olsen White.
11. “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47.
12. “Ang Matalino at ang Hangal,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 132; inalis ang pagbibigay-diin sa orihinal sa pagkakataong ito.
13. 3 Nephi 18:12–13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. I Kay Timoteo 6:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.



Sesyon sa Sabado ng Gabi | 4 Abril 2020

Ni Elder Gerrit W. Gong
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Hosana at Aleluia—Ang Buhay na Jesucristo: Ang Sentro ng Pagpapanumbalik at Pasko ng Pagkabuhay

Sa panahong ito ng hosana at aleluia, umawit ng aleluia—sapagka't Siya'y maghahari magpakailanman!

Mahal kong mga kapatid: nang may hosana at aleluia, ipinagdiriwang natin ang buhay na Jesucristo sa panahong ito ng patuloy na Pagpapanumbalik at Pasko ng Pagkabuhay. Nang may perpektong pagmamahal, tinitiyak sa atin ng Tagapagligtas: “Kayo'y mag[ka]-karoon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”¹

Ilang taon na ang nakalipas, sa pagbisita namin ni Sister Gong sa isang magiliw na pamilya, nahihiyang inilabas ng kanilang batang anak na si Ivy ang lalagyan ng kanyang biyolin. Inilabas niya ang violin bow, hinigpitan, at nilagyan ito ng rosin. Pagkatapos ay ibinalik niya ang bow sa lalagyan, yumuko, at umupo. Dahil nagsisimula pa lamang matutong

tumugtog ng biyolin, nagbahagi lamang siya ng lahat ng nalalaman niya tungkol sa biyolin. Ngayon, pagkaraan ng maraming taon, mahusay nang tumugtog ng biyolin si Ivy.

Sa mortal na buhay na ito, medyo katulad tayo ni Ivy at ng kanyang biyolin. Nagsisimula tayo sa umpisa. Sa pag-eensayo at pagtitiyaga, umu-unlad at humuhusay tayo. Sa pagdaan ng panahon, tinutulungan tayo ng moral na kalayaang pumili at ng mga karanasan sa buhay na ito na maging mas katulad ng ating Tagapagligtas habang gumagawa tayo na kasama Niya sa Kanyang ubasan² at tinatahak ang Kanyang landas ng tipan.

Ang mga anibersaryo, kabilang na ang ikadalawang daang anibersaryong ito, ay nagtatampok sa mga huwaran ng pagpapanumbalik.³ Sa pagdiriwang

ng patuloy na Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, naghahanda rin tayo para sa Pasko ng Pagkabuhay. Sa dalawang kaganapang ito, nagsasaya tayo sa pagbabalik ni Jesucristo. Siya ay buhay—hindi lang noon, kundi ngayon; hindi lang para sa iilan, kundi para sa lahat. Siya ay dumating at darating upang pagalingin ang mga bagbag na puso, palayain ang mga bihag, ibalik ang paningin ng mga bulag, at palayain ang mga naaapi.⁴ Iyan ang bawat isa sa atin. Makakamtan ang Kanyang mapantubos na mga pangako, anuman ang ating nakaraan, kasalukuyan, o mga alalahanin sa hinaharap.

Bukas ay Linggo ng Palaspas. Ayon sa tradisyon, ang mga palaspas ay isang sagradong simbolo para maipakita ang kagalakan sa ating Panginoon, tulad sa *Matagumpay na Pagpasok ni Cristo sa Jerusalem*, kung saan ang “malaking karamihan . . . ay nagsikuha ng mga palapa ng mga puno ng palma, at nagsilabas na sumalubong sa kaniya.”⁵ (Maaaring maging interesado kayong malaman na ang orihinal ng painting na ito ni Harry Anderson ay nakasabit sa opisina ni Pangulong Russell M. Nelson, sa likuran lamang ng kanyang mesa.) Sa aklat ng Apocalipsis, ang mga pumupuri sa Diyos at Cordero ay “nakasuot ng mapuputing damit, at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay.”⁶ Kasama ng mga “bala-bal ng kabutihan” at “mga putong ng kaluwalhatian,” kabilang ang mga palaspas sa panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple.⁷

Mangyari pa, ang kahalagahan ng Linggo ng Palaspas ay higit pa sa pagsalubong ng napakaraming tao kay Jesus nang may hawak na mga palaspas. Sa Linggo ng Palaspas, pumasok si Jesus sa Jerusalem sa paraang nahiwatigan ng matatapat na ito ay katuparan ng propesiya. Tulad ng ipinropesiya ni Zacarias⁸ at ng Mang-aawit, pumasok ang ating Panginoon sa Jerusalem sakay ng isang asno habang nagsisigawan ang napakaraming tao ng “Hosana sa kataastaasan.”⁹ Ang ibig sabihin



ANG MATAGUMPAY NA PAGPASOK NI CRISTO SA JERUSALEM, NI HARRY ANDERSON

ng Hosana ay “magligtas ngayon.”¹⁰ Noon, tulad ngayon, nagagalak tayo, “Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon.”¹¹

Isang linggo pagkatapos ng Linggo ng Palaspas ay Pasko ng Pagkabuhay. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na si Jesucristo ay “pumarito upang bayaran ang utang na hindi Kanya dahil may utang tayo na hindi natin kayang bayaran.”¹² Tunay ngang sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, lahat ng anak ng Diyos ay “maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.”¹³ Sa Pasko ng Pagkabuhay, kumakanta tayo ng aleluia. Ang ibig sabihin ng Aleluia ay “purihin ninyo ang Panginoong Jehova.”¹⁴ Ang “Hallelujah Chorus” sa *Messiah* ni Handel ay isang kapita-pitagang pahayag sa Pasko ng Pagkabuhay na Siya ang Hari ng mga Hari, at Panginoon ng mga Panginoon.¹⁵

Ang mga sagradong pangyayari sa pagitan ng Linggo ng Palaspas at Pasko

ng Pagkabuhay ay kuwento tungkol sa hosana at aleluia. Hosana ang pagsamo natin sa Diyos na magligtas. Aleluia ang papuri sa Panginoon para sa pag-asa ng kaligtasan at kadakilaan. Sa hosana at aleluia, kinikilala natin ang buhay na Jesucristo bilang sentro ng Pasko ng Pagkabuhay at pagpapanumbalik sa mga huling araw.

Nagsimula ang Pagpapanumbalik sa mga huling araw sa isang theophany—ang literal na pagpapakita ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo sa batang propeta na si Joseph Smith. Sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Kung matititigan ninyo ang langit nang limang minuto, mas marami kayong malalaman kaysa kung babasahin ninyo ang lahat ng naisulat tungkol sa paksa.”¹⁶ Dahil bukas nang muli ang kalangitan, nakilala natin ang Diyos at “naniniwala [tayo] sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.”¹⁷—ang banal na Panguluhang Diyos.

Sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, Abril 3, 1836, sa mga unang taon ng Pagpapanumbalik, nagpakita ang buhay na Jesucristo pagkatapos ilaan ang Kirtland Temple. Ang mga nakakita sa Kanya roon ay nagpatotoo sa Kanya gamit ang kabalintunaan ng apoy at tubig: “Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng *apoy*; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng *busilak na niyebe*; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa *liwanag ng araw*; at ang kanyang tinig ay gaya ng *lagaslas ng malalawak na tubig*, maging ang tinig ni Jehova.”¹⁸

Sa okasyong iyon, ipinahayag ng Tagapagligtas: “Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama.”¹⁹ Muli, mga kabalintunaan—una at huli, nabuhay at pinaslang. Siya ang Alpha at Omega, ang simula at ang wakas,²⁰ ang may akda at tagatapos ng ating pananampalataya.²¹

Pagkatapos ng pagpapakita ni Jesucristo, dumating din sina Moises, Elias, at Elijah. Ayon sa banal na utos, ipinanumbalik ng dakilang sinaunang mga propetang ito ang mga susi at awtoridad ng priesthood. Kaya, “ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala”²² sa loob ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan upang pagpalain ang lahat ng anak ng Diyos.

Tinupad din ng pagdating ni Elijah sa Kirtland Temple ang propesiya ni Malakias sa Lumang Tipan na babalik si Elijah bago “dumating ang dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon.”²³ Sa paggawa nito, ang pagpapakita ni Elijah ay sumabay, nang sinasadya, sa panahon ng Paskua ng mga Judio, na isang tradisyon na mapitagang naghihintay sa pagbabalik ni Elijah.

Maraming debotong pamilyang Judio ang nag-iiwan ng puwesto para kay Elijah sa kanilang hapag-kainan ng Paskua. Pinupuno ng marami ang isang baso upang anyayahan at salubungin siya. At ang iba, sa tradisyonal na Passover Seder, ay nagpapapunta ng bata sa pinto, na kung minsan ay

bahagyang nakabukas, upang tingnan kung nasa labas si Elijah na naghihintay na maanyayahan.²⁴

Bilang pagtupad sa propesiya at bilang bahagi ng ipinangakong pagpapanumbalik ng lahat ng bagay,²⁵ dumating nga si Elijah tulad ng ipinangako, sa Pasko ng Pagkabuhay at sa pagsisimula ng Paskua. Dinala niya ang awtoridad na magbuklod upang mabigkis ang mga pamilya sa lupa at sa langit. Tulad ng itinuro ni Moroni kay Propetang Joseph, “itanim [ni Elijah] sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon,” pagpapatuloy ni Moroni, “ang buong mundo ay lubusang mawawasak sa pagparito [ng Panginoon].”²⁶ Inilalapit tayo ng diwa ni Elijah, isang manipestasyon ng Espiritu Santo, sa ating mga henerasyon—nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap—sa ating mga genealogy, kasaysayan, at paglilingkod sa templo.

Alalahanin din natin sandali ang ipinapakahulugan ng Paskua. Ang Paskua ay pag-alaala sa paglaya ng mga anak ni Israel mula sa 400 taong pagkaalipin. Inihayag sa aklat ng Exodo kung paano nangyari ang paglayang ito matapos ang mga salot ng mga palaka, kuto, langaw, pagkamatay ng mga baka, pigs, pamamaga sa balat, malalaking tipak ng yelo at apoy, balang, at makapal na kadiliman. Ang huling salot ay nagbanta sa pagkamatay ng mga panganay na anak sa buong lupain, ngunit hindi sa sambahayan ni Israel kung—kung magpapahid ang mga pamilyang iyon ng dugo ng panganay na tupa na walang kapintasan sa mga pintuan ng kanilang bahay.²⁷

Nilampasan ng anghel ng kamtayan ang mga bahay na may marka ng simbolikong dugo ng tupa.²⁸ Ang paglampas na iyon ay kumakatawan sa pagdaig ni Jesucristo sa kamtayan. Katunayan, ang nagbayad-salang dugo ng Cordero ng Diyos ay nagbigay sa ating Mabuting Pastol ng kapangyarihan na tipunin ang

Kanyang mga tao sa lahat ng lugar at kalagayan patungo sa kaligtasan ng Kanyang kawan sa magkabilang tabing.

Mahalagang pansinin na inilarawan sa Aklat ni Mormon ang “kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo”²⁹—ang diwa ng Pasko ng Pagkabuhay—sa dalawang pagpapanumbalik.

Una, kasama sa pagkabuhay na mag-uli ang pisikal na pagpapanumbalik ng ating “wasto at ganap na anyo”; “bawat biyas at kasu-kasuan,” “maging isang buhok sa ulo ay hindi mawawala.”³⁰ Ang pangakong ito ay nagbibigay ng pag-asa sa mga nawalan ng biyas; o sa mga nawalan ng paningin, pandinig, o hindi makalakad; o yaong mga nawalan ng katinuan dahil sa malubhang sakit, karamdamam sa pag-iisip, o iba pang kapansanan. Nakikita Niya tayo. Pina-gagaling Niya tayo.

Ang pangalawang pangako ng Pasko ng Pagkabuhay at ng Pagbabayad-sala ng Panginoon ay “lahat ng bagay ay manu[n]mbalik sa kanilang wastong kaayusan”³¹ sa espirituwal. Ang espirituwal na pagpapanumbalik na ito ay nagpapakita ng ating mga gawa at hangarin. Tulad ng tinapay sa tubigan,³² ipinanunumbalik nito ang “mabait,” “mabuti,” “makatarungan,” at “maawain.”³³ Hindi nakapagtataakang ginamit ni propetang Alma ang salitang *panunumbalik* nang 22 beses³⁴ sa paghimok niya sa ating “makitungo nang makatarungan at patuloy na gumawa ng mabuti.”³⁵

Dahil “Diyos ang [nag]bayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan,”³⁶ magagawang buo ng Pagbabayad-sala ng Panginoon hindi lamang ang naging kundi ang magiging. Dahil alam Niya ang ating mga pasakit, hirap, sakit, at “lahat ng uri ng tukso,”³⁷ matutulungan Niya tayo, nang may awa, ayon sa ating mga kahinaan.³⁸ Dahil ang Diyos ay isang “ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos,” ang plano ng awa ay “[matutugunan] ang hinihingi ng katarungan.”³⁹ Nagsisisi tayo at

ginagawa ang lahat ng ating makakaya. Niyayakap Niya tayo magpakailanman sa “mga bisig ng kanyang pagmamahal.”⁴⁰

Ngayon ay ipinagdiriwang natin ang pagpapanumbalik at pagkabuhay na mag-uli. Kasama kayo, ikinagagalak ko ang patuloy na Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Tulad noong simula, 200 taon na ngayong tagsibol, patuloy na dumarating ang liwanag at paghahayag sa pamamagitan ng buhay na propeta ng Panginoon at ng Kanyang Simbahan na tinatawag sa Kanyang pangalan—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—at sa pamamagitan ng personal na paghahayag at inspirasyon ng banal na kaloob na Espiritu Santo.

Kasama kayo, sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, pinatotohanan ko ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at ang Kanyang Bugtong na Anak, ang buhay na si Jesucristo. Ang mga mortal na tao ay walang awang ipinako sa krus at nabuhay na mag-uli kalaunan. Ngunit ang buhay na Jesucristo lamang sa Kanyang perpektong nabuhay na mag-uling katawan ang mayroong mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay, mga paa, at tagiliran. Tanging Siya lang ang makapag-sasabing, “Masdan, aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay.”⁴¹ Tanging Siya lang ang makapagsasabing: “Ako ang siyang itinaas. Ako si Jesus na ipinako sa krus. Ako ang Anak ng Diyos.”⁴²

Tulad ng batang si Ivy at ng kanyang biyolin, tayo sa ilang kaparaanan ay nag-uumpisa pa lamang. Talagang “hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, [ang] mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya.”⁴³ Sa mga panahong ito, marami tayong matututuhan sa kabutihan ng Diyos at sa ating banal na potensyal upang lumago ang pagmamahal ng Diyos sa atin habang hinahanap natin Siya at tinutulungan ang isa’t isa. Sa mga bagong paraan at lugar, kaya nating kumilos at maging mas

mabuti, taludtod sa taludtod, kabutihan sa kabutihan, nang paisa-isa at magkakasama.


Mahal kong mga kapatid saan-mang lugar, kapag nagpupulong at natututo tayo nang magkakasama, ang inyong pananampalataya at kabutihan ay pumupuspos sa akin ng pagsunod sa ebanghelyo at pasasalamat. Pinalalakas ng inyong patotoo at paglalakbay sa ebanghelyo ang aking patotoo at paglalakbay sa ebanghelyo. Ang inyong mga alalahanin at kaligayahan, ang inyong pagmamahal sa sambayanan ng Diyos at komunidad ng mga Banal, at pagsunod sa ipinanumbalik na katotohanan at liwanag ay nagpapalakas sa patotoo ko sa ipinanumbalik na ebanghelyo, na ang buhay na Jesucristo ang nasa sentro ito. Magkakasama tayong nagtitiwala na, “[sa dilim at liwanag,] aking Panginoon, manatili.”⁴⁴ Alam nating lahat na kahit ano pa ang ating mga pasanin at alalahanin, mabibilang natin ang ating maraming pagpapala.⁴⁵ Sa mga detalye at maliliit at karaniwang bagay sa araw-araw, makikita nating naisasakatuparan ang mga dakilang bagay sa ating buhay.⁴⁶

“At ito ay mangyayari na ang mabubuti ay matitipon mula sa lahat ng bansa, at patutungo sa Sion, umaawit ng mga awit ng walang hanggang kagalakan.”⁴⁷ Sa panahong ito ng hosana at aleluia, umawit ng aleluia—sapagka’t Siya’y maghahari magpakailanman! Sumigaw ng hosana, sa Diyos at sa Cordero! Sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 16:33.
2. Tingnan sa Jacob 5.
3. Tulad ng ipinropesiya sa mga banal na kasulatan, makikita sa kasaysayan ng sangkatauhan ang mga panahon o paulit-ulit na espirituwal na pagbagsak na tinatawag nating apostasiya o pagtalikod sa katotohanan, at mga panahon ng pagpapanumbalik ng liwanag na tinatawag nating espirituwal na pagpapanumbalik; tingnan, halimbawa, sa II Tesalonica 2:3.
4. Tingnan sa Lucas 4:18.
5. Juan 12:12–13; tingnan din Mateo 21:8–9; Marcos 11:8–10.
6. Apocalipsis 7:9.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:76.
8. Tingnan sa Zacarias 9:9.

9. Mateo 21:9.
10. Tingnan sa Gabay sa Mga Banal na Kasulatan, “Hosana.” Mula pa noong panahon sa Lumang Tipan, ang pagwawagayway ng mga sanga ng palma ay sinasabayan ng pagsabi ng “Magligtas ka ngayon, isinasamo namin sa iyo, O Panginoon.” Nakasaad nang buo sa Mga Awit 118:25 ang pagsamo sa Mesiyas: “Magligtas ka ngayon, isinasamo namin sa iyo, O Panginoon: O Panginoon, isinasamo namin sa iyo, magsugo ka ngayon ng kaginhawahan.”
11. Awit 118:26; tingnan din sa 3 Nephi 11:17.
12. Russell M. Nelson, sa *Handel’s Messiah: Debtor’s Prison* (video), ChurchofJesusChrist.org/media-library.
13. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
14. Tingnan sa Bible Dictionary, “Hallelujah.”
15. George Frideric Handel, *Messiah*, ed. T. Tertius Noble (1912), viii; tingnan din sa Apocalipsis 17:14.
16. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 491.
17. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1.
18. Doktrina at mga Tipan 110:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Doktrina at mga Tipan 110:4.
20. Tingnan sa Apocalipsis 1:8; 3 Nephi 9:18; Doktrina at mga Tipan 19:1; 38:1; 45:7.
21. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:2; Moroni 6:4.
22. Doktrina at mga Tipan 110:16.
23. Malakias 4:5.
24. Tingnan sa Stephen D. Ricks, “The Appearance of Elijah and Moses in the Kirtland Temple and the Jewish Passover,” *BYU Studies*, vol. 23, no. 4 (1986), 483–86, byustudies.byu.edu.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 86:10; tingnan din sa Mga Gawa 3:19–21.
26. Joseph Smith—Kasaysayan 1:39; sa nakaraang mga taon, marami ang nag-isip na may dahilan ang paggamit ng panghalip na “kanila.”
27. Tingnan sa Exodo 7–12.
28. Tingnan sa Exodo 12:23.
29. Alma 41:2.
30. Alma 40:23.
31. Alma 41:4.
32. Tingnan sa Ecclesiastes 11:1.
33. Alma 41:13.
34. Ang mga salitang *ipinanumbalik*, *ipinanumbalik*, *panunumbalik*, at iba pang mga katulad nito ay makikita nang 22 beses sa Alma 40:22–24 at sa Alma 41, na binibigyang-diin ang kapwa pisikal at espirituwal na pagpapanumbalik.
35. Alma 41:14.
36. Alma 42:15.
37. Alma 7:11.
38. Tingnan sa Alma 7:12.
39. Alma 42:15.
40. 2 Nephi 1:15.
41. Isaia 49:16; 1 Nephi 21:16.
42. Doktrina at mga Tipan 45:52.
43. I Mga Taga Corinto 2:9.
44. “Manatili sa Piling Ko” *Mga Himno*, blg. 97.
45. Tingnan sa “Mga Pagpapala ay Bilangin,” *Mga Himno*, blg. 147.
46. Tingnan sa Alma 37:6.
47. Doktrina at mga Tipan 45:71.



Ni Laudy Ruth Kaouk
*Miyembro ng Slate Canyon 14th Ward (Spanish),
Provo Utah Stake*

Paano Pinagpapala ng Priesthood ang mga Kabataan

Sa pamamagitan ng priesthood, mapapalakas tayo. Ang priesthood ay nagdadala ng liwanag sa ating mundo.

Nagpapasalamat ako na nabuhay ako sa mundong ito. Noong malaman ko na magkakaroon ako ng oportunidad na magsalita sa inyo ngayon, labis akong natuwa, at napakumbaba rin. Maraming oras kong pinag-isipan ang tungkol sa maibabahagi ko, at umaasa ako na mangungusap sa inyo nang malinaw ang Espiritu sa pamamagitan ng aking mensahe.

Sa Aklat ni Mormon, binasbasan ni Lehi ang lahat ng kanyang anak na lalaki bago siya pumanaw na nakatulong sa kanila na mabatid ang kanilang mga kakayahan at walang hanggang potensyal. Ako ang pinakabata sa walong magkakapatid, at noong isang taon, ako na lang ang naiwan sa tahanan namin sa kauna-unahang pagkakataon. Napakahirap para sa akin na hindi ko na kasama ang mga kapatid ko sa iisang tahanan at wala akong palaging makausap. May mga gabi na napakalungkot ko. Nagpapasalamat ako sa mga magulang ko, na ginawa ang lahat ng kanilang makakaya para tulungan ako. Isang halimbawa nito ay

noong sabihin ng aking ama na bibigyan niya ako ng basbas ng priesthood para mapanatag ako sa partikular na mahirap na panahong ito. Pagkatapos niya akong bigyan ng basbas ng priesthood, hindi kaagad nagbago ang mga bagay-bagay, pero nakadama ako ng kapayapaan at pagmamahal mula sa aking Ama sa Langit at sa aking ama. Mapalad ako na magkaroon ng isang karapat-dapat na ama na makapagbigay ng mga basbas ng priesthood

kapag kailangan ko ito at tumutulong sa akin para makita ko ang aking mga kalakasan at walang hanggang potensyal, tulad ng ginawa ni Lehi nang basbasan niya ang kanyang mga anak.

Anuman ang inyong sitwasyon, palagi ninyong mahihiling ang mga basbas ng priesthood. Sa pamamagitan ng mga miyembro ng pamilya, kaibigan, ministering brother, priesthood leader, at ng Ama sa Langit na hindi kayo bibiguin kailanman, makatatanggap kayo ng mga pagpapala ng priesthood. Sinabi ni Elder Neil L. Andersen: “Ang mga pagpapala ng priesthood ay lalong higit na dakila kaysa sa nahilingang magkaloob nito. . . . Kapag tayo ay karapat-dapat, pagyayamanin ng mga ordenansa ng priesthood ang ating buhay.”¹

Huwag mag-atubiling humingi ng basbas kapag kailangan ninyo ng karagdang patnubay. Sa ating mahihirap na sandali mas kinakailangan ang Espiritu na makatutulong sa atin nang lubos. Walang perpekto, at nakakaranas tayong lahat ng paghihirap. Maaaring dumaranas ang ilan sa atin ng pagkabalisa, depresyon, adiksiyon, o pakiramdam na hindi tayo karapat-dapat. Matutulungan tayo ng mga pagpapala ng priesthood na malampasan ang mga hamong ito at matanggap ang kapayapaan kapag sumusulong tayo patungo sa kinabukasan. Umaasa ako na magsisikap tayo na mamuhay nang karapat-dapat para matanggap ang mga pagpapalang ito.

Ang isa pang paraan na mapagpapala tayo ng priesthood ay sa



São Paulo, Brazil

pamamagitan ng patriarchal blessing. Natutuhan kong basahin ang aking patriarchal blessing kapag nalulungkot o nag-iisa ako. Tinutulungan ako ng aking patriarchal blessing na mawagaan ang potensyal ko at ang partikular na plano ng Diyos para sa akin. Pinapanatag at tinutulungan ako nito na makita ang mga bagay-bagay nang higit pa sa aking pananaw sa mundo. Ipinapaalala nito sa akin ang mga kaloob na ibinigay sa akin at ang mga pagpapalang matatangap ko kung mamumuhay ako nang karapat-dapat. Tinutulungan din ako nito na maalala at mapanatag na maglalaan ang Diyos ng mga sagot at bagong oportunidad para sa akin sa eksaktong tamang sandali na pinakakailangan ko ito.

Tumutulong ang mga patriarchal blessing na maihanda tayo na makabalik sa ating Ama sa Langit upang makapiling Siya. Alam ko na ang mga patriarchal blessing ay mula sa Diyos at matutulungan tayo nito na madaig ang ating mga kahinaan. Hindi nagmula ang mga mensaheng ito sa mga manghuhula; sinasabi sa atin ng patriarchal blessing ang kailangan nating marinig. Ang patriarchal blessing ay parang *Liahona* para sa bawat isa sa atin. Kapag inuuna natin ang Diyos at nananampalataya sa Kanya, aakayin Niya tayo palabas ng ating sariling ilang.

Katulad ng pagkakaloob ng Diyos ng priesthood kay Joseph Smith upang maipanumbalik ang mga pagpapala ng ebanghelyo, matatanggap natin ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa ating buhay sa pamamagitan ng priesthood. Bawat linggo ay binibigyan tayo ng pribilehiyo at oportunidad na tumanggap ng sakramento. Sa pamamagitan ng ordenansa ng priesthood na ito, mapapasaatin ang Espiritu upang lagi nating makasama, na lilinis at magpadalisay sa atin. Kung nararamdaman ninyo na may kinakailangan kayong alisin mula sa inyong buhay, kausapin ang isang mapagkakatiwalaang lider na makatutulong sa inyo na makabalik sa tamang landas. Matutulungan kayo ng inyong mga lider na magamit ang buong kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.



Dahil sa priesthood, maaari din tayong makatanggap ng mga pagpapala ng mga ordenansa ng templo. Simula noong makapasok ako sa templo, ginawa kong mithiin at prayoridad na pumunta roon nang regular. Sa paglalaan ng oras at paggawa ng mga sakripisyong kinakailangan upang maging mas malapit sa aking Ama sa Langit sa Kanyang banal na tahanan, nabiyayaan akong makatanggap ng paghahayag at mga inspirasyon na tala-gang nakatulong sa buong buhay ko.

Sa pamamagitan ng priesthood, mapapalakas tayo. Ang priesthood ay nagdadala ng liwanag sa ating mundo. Sinabi ni Elder Robert D. Hales: “Kung wala ang kapangyarihan ng priesthood, ‘ang buong mundo ay lubusang mawawasak’ (tingnan sa D at T 2:1–3). Walang liwanag, walang pag-asa—pawang kadiliman lamang.”²

Pinalalakas ng Diyos ang ating kalooban. Nais Niya na bumalik tayo sa Kanya. Kilala Niya tayo nang personal. Kilala Niya kayo. Mahal Niya tayo. Lagi Siyang nagmamalasakit sa atin at pinagpapala tayo kahit na sa pakiramdam natin ay hindi ito nararapat sa atin. Nalalaman Niya kung ano ang kailangan natin at kung kailan natin ito kailangan.

“Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo’y mangakasusumpung; magsituktok kayo, at kayo’y bubuksan:

“Sapagka’t ang bawa’t humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpung; at ang tumutuktok ay binubuksan” (Mateo 7:7–8).


Kung wala pa kayong patotoo tungkol sa priesthood, hinihikayat ko kayo na manalangin at hilinging malaman para sa inyong sarili ang tungkol sa kapangyarihan nito at pagkatapos ay basahin ang mga banal na kasulatan para marinig ang mga salita ng Diyos. Alam ko na kung magsisikap tayo para maranasan ang kapangyarihan ng priesthood ng Diyos sa ating buhay, pagpapalain tayo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Neil L. Andersen, “Kapangyarihan sa Priesthood,” *Liahona*, Nob. 2013, 92.
2. Robert D. Hales, “Blessings of the Priesthood,” *Ensign*, Nob. 1995, 32.



SA INYO NA AKING KAPWA MGA TAGAPAGJUNGKOD, NINA LINDA CURLEY CHRISTENSEN AT MICHAEL MALIM



Ni Enzo Serge Petelo
Miyembro ng Meadow Wood Ward,
Provo Utah Edgemont Stake

Paano Pinagpapala ng Priesthood ang mga Kabataan

Binibigyan tayo ng pagkakataong maglingkod tulad ng mga anghel, ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kontinente sa mundo, at tulungan ang mga kaluluwa na mapalapit kay Cristo.

Mga kapatid, lubos akong nagpapasalamat para sa pagkakataong makapagbahagi sa inyo sa makasaysayang gabi na ito tungkol sa banal na kaloob ng priesthood at sa kagila-gilalas na kapangyarihan nito na pagpalain ang mga kabataan sa dispensasyong ito. Dalangin ko na sa kabila ng aking mga kahinaan ay gabayan ako ng Espiritu sa pagtuturo ng katotohanan.

Ipinaalala ng Unang Panguluhan sa mga mayhawak ng Aaronic Priesthood na “[kayo] ay nabubuhay sa panahon na puno ng mga oportunidad at hamon—ang panahon kung kailan naipanumbalik ang priesthood. [Kayo] ay may awtoridad na pangasiwaan ang mga ordenansa ng Aaronic Priesthood. Kapag ginamit [ninyo] nang may panalangin at nang karapat-dapat ang awtoridad na iyan, makatutulong [kayo] nang malaki sa buhay ng mga nasa paligid ninyo.”¹ Bilang mga kabataang lalaki ng Simbahan, pinaaalalahanan din tayo na tayo ay mga “minamahal na

anak na lalaki ng Diyos, at may gawain Siyang ipinagagawa sa [atin],”² at tayo ay tutulong sa Kanyang gawain na “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Ang priesthood ang awtoridad na mangasiwa ng mga ordenansa at tipan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas sa mga taong karapat-dapat na makatanggap ng mga ito. Sa pamamagitan ng

mga ordenansa ng priesthood na ito at ng mga banal na tipan, dumarating ang kabuuan ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na tumutulong sa atin na matamo ang ating banal na tadhana.

Si Joseph Smith ay isang binatilyo na tinawag ng Diyos upang ipanumbalik ang ebanghelyo ni Jesucristo at, para sa layuning iyan, pinagkalooban siya ng priesthood na ginamit niya para pagpalain ang buong sangkatauhan. Nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 135 ang marami sa mga pagpapala na ipinagkaloob ni Joseph sa mga kabataan ng dispensasyong ito. Mababasa natin: “Si Joseph Smith . . . ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. . . . Kanyang inilabas ang Aklat ni Mormon . . . ; ipinadala ang kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo . . . sa apat na sulok ng mundo; inilabas ang mga paghahayag at kautusang bumubuo sa aklat . . . ng Doktrina at mga Tipan . . . ; tinipon ang maraming libu-libong Banal sa mga Huling Araw, . . . at nag-iwan ng katanyagan at pangalan na hindi maaaring mapatay” (Doktrina at mga Tipan 135:3).

Para epektibong makapaglingkod tulad ng ginawa ni Joseph, kailangan nating maging karapat-dapat sa paggamit ng kapangyarihan ng priesthood ng Panginoon. Habang isinasalin ang Aklat ni Mormon, ninais nina Joseph at Oliver Cowdery na mabinyagan, ngunit wala silang wastong awtoridad. Noong Mayo 15, 1829, lumuhod sila para manalangin at binisita sila ni



Eagle Mountain, Utah, USA

Juan Bautista, na nagkaloob sa kanila ng mga susi at awtoridad ng Aaronic Priesthood at nagwikang, “Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan” (Doktrina at mga Tipan 13:1).

Binibigyan tayo ng pagkakataong maglingkod tulad ng mga anghel, ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kontinente sa mundo, at tulungan ang mga tao na mapalapit kay Cristo. Kasama natin sa pagsasakatuparan ng layuning ito sina Juan Bautista, Moroni, Joseph Smith, Pangulong Russell M. Nelson, at ang iba pang masisigagis na tagapaglingkod ng Panginoon.

Pinagkakaisa ng paglilingkod na ginagawa natin sa ilalim ng patnubay ng Kanyang priesthood at sa pamamagitan ng kapangyarihan ding iyon ang mga taong tapat sa pagsunod at pagpapamuhay ng mga turo ng Panginoon nang may kahustuhan, na alam ko mismo na mahirap kapag nararanasan natin ang mga pagsukob ng kabataan. At ang pakikiisa sa mga kapwa tagapaglingkod na ito ng Panginoon sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ay makatutulong sa atin na mapalakas tayo laban sa mga tukso at panlilinlang ng kaaway. Maaari kayong magsilbing liwanag sa lahat ng mga taong hindi sigurado sa kanilang mga sarili. Magniningning nang husto ang liwanag na nasa inyo kaya mapagpapala ang lahat ng makasalamuha ninyo sa pamamagitan lamang ng pagiging malapit sa inyo. Kung minsan, maaaring mahirap kilalanin ang mga taong pinaglilingkuran natin, ngunit nagpapasalamat ako na alam ko na miyembro ako ng isang matapat na korum ng priesthood na maaari akong makipagtulungan para mas mapalapit kay Cristo.

Bukod sa ating mga kaibigan at kapamilya, ang Espiritu Santo ang isa sa ating pinakamatapat at

mapagkakatiwalaang katuwang. Gayunpaman upang maanyayahan ang Kanyang palagiang paggabay, kailangan nating ilagay ang ating mga sarili sa mga sitwasyon at lugar kung saan nanaisin Niyang pumaroon. Maaari itong magsimula sa ating sari-ling tahanan kapag sinisikap natin na gawin itong banal na lugar sa pamamagitan ng pakikibahagi sa araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan at pagdarasal kasama ng ating pamilya at, higit sa lahat, kapag personal tayong nag-aaral ng mga banal na kasulatan at nagdarasal nang mag-isa.

Noong unang bahagi ng taong ito, nagkaroon ako ng isang masaya at nakakapagpakumbaba na pagkakataong tulungan ang aking nakababatang kapatid na babae na si Oceane na sumulong sa landas ng tipan sa pamamagitan ng pagtanggap sa paanyayang magpabinyag at isagawa ang isa sa mga kinakailangang gawin para makapasok sa kahariang selestiyal. Ipinagpaliban niya nang isang buwan ang kanyang binyag, hanggang sa maordenan ako bilang isang priest, para mabigyan ako ng pagkakataong isagawa ang ordenansa habang ang iba pa naming mga kapatid na babae ay nagkaroon din ng pagkakataong maglingkod sa ilalim ng pagtatalaga ng priesthood at magsilbi bilang mga saksi. Habang nakatayo kami sa magkabilang panig ng bautismuhan at naghahanda na lumusong sa tubig, napansin ko na napakasaya niya tulad ko. At naramdaman kong nagkakaisa kami dahil ginawa niya ang tamang desisyon. Dahil sa pagkakataong ito na magamit ang priesthood, kailangan kong maging mas maingat at hindi kaswal sa pamumuhay ko nang ayon sa ebanghelyo. Para makapagtanda, araw-araw akong nagpunta sa templo noong linggong iyon, sinuportahan ako ng aking ina, lola, at kapatid, upang magsagawa ng mga binyag para sa patay.

Maraming naituro sa akin ang karanasang ito tungkol sa priesthood at kung paano ko ito magagamit nang karapat-dapat. Alam ko na maaari ring naramdaman ng lahat ng

mayhawak ng priesthood ang naramdaman ko kung susundin natin ang halimbawa ni Nephi na “humayo at gumawa” (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Hindi tayo maaaring tumungang lang at umasa na gagamitin tayo ng Panginoon sa Kanyang dakilang gawain. Hindi natin dapat hintayin pa na humingi sa atin ang mga taong nangangailangan ng ating tulong; tungkulin natin bilang mga mayhawak ng priesthood na maging mabubuting halimbawa at tumayo bilang mga saksi ng Diyos. Kung gumagawa tayo ng mga desisyon na nakahadlang sa ating walang hanggang pag-unlad, kailangan nating magbago ngayon. Gagawin ni Satanas ang lahat para manatili ang ating makamundong paghahangad sa mababaw na mga kasiyahan. Ngunit alam ko na kung magsisikap tayo, hahana-pin ang mga susuporta sa atin, at magsisisi tayo araw-araw, magiging kamangha-mangha ang ibubungang mga pagpapala at mababago magpakailanman ang ating buhay habang nagpapatuloy tayo sa paglakad sa landas ng tipan.

Alam ko na ito ang totoong Simbahan ni Jesucristo na ating Tagapagligtas at nagkaloob Siya ng mga susi ng priesthood sa Kanyang mga Apostol, na ginagamit para gabayan tayo, lalo na sa mahirap na mga araw na ito, at ihanda ang mundo sa Kanyang pagbabalik.

Alam ko na si Joseph Smith ang propeta ng Panunumbalik at si Pangulong Nelson ang ating buhay na propeta ngayon. Inaanyayahan ko tayong lahat na pag-aralan ang buhay ng mga dakilang mayhawak ng priesthood na ito at sikaping pagbutihin ang ating mga sarili araw-araw para maging handa tayo na humarap sa ating Tagapaglikha. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Ang Unang Panguluhan, sa *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos* (buklet, 2010), 5.
2. Tema ng Aaronic Priesthood quorum, sa *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 10.1.2, ChurchofJesusChrist.org.



Ni Jean B. Bingham
Relief Society General President

Nagkakaisa sa Pagsasakatuparan ng Gawain ng Diyos

Ang pinaka-epektibong paraan para matamo natin ang ating banal na potensyal ay magtulungan, nang may basbas ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood.

Kahanga-hanga kong mga kapatid, nagalak akong makasama kayo. Saan man kayo nakikinig, ipinaaabot ko ang aking mga yakap sa aking mga kapatid na babae at marubdob na pakikipagkamay sa mga kapatid na lalaki. Nagkakaisa tayo sa gawain ng Panginoon.

Kapag iniisip natin ang tungkol kina Adan at Eva, madalas ang unang pumapasok sa isip natin ay ang kanilang tila perpektong buhay sa Halaman ng Eden. Naiisip ko na palaging maganda ang klima roon—hindi masyadong mainit at hindi rin masyadong malamig—at sagana ang masasarap na prutas at gulay sa paligid kaya maaari silang kumain kailanman nila naisin. Dahil bago ang mundong ito para sa kanila, marami silang maaaring matuklasan, kaya ang bawat araw ay kapana-panabik habang nakikisalamuha sila sa mga hayop at nililibot nila ang kanilang magandang kapaligiran. Binigyan din sila ng mga kautusan na

susundin at mayroon silang iba't ibang paraan ng pagtugon sa mga tagubilin iyon, na nagbunga ng bahagyang pagkabalisa at pagkalito sa una.¹ Ngunit sa paggawa nila ng mga pasiya na nagpabago sa kanilang mga buhay magpakailanman, natutuhan nilang magtulungan at magkaisa sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos para sa kanila—at para sa lahat ng Kanyang anak.

Ngayon, isipin ang naging buhay ng mag-asawang ito sa lupa. Kina-ilangan nilang magtrabaho para sa kanilang pagkain, ang tingin sa *kanila* ng ilan sa mga hayop ay pagkain, at nakaranas sila ng mahihirap na hamon na malalagpasan lamang kapag nagsanggunian at nagdasal sila nang magkasama. Siguro mayroong ilang pagkakataon na magkaiba ang kanilang opinyon tungkol sa kung paano haharapin ang mga hamong iyon. Gayunman, sa pamamagitan ng Pagkahulog, natutuhan nila na

malalagang kumilos nang may pagkakaisa at pagmamahal. Sa pagtuturo at pagsasanay sa kanila ng Diyos, itinuro sa kanila ang plano ng kaligtasan at ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo na nagpapagana sa planong ito. Dahil naunawaan nila na iisa ang kanilang layunin sa mundo at sa kawalang-hanggan, nakahanap sila ng kaluguran at tagumpay sa pagkatuto na gumawa nang may pagmamahal at kabutihan nang magkasama.

Nang magkaroon sila ng mga anak, itinuro nina Adan at Eva sa kanilang pamilya ang mga natutuhan nila mula sa mga banal na sugo. Nagtuon sila sa pagtulong sa kanilang mga anak na maunawaan din at matanggap ang mga alituntuning iyon na magpapasaya sa kanila sa buhay na ito, at na maghahanda rin sa kanila na makabalik sa kanilang mga magulang sa langit matapos dagdagan ang kanilang mga kakayahan at patunayan ang kanilang pagkamasunurin sa Diyos. Sa prosesong ito, natutuhan nina Adan at Eva na pahalagahan ang kanilang magkaibang mga kalakasan at sinuportahan nila ang isa't isa sa kanilang mahalagang gawain na pang-walang-hanggan.²

Sa paglipas ng daan-daan at pagkatapos ay libu-libong taon, ang pagiging malinaw ng inspirado at magkaugnay na kontribusyon ng mga kalalakihan at kababaihan ay naging malabo dahil sa mga maling impormasyon at hindi pagkakaunawaan. Sa panahon sa pagitan ng napakagandang simulang iyon sa Halaman ng Eden at ng kasalukuyan, ang kaaway ay bahagyang naging matagumpay sa kanyang mithiin na pag-awayin ang kalalakihan at kababaihan sa kanyang mga pagtatangkang supilin ang ating mga kaluluwa. Alam ni Lucifer na kung masisira niya ang pagkakaisa na nararamdaman ng mga kalalakihan at kababaihan, kung malilito niya tayo tungkol sa ating banal na kahalagahan at mga pinagtipanang tungkulin, magtatagumpay siya sa pagsira ng mga pamilya, na siyang pinakamahalagang bahagi ng kawalang-hanggan.

Nag-uudyok si Satanas ng pagkumpara na paraan niya para makalikha ng pakiramdam na pagiging mas nakatataas o mas nakabababa, at maitago ang walang-hanggang katotohanan na ang mga likas na pagkakaiba ng mga kalalakihan at kababaihan ay ibinigay ng Diyos at parehong pinahahalagahan. Tinatangka niyang pawalang-halaga ang mga kontribusyon ng mga kababaihan kapwa sa pamilya at sa lipunan, at sa gayong paraan, nababawasan ang kanilang nakapagbibigay-inspirasyong impluwensya para sa kabutihan. Ang kanyang mithiin ay maudyukan sila na magkumpitensya kung sino ang mas maimpluwensya sa halip na ikatuwa ang mga natatanging kontribusyon ng mga kalalakihan at kababaihan na bubuo sa isa't isa at makaaambag sa pagkakaisa.

Kaya, sa paglipas ng mga taon at sa buong mundo, naglaho ang lubos na pagkaunawa sa mga banal at magkaugnay ngunit magkaibang kontribusyon at responsibilidad ng mga kababaihan at kalalakihan. Sa maraming lipunan, naging mas mababa ang tingin sa mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan sa halip na maging magkapantay sila, at ang mga aktibidad ng mga kababaihan ay limitado lamang. Labis na bumagal ang espirituwal na pag-unlad noong mahihirap na panahong iyon; katunayan, kakaunting espirituwal na liwanag lamang ang nakakapasok sa isip at pusong nakatuon sa tradisyon ng pagiging mas nakatataas.

At pagkatapos ay nagningning ang liwanag ng ipinanumbalik na ebanghelyo nang “higit pa sa liwanag ng araw”³ nang magpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo sa binatilyong si Joseph Smith noong maagang tagsibol ng 1820 sa sagradong kakahuyang iyon sa liblib na hilagang bahagi ng New York. Ang pangyayaring iyan ay nagpasimula ng makabagong pagbuhos ng paghahayag mula sa langit. Isa sa mga unang bahagi ng orihinal na Simbahan ni Cristo na naipanumbalik ay ang awtoridad ng priesthood

ng Diyos. Sa patuloy na pagsulong ng Pagpapanumbalik, nagsimulang mapagtanto muli ng kalalakihan at kababaihan ang kahalagahan at potensyal ng paggawa bilang magkatuwang, na binigyan Niya ng awtoridad at patnubay sa banal na gawaing ito.

Noong 1842, nang naisin ng mga kababaihan ng nagsisimula pa lamang na Simbahan na bumuo ng isang opisyal na grupo para makatulong sa gawain, nabigyang-inspirasyon si Pangulong Joseph Smith na isaayos sila “sa ilalim ng priesthood ayon sa pagkakaayos sa priesthood.”⁴ Sabi niya, “[Ipinagkakaloob] ko ngayon ang susi para sa inyo sa ngalan ng Diyos . . .—ito ang simula ng mas magagandang araw.”⁵ At mula nang ipagkaloob ang susing iyon, nagsimulang lumawak ang pagkakataon ng kababaihan sa edukasyon, pulitika, at ekonomiya sa iba’t ibang dako ng mundo.⁶

Ang bagong organisasyon na ito ng Simbahan para sa kababaihan, na pinangalanang Relief Society, ay hindi tulad ng ibang samahan ng mga kababaihan dahil ito ay itinatag ng isang propeta na kumilos nang may awtoridad ng priesthood para bigyan ang mga kababaihan ng awtoridad, mga banal na tungkulin, at mga opisyal na posisyon sa loob ng kaayusan ng Simbahan, at hindi hiwalay rito.⁷

Mula sa panahon ni Pangulong Joseph Smith hanggang sa ating panahon, ang patuloy na pagpapanumbalik ng lahat ng bagay ay naghatid ng kalinawagan na kailangan ang awtoridad at kapangyarihan ng priesthood sa pagtulong sa kalalakihan at kababaihan na maisakatuparan ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos sa kanila. Kamakailan, itinuro sa atin na ang mga kababaihang itinalaga sa ilalim ng patnubay ng isang mayhawak ng mga susi ng priesthood ay gumaganap nang may *awtoridad ng priesthood* sa kanilang mga tungkulin.⁸

Noong Oktubre 2019, itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na ang mga kababaihang tumanggap na ng endowment sa templo ay may *kapangyarihan ng priesthood* sa kanilang buhay at sa kanilang mga tahanan kapag tinutupad nila ang mga banal na tipang ginawa nila sa Diyos.⁹ Ipinaliwanag niya na “ang kalangitan ay bukas din sa *kababaihan* na pinagkalooban ng kapangyarihan ng Diyos na nagmumula sa kanilang mga tipan sa priesthood tulad ng kalalakihan na nagtataglay ng priesthood.” At hinikayat niya ang lahat ng kababaihang miyembro na “[gamitin] tuwina ang kapangyarihan ng Tagapagligtas upang tulungan ang inyong pamilya at iba pang mga mahal ninyo sa buhay.”¹⁰

Kaya, ano ang kahulugan niyon para sa inyo at sa akin? Paano nababago ng pag-unawa sa awtoridad at kapangyarihan ng priesthood ang ating buhay? Ang isa sa mga susi ay maunawaan na kapag nagtutulungan ang kababaihan at kalalakihan mas marami tayong nagagawa kaysa kapag gumagawa tayo nang kanyakanya.¹¹ Ang ating mga tungkulin ay magkatugma sa halip na magkakumpetensya. Bagama’t ang kababaihan ay hindi inoorden sa isang katungkulan sa priesthood, tulad ng nabanggit kanina, ang mga kababaihan ay pinagkakalooban ng kapangyarihan ng priesthood kapag tinutupad nila ang kanilang mga tipan, at kumikilos sila nang may awtoridad ng priesthood kapag itinalaga sila sa isang tungkulin.



Syracuse, Utah, USA

Isang magandang araw ng Agosto, nagkaroon ako ng pribilehiyo na makausap si Pangulong Russell M. Nelson sa muling itinayong bahay nina Joseph at Emma Smith sa Harmony, Pennsylvania, malapit sa lugar kung saan naipanumbalik ang Aaronic Priesthood sa mga huling araw na ito. Sa aming pag-uusap, nagsalita si Pangulong Nelson tungkol sa mahalagang ginampanan ng kababaihan sa Pagpapanumbalik.

Pangulong Nelson: “Isa sa pinakamahahalagang aspeto na naaalala ko kapag pumupunta ako sa lugar na ito kung saan naganap ang pagpapanumbalik ng priesthood ay ang mahalagang ginampanan ng kababaihan sa Pagpapanumbalik.

“Nang unang simulan ni Joseph ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, sino ang naging tagasulat? Oo, nagsulat din siya, ngunit kakaunti lamang. Tinulungan siya ni Emma na magsulat.

“At pagkatapos ay naiisip ko ang tungkol sa pagpunta ni Joseph sa kakahuyan upang manalangin malapit sa kanilang bahay sa Palmyra, New York. Saan siya pumunta? Pumunta siya sa Sagradong Kakahuyan. Bakit siya pumunta roon? Dahil doon pumupunta ang kanyang ina kapag nais nitong magdasal.

“Sila ay dalawa lamang sa mga kababaihan na nagkaroon ng mahalagang papel sa pagpapanumbalik ng Priesthood at sa Pagpapanumbalik ng Simbahan. Masasabi natin nang walang pag-aalinlangan na ang ating mga asawa ay mahalaga rin ngayon tulad nila noon. Talagang mahalaga sila.”

Tulad nina Emma, Lucy, at Joseph, pinakamarami tayong nagagawa kapag handa tayong matuto mula sa isa’t isa at nagkakaisa sa ating mithiin na maging mga disipulo ni Jesucristo at tulungan ang iba na nasa landas na iyon.

Itinuro sa atin na “ang priesthood ay nagpapala sa mga buhay ng mga anak ng Diyos sa napakaraming paraan. . . . Sa mga tungkulin sa [Simbahan], ordenansa sa templo, ugnayan sa pamilya, at tahimik at indibiduwal na ministeryo, ang mga kababaihan at kalalakihan na Banal sa mga Huling

Araw ay sumusulong nang may kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. Ang pag-uugnay ng kalalakihan at kababaihan sa pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay mahalaga sa ebanghelyo ni Jesucristo na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.”¹²

Ang pagkakaisa ay mahalaga sa banal na gawain na pribilehiyo natin at tinawag tayo na gawin, ngunit hindi ito basta-basta nangyayari. Kailangan ang pagsisikap at panahon para makapag-usap nang mabuti at magsanggunian sa isa’t isa—makinig sa isa’t isa, unawain ang mga pananaw ng bawat isa, at magbahagi ng mga karanasan—ngunit ang mga resulta nito ay mas inspiradong mga desisyon. Sa bahay man o sa ating mga responsibilidad sa Simbahan, ang pinakamainam na paraan para matamo natin ang ating banal na potensyal ay magtulungan, nang may basbas ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood sa ating magkakaiba ngunit magkakatugmang mga tungkulin.

Ano ang magandang halimbawa ng pagtutulungan na iyon sa buhay ng mga pinagtipanang kababaihan ngayon? Magbibigay ako ng isa.

Pambihira ang pagtutulungan nina Alison at John. Sumasali sila sa maiikli at mahahabang karera gamit ang isang bisikletang pandalawahan. Para magtagumpay sa paligsahan gamit ang bisikletang iyon, kailangang nagkakaisa ang dalawang nakasakay. Kailangan

nilang humilig sa parehong direksyon sa tamang panahon. Hindi maaaring sapawan ng isa ang isa pa, ngunit sa halip ay kailangan nilang mag-usap nang malinaw at gawin ang kani-kanyang bahagi. Ang captain o taong nakasakay sa harapan ang may kontrol kung kailan pepreno at kung kailan tatayo. Ang stroker o taong nakasakay sa likuran ay kailangang magmasid nang mabuti sa kung ano ang nangyayari at maging handa na magbigay ng karagdagan lakas kung nahuhuli na sila o maghinay-hinay kung masyado na silang malapit sa iba pang nagbibisikleta. Kailangan nilang suportahan ang isa’t isa para makausad sila at makamit ang kanilang mithiin.

Paliwanag ni Alison: “Sa una, ang captain ang magsasabi ng ‘Tayo’ kapag kailangan naming tumayo at ‘Preno’ kapag kailangan naming tumigil sa pagpedal. Di-magtatagal pagkatapos, matututuhan ng stroker kung kailan tatayo o pepreno ang kapitan, kaya wala nang kailangang sabihin. Natutuhan namin na mahiwatigan ang kalagayan ng isa’t isa at masasabi namin kung nahihirapan na ang isa sa amin at [pagkatapos] sisikapin ng isa na gawin ang hindi na makaya ng isa. Napakahalaga talaga ng pagtitiwala at pagtutulungan.”¹³

Nagkakaisa sina John at Alison hindi lamang sa pagpedal nila sa kanilang bisikleta, maging sa pagsasama rin nila bilang mag-asawa. Mas hangad ng bawat isa ang kaligayahan ng isa’t isa kaysa sa sariling kaligayahan; ang



Provo, Utah, USA



bawat isa ay naghahanap ng kabutihan sa isa't isa at nagsisikap na madaig ang sariling mga kahinaan nila. Naghalinhinan sila sa pamumuno at sa pagbibigay ng mas higit pa kapag nahihirapan ang isa sa kanila. Pinahalagahan ng bawat isa ang kontribusyon ng isa't isa at nakahanap sila ng mas magagandang sagot sa kanilang mga hamon nang pagsamahin nila ang kanilang mga talento at pinagkukunan. Talagang nakabuklod sila sa isa't isa sa pamamagitan ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo.

Ang pagiging mas nakaayon sa banal na huwaran ng pagtutulungan nang may pagkakaisa ay napakahalaga sa panahong ito na napaliligiran tayo ng mga makasariling pananaw. Ang mga kababaihan ay mayroong mga natatanging banal na kaloob¹⁴ at binigyan ng mga natatanging responsibilidad, ngunit ang kahalagahan ng mga iyon ay hindi mas malaki—o mas kaunti—kaysa sa mga kaloob at responsibilidad ng mga kalalakihan. *Lahat* ay nilayon at kailangan para maisakatuparan ang banal na plano ng Ama sa Langit na mabigyan ang bawat isa sa Kanyang mga anak ng pinakamagandang pagkakataon na matamo ang kanyang banal na potensyal.

Ngayon, “kailangan namin [ang mga] kababaihang may tapang at pag-unawa ng ating Inang si Eva”¹⁵ na makikipagtulungan sa kanilang mga kapatid na lalaki sa pagdadala ng mga kaluluwa kay Cristo.¹⁶ Kailangan maging mga tunay na katuwang ang mga kalalakihan sa halip na isiping sila lang ang responsable o “magkunwaring” nakikipagtulungan gayong ang mga kababaihan ang gumagawa

ng karamihan sa gawain. Kailangang maging handa ang mga kababaihan na “kumilos at sumulong [at] gawin ang [kanilang] responsibilidad”¹⁷ bilang mga katuwang sa halip na isiping kailangan nila itong gawin nang mag-isa o maghintay sila na sabihan kung ano ang gagawin.¹⁸

Ang pagturing sa mga kababaihan bilang mahalagang katuwang ay hindi tungkol sa pagsusulong ng “pagkakapantay-pantay” kundi tungkol sa pag-unawa sa katotohanan ng doktrina. Sa halip na magtatag ng programa para maisakatuparan iyon, maaari tayong magsumikap na pahalagahan ang mga kababaihan tulad ng pagpapahalaga ng Diyos sa kanila: bilang mahahalagang katuwang sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan.

Handa na ba tayo? Sisikapin ba nating madaig ang kulturang may kinikilingan at sa halip ay tanggapin ang mga banal na huwaran at gawi na batay sa saligang doktrina? Inaanyayahin tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na “[magtutulong] sa sagra-dong gawaing ito . . . [na tulongan] ang mundo na maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.”¹⁹ Sa paggawa nito, matututuhan nating pahalagahan ang kontribusyon ng bawat indibiduwal at mas mapapaigting ang pagganap sa ating mga banal na tungkulin. Makadarama tayo ng higit na kagalakan ngayon kaysa noon.

Nawa'y piliin ng bawat isa sa atin na makiisa sa inspiradong paraan ng Panginoon para makatulong na maisulong ang Kanyang gawain. Sa pangalan ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Genesis 3:1–18; Moises 4:1–19.
2. Tingnan sa Moises 5:1–12. Ang mga talatang ito ay nagtuturo tungkol sa totoong pagtutulongan nina Adan at Eva: nagkaroon sila ng mga anak (talata 2); nagtutulong sila sa pagtugon sa mga pangangailangan nila at ng kanilang pamilya (talata 1); magkasama silang nagdasal (talata 4); magkasama silang sumunod sa mga kautusan ng Diyos at nag-alay ng mga hain (talata 5); natuto sila (mga talata 4, 6–11) at magkasamang itinuro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang mga anak (talata 12).
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:16.

4. Joseph Smith, sa Sarah M. Kimball, “Auto-Biography,” *Woman's Exponent*, Set. 1, 1883, 51; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 528.
5. Joseph Smith, sa “Nauvoo Relief Society Minute Book,” 40, josephsmithpapers.org.
6. Tingnan sa George Albert Smith, “Address to the Members of the Relief Society,” *Relief Society Magazine*, Dis. 1945, 717.
7. Tingnan sa John Taylor, sa Nauvoo Relief Society Minutes, Mar. 17, 1842, makikita sa churchhistorianspress.org. Ayon kay Eliza R. Snow, itinuro rin ni Joseph Smith na ang mga kababaihan ay pormal na isinaayos noong mga nakaraang dispensasyon (tingnan sa Eliza R. Snow, “Female Relief Society,” *Deseret News*, Abr. 22, 1868, 81; *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* [2011], 1–7).
8. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2014, 49–52.
9. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Mga Espirituwal na Kayamanan,” *Liahona*, Nob. 2019, 78, 79.
10. Russell M. Nelson, “Mga Espirituwal na Kayamanan,” 77.
11. “Ngunit itinuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ang walang hanggang ideya na ang mag-asawa ay kapwa *umaasa* sa isa't isa. Sila ay magkapantay. Sila ay magkatuwang” (Bruce R. at Marie K. Hafen, “Pagpapatibay ng Pagsasama at Pagiging Pantay na Magkatuwang,” *Liahona*, Ago. 2007, 28).
12. Gospel Topics, “Joseph Smith's Teachings about Priesthood, Temple, and Women,” topics.ChurchofJesusChrist.org.
13. Personal na liham.
14. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” *Liahona*, Nob. 2015, 95–97.
15. Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 97.
16. Tingnan sa *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 1.4, ChurchofJesusChrist.org.
17. Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 97.
18. “Mahal kong kababaihan, anuman ang inyong tungkulin, anuman ang inyong kalagayan, kailangan namin ang inyong mga impresyon, ideya, at inspirasyon. Kailangan namin kayong tuwiran at hayagang magsalita sa mga ward at stake council. Kailangan namin ang bawat kababaihang may asawa na magsalita bilang ‘isang tumutulong at ganap na katuwang’ sa pakikiisa ninyo sa inyong asawa sa pamumuno sa inyong pamilya. May asawa man o wala, taglay ninyong kababaihan ang naiibang mga kakayahang at natatanging intuwisyon na ipinagkaloob sa inyo ng Diyos. Hindi namin matutularang mga kalalakihan ang inyong kakaibang impluwensya. . . . “ . . . Kailangan namin ang inyong lakas!” (Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 97).
19. Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 97.

ANG UNANG PANGULUHAN



Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo



Russell M. Nelson
Pangulo



Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard



Jeffrey R. Holland



Dieter F. Uchtdorf



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen



Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund



Gerrit W. Gong



Ulisses Soares

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



L. Whitney Clayton



Patrick Kearon



Carl B. Cook



Robert C. Gay



Terence M. Vinson




José A. Teixeira



Carlos A. Godoy

MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(inayos ayon sa alpabeto)



Marcos A. Aldukaitis



Ruben V. Allaud



Jose L. Alonso



Jorge M. Alvarado



Ian S. Ardern



Steven R. Bangarter



W. Mark Bassett



David S. Baxter



Jorge T. Becerra



Randall K. Bennett



Hans T. Boom



Shayne M. Bowen



Mark A. Bragg



L. Todd Budge



Matthew L. Carpenter



Yoon Hwan Choi



Craig C. Christensen



Weatherford T. Clayton



Valeri V. Cordón



J. Devin Cornish



Joaquin E. Costa



LeGrand R. Curtis Jr.



Massimo De Leo



Benjamin De Hoyos



Edward Dube



Kevin R. Duncan



Timothy J. Dyches



David F. Evans



Enrique R. Farabolla



Randy D. Funk



Eduardo Gavarret



Jack N. Gerard



Ricardo P. Ginez



Taylor G. Godoy



Christoffel Golden



Walter F. González



Brook P. Hales



Kevin S. Hamilton



Allen D. Haynie



Mathias Held



Matthew S. Holland



David P. Homer



William K. Jackson



Jeremy R. Jaggi



Kelly R. Johnson



Paul V. Johnson



Peter M. Johnson



Larry S. Kacher



Jörg Klebingat



Joni L. Koch



Erich W. Kopischke



Hugo E. Martínez



James B. Martino



Richard J. Maynes



John A. McCune



Kyle S. McKay



Peter F. Meurs



Hugo Montoya



Thierry K. Mutombo



Marcus B. Nash



K. Brett Nattress



S. Gifford Nielsen



Brent H. Nielson



Adrian Ochoa



Adeyinka A. Ojediran



S. Mark Palmer



Adilson de Paula Parrella



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



John C. Pingree Jr.



Rafael E. Pino



James R. Rasband



Michael T. Ringwood



Lynn G. Robbins



Gary B. Sabin



Ciro Schneil



Evan A. Schmutz



Joseph W. Sitati



Vern P. Stanfill



Benjamin M. Z. Tai



Brian K. Taylor



Michael John U. Teh



Juan A. Uceda



Arnulfo Valenzuela

ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies
Unang Tagapayo



Gerald Causse
Presiding Bishop
Tagapayo



W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo

SUNDAY SCHOOL



Milton Camargo
Unang Tagapayo



Mark L. Pace
Pangulo



Jan E. Newman
Pangalawang Tagapayo



Michelle Craig
Unang Tagapayo



Bonnie H. Cordon
Pangulo



Becky Craven
Pangalawang Tagapayo



Sharon Eubaik
Unang Tagapayo



Jean B. Bingham
Pangulo



Reyna I. Aburto
Pangalawang Tagapayo



Lisa L. Hakness
Unang Tagapayo



Joy D. Jones
Pangulo



Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo



Ahmad S. Corbett
Unang Tagapayo



Steven J. Lund
Pangulo



Bradley R. Wilcox
Pangalawang Tagapayo

MGA GENERAL OFFICER


RELIEF SOCIETY



Reyna I. Aburto
Pangalawang Tagapayo



Lisa L. Hakness
Unang Tagapayo



Joy D. Jones
Pangulo



Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo



Ahmad S. Corbett
Unang Tagapayo



Steven J. Lund
Pangulo



Bradley R. Wilcox
Pangalawang Tagapayo

Abril 2020



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Siya ay Nagpapatiuna sa Atin

Pinamumunuan ng Panginoon ang Pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo at ng Kanyang Simbahan. Alam na alam Niya ang mga mangyayari sa hinaharap. Inaanyayahan Niya kayong makibahagi sa gawain.

Mahal kong mga kapatid, nagpasalamat akong makasama kayo sa pangkalahatang kumperensyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa kanyang paanyaya na pagnilayan kung paano napagpala ang buhay natin at ng mga mahal natin sa buhay ng Pagpapanumbalik ng Panginoon sa Kanyang Simbahan sa

huling dispensasyong ito, nangako si Pangulong Russell M. Nelson na hindi lamang magiging napakaganda ang ating karanasan kundi hindi rin ito malilimutan.

Napakaganda ng karanasan ko, at alam ko na gayon din kayo. Ang pagiging di-malilimutan nito ay nakadepende sa bawat isa sa atin. Mahalaga iyan sa akin dahil nabago ako ng karanasan sa paghahanda para sa kumperensyang ito kaya't nais kong palaging madama ito. Ipapaliwanag ko.

Dinala ako ng paghahanda ko sa pagbabasa ng tala tungkol sa isang pangyayari sa Pagpapanumbalik. Maraming beses ko nang nabasa ang pangyayaring iyan, ngunit para sa akin noon tila isang tala lang ito ng tungkol sa isang mahalagang pulong kasama si Joseph Smith, na propeta ng Pagpapanumbalik. Ngunit sa pagkakataong ito nang basahin ko ito, nalaman ko kung paano tayo pinamumunuan ng Panginoon, ng Kanyang mga disipulo, sa Kanyang Simbahan. Nakita ko ang kahalagahan para sa ating mga tao na mapamunuan ng Tagapagligtas ng sanlibutan, ang Manlilikha—na nakababatid sa lahat ng bagay, noon, ngayon, at sa hinaharap. Tinuturuan Niya tayo nang paunti-unti at ginagabayan tayo, nang hindi namimilit.

Ang pulong na binabanggit ko ay isang napakahalagang sandali sa Pagpapanumbalik. Iyon ay pulong sa araw ng Sabbath na idinaos noong Abril 3, 1836, sa Kirtland Temple sa Ohio, pitong araw matapos itong ilan. Inilarawan nang simple ni Joseph Smith ang dakilang sandaling ito sa kasaysayan ng mundo. Marami sa kanyang salaysay ay nakatala sa Doktrina at mga Tipan bahagi 110:

“Kinahapunan, tinulungan ko ang iba pang mga Pangulo sa pamamahagi ng Hapunan ng Panginoon sa Simbahan, tinatanggap ito mula sa Labindalawa, na kung kaninong pribilehiyo ito ay mangasiwa sa banal na hapag ngayong araw na ito. Matapos magawa ang paglilingkod na ito sa aking mga kapatid nagtungo ako sa



MAGPANTAY SA JESUCRISTO KINA PROPETANG JOSEPH SMITH AT OLIVER COWDERY, NI WALTER RANE



pulpito, naibaba na ang mga tabing, at iniyukod ang sarili, kasama si Oliver Cowdery, sa taimtim at tahimik na panalangin. Sa pagtayo mula sa panalangin, ang mga sumusunod na pangitain ay nabuksan sa aming dalawa.”¹

“Ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, at ang mata ng aming pang-unawa ay nabuksan.

“Aming nakita ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito, sa aming harapan; at sa ilalim ng kanyang mga paa ay isang gawa na nalalatagan ng lantay na ginto, na ang kulay ay gaya ng amarilyo.

“Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

“Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama.

“Masdan, ang inyong mga kasalanan ay pinatatawad na sa inyo; kayo ay malinis na sa aking harapan; samakatwid, itaas ang inyong mga ulo at magsaya.

“Magsaya ang mga puso ng inyong mga kapatid, at magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan.

“Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito.

“Oo, ako ay magpapakita sa aking mga tagapaglingkod, at mangungusap sa kanila sa sarili kong tinig, kung susundin ng aking mga tao ang aking mga kautusan, at kung hindi durumihan ang banal na bahay na ito.

“Oo ang mga puso ng libu-libo at sampu-sampung libo ay labis na magsasaya bunga ng mga pagpapalang ibubuhos, at sa endowment kung saan ang aking mga tagapaglingkod ay pinagkalooban sa bahay na ito.

“At ang katanyagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain; at ito ang simula ng mga pagpapala na ibubuhos sa mga ulo ng aking mga tao. Maging gayon nga. Amen.

“Matapos mapinid ang pangitaing ito, ang kalangitan ay muling binuksan sa amin; at si Moises ay nagpakita sa amin, at ipinagkatiwala sa amin ang mga susi ng pagtitipon sa Israel mula sa apat na sulok ng mundo, at ang pangunguna sa sampung lipi mula sa hilagang lupain.

“Matapos ito, si Elias ay nagpakita, at ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, sinasabi na sa pamamagitan namin at ng aming binhi lahat ng susunod na salinlahi sa amin ay pagpapalain.

“Matapos mapinid ang pangitaing ito, isa pang dakila at maluwalhating pangitain ang bumungad sa amin; sapagkat ang propetang si Elijah, na dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, ay tumindig sa aming harapan, at sinabi:

“Masdan, ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias—nagpapatotoong siya [si Elijah] ay isusugo, bago ang pagdating ng dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon—

“Upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, at baka ang buong mundo ay bagabagin ng isang sumpa—

“Samakatwid, ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkatiwala sa inyong mga kamay; at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na.”²

Ngayon, maraming beses ko nang nabasa ang salaysay na iyan. Pinagtibay sa akin ng Espiritu Santo na totoo ang salaysay. Ngunit habang nag-aaral ako at naghahanda para sa kumperensyang ito, mas malinaw kong naunawaan ang kapangyarihan ng Panginoon na pamunuan ang Kanyang mga disipulo sa Kanyang gawain.

Pitong taon bago ipinagkaloob ni Moises kay Joseph ang mga susi ng pagtitipon ng Israel sa Kirtland Temple, “nalaman ni Joseph mula sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon na ang layunin nito ay upang ‘ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel . . . nang kanilang malaman ang mga tipan ng Panginoon, na sila ay hindi itatakwil nang habang panahon.’ Noong 1831, sinabi ng Panginoon kay Joseph na ang pagtitipon ng Israel ay magsisimula sa Kirtland, ‘At mula roon [Kirtland], sinuman ang naisin ko ay hahayo sa lahat ng bansa . . . sapagkat ang Israel ay maliligtas, at akin silang aakayin.’”³

Bagama’t kailangan ang gawaing misyonero sa pagtitipon ng Israel, binigyang inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga lider na turuan ang Labindalawa, na naging ilan sa mga unang missionary natin, “Tandaan, hindi kayo hahayo sa ibang bansa, hangga’t hindi ninyo natatanggap ang inyong endowment.”⁴

Tila mahalaga ang Kirtland Temple noon sa bawat hakbang sa plano ng

Panginoon dahil sa dalawang dahilan: Una, hinintay ni Moises na maitayo ang templo upang maipanumbalik ang mga susi ng pagtitipon ng Israel. At pangalawa, itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith na “inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtayo ng templo [ang Kirtland Temple] kung saan maihahayag niya ang mga susi ng awtoridad at kung saan ang mga apostol ay mabibigyan ng endowment at maihahanda sa pagpungos ng kanyang ubasan sa huling pagkakataon.”⁵ Bagama’t ang temple endowment gaya ng alam natin ngayon ay hindi nagawa sa Kirtland Temple, bilang katuparan ng propesiya, ang mga preparatory ordinance sa templo ay nagsimula na doon, kaakibat ang pagbuhos ng mga espirituwal na pagpapamalas na naghanda sa mga tinawag na magmisyon na may pangakong kaloob na “kapangyarihan mula sa kaitaasan”⁶ na humantong sa malaking pagtitipon sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga missionary.

Matapos ipagkaloob kay Joseph ang mga susi ng pagtitipon ng Israel, nabigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Propeta na ipadala sa misyon ang mga miyembro ng Labindalawa. Habang pinag-aaralan ko ito, naging malinaw sa akin na detalyadong inihanda ng Panginoon ang paraan para makapagmisyon ang Labindalawa sa ibang bansa kung saan inihanda ang mga tao na maniwala at suportahan sila. Sa paglipas ng panahon, sa pamamagitan nila, libu-libo ang nadala sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon.

Batay sa ating mga talaan, tinatayang nasa pagitan ng 7,500 at 8,000 ang nabinyagan sa dalawang misyon ng Labindalawa sa British Isles. Ito ang naging pundasyon ng gawaing misyonero sa Europe. Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, mga 90,000 ang nagtipon sa Amerika, na karamihan sa mga ito ay nagmula sa British Isles at Scandinavia.⁷ Nabigyang-inspirasyon ng Panginoon si Joseph at ang matatapat na missionary na iyon na nagpagal para makapag-ani, sa panahong iyon, nang higit sa kakayahan nila. At

ang Panginoon, sa Kanyang perpektoong pananaw at paghahanda, ay ginawa itong posible.

Alalahanin ang tila simple at halos patulang pananalita mula sa bahagi 110 ng Doktrina at mga Tipan:

“Masdan, ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias—nagpapatotoong siya [si Elijah] ay isusugo, bago ang pagdating ng dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon—

“Upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, at baka ang buong mundo ay bagabagin ng isang sumpa—

“Samakatwid, ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay; at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na.”⁸

Pinatotohanan ko na nakita ng Panginoon ang hinaharap at kung paano Niya tayo pamumunuan para matulungan Siyang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin sa mga huling araw.

Habang naglilingkod ako noon sa Presiding Bishopric maraming taon na ang nakakaraan, naatasan akong bantayan ang design and development group na gumawa sa tinatawag nating FamilySearch. Buong ingat kong sinasabing “binantayan” ko ang paggawa nito, kaysa sabihing “pinangasiwaan” ko ito. Iniwan ng matatalinong tao ang kanilang propesyon at ginawa ang nais ipagawa ng Panginoon.

Ang Unang Panguluhan ay nagtakda ng mithiing bawasan ang mga duplikasyon ng mga ordenansa. Ang malaking inaalaala nila ay hindi natin magagawang malaman kung naisagawa na ang mga ordenansa sa isang tao. Sa loob ng ilang taon—o tila mga taon—tinanong ako ng Unang Panguluhan, “Kailan ninyo ito matatapos?”

Nang may panalangin, sigasig, at personal na sakripisyo ng mga taong mahuhusay, natapos ang gawain. Natapos ito nang paunti-unti. Ang unang gagawin ay gawing user

friendly ang FamilySearch para sa mga di sanay sa computer. Marami pang pagbabago ang dumating, at alam ko na patuloy na darating ang mga ito, dahil sa tuwing lulutasin namin ang isang problema, nakatatanggap kami ng mga karagdagang paghahayag para sa mga pagpapahusay na mahalaga rin ngunit hindi pa nakikita. Kahit ngayon, ang FamilySearch ay nagiging kung ano ang kailangan ng Panginoon bilang bahagi ng Kanyang Pagpapanumbalik—at hindi lamang para maiwasan ang duplikasyon ng mga ordenansa.

Tinutulungan tayo ng Panginoon sa pagpapahusay pa nito para matulungan ang mga tao na makilala at mahalin ang kanilang mga ninuno at makumpleto ang mga ordenansa nila sa templo. Ngayon, gaya ng tiyak na alam ng Panginoon na mangyayari, ang mga kabataan ay nagiging mga computer mentor sa kanilang mga magulang at miyembro ng ward. Nakadama silang lahat ng malaking kagalakan sa paglilingkod na ito.

Binabago ng diwa ni Elijah ang puso ng mga bata at matatanda, mga anak at magulang, mga apo at mga lolo’t lola. Ang mga templo ay muling masayang mag-iiskedyul ng mga pagbibinyag at iba pang mga sagradong ordenansa. Lalong tumitindi ang hangarin natin na paglingkuran ang ating mga ninuno at lalong tumitibay ang ugnayan ng mga magulang at mga anak.

Nakita ng Panginoon na mangyayari ang lahat ng ito. Pinlano Niya ito, paunti-unti, gaya ng ginawa Niya sa iba pang mga pagbabago sa Kanyang Simbahan. Ibinangon at inihanda Niya ang matatapat na tao na piniling gawin nang mahusay ang mahihirap na bagay. Noon pa man ay magiliw na Siyang nagtitiyaga sa pagtulong sa atin na matuto nang “taludtod sa taludtod; tuntunin sa tuntunin; kaunti rito at kaunti roon.”⁹ Tiyak Niya ang tamang oras at pagkakasunud-sunod ng Kanyang mga gagawin, gayunman tinitiyak Niya na madalas na naghahatid o maghahatid ng pagpapala ang pagsasakripisyo na hindi natin nakinita noon.

Magtatapos ako sa pasasalamat sa Panginoon—Siya na nagbigay-inspirasyon kay Pangulong Nelson na anyayahan akong magsakripisyo upang makapaghanda para sa kumperensyang ito. Nagdala ng pagpapala ang bawat oras at bawat panalangin habang naghanda ako.

Inaanyayahan ko ang lahat ng nakaririnig sa mensaheng ito o nakakabasa sa mga salitang ito na manampalataya na pinamumunuan ng Panginoon ang Pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo at ng Kanyang Simbahan. Siya ay nagpapatuina sa atin. Alam na alam Niya ang mga mangyayari sa hinaharap. Inaanyayahan Niya kayong maki-bahagi sa gawain. Kasama ninyo Siya sa gawaing ito. Mayroon Siyang plano para sa paglilingkod ninyo. At kahit nagsasakripisyo kayo, magagalak kayo habang tinutulungan ninyo ang ibang tao na maging handa para sa Kanyang pagdating.

Pinatototohanan ko sa inyo na buhay ang Diyos Ama. Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Kilala at mahal Niya kayo. Ginagabayan Niya kayo. Naghanda Siya ng daan para inyo. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 110, section heading; tingnan din sa Joseph Smith, “History, 1838–1856, volume B-1 [1 September 1834–2 November 1838],” Abr. 3, 1836, 727, josephsmithpapers.org.
2. Doktrina at mga Tipan 110:1–16.
3. Karl Ricks Anderson, *The Savior in Kirtland: Personal Accounts of Divine Manifestations* (2012), 276; Doktrina at mga Tipan 38:33.
4. Ibinigay sa responsibilidad ng apostol na pinangasiwaan ni Oliver Cowdery, sa “Minute Book 1,” Feb. 21, 1835, 162, josephsmithpapers.org.
5. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie (1955), 2:234.
6. Doktrina at mga Tipan 38:32.
7. Tingnan sa James B. Allen, Ronald K. Esplin, and David J. Whittaker, *Men with a Mission: The Quorum of the Twelve Apostles in the British Isles, 1837–1841* (1992), 53, 302; Brandon S. Plewe, ed., *Mapping Mormonism: An Atlas of Latter-day Saint History* (2012), 104.
8. Doktrina at mga Tipan 110:14–16.
9. 2 Nephi 28:30.



Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Melchizedek Priesthood at ang mga Susi

Sa Simbahan, ang awtoridad ng priesthood ay ginagamit sa ilalim ng pamamahala ng isang priesthood leader na mayhawak ng mga susi ng priesthood.

Pinili kong magsalita pa ng tungkol sa priesthood ng Diyos, ang paksang tinalakay na ng tatlong tagapagsalita na nagturo sa atin kung paano pinagpapala ng priesthood ang buhay ng mga kababaihan, kabataang babae, at mga kabataang lalaki.

Ang priesthood ay banal na kapangyarihan at awtoridad na ipinagkatiwala para magamit sa gawain ng Diyos para sa kapakinabangan ng lahat ng Kanyang anak. Ang *Priesthood* ay hindi ang mga taong inorden sa katungkulan sa priesthood o mga taong gumagamit ng awtoridad nito. Ang mga kalalakihang mayhawak na priesthood ay hindi ang priesthood. Bagama’t hindi natin dapat tawagin ang mga inorden na kalalakihan bilang *ang priesthood*, angkop silang tawagin na *mga mayhawak ng priesthood*.

Ang kapangyarihan ng priesthood ay parehong ginagamit sa Simbahan at tahanan. Ngunit naiiba ang paggamit

ng kapangyarihan ng priesthood at awtoridad ng priesthood sa Simbahan kaysa sa tahanan. Lahat ng ito ay



Provo, Utah, USA

nakaayon sa mga alituntuning itinatag ng Panginoon. Ang layunin ng plano ng Diyos ay akayin ang Kanyang mga anak patungo sa buhay na walang hanggan. Mahalaga ang mga mortal na pamilya sa planong iyan. Nariyan ang Simbahan para maglaan ng doktrina, awtoridad, at mga ordenansa na kinakailangan para maipagpatuloy ang pamilya sa kawalang-hanggan. Sa gayon, sinusuportahan ng pamilya at ng Simbahan ni Jesucristo ang isa't isa. Ang mga pagpapala ng priesthood—tulad ng kabuuan ng ebanghelyo at mga ordenansa tulad ng binyag, kumpirmasyon at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, temple endowment, at kasal na pang-walang hanggan—ay maaaring makamtan ng kalalakihan at kababaihan.¹

Ang priesthood na pinag-uusapan natin dito ay ang Melchizedek Priesthood, na ipinanumbalik sa pagsisimula ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo. Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay inorden nina Pedro, Santiago, at Juan, na ipinahayag ang kanilang sarili na “mga nagtataglay ng mga susi ng kaharian, at ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon” (Doktrina at mga Tipan 128:20). Natanggap ng mga senior na Apostol na ito ang awtoridad na iyan mula mismo sa Tagapagligtas. Lahat ng iba pang mga awtoridad o katungkulan sa priesthood ay nakaakibat sa Melchizedek Priesthood (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:5), dahil ito “ang may hawak ng karapatan ng panguluhan, at may kapangyarihan at karapatan sa lahat ng katungkulan sa simbahan sa lahat ng kapanahunan ng daigdig” (Doktrina at mga Tipan 107:8).

Sa Simbahan, ang awtoridad ng mas dakilang priesthood, ang Melchizedek Priesthood, at ang mas nakabababa o Aaronic Priesthood ay ginagamit sa ilalim ng pamamahala ng isang priesthood leader, tulad ng bishop o president, na mayhawak ng mga susi ng priesthood na iyon. Upang maunawaan ang paraan ng paggamit ng awtoridad ng priesthood sa Simbahan, dapat nating maunawaan ang alituntunin ng mga susi ng priesthood.

Ipinagkaloob nina Pedro, Santiago, at Juan ang mga susi ng Melchizedek Priesthood, ngunit hindi pa ryan nakumpleto ang pagpapanumbalik ng mga susi ng priesthood. Ang ilang susi ng priesthood ay ipinagkaloob kalauanan. Matapos ilaan ang unang templo sa dispensasyong ito sa Kirtland, Ohio, ipinanumbalik ng tatlong propeta—sina Moises, Elias, at Elijah—ang “mga susi ng dispensasyong ito,” kabilang ang mga susi na nauukol sa pagtitipon ng Israel at sa gawain ng mga templo ng Panginoon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110) tulad ng nakapanghihikayat na paliwanag kani-kanina ni Pangulong Eyring.

Ang pinakapamilyar na halimbawa ng gamit ng mga susi ay sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng priesthood. Ang ordenansa ay isang sagradong gawain na tanda ng paggawa ng mga tipan at ng mga pangakong pagpapala. Lahat ng ordenansa sa Simbahan ay isinasagawa nang may awtorisasyon ng priesthood leader na mayhawak ng mga susi para sa ordenansang iyon.

Ang isang ordenansa ay karaniwang isinasagawa ng mga taong inorden sa isang katungkulan sa priesthood na kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng taong mayhawak ng mga susi ng priesthood. Halimbawa, ang mga mayhawak ng iba-ibang katungkulan sa Aaronic Priesthood ang nangangasiwa sa ordenansa ng sakramento sa ilalim ng mga susi at pamamahala ng bishop, na mayhawak ng mga susi ng Aaronic Priesthood. Ang alituntunin ding ito ang ginagamit sa mga ordenansa ng priesthood na pinangangasiwaan ng mga kababaihan sa templo. Bagama't ang mga kababaihan ay walang hawak na katungkulan sa priesthood, ginagawa nila ang mga sagradong ordenansa ng templo nang may awtorisasyon ng temple president, na mayhawak ng mga susi para sa mga ordenansa ng templo.

Isa pang halimbawa ng awtoridad ng priesthood sa ilalim ng pamamahala ng isang mayhawak ng mga susi ay ang pagtuturo ng kalalakihan at kababaihan na tinawag na magturo ng ebanghelyo, ito man ay sa mga klase sa ward o sa mission field. Ang

iba pang mga halimbawa ay ang mga taong may katungkulan sa ward at ginagamit ang awtoridad ng priesthood sa kanilang pamumuno dahil sa kanilang mga calling at dahil sa pag-set-apart at pamamahala sa kanila ng priesthood leader na mayhawak ng mga susi sa ward o stake. Sa ganitong paraan ginagamit at natatamasa ang awtoridad at kapangyarihan ng priesthood sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.²

Ang awtoridad ng priesthood ay ginagamit din at ang mga pagpapala nito ay nakakamtan ng mga pamilyang Banal sa mga Huling Araw. Tinutukoy ko ang mga pamilya na ang mayhawak ng priesthood ay kasal sa kanyang asawa at mayroon silang mga anak. Isasama ko rin ang mga pamilya na naiba mula sa ganitong ideyal na pamilya dahil sa pagpanaw ng asawa o diborsiyo.

Ang alituntunin na magagamit lamang ang awtoridad ng priesthood sa ilalim ng pamamahala ng isang mayhawak ng mga susi para sa tungkuling iyon ay kinakailangan sa Simbahan, ngunit hindi ito angkop sa pamilya. Halimbawa, ang ama ang nangungulo at gumagamit ng priesthood sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood na hawak niya. Hindi na niya kailangan ang tagubilin o pagsang-ayon ng isang taong mayhawak ng mga susi ng priesthood para magawa ang iba't ibang tungkulin sa pamilya. Kabilang sa mga ito ang pagbibigay ng payo sa mga miyembro ng kanyang pamilya, pagdaraos ng mga pulong ng pamilya, pagbibigay ng mga basbas ng priesthood sa kanyang asawa at mga anak, o pagbibigay ng mga basbas ng paggaling sa mga kapamilya o iba pa.³ Nagtuturo ang mga awtoridad ng Simbahan sa mga miyembro ng pamilya ngunit hindi direktang ginagamit ang awtoridad ng priesthood sa pamilya.

Ginagamit ang ganito ring alituntunin kapag wala ang ama at ang namumuno sa pamilya ay ang ina. Siya ang nangungulo sa kanyang tahanan at kasangkapan sa pagdadala ng kapangyarihan at mga pagpapala

ng priesthood sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng kanyang endowment at pagbubuklod sa templo. Bagama't hindi siya awtorisadong magbigay ng basbas ng priesthood na maibibigay lamang ng isang taong mayhawak ng partikular na katungkulan sa priesthood, magagampanan niya ang lahat ng iba pang mga tungkulin bilang namumuno sa kanyang pamilya. Sa paggawa nito, nagagamit niya ang kapangyarihan ng priesthood para sa kapakinabangan ng mga anak na pinangunguluhan niya bilang namumuno sa kanyang pamilya.⁴

Kung lubos na gagamitin ng mga ama ang kanilang priesthood sa sarili nilang pamilya, maisusulong nito ang misyon ng Simbahan gaya ng anupamang bagay na magagawa nila. Dapat gamitin ng mga amang mayhawak ng Melchizedek Priesthood ang kanilang awtoridad “sa pamamagitan . . . ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig” (Doktrina at mga Tipan 121:41). Ang mataas na pamantayang iyan ng paggamit ng lahat ng awtoridad ng priesthood ay napakahalaga sa pamilya. Dapat ding sinusunod ng mga mayhawak ng priesthood ang mga kautusan upang matamo nila ang kapangyarihan ng priesthood sa pagbibigay ng mga pagpapala sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Dapat nilang pag-ibayuhin ang pagmamahal sa pamilya nang sa gayon ay naisin ng mga miyembro ng pamilya na humingi ng basbas sa kani-la. At dapat hikayatin ng mga magulang ang madalas na paghingi ng mga basbas ng priesthood sa pamilya.⁵

Sa mga miting ng kumperensyang ito, sa paghahanap natin ng sandaling makakanlungan mula sa mga alalahanin natin sa nakapipinsalang sakit na laganap sa buong mundo, naturuan tayo ng dakilang mga alituntunin na totoo magpakailanman. Hinihikayat ko ang bawat isa sa atin na maging “tapat” ang ating mata upang matanggap ang mga katotohanang ito na walang hanggan nang sa gayon ang ating buong katawan “ay mapupuspos ng liwanag” (3 Nephi 13:22).



Sa Kanyang sermon sa mga tao na nakatala sa Biblia at sa Aklat ni Mormon, itinuro ng Tagapagligtas na maaaring mapuspos ng liwanag o kadiliman ang mortal na katawan. Mangyari pa, gusto nating mapuspos ng liwanag, at itinuro sa atin ng Tagapagligtas kung paano natin magagawa ito. Dapat tayong makinig sa mga mensaheng tungkol sa mga katotohanang walang hanggan. Ginamit Niyang halimbawa ang ating mata, na sa pamamagitan nito ay nadadala natin ang liwanag sa ating katawan. Kung ang ating mata ay “tapat”—sa madaling salita, kung nagtutuo tayo sa pagtanggap ng walang hanggang liwanag at kaunawaan—ipinaliwanag Niya, “ang inyong buong katawan ay mapupuspos ng liwanag” (Mateo 6:22; 3 Nephi 13:22). Ngunit kung “masama ang [ating] mata”—ibig sabihin, kung nagtutuo tayo sa masama at dinadala iyan sa ating katawan—nagbabala Siya, “ang buo ninyong katawan ay mapupuspos ng kadiliman” (talata 23). Sa madaling salita, ang liwanag o kadiliman sa ating katawan ay nakabatay sa kung paano natin nauunawaan—o tinatanggap—ang mga walang hanggang katotohanan na itinuturo sa atin.

Dapat nating tanggapin ang paanayaya ng Tagapagligtas na maghanap at magtanong upang maunawaan ang mga walang hanggang katotohanan. Nangako Siya na handa ang ating Ama sa Langit na ituro sa lahat ang mga katotohanang hinahanap

nila (tingnan sa 3 Nephi 14:8). Kung hinahangad natin ito at tapat ang ating mata na tanggapin ang mga ito, ipinapangako ng Tagapagligtas na ang mga walang hanggang katotohanan ay “pagbubuksan” sa atin (tingnan sa 3 Nephi 14:7–8).

Kabaligtaran nito, matindi ang hangarin ni Satanas na lituhin ang isip natin o iligaw tayo tungkol sa mahahalagang bagay tulad sa mga paraan ng paggamit ng priesthood ng Diyos. Nagbabala ang Tagapagligtas sa gayong “mga bulaang propeta, na lumalapit sa inyo na nakadamit tupa, ngunit sa loob ay lobong maninila” (3 Nephi 14:15). Ibinigay Niya ang pagsubok na ito para tulungan tayo na piliin ang katotohanan mula sa iba’t ibang turo na maaaring makalito sa atin: “Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga,” ang turo Niya (3 Nephi 14:16). “Ang mabuting punungkahoy ay hindi maaaring magbunga ng masamang bunga, ni ang masamang punungkahoy ay [maaaring] magbunga ng mabuting bunga” (talata 18). Kung gayon, dapat nating tingnan ang mga resulta—“ang mga bunga”—ng mga alituntuning itinuturo at ang mga taong nagtuturo ng mga ito. Iyan ang pinakamainam na sagot sa maraming pagtutol na naririnig natin laban sa Simbahan at sa mga doktrina at pamamalakad at pamumuno nito. Sundin ang itinuro ng Tagapagligtas. Tumingin sa mga bunga—sa mga resulta.

Kapag iniisip natin ang tungkol sa mga bunga ng ebanghelyo at ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, nagagalak tayo kung gaano lumago ang Simbahan, sa mga panahong buhay ang mga miyembro nito, mula sa lokal na mga kongregasyon hanggang sa Inter-mountain West kung saan ang mahigit 16 na milyong miyembro nito ay naninirahan sa mga bansa maliban pa sa Estados Unidos. Sa paglagong iyan, naragdagan ang kapasidad ng Simbahan na tulungan ang mga miyembro nito. Tumutulong tayo sa pagsunod sa mga kautusan, sa pagtupad ng mga responsibilidad na ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo, sa pagtitipon ng Israel, at sa pagtatayo ng mga templo sa iba't ibang dako ng mundo.

Tayo ay pinamumunuan ng propeta na si Pangulong Russell M. Nelson, na ang pamumuno ay ginamit ng Panginoon para matamo ang pag-unlad na nadama natin sa buong mahigit na dalawang taon ng kanyang pamumuno. Ngayon mapalad tayong marinig si Pangulong Nelson, na magtuturo sa atin kung paano pa tayo uunlad sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo sa mapanghamong panahong ito.

Pinatototohanan ko na totoo ang mga bagay na ito at nakikiisa sa pagdarasal para sa ating propeta, na sunod nating mapapakinggan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Liahona*, Nob. 2005, 24–27.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Espirituwal na Kayamanan," *Liahona*, Nob. 2019, 76–79; Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," 24–27; Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2014, 49–52.
3. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2018, 65–68.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Espirituwal na Kayamanan," 76–79.
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona*, May 2018, 68–75; Dallin H. Oaks, "Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood," 65–68.



Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Pagbubukas ng Kalangitan para sa Tulong

Ipakita natin sa gawa ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo!

Talagang kakaiba at napakaganda ng kumperensyang ito! Salamat, mahal naming Laudy at Enzo. Napakahusay ng pagkatawan ninyo sa mga kahanga-hangang kabataang babae at lalaki ng Simbahan.

Mahal kong mga kapatid, marami tayong narinig ngayon tungkol sa Pagpapanumbalik ng Simbahan—ang mismong Simbahan na itinatag ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo noong Kanyang ministeryo sa lupa. Ang Pagpapanumbalik na iyan ay nagsimula 200 taon na ang nakalipas ngayong tagsibol nang ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ay nagpakita sa batang Joseph Smith.

Sampung taon makalipas ang pambihirang pangitaing ito, si Propeta Joseph Smith at limang iba pa ay tinawag na itatag ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon.

Mula sa maliit na grupong iyon na nagtipon noong Abril 6, 1830, nagkaroon ng isang pandaigdigang organisasyon ng mahigit 16 na milyong miyembro. Ang kabutihang nagagawa ng Simbahang ito sa buong mundo upang ibsan ang pagdurusa ng tao at bigyang-sigla ang sangkatauhan ay batid ng marami. Ngunit ang

pangunahing layunin nito ay tulungan ang kalalakihan, kababaihan, at mga pamilya na sundin ang Panginoong Jesucristo, sundin ang Kanyang mga utos, at maging marapat sa pinakadakilang sa lahat ng mga pagpapala—ang buhay na walang-hanggan kasama ng Diyos at ng mga mahal nila sa buhay.¹

Habang ipinagdiriwang natin ang pangyayari na nagsimula noong 1820, mahalagang alalahanin na bagama't iginagalang natin si Joseph Smith bilang propeta ng Diyos, hindi ito simbahan ni Joseph Smith, ni hindi ito simbahan ni Mormon. Ito ay Simbahan ni Jesucristo. Siya mismo ang nagsabi kung ano ang itatawag sa Kanyang Simbahan: "Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."²

Nagsalita na ako noon tungkol sa pagtatamang kailangang gawin sa pagtukoy natin sa pangalan ng Simbahan.³ Simula noon, marami nang nagawa upang maisagawa ang pagtatamang ito. Labis ang pasasalamat ko kay Pangulong M. Russell Ballard at sa buong Korum ng Labindalawang Apostol, na napakaraming nagawa upang pamunuan ang mga pagsisikap

na ito gayundin ang may kaugnayan sa isa pang inisyatibo na ibabalita ko sa gabing ito.

Ang mga lider ng Simbahan at mga departamento, kaugnay na mga entidad, at milyun-milyong mga miyembro—at ang iba pa—ay ginagamit na ngayon ang tamang pangalan ng Simbahan. Ang opisyal na style guide ng Simbahan ay binago. Ang pangunahing website ng Simbahan ngayon ay ChurchofJesusChrist.org. Ang mga email address, pangalan ng domain, at social media channels ay updated na. Ang mahal nating koro ngayon ay The Tabernacle Choir at Temple Square na.

Ginawa natin ang mga pambihirang pagsisikap na ito dahil kapag inalis natin ang pangalan ng Panginoon sa pangalan ng *Kanyang Simbahan*, di maiiwasang inalis natin *Siya* bilang sentro ng ating pagsamba at ng ating buhay. Sa pagtataglay natin ng pangalan ng Tagapagligtas sa binyag, nangangako tayong sasaksi, sa ating mga salita, isip, at gawa, na si Jesus ang Cristo.⁴

Dati, nangako ako na kung “gagawin natin ang lahat para ipanumbalik ang tamang pangalan ng Simbahan ng Panginoon, ibubuhos Niya ang Kanyang kapangyarihan at mga pagpapala sa mga Banal sa mga

Huling Araw, sa mga paraang hindi pa natin nakita kailanman.”⁵ Pinaniniba ko ko ang pangakong iyan ngayon.

Upang maalala natin Siya at maki-lala Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang ang *Simbahan ng Panginoon*, ikinalugod naming ipaalam ang isang simbolo na sasagisag sa sentral na lugar ni Jesucristo sa Kanyang Simbahan.

Kasama sa simbolong ito ang pangalan ng Simbahan na nasa loob ng isang bato sa panulok. Si Jesucristo ang pangulong bato sa panulok.⁶

Sa gitna ng simbolo ay ang representasyon ng marmol na estatwa na gawa ni Thorvaldsen na *Christus*. Ipinapakita nito ang nabuhay na mag-uli, at *buhay* na Panginoon na nakaunat ang kamay upang yakapin ang lahat ng lalapit sa Kanya.

Bilang simbolo, si Jesucristo ay nakatayo sa ilalim ng isang arko. Ipinapaalala sa atin ng arko ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na lumalabas mula sa libingan sa ikatlong araw matapos ang Pagpapako sa Kanya sa Krus.

Dapat pamilyar na ang marami sa simbolong ito, dahil matagal na nating iniugnay ang ipinapabalik na ebanghelyo sa *buhay*, at nabuhay na mag-uling Cristo.



Ang simbolong ito ay gagamitin na ngayon bilang visual identifier para sa opisyal na literatura, mga balita, at mga kaganapan ng Simbahan.⁷ Ipinapaalala nito sa lahat na ito ang Simbahan ng Tagapagligtas at lahat ng ginagawa natin bilang mga miyembro ng Kanyang Simbahan ay nakasentro kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Ngayon, mahal kong mga kapatid, bukas ay Linggo ng Palaspas, na itinuro nang napakahusay ni Elder Gong. Pagkatapos ay pumapasok tayo sa espesyal na linggo na hahantong sa pinakamahalagang sandali, ang Pasko ng Pagkabuhay. Bilang mga tagasunod ni Jesucristo, na nabubuhay sa panahon kung saan nagdudulot ng kaguluhan ang pandemyang COVID-19 sa buong mundo, huwag lang tayong mangusap tungkol kay Cristo o mangaral tungkol kay Cristo o gamitin ang isang simbolong sumasagisag kay Cristo.

Ipakita natin sa gawa ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo!

Tulad ng alam ninyo, sinusunod ng mga miyembro ng Simbahan ang batas ng ayuno isang araw bawat buwan.

Ang doktrina ng pag-aayuno ay sinauna. Ginagawa ito ng magiging na tao sa Biblia noon pa mang unang panahon. Sina Moises, David, Ezra, Nehemias, Esther, Isaias, Daniel, Joel, at marami pang iba ay nag-aayuno at nangaral tungkol sa pag-aayuno.⁸ Sa mga isinulat ni Isaias, sinabi ng Panginoon: “*Hindi* бага ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang?”⁹

Hinimok ni Apostol Pablo ang mga Banal sa Corinto na “iukol ang [inyong] sarili sa [pag-aayuno] at pananalangin.”¹⁰ Sinabi mismo ng Tagapagligtas na may ilang bagay na “hindi lumalabas *kundi* sa pamamagitan ng panalangin at ayuno.”¹¹

Sinabi ko kamakailan sa isang social media video na “bilang isang doktor

at surgeon, malaki ang paghanga ko sa mga propesyonal sa larangan ng medisina, sa mga siyentipiko, at sa lahat ng taong walang-tigil sa paggawa para mapigilan ang paglaganap ng COVID-19.”¹²

Ngayon, bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at bilang Apostol ni Jesucristo, *alam* ko na “taglay [ng Diyos] ang lahat ng kapangyarihan, lahat ng karunungan, at lahat ng kaa-laman; nalalaman niya ang lahat ng bagay, at isa siyang maawaing Katauhan, maging hanggang sa kaligtasan, sa mga yaong magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan.”¹³

Kaya, sa panahong ito ng matinding pagkabalisa, gaya nang kapag ang sakit ay nagiging pandemya, ang pinaka-natural na dapat nating gawin ay manawagan sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak—ang Dalubhasang Manggagamot—na ipakita ang Kanilang kagila-gilalas na kapangyarihan upang pagpalain ang mga tao sa mundo.

Sa mensahe ko sa video, inan-yayahan ko ang lahat na makiisa sa pag-aayuno noong Linggo, Marso 29, 2020. Maaaring nakita ng marami sa inyo ang video at nakiisa sa ayuno. Ang ilan ay maaaring hindi. Ngayon kailangan pa rin natin ng tulong mula sa langit.

Kaya ngayong gabi, mahal kong mga kapatid, sa diwa ng mga anak ni Mosias, na itinuon ang sarili nila sa maraming panalangin at pag-aayuno,¹⁴ at bilang bahagi ng ating pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020, nananawagan



ako para sa isa pang pandaigdigang ayuno. Para sa lahat ng pahihintulutan ng kanilang kalusugan, tayo nang mag-ayuno, manalangin, at muli nating pagkaisahin ang ating pananampalata-ya. Manalangin tayo nang may taimtim na pagsamo para malunasan itong pandemya sa buong mundo.

Inaanyayahan ko ang *lahat*, pati ang hindi natin miyembro, na mag-ayuno at manalangin sa Biyernes Santo, Abril 10, na ang pandemya sa kasalukuyan ay mapigilan, maprotekta-han ang mga nangangalaga sa kalusugan, na lumakas ang ekonomiya, at bumalik sa normal ang buhay.

Paano tayo nag-aayuno? Karaniwang dalawang kainan o 24-oras ang itinatagal nito. Ngunit kayo ang mag-pasiya kung ano ang maituturing ninyo na sakripisyo, habang inaala ninyo ang dakilang sakripisyong ginawa ng

Tagapagligtas para sa inyo. Tayo na at magkaisa sa pagsamo ng paggaling sa buong mundo.

Biyernes Santo *ang* pinakamainam na araw upang pakinggan *tayo* ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak!

Mahal kong mga kapatid, ipinahahayag ko ang matinding pagmamahal ko sa

inyo, kasama ang aking patotoo sa kabanalan ng gawaing kinabibilangan natin. Ito *ay* Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Siya ang namumuno at namamahala sa lahat ng ating ginagawa. Alam kong tutugon Siya sa mga pagsamo ng Kanyang mga tao. Pinatotohanan ko ang mga ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
2. Doktrina at mga Tipan 115:4.
3. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Tamang Pangalan ng Simbahan,” *Liahona*, Nob. 2018, 87–89.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Tamang Pangalan ng Simbahan,” 88.
5. Russell M. Nelson, “Ang Tamang Pangalan ng Simbahan,” 89.
6. Tingnan sa Mga Taga Efeso 2:20.
7. Sa pagrespeto sa kasagraduhan ng simbolo ng Simbahan at upang magkaroon ng legal na proteksyon, ang opisyal na simbolo ng Simbahan ay gagamitin lamang ayon sa pahintulot ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang dagdag na impormasyon ay makukuha sa pagkontak sa Intellectual Property Office ng Simbahan sa cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.
8. Tingnan sa Exodo 34:28; II Samuel 12:16; Ezra 10:6; Nehemias 1:4; Esther 4:16; Isaias 58:3; Daniel 9:3; Joel 2:12.
9. Isaias 58:6; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. I Mga Taga Corinto 7:5.
11. Mateo 17:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Russell M. Nelson, sa “Prophet Invites All to Fast and Pray for Relief from COVID-19,” Mar. 26, 2020, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
13. Alma 26:35.
14. Tingnan sa Alma 17:3.



London, England



Sesyon sa Linggo ng Umaga | 5 Abril 2020

Ni Elder Ronald A. Rasband
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Katuparan ng Propesiya

Maraming propesiya ang natupad sa pamamagitan ng Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Mahal kong mga kapatid, karangalan kong magsalita sa makasaysayang pangkalahatang kumperensyang ito sa paggunita ng Unang Pangitain ni Joseph Smith sa Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo, sa tinatawag na, walang duda, Sagradong Kakahuyan. Ang pangitaing iyon ay kamangha-manghang pasimula sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at ng lahat ng kaganapan na ibinunga nito, mula sa Aklat ni Mormon hanggang sa pagpapanumbalik ng awtoridad at mga susi ng priesthood, pag-oorganisa ng totoong Simbahan ng Panginoon, mga templo ng Diyos, at mga propeta at apostol na namamahala sa gawain sa mga huling araw na ito.

Sa banal na plano, ang mga sinaunang propeta ng Diyos, nang mainspirasyunan ng Espiritu Santo, ay nagpropesiya tungkol sa Pagpapanumbalik at sa mga mangyayari sa ating panahon, ang huling dispensasyon at ang kaganapan ng mga panahon. Ang mismong gawaing ito ay “nagbigay-inspirasyon sa mga kaluluwa” ng mga sinaunang tagakita.¹ Sa lahat ng mga henerasyon ng panahon, sila ay nagbadya, nanaginip, nakinita, at nagpropesiya tungkol sa hinaharap ng kaharian ng Diyos sa mundo, sa

tinawag ni Isaias na “isang kagilagilas na gawa at kamanghamangha.”²

Maraming propesiya ang natupad sa pamamagitan ng Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, kabilang ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Gayunman, bibigyang-diin ko lamang sa araw na ito ang ilan sa mga paborito ko. Ang mga ito ay itinuro sa akin ng mahal kong mga guro sa Primary at sa kandungan ng aking mabait na ina.

Si Daniel, na napigilan ang mga leon sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa pamamagitan ng mga naglilingkod na anghel ng Diyos, ay nakita ang ating panahon sa

pangitain. Sa pagbibigay-kahulugan sa panaginip ni Haring Nabucodonosor ng Babilonia, ipinropesiya ni Daniel na maitatatag ang Simbahan ng Panginoon sa mga huling araw gaya ng isang maliit na bato na “natibag sa bundok, hindi ng mga kamay.”³ “Hindi ng mga kamay,” na ibig sabihin ay sa pamamaraang banal, lalaganap ang Simbahan ng Panginoon hanggang sa mapuno nito ang buong mundo, “na hindi [na] magigiba kailan man . . . [kundi] lalagi magpakailan man.”⁴

Isang matibay na patunay na natutupad na ang mga salita ni Daniel ay ang panood at pakikinig ng mga miyembro ng Simbahan, mula sa lahat ng dako ng mundo, sa kumperensya ngayon.

Inilarawan ng tapat na si Apostol Pedro ang “mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay . . . buhat pa nang una.”⁵ Isinulat ni Apostol Pablo na sa kaganapan ng mga panahon, “[ti] tipunin [ng Diyos] ang lahat ng mga bagay kay Cristo,”⁶ “na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok.”⁷ Naramdaman ko nang napakatindi ang mga propesiyang iyon noong makibahagi ako sa paglalaan ng Rome Italy Temple. Naroon ang lahat ng propeta at apostol na nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo, ang Manunubos ng sanlibutan, gaya ng nagpapatotoo nina Pedro at Pablo. Ang Simbahan ay buhay na halimbawa ng pagpapanumbalik na iyan, mga kapatid, at ang mga miyembro natin ay mga saksi ng mga banal na propesiyang iyon noon.

Ipinropesiya ni Jose ng Egipto na sa mga huling araw “isang tagakita



North Salt Lake, Utah, USA



ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita sa bunga ng aking balakang.”⁸ “Sapagkat gagawin niya ang gawain [ng Panginoon].”⁹ Si Joseph Smith, ang propeta ng Pagpapanumbalik, ay ang tagakitang iyon.

Ipinropesiya ni Juan na Tagapaghayag ang tungkol sa isang anghel ng Makapangyarihang Diyos na tinitipong magkakasama ang mahahalagang bahagi ng Pagpapanumbalik sa mga salitang ito: “At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa’t bansa, at angkan, at wika, at bayan.”¹⁰ Si Moroni ang anghel na iyon. Nakita niya ang ating panahon tulad ng nakatala sa Aklat ni Mormon. Sa paulit-ulit na pagpapakita, inihanda niya si Joseph Smith para sa ministeryo nito, kabilang ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo.

Nagpropesiya ang iba pang mga propeta tungkol sa ating panahon. Nangusap si Malakias tungkol kay Elijah na papagbabaliking-loob “ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang.”¹¹ Dumating na si Elijah, at bunga nito, mayroon na tayong 168 na mga templo ngayon sa iba’t ibang dako ng mundo. Bawat templo ay naglilingkod sa mga karapat-dapat na miyembro na gumagawa ng mga

sagradong tipan at tumatanggap ng mga ordenansa para sa kanilang sarili at sa kanilang mga pumanaw na ninuno. Ang sagradong gawaing ito na inilarawan ni Malakias ay “sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.”¹²

Nabubuhay tayo sa panahong iyan na ipinropesiya; tayo ang mga tao na binigyan ng responsibilidad

bago ang pagdating ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; titipunin natin ang mga anak ng Diyos, yaong mga makikinig at tatanggapin ang mga katotohanan, tipan, at pangako ng walang-hanggang ebanghelyo. Tinatawag ito ni Pangulong Nelson na “*pinakamalaking* hamon, na *pinakamagiting* na layunin, at *ang pinakadakilang* gawain sa mundo ngayon.”¹³ Pinatotohanan ko ang himalang iyan.

Sa atas ni Pangulong Russell M. Nelson, noong Pebrero ng taong ito, inilaan ko ang Durban South Africa Temple. Buong buhay kong maaalala ang araw na iyon. Kasama ko ang mga miyembro na tumanggap ng ebanghelyo tulad ng ipinropesiya ni Jeremias noon—“isa sa isang bayan, at dalawa sa isang angkan.”¹⁴ Pinagkakaisa tayong lahat ng doktrina ni Jesucristo—sa buong mundo—bilang mga anak ng Diyos, bilang magkakapatid sa ebanghelyo. Anuman ang hitsura natin o pananamit, tayo ay nagkakaisang tao sa Ama sa Langit na ang plano mula sa simula ay mapagsamasamang muli ang Kanyang pamilya sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa templo.

Sa isang maliit na pagtitipon ng mga mayhawak ng priesthood sa isang schoolhouse sa Kirtland, Ohio, noong 1834, ipinropesiya ni Propetang Joseph, “Kakaunti lang ang nakikita ninyong Pagkasaserdote ngayong gabi,

subalit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang daigdig.”¹⁵

Sa nakalipas na mga taon, naglakbay ako sa iba’t ibang dako ng mundo para makapulog ang mga miyembro ng Simbahan. Ang mga Kapatid ko sa Korum ng Labindalawang Apostol ay may gayon ding mga gawain. Gayunman, sino ang makapapantay sa iskedyl ng ating mahal na propeta na si Pangulong Nelson, na naging makapulog ang mga Banal sa kanyang unang dalawang taong paglalakbay bilang Pangulo ng Simbahan sa 32 bansa at teritoryo ng U.S.¹⁶ upang magpatotoo tungkol sa buhay na Cristo.

Naaalala ko nang matanggap ko ang aking mission call noong binata pa ako. Gusto kong maglingkod sa Germany, gaya ng aking ama, kapatid, at bayaw. Hindi ko na hinintay ang pag-uwi ng kahit sino, nagmadali akong pumunta sa mailbox at binuksan ang mission call. Nabasa ko na tinawag ako sa Eastern States Mission na ang headquarters ay sa New York City. Nadismaya ako, kaya pumasok ako sa loob at binasa ang aking mga banal na kasulatan para mapanatag. Nagsimula akong magbasa sa Doktrina at mga Tipan: “Masdan, at narito, ako ay maraming tao sa lugar na ito, sa mga pook sa paligid; at isang pintuan ang bubuksan sa mga lugar sa paligid dito sa silangang lupain.”¹⁷ Ang propesiyang iyan, na ibinigay kay Propetang Joseph Smith noong 1833, ay isang paghahayag sa akin. Nalaman ko sa sandaling iyon na tinawag ako sa mismong mission na nais ng Panginoon na paglingkuran ko. Itinurow ko ang Pagpapanumbalik at ang kamangha-manghang pagsisimula nito nang mangusap ang ating Ama sa Langit kay Joseph Smith at sinabing, “Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!”¹⁸

Ang higit na mahalaga para sa buong Simbahan ay ang propesiya ni Isaias, mahigit 700 taon na ang nakalipas bago ang pagsilang ni Jesucristo: “At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng

Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, . . . at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon.”¹⁹

Sa aking isipan ngayon, nailalarawan ko ang milyun-milyong miyembro natin at mga kaibigan na nakakonekta sa mga kaganapang ito sa pamamagitan ng telebisyon, internet, o iba pang paraan. Nakaupo tayo na parang magkakasama “sa taluktok ng mga bundok.”²⁰ Si Brigham Young ang yaong nangusap ng propesiyang “Ito ang tamang lugar.”²¹ Ang mga Banal, ilan sa kanila ay sarili kong mga ninunong pioneer, ay gumawa upang maitatag ang Sion sa Rocky Mountains “sa kalooban at kasiyahan Niya na namamahala sa mga bansa ng mundo.”²²

Nakatayo ako ngayon sa sagradong lugar na umaakit sa milyun-milyong panauhin. Noong 2002, ang Salt Lake City ang napiling pagdausan ng Winter Olympic Games. Ang Tabernacle Choir ang umawit sa mga opening ceremony, at ang Simbahan ay nagbigay ng mga konsiyerto at programa para sa mga panauhin at mga nakibahagi mula sa maraming bansa. Lagi kong maaalala ang templo na nakikita sa likuran ng mga nagbobroadcast

noon ng mga balita gabi-gabi sa buong mundo.

Sa nakaraang mga taon, ang mga presidente ng Estados Unidos, mga hari, hukom, prime minister, ambasadador, at mga opisyal mula sa maraming lupain ay nagsiparito sa Salt City at nakipag-usap sa ating mga lider. Si Pangulong Nelson ang naging punong-abala sa mga lider ng National Association for the Advancement of Colored People, isang organisasyon ng Estados Unidos na nagsusulong sa pantay na mga karapatan nang walang diskriminasyon batay sa lahi. Naaalala ko na nakatayo ako katabi ng mga kaibigan at lider na ito nang sumama si Pangulong Nelson sa kanila sa panawagan na magkaroon ng higit na paggalang at pagkakaisa ng mga lahi sa mundo.²³

Marami pa ang pumarito sa Temple Square at nakipagpulong sa mga lider ng Simbahan. Halimbawa, nitong nakalipas na taon, babangitin ko ang ilan, malugod naming sinalubong ang pagdating ng United Nations 68th Civil Society Conference, isang pandaigdigang pagtitipon at ang una sa ganitong uri ng kaganapan sa labas ng New

York City. Nakapulung namin ang Vietnam’s Committee for Religious Affairs at ang mga ambasadador mula sa Cuba, Philippines, Argentina, Romania, Sudan, Qatar, at Saudi Arabia. Malugod din naming sinalubong ang pagdating ng secretary general ng Muslim World League.

Ang inilalarawan ko ay ang katuparan ng propesiya ni Isaias na sa mga huling araw, ang mga bansa ay magsisiparoon sa “bundok ng bahay ng Panginoon.”²⁴ Ang magandang Salt Lake Temple ay nakatayo sa gitna ng kamaharlikaan at kaluwalhatiang iyan.

Hindi ang tanawin ang nakaakit sa mga tao, bagama’t napakaganda ng ating lugar; kundi ang diwa ng dalisay na relihiyon na nakita sa diwa, pag-unlad, kabutihan, at pagiging bukas-palad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng mga tao nito; ang pagmamahal natin na tulad ng pagmamahal ng Diyos; at ang katapatan natin sa mas dakilang layunin, na tinawag ni Joseph Smith na “ang layon ni Cristo.”²⁵

Hindi natin alam kung kailan babalik ang Tagapagligtas, ngunit ito ang nalalaman natin. Dapat tayong maging handa sa puso at isipan, maging marapat para tanggapin Siya, at ikarangal ang maging bahagi ng lahat ng ipinropesiya noon pa man.

Pinatotohanan ko na si Pangulong Russell M. Nelson ay propeta ng Panginoon sa mundo, at sa tabi niya ay ang mga Apostol na tinawag ng Diyos, sinang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. At, mahal kong mga kapatid, patuloy pa rin ang Pagpapanumbalik.

Magtatapos ako sa propesiya ni Joseph Smith, mga salitang pinatotohanan ko na totoo: “Walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na.”²⁶ Pinatotohanan ko na ang mga propesiyang ito ni Joseph Smith ay natutupad na.

Ipinapangako ko sa inyo na sa inyong pagsunod sa mga inspiradong payo ng ating mahal na propeta na si Pangulong Russell M. Nelson, ng kanyang mga tagapayo, ng mga Apostol, at ng iba pang mga lider



Provo, Utah, USA

ng Simbahan, at kapag binigyang-pansin ninyo ang mga sinaunang propeta na nagpropesiya sa ating panahon, kayo ay mapupuspos, sa kaibuturan ng inyong puso at kaluluwa, ng diwa at gawain ng Pagpapanumbalik. Ipinapangako ko na makikita ninyo ang kamay ng Diyos sa inyong buhay, maririnig ang Kanyang mga pahiwatig, at madarama ang Kanyang pagmamahal. Sa pangalan ni Jesucristo, nang may pasasalamat para sa Pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo at Kanyang Simbahan, sa katibayan ng Kanyang walang-kapantay na pagmamahal, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 601.
2. Isaias 29:14.
3. Daniel 2:45; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 65:2.
4. Daniel 2:44.
5. Mga Gawa 3:21.
6. Mga Taga Efeso 1:10.
7. Mga Taga Efeso 2:20.
8. 2 Nephi 3:6.
9. 2 Nephi 3:8.
10. Apocalipsis 14:6.
11. Malakias 4:6.
12. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2017, 145.
13. Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
14. Jeremias 3:14.
15. Joseph Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 26.
16. Tingnan sa Valerie Johnson, “President Nelson Became the Prophet 2 Years Ago. What Has Happened Since Then?” *Church News*, Ene. 13, 2020, thechurchnews.com.
17. Doktrina at mga Tipan 100:3.
18. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
19. Isaias 2:2; tingnan din sa Mikas 4:1–2.
20. Isaias 2:2.
21. Ang pariralang “ito ang tamang lugar” ay unang iniugnay kay Brigham Young ni Wilford Woodruff habang nagsasalita sa pagdiriwang ng Pioneer Day noong Hulyo 1880 (tingnan sa “Pioneers’ Day,” *Deseret Evening News*, Hulyo 26, 1880, 2).
22. Brigham Young, Mar. 31, 1861, Historian’s Office reports of speeches, 1845–1885, Church History Library, Salt Lake City.
23. Tingnan sa “First Presidency and NAACP Leaders Call for Greater Civility, Racial Harmony,” Mayo 17, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
24. Isaias 2:2; tingnan din sa Mikas 4:1–2.
25. *Mga Turo: Joseph Smith*, 409.
26. *Mga Turo: Joseph Smith*, 165.



Ni Bonnie H. Cordon
Young Women General President

Upang Makita Nila

Maghanap at magdasal para sa mga pagkakataong magliwanag ang inyong ilaw upang makita ng iba ang daan patungo kay Jesucristo.

Mga minamahal kong kapatid, pinagpala at binago ang ating mga puso ng Espiritung nadama natin sa kumpe-rensang ito.

Dalawang daang taon na ang nakararaan, isang haligi ng liwanag ang tumuon sa isang binata sa kakahuyan. Sa liwanag na iyon, nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Hinawi ng Kanilang liwanag ang espirituwal na kadilimang bumalot sa mundo at itinuro nito ang daan para kay Joseph Smith—at para sa ating lahat. Dahil sa liwanag na inihayag noong araw na iyon, maaari nating matanggap ang kabuuan ng mga pagpapala na naging posible sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Dahil sa Pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo, maaari tayong mapuspos ng liwanag ng ating Tagapagligtas. Gayunman, ang liwanag na iyon ay hindi lamang para sa inyo at sa akin. Nanawagan sa atin

si Jesucristo na “hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.”¹ Nagustuhan ko ang pariralang “upang makita nila.” Ito ay isang taospusong paanyaya mula sa Panginoon na maging mas masigasig sa pagtulong sa iba na makita ang landas nang sa gayon ay makalapit sila kay Cristo.

Noong 10 taong gulang ako, ang aming pamilya ay nagkaroon ng karanalan na patuluyin sa aming tahanan si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol habang ginagawa niya ang iniatas sa kanya sa aming bayan.



Provo, Utah, USA



Brigham City, Utah, USA

Sa pagtatapos ng araw, ang aming pamilya at ang mga Perry ay umupo sa aming sala upang namnamin ang masarap na apple pie na gawa ng aking ina habang nagkukuwento si Elder Perry tungkol sa mga Banal sa buong mundo. Talagang namangha ako.

Palalim na ang gabi nang tawagin ako ng aking ina sa kusina at simpleng tinanong ako: “Bonnie, pinakin mo na ba ang mga manok?”

Nag-alala ako; hindi ko pa iyon nagagawa. Dahil ayokong umalis sa tabi ng Apostol ng Panginoon, iminungkahi ko na baka puwedeng mag-ayuno muna ang mga manok hanggang sa umaga.

Isang mariing “hindi puwede” ang naging tugon ng aking ina. Siya namang pagpasok ni Elder Perry sa kusina at sa kanyang malakas at masiglang tinig ay nagtanong, “Tama ba ang narinig ko na kailangang pakainin ang mga manok? Maaari ka ba naming tulungan ng aking anak?”

O, anong saya na ngayong pakainin ang mga manok! Tumakbo ako upang kunin ang aming malaking dilaw na flashlight. Sabik ko silang ginabayan habang palukso-lukso ako sa gamit na gamit nang daan patungo sa manukan. Tinawid namin ang mga taniman ng mais at trigo habang pagewang-gewang ang flashlight sa aking kamay.

Nang umabot kami sa maliit na kanal na ginagamit sa patubig, walang anu-ano ay tumalon ako patungo sa kabilang panig tulad ng ginagawa ko noong mga nakaraang gabi. Hindi ko alam na nahihirapan pala si Elder Perry na sundan ako sa madilim at hindi pamilyar na daang iyon. Ang aking pagewang-gewang na ilaw ay hindi nakatulong sa kanya na makita ang kanal. Dahil

walang sapat na ilaw upang makakita, siya ay napatapak mismo sa tubig at napasigaw. Natataranta akong bumaling at nakita kong tinatangal ng aking bagong kaibigan ang kanyang basang paa sa kanal at inaalís ang tubig sa kanyang mabigat na sapatos na yari sa balat.

Basa at babad man sa tubig ang kanyang sapatos, tinulungan ako ni Elder Perry na pakainin ang mga manok. Nang matapos kami, sinabi niya sa akin nang may pagmamahal, “Bonnie, kailangan kong makita ang daan. Kailangang maliwanag ang ilaw sa dinaraan ko.”

Nagliliwanag ang aking ilaw ngunit hindi sa paraang makatutulong kay Elder Perry. Ngayong alam ko nang kailangan niya ang aking ilaw upang ligtas na makatawid sa daan, itinatok ko ang flashlight sa mismong dinaraan niya at nakabalik kami sa bahay nang may kumpiyansa.

Mahal kong mga kapatid, sa loob ng maraming taon ay pinagnilayan ko ang alituntunin na natutuhan ko mula kay Elder Perry. Ang paanyaya ng Panginoon na hayaan na ang ating ilaw ay magliwanag ay hindi lamang tungkol sa pagwawagayway ng sinag ng ilaw at gawing mas maliwanag ang mundo sa pangkalahatan. Tungkol ito sa pagtutok ng ating ilaw upang

makita ng iba ang daan patungo kay Cristo. Ito ay pagtitipon sa Israel *sa bahaging ito ng tabing*—ang tulungan ang iba na makita ang susunod na hakbang tungo sa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Diyos.²


Nagpatotoo ang Tagapagligtas, “Masdan, ako ang ilaw; ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo.”³ Tingnan natin ang isa sa Kanyang mga halimbawa.

Ang babae sa balon ay isang Samaritano na hindi kilala si Jesucristo at itinuturing ng marami na hindi kabilang sa sarili nitong lipunan. Nakita ni Jesus ang babae at kinausap Niya ito. Nabanggit Niya rito ang tungkol sa tubig. Pagkatapos ay binigyan niya ng higit na liwanag ang babae nang ipahayag Niya na Siya ang “tubig na buhay.”⁴

Si Cristo ay nahabag sa kanya at alam ang kanyang mga pangangailangan. Kinausap Niya ang babae sa paraang mauunawaan nito at nagsimula Siya sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol sa isang bagay na pamilyar at pangkaraniwan. Kung itinigil Niya ang pag-uusap sa puntong ito, malamang na positibo pa rin ang kahihinatnan ng tagpong iyon. Ngunit hindi iyon magbubunga sa pagpunta ng babae sa bayan upang magpahayag, “Magsiparito kayo, tingnan ninyo . . . : mangyayari kayang ito ang Cristo?”⁵ Unti-unti, sa pamamagitan ng pag-uusap na iyon, nakilala niya si Jesucristo, at sa kabila ng kanyang nakaraan, nagsilbi siyang ilaw na nagbibigay-liwanag sa daan upang makita ito ng iba.⁶

Ngayon, tingnan natin ang kuwento ng dalawang tao na sumunod sa halimbawa ng Tagapagligtas na pinagliwanag ang kanilang ilaw. Kamakailan lamang, nakatabi sa hapunan ng aking kaibigan na si Kevin ang isang negosyante. Nag-alala siya kung ano ang pag-uusapan nila sa loob ng dalawang oras. Alinsunod sa pahiwatig na natanggap niya, nagtanong siya, “Kuwentuhan mo ako tungkol sa iyong pamilya. Saan sila nanggaling?”

Walang masyadong alam ang lalaki tungkol sa kanyang mga ninuno, kaya inilabas ni Kevin ang kanyang



telepono at sabi niya, “Mayroon akong app na nag-uugnay sa mga tao sa kanilang mga pamilya. Tingnan natin kung ano ang mahahanap natin.”

Pagkatapos ng isang mahabang pag-uusap, nagtanong ang bagong kaibigan ni Kevin, “Bakit napakahalaga ng pamilya sa inyong simbahan?”

Simple lang ang sagot ni Kevin, “Naniniwala kami na patuloy tayong nabubuhay pagkatapos nating mamatay. Kung kikilalanin namin ang aming mga ninuno at dadalhin ang kanilang mga pangalan sa isang banal na lugar na tinatawag na templo, maaari kaming magsagawa ng mga ordenansa ng kasal na magbubuklod sa aming mga pamilya maging pagkatapos ng kamatayan.”⁷

Nagsimula si Kevin sa isang bagay na pamilyar sa kanilang dalawa ng kanyang bagong kaibigan. Pagkatapos ay nakahanap siya ng paraan upang magpatotoo tungkol sa ilaw at pagmamahal ng Tagapagligtas.

Ang pangalawang kuwento ay tungkol kay Ella, isang manlalaro ng basketbol sa kolehiyo. Nagsimula ang kanyang halimbawa nang matanggap niya ang kanyang mission call habang nasa paaralan, malayo sa kanyang pamilya. Pinili niyang buksan ang kanyang mission call sa harapan ng kanyang koponan. Halos wala silang alam tungkol sa Simbahan ni Jesucristo at hindi nila

nauunawaan ang hangarin ni Ella na magmisyon. Paulit-ulit siyang nagdasal upang malaman kung paano ipaliliwanag ang kanyang mission call sa paraang madarama ng kanyang mga kasamahan sa koponan ang Espiritu. Ang kanyang sagot?

“Gumawa ako ng isang PowerPoint,” sabi ni Ella, “dahil ganoon ako kapursigido.” Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa posibilidad na maglingkod sa isa sa mahigit 400 mga mission at matuto ng isang bagong wika. Binanggit din niya na may libu-libong missionary na kasalukuyang naglilingkod. Nagtapos si Ella sa larawan ng Tagapagligtas at sa maikling patotoo na ito: “Ang basketbol ay isa sa pinakamahahalagang bagay sa aking buhay. Lumipat ako sa kabilang panig ng bansa at iniwan ko ang aking pamilya para sa ating coach at sa koponang ito. Ang tanging dalawang bagay na mas mahalaga sa akin kaysa sa basketbol ay ang aking pananampalataya at ang aking pamilya.”⁸

Ngayon, kung sakaling napapaisip kayo, “Ang mga ito ay mga dakilang 1,000-watt na halimbawa, ngunit ako ay isang 20-watt na bombilya lamang,” tandaan na nagpatotoo ang Tagapagligtas, “Ako ang ilaw na inyong itataas.”⁹ Ipinapaalala Niya sa atin na dadalhin Niya ang ilaw kung ituturo lamang natin ang iba sa Kanya.

Kayo at ako ay mayroon nang sapat na ilaw na maibabahagi *ngayon mismo*. Maaari nating paliwanagin ang susunod na hakbang upang matulungan ang isang tao na mas mapalapit kay Jesucristo, at pagkatapos ay ang kasunod, at ang kasunod pa.

Tanungin ang inyong sarili, “Sino ang nangangailangan ng ilaw na mayroon kayo upang mahanap ang daan na kailangan nila ngunit hindi nila makita?”

Aking mga minamahal na kaibigan, bakit napakahalaga na magliwanag ang ating ilaw? Sinabi sa atin ng Panginoon na “marami pa sa mundo . . . na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan.”¹⁰ Maaari tayong tumulong. Maaari na sadya

nating gawing mas maliwanag ang ating ilaw upang makita ng iba. Maaari tayong magpaabot ng paanyaya.¹¹ Maaari nating sabayan sa paglakad ang mga taong gumagawa ng munting hakbang palapit sa Tagapagligtas, gaano man ito kaalanganin. Maaari nating tipunin ang Israel.

Pinatotohanan ko na pagyayamanin ng Panginoon ang bawat mumunting pagsisikap. Magbibigay ng pahiwatig ang Espiritu Santo upang malaman natin kung ano ang sasabihin at gagawin. Sa gayong mga pagsisikap ay maaaring kailanganin nating gumawa ng isang bagay na mahirap para sa atin, ngunit makatitayak tayo na tutulungan tayo ng Panginoon na magliwanag ang ating ilaw.

Lubos akong nagpapasalamat sa ilaw ng Tagapagligtas, na patuloy na gumagabay sa Simbahang ito sa pamamagitan ng paghahayag.

Inaanyayahan ko ang lahat sa atin na sundin ang halimbawa ni Jesucristo at maging mahabagin sa mga taong nasa paligid natin. Maghanap at magdasal para sa mga pagkakataong magliwanag ang inyong ilaw upang makita ng iba ang daan patungo kay Jesucristo. Dakila ang Kanyang pangako: “Ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.”¹² Pinatotohanan ko na ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang daan, ang katotohanan, ang buhay, ang ilaw, at ang pag-ibig ng sanlibutan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. 3 Nephi 12:16.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), *HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org*.
3. 3 Nephi 18:16.
4. Tingnan sa Juan 4:9–30.
5. Juan 4:29.
6. Tingnan sa Robert at Marie Lund, “Ang Paggalang ng Tagapagligtas sa Kababaihan,” *Liahona*, Mar. 2015, 32–36.
7. Personal na liham.
8. Personal na liham.
9. 3 Nephi 18:24.
10. Doktrina at mga Tipan 123:12.
11. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, “Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo,” *Liahona*, Mayo 2019, 15–18.
12. Juan 8:12.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ganap na Kaliwanagan ng Pag-asa

Dahil pinagtibay muli ng Pagpapanumbalik ang saligang katotohanan na kumikilos nga ang Diyos sa daigdig na ito, makaaasa tayo, dapat tayong umasa, kahit pa nahaharap tayo sa pinakamahihirap na laban.

Noong nakaraang Oktubre, inanyahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na *paghandaan* itong kumperensya ng Abril 2020 sa pamamagitan ng *paggunita* sa sari-sarili nating paraan upang makita ang kadakilaan ng kamay ng Diyos sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sineryoso namin ni Sister Holland ang paanyayang iyon na mula sa propeta. Inisip namin na kunwari ay nabubuhay kami noong unang bahagi ng 1800s, at nagmamasid sa mga paniniwala sa relihiyon ng panahong iyon. Sa sitwasyong nasa isipan namin, tinanong namin ang aming sarili, “Ano ang kulang dito? Ano ang nais namin na sana ay mayroon kami? Ano ang *aasahan* naming ipagkakaloob ng Diyos bilang tugon sa inaasam ng aming espiritu?”

Isang bagay ang napagtanto namin, na sa nakalipas na dalawang siglo, taos-puso kaming aasa para sa pagpapanumbalik ng isang mas totoong konsepto tungkol sa Diyos nang higit sa anupaman sa panahong iyon, Siya na tila madalas na nakatago sa likod ng daan-daang taon ng maling

paniniwala at di-pagkakaunawaan. Hinihiram ang isang pahayag mula kay William Ellery Channing, isang tanyag na tao sa larangan ng relihiyon noong panahong iyon, hahanapin namin ang “mapag-arulang katangian ng Diyos,” na itinuring ni Channing na “unang dakilang doktrina ng Kristiyanismo.”¹ Kikilalanin ng gayong doktrina ang Diyos bilang isang mapag-arulang Ama sa Langit, sa halip na isang malupit na hukom na nagpapatupad ng mabagsik na katarungan o isang amo na hindi nagpaparamdam, na nakikibahagi noong una sa mga bagay sa mundo subalit ngayon ay abalang-abala sa ibang lugar sa sansinukob.

Oo, ang aming aasahan noong 1820 ay matagpuan ang Diyos na nagsasalita at pumapatnubay nang lantaran sa kasalukuyan na katulad ng ginawa Niya noon, isang tunay na Ama, sa pinakamapagmahal na kahulugan ng salitang iyon. Siya ay tiyak na *hindi* magiging isang malamig at hindi makatwirang diktador na nauna nang itinadhana sa kaligtasan ang

ilang pinili at pagkatapos ay itatalaga sa kapahamakan ang nalalabing sangkatauhan. Hindi, Siya ay yaong nilalang na ang bawat pagkilos, ayon sa pahayag mula sa langit, ay magiging “para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan”² at lahat na naninirahan dito. Ang pagmamahal na iyan ang Kanyang magiging pangunahing dahilan sa pagpapadala kay Jesucristo, na Kanyang Bugtong na Anak, sa mundo.³

Hinggil kay Jesus, kung nabuhay kami sa mga unang taong iyon ng ika-19 na siglo, matatanto namin nang may matinding pag-aalala na ang mga pagdududa tungkol sa katotohanan ng buhay at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay nagsisimulang magkaroon ng mahigpit na pagkakahawak sa mga Kristiyano. Samakatawid, aasa kami na darating sa buong daigdig ang katibayan na magpapatunay sa pagsaksi ng Biblia na si Jesus ang Cristo, ang literal na Anak ng Diyos, ang Alpha at Omega, at ang tanging Tagapagligtas na makikilala ng daigdig na ito. Isa sa aming magiging pinakamahalagang aasahan ang paglabas ng iba pang mga katibayan mula sa banal na kasulatan, isang bagay na bubuo sa isa pang tipan ni Jesucristo, na palalawakin at daragdagan ang aming kaalaman tungkol sa Kanyang mahimalang pagsilang, kamangha-manghang ministeryo, nagbabayad-salang sakripisyo, at maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli. Tunay na ang gayong dokumento ay magiging “kabutihan . . . [na] ipadadala mula sa langit; at katotohanan . . . [na ipadadala] sa lupa.”⁴

Pinagmamasdan ang kalagayan ng mga Kristiyano sa panahong iyon, aasa kami na makahanap ng isang taong awtorisado ng Diyos na may tunay na awtoridad ng priesthood na makapagbibinyag sa amin, magbibigay ng kaloob na Espiritu Santo, at mapapanngasiwaan ang lahat ng ordenansa ng ebanghelyo na kinakailangan para sa kadakilaan. Noong 1820, aasa kami na makitang matupad ang malilina pangako nina Isaias, Mikas, at iba pang mga sinaunang propeta hinggil




sa pagbabalik ng dakilang bahay ng Panginoon.⁵ Magagalak kaming makita na maitatag muli ang kaluwalhatian ng mga banal na templo, lakip ang Espiritu, ang mga ordenansa, ang kapangyarihan, at ang awtoridad na ituro ang mga walang-hanggang katotohanan, mapagaling ang mga personal na sugat, at ibuklod ang mga pamilya nang magkakasama magpakailanman. Hahanapin ko kahit saan at sa lahat ng lugar ang isang taong awtorisadong sabihin sa akin at sa aking pinakamamahal na si Patricia na ang aming kasal sa gayong sitwasyon ay nabuklod sa buhay at sa buong kawalang-hanggan, at hindi na kailanman maririnig o mapapataw sa amin ang kalagim-lagim na sumpang “hanggang paghiwalayin kayo ng kamatayan.” Alam ko na “sa bahay ng [ating] Ama ay maraming tahanan,”⁶ subalit, para sa akin, kung magiging napakapalad ko man na manahin ang isa sa mga ito, maituturing ko itong isang nabubulok na dampa kung hindi ko

kasama si Pat at ang aming mga anak para makabahagi sa manang iyon. At para sa aming mga ninuno, ang ilan ay nabuhay at namatay noong una pa nang hindi naririnig ang pangalan ni Jesucristo, aasa kami na maipanumbalik ang yaong pinakamakatarungan at maawaing turo sa banal na kasulatan—ang paggawa ng mga nabubuhay sa mga nakapagligtas na ordenansa para sa kanilang mga yumaong kamag-anak.⁷ Wala na akong maisip na gawain na magpapakita nang may higit na karingalan sa malasakit ng isang nagmamahal na Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak sa mundo kailanman sila nabuhay o saanman namatay.

Ang aming 1820 na listahan ng mga aasahan ay maaaring madagdagan,

subalit marahil, ang pinakamahaling mensahe ng Pagpapanumbalik ay na ang gayong mga inaasahan ay *hindi* mawawalang-saysay. Simula sa Sagradong Kakahuyan at nagpapatuloy hanggang sa araw na ito, ang mga gayong pagnanais ay nagsimulang maging katotohanan at, tulad ng itinuro ni Apostol Pablo at ng iba pa, mga tunay na angkla ng kaluluwa, na matibay at matatag.⁸ Ang inaasahan lamang noon ay naging kasaysayan na ngayon.

Gayon ang aming paggunita sa 200 taon ng kabutihan ng Diyos sa daigdig. Subalit ano ang aming tinatanaw sa hinaharap? May mga inaasahan pa rin kami na *hindi* pa natutupad. Maging habang nagsasalita tayo, tayo ay nakikidigma na “kinakailangan ang tulong ng lahat” laban sa COVID-19, isang taimtim na paalala na ang isang virus⁹ na 1,000 beses na mas maliit kaysa sa isang butil ng buhangin¹⁰ ay magagawang paluhurin ang buong populasyon at ang pandaigdigang ekonomiya. Ipinagdarasal natin ang mga taong nawalan ng mga mahal sa buhay sa bagong salot na ito, pati na ang mga taong nakapitan o nanganganib sa sakit na ito. Totoong ipinagdarasal namin ang mga taong buong husay na nangangalaga sa ating kalusugan. Kapag nadaig natin ito—at magagawa natin—nawa’y maging gayundin tayo kasigasig sa pagpapalaya sa daigdig sa virus ng pagkagutom, at pagpapalaya sa mga karatig bayan at bansa sa virus ng kahirapan. Umaasa tayo para sa mga paaralan kung saan tinuturuan ang mga estudyante—nang hindi natatakot na mabaril sila—at para sa personal na dangal ng bawat anak



Taboão de Serra, São Paulo, Brazil

ng Diyos, na hindi nadudungisan ng *anumang* uri ng panghuhusga sa mga lahi, etniko, o relihiyon. Nagbibigkis sa lahat ng ito ay ang ating walang humpay na pag-asa para sa mas maigting na debosyon sa dalawang pinakadakila sa lahat ng kautusan: ibigin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang payo at ibigin ang ating kapwa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan at pakikiramay, pagtititiis at pagpapatawad.¹¹ Ang dalawang panuntunang ito na galing sa langit ay mananatili pa rin—at magpakailanman—ang tanging tunay na pag-asa na mayroon tayo para sa pagbibigay sa ating mga anak ng mas mabuting daigdig kaysa sa mayroon sila ngayon.¹²

Dagdag pa sa mga pandaigdigang pagnanais na ito, marami sa tagapakinig dito ngayon ang may malalalim na personal na pag-asa: pag-asang mapabuti ang buhay may-asawa, o minsan ay pag-asang makasal; pag-asang malupig ang adiksyon; pag-asang bumalik ang isang naliligaw na anak; pag-asang mapawi ang daan-daang uri ng pisikal at emosyonal na hapdi. Dahil pinagtibay muli ng Pagpapanumbalik ang saligang katotohanan na kumikilos nga ang Diyos sa daigdig na ito, *makaaasa* tayo, *dapat* tayong umasa, kahit pa nahaharap tayo sa pinakamahirap na laban. Ito ang ibig sabihin ng banal na kasulatan noong nagawa ni Abraham na umasa laban sa pag-asa¹³—na, nagawa niyang maniwala sa kabila ng lahat ng dahilan para *hindi* maniwala—na siya at si Sara ay magkakaroon ng anak noong tila ba lubos na imposible na iyon. Kaya, itinatanong ko, “Kung marami sa ating inaasahan noong 1820 ang nagsimulang matupad sa pamamagitan ng pagsinag ng langit sa isang ordinaryong batang lalaki na nakaluhod sa isang kumpol ng mga puno sa hilagang bahagi ng New York, bakit hindi tayo umasa na ang mabubuting pagnanais at paghangad na katulad ng kay Cristo ay kamangha-mangha at mahimalang sasagutin pa rin ng Diyos ng lahat ng pag-asa?” Kailangan nating lahat

na maniwala na ang ninanais natin sa kabutihan ay magiging atin pa rin balang-araw, sa anuman, o sa paano mang paraan.

Mga kapatid, alam natin ang ilan sa mga kakulangan sa relihiyon noong unang bahagi ng ika-19 na siglo. Dagdag pa rito, alam natin ang ilang bagay tungkol sa mga kakulangan ngayon sa relihiyon na iniwan pa rin ng hindi natutugunang gutom at pag-asa ng ilan. Alam natin na ang ilan sa mga kawalang-kasiyahang iyon ay nag-aakay sa ilan palayo sa mga tradisyonal na institusyon ng relihiyon. Alam din natin, tulad ng isinulat ng isang nababalisang manunulat, na “marami sa mga pinuno ng mga relihiyon [ngayon] ang tila walang kama-layan” sa pagtugon sa ganitong uri ng panghihina, tumutugon gamit ang “malabnaw na lugaw ng pampalubag-loob na turo, walang halagang aktibismo, maingat na itinatagong huwad na paniniwala, [o kung minsan] ay walang kabuluhang kalokohan”¹⁴—at lahat ng ito sa isang panahon kung kailan higit na nangangailangan ang daigdig, kung kailan higit na karapat-dapat ang sumisibol na henerasyon, at noong panahon ni Jesus ay higit pa ang Kanyang inialok. Bilang mga disipulo ni Cristo, magagawa natin sa ating panahon na pangibabawan ang mga yaong sinaunang Israelita na dumaing, “Ang [aming] mga buto ay natuyo, at ang [aming] pag-asa ay nawala.”¹⁵ Tunay nga, kapag nawalan na tayo ng pag-asa, nawawala ang ating huling panghahawakan. Sa ibabaw mismo ng pasukan ng impiyerno ay isinulat ni Dante ang isang babala sa lahat ng yaong naglalakbay sa pamamagitan ng kanyang *Divina Commedia*: “Talikuran ang lahat ng pag-asa,” sabi niya, “ikaw na papasok dito.”¹⁶ Tunay na kapag nawala ang pag-asa, ang maiiwan lamang sa atin ay ang apoy ng impiyerno na sumisiklab sa lahat ng panig.

Kaya kapag wala na tayong mapupuntahan at, katulad ng sinasabi ng himno, “lahat man sa [ati’y] magtaksil,”¹⁷ isa sa ating magiging pinakakilalang kabutihan ang mahalagang

kaloob na ito na hindi maihihiwalay sa ating pananampalataya sa Diyos at sa ating pag-ibig sa kapwa.

Sa ikadalawang daang taong ito, kapag muli nating babalikan ang lahat ng ibinigay sa atin at magsasaya sa pagkilala sa napakaraming pag-asang natupad na, uulitin ko ang saloobin ng isang maganda at batang returned sister missionary na sinabi sa amin sa Johannesburg ilang buwan na ang nakararaan, “Hindi [tayo] umabot dito para hanggang dito lang tayo.”¹⁸

Binabago ang ilang salita ng isa sa mga pinaka-nakaaantig na pahayag na naitala sa banal na kasulatan, sinasabi ko kasama ni propetang Nephi at ng batang sister na iyon:

“Mga minamahal kong kapatid, matapos na [matanggap ninyo ang mga yaong bunga ng Pagpapanumbalik], itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi. . . .

“ . . . Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, *na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa*, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. . . . Kung kayo ay magpatuloy[,] . . . wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang-hanggan.”¹⁹

Nagpapasalamat ako, mga kapatid ko, sa lahat ng ipinagkaloob sa atin sa huli at pinakadakila sa lahat ng dispensasyong ito, ang dispensasyon ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga kaloob at pagpapalang nagmumula sa ebanghelyong iyan ay napakahalaga para sa akin—napakahalaga—kaya sa pagsisikap na pasalamatan ang aking Ama sa Langit para sa mga ito, ako ay may “mga pangakong tutuparin, at bago matulog ay milya-milya ang tatahakin, at bago matulog ay milya-milya ang tatahakin.”²⁰ Nawa ay magpatuloy tayo nang may pagmamahal sa ating mga puso, naglalakad nang may “kaliwanagan ng pag-asa”²¹ na magbibigay-liwanag sa landas ng banal na paghihintay na kinatatayuan na natin ngayon sa loob nang 200 taon. Pinatotohanan ko na ang hinaharap ay magiging punung-puno ng himala

at pagpapalain nang masagana katulad ng nakaraan. Nasa sa atin ang lahat ng dahilan para umasa sa mga pagpapalang mas dakila kaysa sa mga yaong natanggap na natin, dahil ito ang gawain ng Pinaka-makapangyarihang Diyos, ito ang Simbahan ng patuloy na paghahayag, ito ang ebanghelyo ni Cristo na walang katapusan ang biyaya at kabutihan. Pinatotohanan ko ang lahat ng katotohanang ito at higit pa, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. "The Essence of the Christian Religion," sa *The Works of William E. Channing* (1888), 1004.
2. 2 Nephi 26:24.
3. Tingnan sa Juan 3:16–17.
4. Moises 7:62.
5. Tingnan sa Isaias 2:1–3; Ezekiel 37:26; Mikas 4:1–3; Malakias 3:1.
6. Juan 14:2.
7. Tingnan sa I Mga Taga-Corinto 15:29; Doktrina at mga Tipan 128:15–17.
8. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 6:19; Eter 12:4.
9. Tingnan sa Na Zhu at iba pa, "A Novel Coronavirus from Patients with Pneumonia in China, 2019," *New England Journal of Medicine*, Feb. 20, 2020, 727–33.
10. Tingnan sa "Examination and Description of Soil Profiles," sa *Soil Survey Manual*, inedit ni C. Ditzler, K. Scheffe, at H. C. Monger (2017), nrcs.usda.gov.
11. Tingnan sa Mateo 22:36–40; Marcos 12:29–33; tingnan din sa Levitico 19:18; Deuteronomio 6:1–6.
12. Tingnan sa Eter 12:4.
13. Tingnan sa Mga Taga-Roma 4:18.
14. R. J. Snell, "Quiet Hope: A New Year's Resolution," *Public Discourse: The Journal of the Witherspoon Institute*, Dis. 31, 2019, thepublicdiscourse.com.
15. Ezekiel 37:11.
16. Ito ang karaniwang salin ng talatang ito. Gayunman, ang mas literal na salin ay "All hope abandon, ye who enter here [Talikuran ang lahat ng pag-asa, ikaw na papasok dito]" (Dante Alighieri, "The Vision of Hell," sa *Divine Comedy*, isinalin ni Henry Francis Cary [1892], canto III, linya 9).
17. "Manatili sa Piling Ko" *Mga Himno*, blg. 97.
18. Judith Mahlangu (multistake na kumperensya malapit sa Johannesburg, South Africa, Nob. 10, 2019), sa Sydney Walker, "Elder Holland Visits Southeast Africa during 'Remarkable Time of Growth,'" *Church News*, Nob. 27, 2019, thechurchnews.com.
19. 2 Nephi 31:19–20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
20. "Stopping by Woods on a Snowy Evening," mga linya 14–16, sa *The Poetry of Robert Frost: The Collected Poems*, inedit ni Edward Connery Lathem (1969), 225.
21. 2 Nephi 31:20.



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"Ang Bahay na Ito ay Itayo sa Aking Pangalan"

(Doktrina at mga Tipan 124:40)

Ang mga tipang natatanggap at ang mga ordenansang isinasagawa sa mga templo ay mahalaga sa pagpapabanal ng ating mga puso at sa kadakilaan ng mga anak ng Diyos sa huli.

Sa Sagradong Kakahuyan 200 taon na ang nakararaan, nakita at nakausap ni Joseph Smith ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Mula sa Kanila, nalaman ni Joseph ang tungkol sa tunay na katangian ng Panguluhan ng Diyos at ang patuloy na paghahayag nang pasimulan ng banal na pangitaing ito sa mga huling araw ang "dispensasyon ng kaganapan ng panahon."¹

Mga tatlong taon pagkaraan nito, bilang sagot sa taimtim na panalangin noong gabi ng Setyembre 21, 1823, napuno ng liwanag ang silid ni Joseph hanggang sa ito ay "magliwanag nang higit pa kaysa katanghaliang tapat."² Isang katauhan ang lumitaw sa tabi ng kanyang higaan, tinawag ang binatilyo sa

kanyang pangalan at sinabing "siya'y isang sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos . . . [at] na ang kanyang pangalan ay Moroni."³ Tinagubilinan niya si Joseph tungkol sa pagdating ng Aklat ni Mormon.

At pagkatapos ay bumanggit si Moroni mula sa aklat ni Malakias sa Lumang Tipan, na may bahagyang pagkakaiba sa mga salitang ginamit sa King James Version:

"Masdan, ipahahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan



Rexburg, Idaho, USA

ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon. . . .

“At kanyang itanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubusang mawawasak sa kanyang pagparito.”⁴

Ang mahalaga, ang tagubilin ni Moroni kay Joseph Smith tungkol sa misyon ni Elijah ay nagpasimula sa gawain sa templo at family history sa mga huling araw at naging isang mahalagang sangkap sa pagpapanumbalik ng “lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una.”⁵

Nawa’y tulungan ako ng Espiritu Santo habang sama-sama nating pinag-aaralan ang mga tipan, ordenansa, at pagpapalang matatamasa natin sa mga templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang Pagbalik ni Elijah

Magsisimula ako sa isang napakahalagang tanong: bakit mahalaga na bumalik si Elijah?

“Nalaman natin mula sa makabagong paghahayag na si Elijah ang may hawak ng kapangyarihang magbuklod ng Melchizedek Priesthood”⁶ at “siyang huling propeta na may hawak nito bago dumating ang panahon ni Jesucristo.”⁷

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith: “Ang diwa, kapangyarihan, at tungkulin ni Elijah ay, upang magkaroon kayo ng kapangyarihang hawakan ang susi . . . *ng kabuuan ng Melchizedek Priesthood* . . . ; at . . . upang tanggapin . . . ang lahat ng ordenansa na nakapaloob sa kaharian ng Diyos, maging sa pagbaling ng mga puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga puso ng mga anak sa mga ama, pati na ang mga nasa langit.”⁸

Ang sagradong awtoridad na ito na magbuklod ay kailangan upang “anomang iyong talian sa lupa ay



IPINANUNIBALIK NI ELIJAH ANG SUSI NG KAPANGYARIHANG MAGBUKLOD NG PRIESTHOOD, NI ROBERT T. BARRETT

tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.”⁹

Itinanong pa ni Joseph: “Paano sasagipin ng Diyos ang henerasyong ito? Isusugo Niya ang propetang si Elijah. . . . Ihahayag ni Elijah ang mga tipan upang ibuklod ang puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga anak sa mga ama.”¹⁰

Nagpakita si Elijah na kasama si Moises sa Bundok ng Pagbabagong-anyo at ipinagkaloob ang awtoridad na ito kina Pedro, Santiago, at Juan.¹¹ Nagpakita rin si Elijah na kasama sina Moises at Elias noong Abril 3, 1836, sa Kirtland Temple at iginawad ang mga susi ring iyon kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.¹²

Ang pagpapanumbalik ng awtoridad na magbuklod ni Elijah noong 1836 ay kailangan upang maihanda ang mundo sa Pangalawang Pagparito ng Tagapagligtas at nagpasimula sa pagkakaroon ng ibayong interes sa

iba’t ibang panig ng mundo sa pagsasaliksik ng kasaysayan ng pamilya.

Binabago, Ibinabaling, at Pinadadalisa ang mga Puso

Ang salitang *puso* ay ginagamit nang mahigit 1,000 beses sa mga pamantayang banal na kasulatan. Ang simple ngunit makabuluhang katagang ito ay madalas magpahiwatig ng nilolooob ng isang tao. Sa ating mga puso—na kabuuan ng ating mga hangarin, pagmamahal, layunin, motibo, at pag-uugali—makikita kung sino tayo at ano ang ating kahihinatnan. At ang diwa ng gawain ng Panginoon ay binabago, ibinabaling, at pinadadalisa ang mga puso sa pamamagitan ng mga tipan ng ebanghelyo at mga ordenansa ng priesthood.

Hindi tayo nagtatayo ng mga banal na templo o pumapasok dito para lamang magkaroon tayo o ang ating pamilya ng di-malilimutang karanasan. Sa halip, ang mga tipang



natatanggap at ang mga ordenansang isinasagawa sa mga templo ay mahalaga sa pagpapabanal ng ating mga puso at sa kadakilaan ng mga anak ng Diyos sa huli.

Ang pagtatanim sa puso ng mga anak ng mga pangakong ginawa sa mga ama—maging kina Abraham, Isaac, at Jacob—pagbaling ng puso ng mga anak sa kanilang sariling ama; pagdaraos ng family history research, at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa iba ay mga gawaing nagpapala sa mga tao sa magkabilang panig ng tabing. Habang nasasabik tayong maging abala sa sagradong gawaing ito, sinusunod natin ang mga utos na mahalini at paglingkuran ang Diyos at ang ating kapwa.¹³ At ang gayong di-makasaring paglilingkod ay tinutulungan tayo na tunay na “Pakinggan Siya!”¹⁴ at lumapit sa Tagapagligtas.¹⁵

Ang pinakasagradong mga tipan at ordenansa ng priesthood ay natatanggap lamang sa templo—ang bahay ng Panginoon. Lahat ng natututuhan at lahat ng ginagawa sa templo ay nagbibigay-diin sa kabanalan ni Jesucristo at sa Kanyang papel sa dakilang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit.

Mula sa Kaibuturan ng Puso

Inilarawan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang isang mahalagang huwarang ginagamit ng Manunubos

sa “[pagsasakatuparan ng] kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao.”¹⁶ Sabi niya: “Binabago ng Panginoon ang [kaibuturan ng] puso. Binabago ng mundo ang panlabas na anyo. Maiaalis ng daigdig ang mga tao sa magulo at maruming lugar. Inaalis ni Cristo ang di-magagandang ugali ng mga tao, at inaalis naman nila ang kanilang sarili sa magulo at maruming lugar. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siya namang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, subalit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao.”¹⁷

Ang mga tipan at ordenansa ng priesthood ay mahalaga sa patuloy na proseso ng espirituwal na pagsilang na muli at pagbabago; ito ang mga paraan ng Panginoon para mabago ang bawat isa sa atin *mula sa kaibuturan ng puso*. Ang mga tipan na tapat na iginagalang, palaging naaalala, at isinulat “ng Espiritu ng Dios na buhay . . . sa mga tapyas ng pusong laman”¹⁸ ay nagbibigay ng layunin at katiyakan ng mga pagpapala sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang mga ordenansang natanggap nang karapat-dapat at patuloy na naaalala ay nagbubukas ng mga lagusan sa langit na mapagdadaluyan ng kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay.

Hindi tayo nagpupunta sa templo para magtago o tumakas sa mga kasamaan ng mundo. Sa halip, nagpupunta tayo sa templo para lupigin ang mundo ng kasamaan. Kapag inaanyayahan natin sa ating buhay ang “kapangyarihan ng kabanalan”¹⁹ sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga ordenansa ng priesthood at paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, binibiyayan tayo ng lakas na higit pa sa sarili nating lakas²⁰ upang madaig ang mga tukso at hamon ng mortalidad at gumawa ng mabuti at maging mabuti.

Ang Katanyagan ng Bahay na Ito ay Lalaganap

Ang unang templo ng dispensasyong ito ay itinayo sa Kirtland, Ohio, at inilaan noong Marso 27, 1836.

Sa isang paghahayag kay Propetang Joseph Smith isang linggo matapos ang paglalaan, sinabi ng Panginoon:

“Magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan. . . .

“Oo ang mga puso ng libu-libo at sampu-sampung libo ay labis na magsasaya bunga ng mga pagpapalang ibubuhos, at sa endowment kung saan ang aking mga tagapaglingkod ay pinagkalooban sa bahay na ito.

“At ang katanyagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain; at ito ang simula ng mga pagpapala na ibubuhos sa mga ulo ng aking tao.”²¹

Pansinin ang mga pariralang ang mga puso ng libu-libo at sampu-sampung libo ay labis na magsasaya at ang katanyagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain. Ito ay nakamamanghang mga pahayag noong Abril ng 1836 nang iilan pa lamang ang mga miyembro ng Simbahan at iisa ang templo.

Ngayong 2020, mayroon na tayong 168 mga templong gumagana. Apatnapu’t siyam pang templo ang kasalukuyang itinatayo o naibalitang itatayo. Ang mga bahay ng Panginoon ay itinatayo sa “mga pulo ng dagat”²² at sa mga bansa at lugar na dating itinuring ng marami na malamang na hindi tayuan ng templo.

Ang seremonya ng endowment sa kasalukuyan ay inilalahad sa 88 wika at makukuha sa maraming iba pang wika habang itinatayo ang mga templo para mapagpala ang mas marami pang mga anak ng Diyos. Sa susunod na 15 taon, ang bilang ng mga wikang gagamitin sa mga ordenansa sa templo ay malamang na dumoble.

Ngayong taon maghuhukay tayo at magsisimulang magtayo ng 18 templo. Sa kabilang banda, 150 taon ang kinalilagan para maitayo ang unang 18 templo, mula sa organisasyon ng Simbahan noong 1830 hanggang sa ilaan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang Tokyo Japan Temple noong 1980.

Isipin ang pagpapabilis ng gawain sa templo na nangyari ngayong panahon lamang ni Pangulong Russell M. Nelson. Nang ipanganak si Pangulong Nelson noong Setyembre 9, 1924, may anim na templong gumagana ang Simbahan.

Nang ordenan siya bilang Apostol noong Abril 7, 1984, makaraan ang 60 taon, 26 na templo ang gumagana, nadagdagan ng 20 templo sa loob ng 60 taon.

Nang sang-ayunan si Pangulong Nelson bilang Pangulo ng Simbahan, 159 na mga templo ang gumagana, nadagdagan ng 133 mga templo sa loob ng 34 na taon kung kailan naglingkod siya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa.

Mula nang maging Pangulo ng Simbahan noong Enero 14, 2018, nakapagbalita na si Pangulong Nelson ng 35 bagong templo.

Siyamnapu't anim na porsiyento ng mga umiiral na templo ang nailaan sa panahon ni Pangulong Nelson; walum-pu't apat na porsiyento ang nailaan mula nang maorden siyang Apostol.

Palaging Magtuon sa mga Bagay na Pinakamahalaga

Bilang mga miyembro ng ipinang-umbalik na Simbahan ng Panginoon, namamangha tayong lahat sa patuloy na pagbilis ng Kanyang gawain sa mga huling araw. At mas marami pang templo ang itatayo.

Ipinropesiya ni Brigham Young, "Upang magampanan ang gawaing

ito ay kailangang magkaroon ng hindi lamang isa kundi libu-libong templo, at libu-libo [at sampu-sampung libo] ng kalalakihan at kababaihan ang pupunta sa mga templong iyon at mangangasiwa para sa mga taong nangabuhay noong mga nakaraang mahabang panahon hanggang sa ihahayag ng Panginoon."²³

Hindi kataka-taka na ang pagbabalita tungkol sa bawat bagong templo ay pinagmumulan ng malaking kagalakan at dahilan para magpasalamat sa Panginoon. Gayunman, ang pangunahing pinagtutuunan natin dapat ay ang mga tipan at ordenansa na makapagbabago ng ating mga puso at magpapalalim ng ating katapatan sa Tagapagligtas at hindi lamang sa lugar o ganda ng gusali.

Ang mga pangunahing obligasyong nakaatag sa atin bilang mga miyembro ng ipinang-umbalik na Simbahan ng Panginoon ay (1) "Pakinggan Siya!"²⁴ at baguhin ang ating mga puso sa pamamagitan ng mga tipan at ordenansa at (2) masayang tuparin ang responsibilidad na itinalaga ng langit na ihandog ang mga pagpapala ng templo sa buong sangkatauhan sa magkabilang panig ng tabing. Sa patnubay at tulong ng Panginoon, matutupad nga natin ang mga sagra-dong tungkuling ito.

Ang Pagtatayo ng Sion

Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith:

"Ang pagtatayo ng Sion ay gawain na bumighani sa mga tao ng Diyos sa bawat panahon; ito ay paksang binigyang-diin ng mga propeta, saserdote at hari nang may kakaibang galak; inasam nila nang may galak ang ating panahon; at sa alab ng makalangit at masayang pag-asam sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon; ngunit namatay sila na hindi ito nasaksihan; . . . tayo ang sasaksi, makikibahagi at tutulong na maisulong ang kaluwalhatian sa mga Huling Araw."²⁵

"Ang Priesthood sa langit ay makikipag-isa sa Priesthood sa mundo, upang maisakatuparan ang mga

dakilang layuning iyon; . . . gawaing kinaluguran ng Diyos at ng mga anghel nang nakalipas na henerasyon; na nagbigay-inspirasyon sa mga kaluluwa ng sinaunang mga patriarch at propeta; gawaing nakatakdang isakatuparan ang pagwasak sa kapangyarihan ng kadiliman, ang pagpapanibagong muli ng mundo, ang kaluwalhatian ng Diyos, at ang kaligtasan ng sangkatauhan."²⁶

Taimtim na pinatotohanan ko na ang Ama at ang Anak ay nagpakita kay Joseph Smith, at ipinang-umbalik ni Elijah ang awtoridad na magbuklod. Ang mga sagra-dong tipan at ordenansa sa templo ay maaaring magpalakas sa atin at dalisayin ang ating mga puso habang ating "[Pinakikinggan] Siya!"²⁷ at tina-tanggap ang kapangyarihan ng kabangalan sa ating buhay. At pinatotohanan ko na wawasakin ng gawaing ito sa mga huling araw ang mga kapangyarihan ng kadiliman at isakatuparan ang kaligtasan ng sangkatauhan. Buong galak na pinatotohanan ko ang mga katotohanang ito sa sagra-dong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Taga Efeso 1:10.
2. Joseph Smith—Kasaysayan 1:30.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39.
5. Mga Gawa 3:21.
6. Bible Dictionary, "Elijah."
7. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elijah."
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 364; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. Mateo 16:19; tingnan din sa Mateo 18:18; Helaman 10:7; Doktrina at mga Tipan 124:93; 132:46.
10. *Mga Turo: Joseph Smith*, 366.
11. Tingnan sa Mateo 17:3.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16.
13. Tingnan sa Mateo 22:34–40.
14. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
15. Tingnan sa Omni 1:26; Moroni 10:30, 32.
16. Moises 1:39.
17. Ezra Taft Benson, "Born of God," *Ensign*, Nob. 1985, 6.
18. II Mga Taga Corinto 3:3.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20–21.
20. Tingnan sa "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno*, blg. 164.
21. Doktrina at mga Tipan 110:6, 9–10.
22. 2 Nephi 29:7.
23. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 348.
24. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
25. *Mga Turo: Joseph Smith*, 195–96.
26. *Mga Turo: Joseph Smith*, 601.
27. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.



Ni Pangulong Russell M. Nelson
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw

Pakinggan Siya

Alam ng ating Ama na kapag napalilibutan tayo ng kawalang-katiyakan at takot, ang lubos na makatutulong sa atin ay pakinggan ang Kanyang Anak.

Mahal kong mga kapatid, lubos akong nagpapasalamat, na sa tulong ng teknolohiya ay nagkatipun-tipon tayo at sama-samang sumasamba sa umagang ito ng Linggo. Napakapalad nating malaman na naipanumbalik na sa mundo ang ebanghelyo ni Jesucristo!

Sa nakalipas na ilang linggo, dumanas ang marami sa atin ng pagkagambala sa ating personal na buhay. Ang mga lindol, sunog, baha, salot, at ang mga ibinunga nito ay gumambala sa mga karaniwang gawain at nagdulot ng kakapusan sa pagkain, pangunahing bilihin, at naipong pera.

Sa gitna ng lahat ng ito, pinupuri at pinasasalamat namin kayo dahil pinili ninyong pakinggan ang salita ng Panginoon sa maligalig na panahong ito sa pakikibahagi sa amin sa pangkalahatang kumpe-rensya. Ang tumitinding kadiliman na kaakibat ng pagdurusa ay higit na nagpapaningning sa liwanag ni Jesucristo. Isipin lamang ninyo ang kabutihang magagawa ng bawat isa sa atin sa panahong ito na naliligalig ang buong mundo. Ang inyong pagmamahal at pananampalataya sa Tagapagligtas ay maaaring magbunsod sa isang tao na alamin ang Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa nakalipas na dalawang taon, nakadaupang-palad namin ni Sister Nelson ang libu-libo sa inyo sa iba't ibang panig ng mundo. Nakipagpu-long kami sa inyo sa mga istadyum at sa mga bulwagan ng hotel. Sa bawat lokasyon, nadama ko na kapiling ko ang mga hinirang ng Panginoon at namamalas mismo ng aking mga mata ang pagtitipon ng Israel.

Nabubuhay tayo sa panahong “hinintay ng ating mga ninuno nang may pananabik na pag-aasam.”¹ Nasa magandang posisyon tayo upang *masaksihan nang aktwal* ang pangyayari na nakita ni Nephi sa *pangitain lang*, na ang “kapangyarihan ng Kordero ng Diyos” ay bababa “sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon, na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; at nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian.”²

Kayo, mga kapatid, ay kabilang sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata na nakita ni Nephi. Isipin ninyo iyan!

Saan man kayo naninirahan o anuman ang inyong mga kalagayan, ang Panginoong Jesucristo ay *inyong* Tagapagligtas, at ang propeta ng Diyos na si Joseph Smith ay *inyong* propeta. Siya ay inordenan bago pa ang pagkakatatag ng mundo na

maging propeta ng huling dispensasyong ito, kung kailan “walang anumang bagay ang ipagkakait”³ mula sa mga Banal. Patuloy na dumadaloy ang paghahayag mula sa Panginoon sa patuloy na prosesong ito ng pagpapanumbalik.

Ano ang ibig sabihin para sa inyo na naipanumbalik na sa mundo ang ebanghelyo ni Jesucristo?

Ang ibig sabihin nito ay mabubuklod na kayo at ang inyong pamilya magpakailanman! Ang ibig sabihin nito na dahil nabinyagan kayo ng isang taong may awtoridad mula kay Jesucristo at nakumpirmang miyembro ng Kanyang Simbahan, maka-kasama ninyong palagi ang Espiritu Santo. Kayo ay Kanyang gagabayan at pangangalagaan. Ang ibig sabihin nito ay hindi kayo iiwang mag-isa o nang walang kakayahang makatanggap ng kapangyarihan ng Diyos para matulungan kayo. Ang ibig sabihin nito ay mapagpapala kayo ng kapangyarihan ng priesthood kapag tumatanggap kayo ng mga kinakailangang ordenansa at gumagawa ng mga tipan sa Diyos at tinutupad ang mga iyon. Isang angkla sa ating mga kaluluwa ang mga katotohanang ito, lalo na sa mga panahong ito na nagngangalit ang bagyo.

Isinalaysay sa Aklat ni Mormon ang klasikong pag-unlad at pagbagsak ng dalawang pangunahing sibilisasyon. Ipinapakita sa kasaysayan ng mga ito kung gaano kadali para sa karamihan sa mga tao na kalimutan ang Diyos, tanggihan ang mga babala ng mga



New York City, New York, USA

propeta ng Panginoon, at maghangad ng kapangyarihan, katanyagan at mga kasiyahan ng laman.⁴ Paulit-ulit na inihayag ng mga propeta noon ang “mga dakila at kagila-gilalas na bagay sa mga tao, na hindi nila pinaniwalaan.”⁵

Hindi ito naiiba sa ating panahon. Sa paglipas ng mga taon, dakila at kagila-gilalas na bagay ang narinig mula sa mga inilaang pulpito sa iba’t ibang dako ng mundo. Subalit karamihan sa mga tao ay *hindi* tinatanggap ang mga katotohanang ito—maaaring dahil hindi nila alam kung saan mahanap ang mga ito⁶ o dahil nakikinig sila sa mga taong hindi nalalaman ang buong katotohanan o dahil tinanggihan nila ang katotohanan kapalit ng mga makamundong hangarin.

Tuso ang kaaway. Sa sanlibong taon ginagawa niyang magmukhang masama ang mabuti at magmukhang mabuti ang masama.⁷ Ang kanyang mga mensahe ay karaniwang maingay, mapangahas, at mapagmataas.

Subalit ang mga mensahe mula sa ating Ama sa Langit ay sadyang naiiba. Siya ay nakikipag-ugnayan nang simple, tahimik, at napakalinaw kaya tiyak na maiintindihan natin Siya.⁸

Halimbawa, sa tuwing ipapakilala Niya ang Kanyang Bugtong na Anak sa mga tao sa mundo, gumagamit Siya ng iilang natatanging salita. Sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, sinabi ng Diyos kina Pedro, Santiago, at Juan, “Ito ang sinisinta kong Anak; siya ang inyong pakinggan.”⁹ Ang Kanyang mga salita sa mga Nephita sa sinaunang Bountiful ay “Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan—pakinggan ninyo siya.”¹⁰ At kay Joseph Smith, sa marubdob na paghahayag na iyon na nagbukas sa dispensasyong ito, ang sinabi lang ng Diyos, “*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*”¹¹

Ngayon, mahal kong mga kapatid, isipin ninyo ang katotohanan na sa tatlong pagkakataong kababanggit lang, bago ipinakilala ng Ama ang Anak, ang mga taong kabilang doon ay nakadarama ng takot at, ang ilan, ay halos nawalan na ng pag-asa.



MAGPAKITA SI CRISTO SA KALURANG BAHAGI NG MUNDO, NI ARNOLD FRIBERG

Takot ang mga Apostol nang makita nila si Jesus na napaliligiran ng ulap sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.

Takot ang mga Nephita dahil dumanas sila ng kapinsalaan at kadiliman nang ilang araw.

Si Joseph Smith ay buong higpit na pinigilan ng puwersa ng kadiliman bago magbukas ang kalangitan.

Alam ng ating Ama na kapag napalilibutan tayo ng kawalang-katiyakan at takot, ang lubos na makatutulong sa atin ay pakinggan ang Kanyang Anak.

Sapagka’t kapag hinangad nating pakinggan—tunay na pakinggan—ang Kanyang Anak, gagabayan tayong malaman ang gagawin sa anumang kalagayan.

Ang pinakaunang salita sa Doktrina at mga Tipan ay *makinig*.¹² Ibig sabihin nito ay “makinig nang may hangaring sumunod.”¹³ Ang ibig sabihin ng makinig ay “pakinggan Siya”—*pakinggan* ang sinasabi ng Tagapagligtas at pagkatapos ay *bigyang-pansin* ang Kanyang payo. Sa dalawang salitang iyon—“Pakinggan Siya”—binibigyan tayo ng Diyos ng huwaran para sa

tagumpay, kaligayahan, at kagalakan sa buhay na ito. Dapat nating *pakinggan* ang mga salita ng Panginoon, *makinig* sa mga ito, at *bigyang-pansin* ang sinabi Niya sa atin!

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, ang mga pagsisikap nating *pakinggan* Siya ay kailangang gawin nang mas may hangarin. Kailangan ng kusa at tuluy-tuloy na pagsisikap na punuin ang bawat araw ng ating buhay ng Kanyang mga salita, Kanyang mga turo, Kanyang mga katotohanan.

Hindi maaaring umasa lamang tayo sa impormasyong bigla lang nating nakikita sa social media. Sa bilyun-bilyong salita sa internet at sa mga patalastas na talamak sa mundo na patuloy na napapasukan ng maingay, masasamang gawa ng kaaway, saan tayo maaaring pumunta para pakinggan Siya?

Maaari tayong magbasa ng mga banal na kasulatan. Nagtuturo ito sa atin tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, ang kalawakan ng Kanyang Pagbabayad-sala, at ang dakilang plano ng kaligayahan at kaligtasan ng ating Ama. Ang araw-araw na

masigasig na pag-aaral ng salita ng Diyos ay mahalaga para sa espirituwal na kaligtasan lalo na sa tumitinding ligalig sa panahong ito. Kapag nagpakabusog tayo sa mga salita ni Cristo araw-araw, ang mga salita ni Cristo ay magsasabi sa atin kung paano tumugon sa mga paghihirap na hindi natin inakalang dadanasin natin.

Maaari din nating *pakinggan Siya* sa templo. Ang bahay ng Panginoon ay isang bahay ng pagkakatatuto. Doon, nagtuturo ang Panginoon sa Kanyang sariling paraan. Doon, bawat ordenansa ay nagtuturo tungkol sa Tagapagligtas. Doon, natututuhan natin kung paano hawiin ang tabing at makipagugnayan nang mas malinaw sa langit. Doon, natututuhan natin kung paano sawayin ang kaaway at gamitin ang kapangyarihan ng priesthood para palakasin tayo at ang ating mga minamahal. Dapat nasasabik tayo na maparoon upang humanap ng kanlungan.

Kapag inalis na ang pansamantalang paghihigpit dahil sa COVID-19, mangyaring maglaan ng oras na palaging sumamba at maglingkod sa templo. Bawat minuto ng oras na iyon ay magpapala sa inyo at sa inyong pamilya na *hindi* magagawa sa ibang paraan. Mag-ukol ng oras na pagnilayan ang naririnig at nadarama ninyo kapag kayo ay naroon. Hilingin sa Panginoon na ituro sa inyo kung paano buksan ang kalangitan upang pagpalain ang inyong buhay at ang buhay ng inyong minamahal at pinaglingkuran.

Habang hindi pa posible na makasamba kayo sa templo sa ngayon, inaanyayahan ko kayo na mas makibahagi pa sa family history, kabilang na ang pagsasaliksik ng family history at indexing. Ipinapangako ko na kapag dinagdagan ninyo ang oras sa templo at sa gawain sa family history, madaragdagan at mag-iibayo ang kakayahang ninyong mapakinggan Siya.

Mas malinaw nating nagagawang *pakinggan Siya* kapag pinagbuti natin ang ating kakayahang mahiwatigan ang mga bulong ng Espiritu Santo. Higit na mahalaga ngayon na malaman ninyo kung paano nangungusap sa inyo ang Espiritu. Sa Panguluhang

Diyos, ang Espiritu Santo ang sugo. Ipaparating Niya sa inyong isipan ang nais ng Ama at ng Anak na matanggap ninyo. Siya ang Mang-aaliw. Magdadala siya ng kapayapaan sa inyong puso. Nagpapatotoo Siya ng katotohanan at pagtitibayin kung ano ang totoo kapag pinakinggan at binasa ninyo ang salita ng Panginoon.

Muli akong nakikiusap sa inyo na gawin ang *anumang* dapat gawin upang madagdagan ang inyong espirituwal na kakayahang tumanggap ng personal na paghahayag.

Ang paggawa nito ay makatutulong sa inyo na malaman kung paano magpatuloy sa inyong buhay, kung ano ang gagawin sa panahon ng krisis, at kung paano makahiwatig at makaiwas sa mga tukso at panlilinlang ng kaaway.

At sa huli, *pinapakinggan natin Siya* kapag binibigyang-pansin natin ang mga salita ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang mga inordinang Apostol ni Jesucristo ay laging nagpapatotoo sa Kanya. Itinuturo nila ang daan habang dinaranas natin ang masalimuot at napakalungkot na buhay sa mundo.

Ano ang mangyayari kapag mas hahangarin ninyong pakinggan, marinig, at pansinin ang sinabi ng Tagapagligtas at ang sinasabi Niya ngayon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta? Ipinapangako ko na pagpapalain kayong magkaroon ng ibayong kapangyarihan na harapin ang mga tukso, paghihirap, at kahinaan. Ipinapangako ko na magkakaroon ng himala sa relasyon ninyo bilang mag-asawa, bilang pamilya, at sa gawain sa araw-araw. At ipinapangako ko na ang inyong kakayahang magalak ay madaragdagan kahit tumindi ang mga ligalig sa inyong buhay.

Ang pangkalahatang kumperensya ngayong Abril 2020 ay ang panahong ating gugunitain ang pangyayari na nagpabago sa mundo. Habang sabik naming inaabangan ang pagsapit ng ika-200 taong anibersaryo ng Unang Pangitain, pinag-isipang mabuti ng Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol kung ano ang

magagawa *namin* upang angkop na gunitain ang natatanging pangyayaring ito.

Ang banal na pagpapakitang ito ang nagpasimula ng Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon.

Pinag-isipan namin kung dapat bang magtayo ng isang monumento. Ngunit habang pinag-iisipan namin ang natatanging epekto ng makasaysayang Unang Pangitain sa ibang bansa—nagkaroon kami ng inspirasyon na lumikha ng isang monumento na hindi gawa sa bato kundi sa mga salita—mga taimtim at sagradong salita ng proklamasyon—isinulat, hindi upang iukit sa mga “tipak ng bato” kundi mga salitang maaaring iukit sa “bawat himaymay” ng ating mga puso.¹⁴

Mula ng itatag ang Simbahan, limang proklamasyon pa lamang ang nagawa, na ang pinakahuli ay “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” na ipinabatid ni Pangulong Gordon B. Hinckley noong 1995.

Ngayon habang pinagninilayan namin ang mahalagang panahong ito sa kasaysayan ng mundo at ang utos ng Panginoon na tipunin ang nakakalat na Israel bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, kami ng Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol, ay nagpapahayag ng sumusunod na proklamasyon. Ang pamagat nito ay “Ang Pagpapanumbalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo.” Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang may akda nito. Isinulat nitong Abril 2020. Para paghandaan ang araw na ito, inirekord ko ang proklamasyong ito sa Sagradong Kakahuyan, kung saan unang nakita ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak.

“Taimtim naming ipinapahayag na minamahal ng Diyos ang Kanyang mga anak sa bawat bansa sa mundo. Ipinagkaloob sa atin ng Ama sa

Langit ang banal na pagsilang, ang walang katumbas na buhay, at ang walang-katapusang sakripisyo ng pagbabayad-sala ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, nabuhay muli si Jesus at nakamit ang tagumpay laban sa kamatayan. Siya ang ating Tagapagligtas, ang ating Halimbawa, at ang ating Manunubos.

“Dalawang daang taon na ang nakalipas, isang magandang umaga ng tagsibol noong 1820, ang batang si Joseph Smith, na naghahangad na malaman kung anong simbahan ang dapat niyang sapian, ay nagtungo sa kakahuyan na malapit sa kanyang tahanan sa may hilagang bahagi ng New York, USA upang manalangin. May mga tanong siya tungkol sa kaligtasan ng kanyang kaluluwa at naniwala na gagabayan siya ng Diyos.

“Mapagpakumbaba naming ipinapahayag na bilang kasagutan sa kanyang dalangin, nagpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo kay Joseph at pinasimulan ang ‘pagpapanumbalik ng lahat ng bagay’ (Mga Gawa 3:21) tulad ng ibinadya sa Biblia. Sa pangitaing ito, nalaman niya na kasunod ng pagkamatay ng mga orihinal na Apostol, ang Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan ay nawala sa lupa. Magiging kasangkapan si Joseph sa pagbabalik nito.

“Ipinapahayag namin na sa ilalim ng direksyon ng Ama at ng Anak, dumating ang mga sugo mula sa langit upang turuan si Joseph at muling itatag ang Simbahan ni Jesucristo. Ipinanumbalik ni Juan Bautista, na nabuhay na mag-uli, ang awtoridad na magbinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ipinanumbalik ng tatlo sa orihinal na labindalawang Apostol—nila Pedro, Santiago, at Juan—ang pagka-apostol at mga susi ng awtoridad ng priesthood. Dumating din ang iba pa, kabilang si Elijah, na nagpanumbalik ng awtoridad na magbuklod ng mga pamilya magpakailanman sa isang walang hanggang ugnayan na napagtagumpayan ang kamatayan.



Elk Ridge, Utah, USA

“Nagpapatotoo rin kami na binigyan si Joseph Smith ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos na magsalin ng isang sinaunang talaan: ang Aklat ni Mormon—Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Kabilang sa mga nasusulat sa mga sagradong pahina nito ang tala tungkol sa personal na ministeryo ni Jesucristo sa mga tao sa kanlurang bahagi ng mundo pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuturo nito ang layunin ng buhay at ipinaliliwanag ang doktrina ni Cristo, na siyang sentro ng layuning iyon. Bilang katuwang na banal na kasulatan ng Biblia, nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon na ang lahat ng tao ay anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, na Siya ay may banal na plano para sa ating buhay, at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, ay nagsasalita sa atin ngayon katulad noong sinaunang panahon.

“Ipinapahayag namin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na itinatag noong Miyerkules, ika-6 ng Abril 1830, ang ipinanumbalik na Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan. Nakasalig ang Simbahang ito sa sakdal na buhay ng pangunahing batong-panulok nito, na si Jesucristo, at sa Kanyang walang katapusang Pagbabayad-sala at literal na Pagkabuhay na Mag-uli. Muling tumawag si Jesucristo ng mga Apostol at

pinagkalooban sila ng awtoridad ng priesthood. Inaanyayahan Niya tayong lahat na lumapit sa Kanya at sa Kanyang Simbahan, upang tumanggap ng Espiritu Santo, ng mga ordenansa ng kaligtasan, at magkamit ng walang maliw na kagalakan.

“May dalawang daang taon na ngayon ang nakalipas mula nitong Pagpapanumbalik na pinasimulan ng Diyos Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Milyun-milyong tao na sa mundo ang tumanggap sa mga iprinopesiyang pangyayaring ito.

“Malugod naming ipinapahayag na ang ipinangakong Pagpapanumbalik ay sumusulong sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag. Kailanman ay hindi na magiging katulad nang dati ang mundo, habang ang Diyos ay patuloy na ‘ti[ti]punin ang lahat ng mga bagay kay Cristo’ (Mga Taga-Efeso 1:10)

“Lakip ang lubos na paggalang at pasasalamat, kami bilang Kanyang mga Apostol ay nag-aanyaya sa lahat na malaman—tulad ng pagkakaalam namin—na bukas ang kalangitan. Ipinapahayag namin na ipinabatid ng Diyos ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga minamahal na anak. Nagpapatotoo kami na yaong mga mapanalanging pag-aaralan ang mensahe ng Pagpapanumbalik at kikilos nang may pananampalataya ay

pagpapalaing magkamit ng kanilang sariling patotoo sa kabanalan nito at sa layunin nitong ihanda ang mundo para sa ipinangakong Ikalawang Pag-parito ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.”

Minamahal kong mga kapatid, ito ang ating ika-200 taong anibersaryo ng proklamasyon sa mundo tungkol Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Isinalin ito sa 12 wika. Susunod ang pagsasalin sa iba pang wika. Makikita ito kaagad sa Church website, kung saan ay makaku-kuha kayo ng kopya. Pag-aralan ninyo ito nang mag-isa at nang kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan. Pag-nilayan ang mga katotohanang lakip nito at ang kahalagahan ng mga ito sa inyong buhay kung inyong pakikikingan ang mga ito, at susundin ang mga kautusan at tipan na nakalakip dito.

Alam ko na si Joseph Smith ay propeta na itinalaga noon pa man na pinili ng Panginoon upang buksan ang huling dispensasyong ito. Sa pamamagitan niya ay naipanumbalik sa mundo ang Simbahan ng Panginoon. Tinatakan ni Joseph ang kanyang patotoo ng kanyang dugo. Siya ay minamahal ko at pinararangalan!

Ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo! Ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik na! Siya at ang Kanyang Ama, ang ating Ama sa Langit, ay nagbabantay sa atin. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:27.
2. 1 Nephi 14:14.
3. Doktrina at mga Tipan 121:28.
4. Tingnan sa 1 Nephi 22:23.
5. Eter 12:5.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 123:12.
7. Tingnan sa Isaías 5:20; 2 Nephi 15:20.
8. Tingnan sa 2 Nephi 25:4; Alma 5:43.
9. Marcos 9:7; Lucas 9:35.
10. 3 Nephi 11:7.
11. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:1.
13. Sa Lumang Tipan, ang salitang *makinig* ay isinalin mula sa salitang Hebreo na *shama*, na isang pandiwa na ang ibig sabihin ay “makinig nang may hangaring sumunod.” Ang salitang *makinig* ay isang salita sa banal na kasulatan na makikita sa 40 bahagi ng Doktrina at mga Tipan.
14. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 3:3.

Sigaw na Hosana

Itinanghal ni Pangulong Russell M. Nelson

Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ngayon, mahal kong mga kapatid, sa ating paggunita ng Unang Pangitain ni Joseph Smith sa Ama at sa Anak, nadama namin na nararapat na sama-sama tayong magalak sa pamamagitan ng Sigaw na Hosana.

Ang sagradong sigaw na ito ay unang ginawa sa dispensasyong ito nang ilaan ang Kirtland Temple noong Marso 27, 1836. Ginagawa na ito ngayon sa paglalaan ng bawat templo. Ito ay sagradong pagpaparangal sa Ama at sa Anak, na sumisimbolo sa pagtugon ng mga tao nang isagawa ng Tagapagligtas ang Kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem. Muli ring pinagtibay nito ang naranasan ni Joseph nang araw na iyon sa Sagradong Kakahuyan—iyon ay, ang Ama at ang Anak ay dalawang niluwalhatian Nilalang na ating sinasamba at pinupuri.

Ipapakita ko sa inyo ngayon kung paano gawin ang Sigaw na Hosana. Habang ginagawa ko ito, inaanyayahan ko ang aking mga kasamahan sa media na ituring ang napakasagradong paggawa nito nang may dignidad at paggalang.

Bawat isa na makikibahagi ay maglalabas ng isang malinis na puting panyo, hahawakan ito sa isang dulo, at iwawagayway ito habang nagkakaisang sinasabi ang, “Hosanna, Hosanna, Hosanna sa Diyos at sa Kordero,” nang tatlong beses, kasunod ang “Amen, Amen, at Amen.” Kung wala kayong puting panyo, ikaway na lamang ang inyong kamay.

Mga kapatid, inaanyayahan ko kayo na tumayo at makibahagi sa Sigaw na Hosana, kasunod nito ay aawitin natin ang “Hosanna Anthem” at ang “Espiritu ng Diyos.”¹

Sa hudyat ng tagakumpas, sumabay lamang sa pag-awit ng “Espiritu ng Diyos.”

Hosana, Hosana, Hosana sa Diyos at sa Kordero.


Hosana, Hosana, Hosana sa Diyos at sa Kordero.

Hosana, Hosana, Hosana sa Diyos at sa Kordero.

Amen, Amen, at Amen. ■

TALA

1. *Mga Himno*, blg. 2.



Bountiful, Utah, USA



Sesyon sa Linggo ng Hapon | 5 Abril 2020

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Dakilang Plano

Tayo na nakaaalam ng plano ng Diyos at nakipagtipan na makibahagi ay may malinaw na responsibilidad na ituro ang mga katotohanang ito.

Mga kapatid, sa kabila ng kakaibang mga pagsubok at hamon, tunay na pinagpala tayo! Ang pangkalahatang kumperensyang ito ay nagbuhos sa atin ng mga kayamanan at kagalakan ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nagalak tayo sa pangitain tungkol sa Ama at sa Anak na nagpasimula sa Pagpapanumbalik. Naipaalala sa atin ang mahimalang paglabas ng Aklat ni Mormon, na ang pinakamahalagang layunin ay patotohanan si Jesucristo at ang Kanyang doktrina. Napanibago tayo ng nakalulugod na katotohanan ng paghahayag—sa mga propeta at sa atin mismo. Narinig natin ang mahalagang mga patotoo sa walang-hanggang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng

Kanyang literal na Pagkabuhay na Mag-uli. At itinuro sa atin ang iba pang mga katotohanan tungkol sa kabuuan ng Kanyang ebanghelyo na inihayag kay Joseph Smith matapos ipahayag ng Diyos Ama sa bagong tawag na propetang iyon: “Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Pinalakas tayo ng ating kaalaman sa pagpapanumbalik ng priesthood at ng mga susi nito. Napanibago tayo sa ating determinasyong ipaalam ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon sa wastong pangalan nito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. At inanyayahan tayo na makibahagi sa pag-aayuno

at panalangin upang mabawasan ang mga epekto ngayon at sa hinaharap ng nakapipinsalang pandemya na laganap sa buong mundo. Ngayong umaga nabigyan tayo ng inspirasyon sa paglalahad ng buhay na

propeta ng Panginoon ng makasaysayang pagpapahayag tungkol sa Pagpapanumbalik. Naniniwala tayo sa ipinahayag nito na “yaong mga mapanalanging pag-aaralan ang mensahe ng Pagpapanumbalik at kikilos nang may pananampalataya ay pagpapalaing magkamit ng kanilang sariling patotoo sa kabanalan nito at sa layunin nitong ihanda ang mundo para sa ipinangakong Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.”¹

Ang Plano

Lahat ng ito ay bahagi ng banal na plano na ang layunin ay bigyang-kakayahan ang mga anak ng Diyos na madakila at maging tulad Niya. Tinukoy sa mga banal na kasulatan bilang “dakilang plano ng kaligayahan,” “ang plano ng pagtubos,” at ang “plano ng kaligtasan” (Alma 42:8, 11, 5), ang planong iyan—na inihayag sa Pagpapanumbalik—ay nagsimula sa Kapulungan sa Langit. Noong mga espiritu pa lamang tayo, ninais nating matamo ang walang-hanggang buhay na tinatamasa ng ating mga magulang sa langit. Sa panahong iyon, umunlad tayo hanggang sa makakaya natin nang walang karanasang mabuhay nang mortal sa pisikal na katawan. Upang maibigay ang karanasang iyan, plinano ng Diyos Ama na likhain ang mundong ito. Sa plinanong buhay sa mundo, tayo ay mababahiran ng kasalanan habang dinaranas natin ang pagsalungat na kailangan para sa ating espirituwal na pag-unlad. Mararanasan din natin ang pisikal na kamatayan. Upang matubos tayo mula sa kamatayan at kasalanan, kasama sa plano ng ating Ama sa Langit ang maglaan ng Tagapagligtas. Ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ay magliligtas sa ating lahat mula sa kamatayan, at ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ay magbabayad ng halagang kinakailangan upang maging malinis ang lahat mula sa kasalanan ayon sa mga kundisyong itinakda para umunlad tayo. Ang Pagbabayad-salang ito ni Jesucristo ay sentro sa plano ng Ama.



Provo, Utah, USA



Sa Kapulungan sa Langit, ipinaalam sa lahat ng espiritung anak ng Diyos ang plano ng Ama, pati na ang mga ibubunga at pagsubok nito, ang mga tulong ng langit, at ang maluwalha-tang tadhana nito. Nakita natin ang katapusan mula sa simula. Lahat ng napakaraming mortal na isinilang sa mundong ito ay pinili ang plano ng Ama at ipinaglaban ito sa sumunod na digmaan sa langit. Marami rin ang nakipagtipan sa Ama hinggil sa gagawin nila sa mortalidad. Sa mga paraang hindi pa lubusang nau-unawaan, ang ating mga ginawa sa daigdig ng mga espiritu ay nakaim-pluwensiya sa ating mga kalagayan sa mortalidad.

Mortalidad at Daigdig ng mga Espiritu

Ibubuod ko na ngayon ang ilan sa mga pangunahing bahagi ng plano ng Ama, ang mga epekto nito sa paglalakbay natin sa buhay sa mundo at sa daigdig ng mga espiritu na kasunod nito.

Ang layunin ng buhay sa mundo at ng pag-unlad na maaaring sumunod dito ay para sa mga anak ng Diyos na maging katulad Niya. Ito ang nais ng Ama sa Langit para sa lahat ng Kanyang mga anak. Para makamit ang maligayang tadhanang ito, hinihingi ng mga walang-hanggang batas na madalisay tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo upang makapiling natin ang Ama at ang Anak at matamasa ang mga pagpapala ng kadakilaan. Tulad ng itinuturo sa Aklat ni Mormon, inaanyayahan Niya “silang lahat na lumapit sa kanya at makibahagi sa kanyang kabutihan; at wala siyang tinatanggi sa mga lumalapit sa kanya; maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae; at naaalaala niya ang mga di binyagan; at pantay-pantay ang lahat sa Diyos” (2 Nephi 26:33; tingnan din sa Alma 5:49).

Ang banal na plano na kahinatnan natin ang itinadhana na kahihinatnan

natin ay nangangailangang piliin nating tanggihan ang mga pagsalungat na masama na tumutukso sa ating kumilos nang taliwas sa mga utos ng Diyos at sa Kanyang plano. Kinakailangan ding maranasan natin ang iba pang pagsalungat sa buhay na ito, tulad ng mga kasalanang dulot ng iba o mga kapansanan mula pagkasilang. Kung minsan ang mga kinakailangan nating pag-unlad ay mas madaling natatamo sa pagdurusa at paghihirap kaysa sa kaginhawahan at kapayapaan. At walang pagsalungat sa mundong ito ang makatatamo sa walang-hanggang layunin nito kung isasalba tayo ng langit mula sa lahat ng balakid na bunga ng mortalidad.

Inihahayag sa plano ang ating tadhana sa kawalang-hanggan, ang layunin at mga kundisyon ng ating paglalakbay sa mortalidad, at ang matatanggap nating tulong ng langit. Ang mga utos ng Diyos ay nagbababala sa atin na umiwas na mapunta sa mga mapanganib na kalagayan. Ang mga turo ng mga inspiradong lider ay gabay sa ating landas at nagbibigay ng katiyakan na nagpapasulong sa ating walang-hanggang paglalakbay.

Ang plano ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng apat na mahahalagang katiyakan na makatutulong sa atin sa paglalakbay sa mortalidad. Lahat ay ibinigay sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang pinakasentro ng plano. Ang *una* ay tumitiyak sa atin na sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa para sa mga kasalanan na pinagsisisihan natin, malilinis tayo sa mga kasalanang iyon. Pagkatapos, ang maawaing huling hukom ay “hindi na [m]aaalaala ang mga ito” (Doktrina at mga Tipan 58:42).

Pangalawa, bilang bahagi ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, inako Niya ang lahat ng iba pang mga kahinaan ng tao. Ito ay nagtutulot sa atin na makatanggap ng tulong mula sa Diyos at lakas na makaya ang mga hindi maiiwasang pasakit ng mortalidad, personal at pangkalahatan, tulad ng digmaan at salot. Ibinigay sa Aklat ni Mormon

ang ating pinakamalinaw na paglalarawan mula sa banal na kasulatan ng mahalagang kapangyarihang ito ng Pagbabayad-sala. Inako ng Tagapagligtas “ang mga pasakit at pahirap at [mga kahinaan] ng kanyang mga tao. . . . Dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan” (Alma 7:11–12).

Pangatlo, sa pamamagitan ng Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala, pinawalang-saysay ng Tagapagligtas na sa kamatayan magtatapos ang buhay at binigyan tayo ng nakalulugod na katiyakan na lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Itinuturo ng Aklat ni Mormon, “Ang panunumbalik na ito ay darating sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti; at maging doon ay hindi mawawala kahit isang buhok sa kanilang mga ulo, kundi bawat bagay ay manunumbalik sa kanyang ganap na kabuuan” (Alma 11:44).

Ipinagdiriwang natin ang katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli sa Paskong ito ng Pagkabuhay. Nagdudulot ito sa atin ng pananaw at lakas na pagtiisan ang mga pagsubok sa buhay na kinakaharap ng bawat isa sa atin at ng mga mahal natin, tulad ng mga kakulangan sa pisikal, mental, o emosyonal na taglay na natin mula sa pagsilang o nararanasan habang nabubuhay tayo sa mundo. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli, batid natin na pansamantala lamang ang mga kakulangang ito!

Tinitiyak sa atin ng ipinanumbalik na ebanghelyo na ang Pagkabuhay na Mag-uli ay maaaring kabilangan ng pagkakataon na makapiling ang ating mga kapamilya—asawa, maybahay, mga anak, at mga magulang. Ito ay isang malakas na panghimok sa atin na gampanan ang ating mga tungkulin sa pamilya sa buhay na ito. Tinutulungan tayo nitong sama-samang mamuhay nang may pagmamahal

habang inaasam ang masayang muling pagkikita at pakikisalamuha sa kabilang-buhay.

Pang-apat at panghuli, itinuturo sa atin ng makabagong paghahayag na ang ating pag-unlad ay hindi kailangang magtapos sa mundo. Kaunti lamang ang naihayag sa mahalagang katiyakang ito. Sinabi sa atin na ang buhay na ito ay panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos at hindi natin dapat ipagpaliban ang ating pagsisisi (tingnan sa Alma 34:32–33). Gayundin, itinuro sa atin na sa daigdig ng mga espiritu, ang ebanghelyo ay ipinangangaral maging sa “masasama at mga suwail na tumanggi sa katotohanan” (Doktrina at mga Tipan 138:29) at na ang mga tinuturuan doon ay may kakayahang magsisi bago mangyari ang Huling Paghuhukom (tingnan sa mga talata 31–34, 57–59).

Narito ang ilan sa iba pang mga pangunahing kailangan sa plano ng Ama sa Langit:

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng kakaibang pananaw sa mga paksa tungkol sa kalinisang-puri, kasal, at pagkakaroon ng mga anak. Itinuturo nito na ang kasal ayon sa plano ng Diyos ay mahalaga para sa pagsasakatuparan ng layunin ng plano ng Diyos, na ilaan ang itinakda ng langit na kapaligiran para sa pagsilang ng tao, at ihanda ang mga miyembro ng pamilya para sa buhay na walang-hanggan. “Ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao,” sabi ng Panginoon, “upang matupad ng mundo ang layunin ng kanyang pagkakalikha” (Doktrina at mga Tipan 49:15–16). Mangyari pa, ang Kanyang plano ay salungat sa ilang maimpluwensiyang batas at kaugalian ng mundo.

Ang kapangyarihang lumikha ng mortal na buhay ang pinakadakilang kapangyarihang bigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang paggamit nito ay iniutos sa unang kautusan kina Eva at Adan, ngunit isa pang mahalagang utos ang ibinigay upang ipagbawal ang maling paggamit nito. Kung wala ang bigkis ng kasal, ang

lahat ng paggamit ng kapangyarihang lumikha ng buhay ay isang kasalangan nakapagpapababa ng pagkatao at sumisira sa pinakabanal na katangian ng kalalakihan at kababaihan. Ang pagbibigay-diin ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa batas na ito ng kalinisang-puri ay dahil sa layunin ng ating mga kakayahang lumikha sa pagsasagawa ng plano ng Diyos.

Ano ang Susunod?

Sa ika-200 taong anibersaryo ng Unang Pangitain, na nagpasimula sa Pagpapanumbalik, alam natin ang plano ng Panginoon at tayo ay napa-pasigla ng dalawang siglo ng pagpapala nito sa pamamagitan ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Sa taong ito ng 2020, mayroon tayo ng sinasabi ng mga doktor na 20/20 vision para sa mga nakaraang pangyayari.

Sa pagtanaw natin sa hinaharap, gayunman, hindi na ganoon kalinaw ang tingin natin. Alam natin na dalawang siglo matapos ang Pagpapanumbalik, ang daigdig ng mga espiritu ay kinabibilangan na ngayon ng maraming taong may karanasang magturo noong narito pa sa mundo ang magsasagawa ng pangangaral nito roon. Alam din natin na mas marami na tayong templo ngayon para makapagsagawa ng mga ordenansa na pangwalang-hanggan para sa mga nagsisisi at tumatanggap sa ebanghelyo ng Panginoon sa alinmang panig ng tabing ng kamatayan. Lahat ng ito ay nagpapasulong sa plano ng ating Ama sa Langit. Ang pagmamahal ng Diyos ay napakadakila kung kaya’t, maliban lamang sa iilan na piniiling maging mga anak na lalaki ng kapamahakan, naglaan Siya ng isang tadhana ng kaluwalhatian para sa lahat ng Kanyang mga anak (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:43).

Alam nating magbabalik ang Tagapagligtas at magkakaroon ng isang milenyo ng mapayapang pamumuno upang kumpletuhin ang bahagi ng plano ng Diyos sa mortalidad. Alam din natin na magkakaroon ng iba’t ibang pagkabuhay na mag-uli, ng mga

matwid at ng hindi mga matwid, na ang huling paghuhukom sa bawat tao ay laging kasunod ng pagkabu-hay na mag-uli ng taong iyon.

Hahatulan tayo alinsunod sa ating mga gawa, sa mga hangarin ng ating puso, at sa naging uri ng ating pagkatao. Ang paghatol na ito ay magtutulot ng pagpapatuloy ng mga anak ng Diyos sa kaharian ng kalu-walhatian batay sa kanilang naging pagsunod at kung saan sila mapapa-natag. Ang hukom sa lahat ng ito ay ang ating Tagapagligtas, si Jesucristo (tingnan sa Juan 5:22; 2 Nephi 9:41). Ang Kanyang karunungan sa lahat ng bagay ay nagbibigay sa Kanya ng ganap na kaalaman sa lahat ng ating mga gawa at naisin, kapwa yaong mga hindi napagsisihan o hindi binago at yaong mga pinagsisihan o matwid. Samakatwid, matapos ang Kanyang paghuhukom ay tatang-gapin nating lahat “na ang kanyang mga paghahatol ay makatarungan” (Mosias 16:1).

Bilang pagtatapos, gusto kong magbahagi tungkol sa maraming sulat na natatanggap ko at sa pagre-paso ng mga kahilingang makabalik sa Simbahan matapos magpatanggal ng pangalan o magpatiwalag. Mara-mi sa ating mga miyembro ang hindi lubos na nakauunawa sa planong ito ng kaligtasan, na sumasagot sa karamihan sa mga tanong tungkol sa doktrina at mga inspiradong panun-tunan ng ipinanumbalik na Simba-han. Tayo na nakaaalam ng plano ng Diyos at nakipagtipan na makibaha-gi ay may malinaw na responsibilidad na ituro ang mga katotohanang ito at gawin ang lahat ng magagawa natin para maipaunawa pa ito sa iba at sa sarili nating kalagayan sa mortalidad. Pinatotohanan ko si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos, na ginawang posible ang lahat, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

TALA

1. “Ang Pagpapanumbalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo,” sa Russell M. Nelson, “Pakinggan Siya,” *Liahona*, Mayo 2020, 91.



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Pagpapala ng Patuloy na Paghahayag sa mga Propeta at Personal na Paghahayag Upang Gabayan ang Ating Buhay

Ang patuloy na paghahayag ay natanggap at natatanggap sa pamamagitan ng mga daluyang itinakda ng Panginoon.

Magsasalita ako ngayon tungkol sa patuloy na paghahayag sa mga prope-ta at patuloy na personal na paghaha-yag na gagabay sa ating buhay.

Kung minsan tumatanggap tayo ng paghahayag kahit di natin alam ang mga layunin ng Panginoon. Hindi

nagtagal matapos tawagin si Elder Jeffrey R. Holland na maging Apostol noong Hunyo 1994, nagkaroon ako ng magandang karanasan ng paghahayag na tatawagin siya. Regional representative ako noon at wala akong makitang dahilan kung bakit



San Bernardo, Santiago, Chile

ibibigay sa akin ang kaalamang iyon. Pero magkompanyon kami noong mga bata pa kaming missionary sa England sa simula ng 1960s, at mahal na mahal ko siya. Itinuring ko ang karanasan na magiliw na awa sa akin. Nitong ilang taon, napag-isip ko na baka inihahanda ako ng Panginoon na maging junior sa Labindalawa sa isang pambihirang missionary companion na junior companion ko noong bata pa kaming mga missionary.¹ Kung minsan binabalaan ko ang mga batang missionary na maging mabait sa junior companion nila dahil di nila alam kung kailan nila magiging senior companion ito.

Matatag ang patotoo ko na itong ipinanumbalik na Simbahan ay pinamumunuan ng Tagapagligtas nating si Jesucristo. Alam Niya kung sino ang tatawagin bilang Kanyang mga Apostol at ang pagkakasunod ng pagtawag sa kanila. Alam din Niya kung paano ihanda ang Kanyang senior na Apostol upang maging propeta at Pangulo ng Simbahan.

Mapalad tayo kaninang umaga na marinig ang ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, na nagbigay ng matinding bicentennial na pahayag sa mundo hinggil sa Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.² Nilinaw nitong napakahalagang pahayag ni Pangulong Nelson na utang ng Simbahan ni Jesucristo ang pinagmulan, pag-iral, at direksiyon nito sa hinaharap sa alituntunin ng patuloy na paghahayag. Ang bagong proklamasyon ay sumasagisag sa magiliw na pakikipag-ugnayan ng Ama sa Kanyang mga anak.

Sa mas naunang panahon, ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang nadarama ko ngayon. Sabi niya: “Ang dapat nating lubos na ipagpasalamat ngayon ay ang tunay na nabuksan ang kalangitan at ang ipinanumbalik na simbahan ni Jesucristo ay nakatatag sa bato ng paghahayag. Ang patuloy na paghahayag ay totoong napakahalaga sa ebanghelyo ng buhay na Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.”³

Nakinita ni propetang Enoc ang ating panahong ginagalawan. Ipinalam ng Panginoon kay Enoc ang malaking kasamaan na mananaig at nagpropesiya tungkol sa “matinding paghihirap” na mangyayari. Gayunman, nanga-ko ang Panginoon, “Subalit ang aking mga tao ay pangangalagaan ko.”⁴ “At kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa, upang magpatotoo sa aking Bugtong na Anak.”⁵

Si Pangulong Ezra Taft Benson ay makapangyarihang nagturo na ang Aklat ni Mormon, ang saligang bato ng ating relihiyon, ay lumabas mula sa lupa bilang katuparan ng pahayag ng Panginoon kay Enoc. Ang Ama at ang Anak at mga anghel at mga propeta na nagpakita kay Propetang Joseph Smith ay “inatasan ng langit na ipanumbalik ang mga kinakailangang kapangyarihan sa kaharian.”⁶

Ang Propetang Joseph Smith ay patuloy na tumanggap ng mga paghahayag. Ang ilan ay tinalakay sa kumperensyang ito. Ang maraming paghahayag na natanggap ni Propetang Joseph ay naipreserba para sa atin sa Doktrina at mga Tipan. Lahat ng pamantayang aklat ng Simbahan ay naglalaman ng kaisipan at kaloo-ban ng Panginoon para sa atin dito sa huling dispensasyon.⁷

Bukod sa dakilang pundasyon na mga banal na kasulatang ito, binibiya-yaan tayo ng patuloy na paghahayag sa mga buhay na propeta. Ang mga propeta ay “itinalagang mga kinatawan ng Panginoon na binigyan ng awtoridad na magsalita para sa Kanya.”⁸

Ang ilang paghahayag ay talagang napakahalaga, at lalong ipinaunawa



sa atin ng iba pa ang mahahalagang banal na katotohanan at gumagabay sa ating panahon.⁹

Napakalaki ng pasalamat namin sa paghahayag na natanggap ni Pangulong Spencer W. Kimball na naggagawad ng pagkasaserdote at mga pagpapala sa templo sa lahat ng karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan noong Hunyo 1978.¹⁰

Kasama kong naglingkod ang marami sa Labindalawa na naroon at nakibahagi nang matanggap ang mahahalagang paghahayag na iyon. Bawat isa sa kanila, sa personal na mga pag-uusap, ay pinagtibay ang makapangyarihan at nagbibigkis na espirituwal na patnubay na naranasan nila at ni Pangulong Kimball. Marami ang nagsabi na iyon ang pinakamakapangyarihang paghahayag na natanggap nila bago at pagkatapos ng panahong iyon.¹¹

Kami na kasalukuyang naglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol ay pinagpala sa ating panahon habang dumarating ang mahahalagang paghahayag sa mga propeta nitong huli.¹² Si Pangulong Russell M. Nelson ay itinalagang kinatawan ng Panginoon *lalo* na hinggil sa mga paghahayag upang tulungan ang mga pamilya na bumuo ng mga santuwar-yo ng pananampalataya sa kanilang



mga tahanan, tipunin ang nakalat na Israel sa magkabilang panig ng tabing, at pagpalain ang mga miyembrong tumanggap ng endowment sa sagra-dong mga ordenansa sa templo.

Nang ibalita ang mahahalagang pagbabago na magpapala sa ating mga tahanan sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2018, nagpatotoo ako “na sa mga pag-uusap ng Konseho ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol sa templo, . . . matapos na magsumamo sa Panginoon ang minamahal nating propeta para sa paghahayag . . . , isang makapangyarihang kumpirmasyon ang natanggap ng lahat.”¹³

Noong panahong iyon, natanggap ang iba pang mga paghahayag hinggil sa mga sagradong ordenansa sa templo pero hindi ito ibinalita o ipinatupad.¹⁴ Ang patnubay na ito ay nagsimula sa indibiduwal na paghahayag sa propeta na si Pangulong Russell M. Nelson at sa magiliw at makapangyarihang pagpapatibay sa mga nakikilahok sa proseso. Partikular na isinama ni Pangulong Nelson ang mga sister na namumuno sa organisasyon ng Relief Society, Young Women, at Primary. Ang huling patnubay, sa loob ng templo, sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawang Apostol ay talagang nakapag-espirituwal at makapangyarihan. Alam ng bawat isa sa amin na natanggap

namin ang kaisipan, kalooban, at tinig ng Panginoon.¹⁵

Buong taimtim kong sinasabi na ang patuloy na paghahayag ay natanggap at natanggap sa pamamagitan ng mga daluyang itinakda ng Panginoon. Pinatotohanan ko na ang bagong pahayag na ibinigay ni Pangulong Nelson sa umagang ito ay isang paghahayag upang pagpalain ang lahat ng tao.

Ipinaaabot Namin ang Paanyaya sa Lahat na Magpakabusog sa Hapag ng Panginoon

Ipinapahayag din namin ang taos-pusong hangarin namin na muling makasama ang mga may problema sa kanilang patotoo, naging di-gaanong aktibo, o nagpatanggal ng kanilang pangalan mula sa mga talaan ng Simbahan. Nais naming magpakabusog na kasama kayo, “sa mga salita ni Cristo” sa hapag ng Panginoon, upang malaman ang mga bagay na dapat gawin nating lahat.¹⁶ Kailangan namin kayo! Kailangan kayo ng Simbahan! Kailangan kayo ng Panginoon! Ang taos-puso naming dasal ay na samahan ninyo kami sa pagsamba sa Tagapagligtas ng daigdig. Alam namin na ang ilan sa inyo ay maaaring nasaktan, ginawan ng hindi mabuti, o iba pang asal na hindi kay Cristo. Alam din namin na ang ilan ay maaaring may nakaharap na hamon sa kanilang pananampalataya na hindi lubusang napahalagahan, naunawaan, o nalutas.

Ang ilan sa ating magigiting at matatapat na miyembro ay dumanas ng hamon sa kanilang pananampalataya sa isang pagkakataon. Gustung-gusto ko ang tunay na kuwento ni W. W. Phelps, na tumalikod sa Simbahan at sumaksi laban kay Joseph Smith sa isang hukuman sa Missouri. Pagkatapos magsisi, sumulat siya kay Joseph, “Alam ko ang sitwasyon ko, alam ninyo, at alam ito ng Diyos, at gusto kong maligtas kung tutulungan ako ng aking mga kaibigan.”¹⁷ Pinatawad siya ni Joseph, muli siyang pinagtrabaho, at magiliw na sumulat, “Magkaibigan sa una, magkaibigan pa rin sa wakas.”¹⁸

Mga kapatid, anuman ang inyong sitwasyon, sana malaman ninyo na malugod kayong tatanggapin ng Simbahan at ng mga miyembro nito!

Personal na Paghahayag na Gagabay sa Ating Buhay

Ang personal na paghahayag ay matatanggap ng lahat ng mapagpakumbabang humihingi ng patnubay mula sa Panginoon. Kasing-halaga ito ng paghahayag ng propeta. Ang personal, espirituwal na paghahayag mula sa Espiritu Santo ay nagbunga ng pagtanggap ng milyun-milyong tao ng patotoo na kailangan upang mabinyagan at makumpirmang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang personal na paghahayag ay ang malaking biyayang natanggap kasunod ng binyag kapag tayo ay “[pinababanal] sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo.”¹⁹ Naaalala ko pa ang espesyal na espirituwal na paghahayag noong ako’y 15 taong gulang. Ang mahal kong kapatid ay humihingi ng patnubay mula sa Panginoon kung paano tutugon sa aming mahal na ama, na ayaw pumayag na magmisyon ang kapatid ko. Taimtim din akong nagdasal at tumanggap ng personal na paghahayag sa katotohanan ng ebanghelyo.

Ang Papel ng Espiritu Santo

Ang personal na paghahayag ay batay sa mga espirituwal na katotohanang natanggap mula sa Espiritu Santo.²⁰ Ang Espiritu Santo ang tagapaghayag at nagpapatotoo sa lahat ng katotohanan, lalo na ang tungkol sa Tagapagligtas. Kung wala ang Espiritu Santo, hindi natin talaga malalaman na si Jesus ang Cristo. Ang Kanyang mahalagang papel ay magpatotoo tungkol sa Ama at sa Anak at sa Kanilang mga titulo at sa Kanilang kaluwhatian.

Maaaring maimpluwensyahan ng Espiritu Santo ang lahat sa makapangyarihang paraan.²¹ Ang impluwensyang ito ay hindi magpapatuloy

maliban kung mabinyagan ang tao at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay nagsisilbi ring tagalinis sa proseso ng pagsisipi at pagpapatawad.

Ang Espiritu ay nakikipag-ugnayan sa mga kagila-gilalas na paraan. Gina-mit ng Panginoon ang magandang deskripsyon na ito:

“Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahan sa iyong puso.

“Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag.”²²

Bagamat ang epekto nito ay maaaring napaka-makapangyarihan, kada-lasan ay dumarating ito sa banayad at munting tinig.²³ Napapaloob sa mga banal na kasulatan ang maraming halimbawa kung paano naiimpluwensyahan ng Espiritu ang ating isipan, pati na ang pangungusap ng kapayapaan sa ating isipan,²⁴ sumasaklaw sa ating isipan,²⁵ pagbibigay-liwanag sa ating isipan,²⁶ at maging tinig sa ating isipan.²⁷

Ang ilang alituntunin na naghahan-da sa atin sa pagtanggap ng paghahayag ay kinabibilangan ng:

- Pananalangin para sa espirituwal na patnubay. Dapat mapitagan at mapagpakumbaba tayong maghangad at magtanong²⁸ at maging matiyaga at masunurin.²⁹
- Paghahanda para sa inspirasyon. Kailangan nito na nakaayon tayo sa

mga turo ng Panginoon at sumusunod sa Kanyang mga utos.

- Karapat-dapat na pakikibahagi sa sakramento. Kapag ginagawa natin ito, tayo ay sumasaksi at nakikipagtipan sa Diyos na tataglayin sa ating sarili ang pangalan ng Kanyang Banal na Anak at aalalahanin natin Siya at susundin ang Kanyang mga utos.

Inihahanda tayo ng mga alituntuning ito na matanggap, makilala, at sumunod sa mga pahiwatig at paggabay ng Espiritu Santo. Kasama rito ang “mapayapang bagay . . . na nagdadala ng kagalakan [at] . . . buhay na walang-hanggan.”³⁰

Ang ating espirituwal na paghahanda ay lalong napaiigi kapag regular nating pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan at ang mga katotohanan ng ebanghelyo at pinagnilayan sa ating isipan ang patnubay na hangad natin. Ngunit alalahaning maging matiyaga at magtiwala sa takdang panahon ng Panginoon. Ang patnubay ay ibinibigay ng Panginoon na nakakaalam sa lahat kapag “kusa Niyang pinipili na turuan tayo.”³¹

Paghahayag sa Ating mga Katungkulan at Takdang-Gawain

Ang Espiritu Santo ay magbibigay rin ng paghahayag sa ating mga katungkulan at takdang-gawain. Sa aking karanasan, ang mahahalagang espirituwal na patnubay ay madalas

dumarating kapag sinisikap nating pagpalain ang iba sa pagtupad sa ating mga responsibilidad.

Naaalala ko pa noong bata akong bishop na nakatanggap ako ng tawag mula sa mag-asawang humihingi ng tulong ilang sandali na lang bago ako sumakay ng eroplano papunta sa isang kausap sa negosyo. Nagsumamo ako sa Panginoon bago sila dumating na malaman kung paano ko sila mapagpapala. Inihayag sa akin kung ano ang problema at ang sagot na dapat kong ibigay. Dahil sa gumagabay na paghahayag ay nagampanan ko ang sagradong mga responsibilidad ng aking tungkulin bilang bishop sa kabila ng limitadong oras. Ang mga bishop sa buong mundo ay may ganito ring uri ng karanasan na tulad ko. Bilang stake president, hindi lang ako nakatanggap ng mahalagang paghahayag kundi tumanggap din ng personal na *pagtutuwid* na kailangan upang maisagawa ang mga layunin ng Panginoon.

Tinitiyak ko sa inyo na maaaring matanggap ng bawat isa ang pumapatnubay na paghahayag kapag mapagpakumbaba tayong gumagawa sa ubasan ng Panginoon. Karamihan sa ating patnubay ay nagmumula sa Espiritu Santo. Kung minsan at sa kung anong dahilan, ito ay direktang nagmumula sa Panginoon. Pinatotohanan ko na ito ay totoo. Ang patnubay para sa Simbahan sa kabuuan ay dumarating sa Pangulo at propeta ng Simbahan.

Kami, bilang makabagong mga Apostol, ay nagkaroon na ng pribilehiyong makatrabaho at makasama sa paglalakbay ang propeta natin ngayon na si Pangulong Nelson. Inuulit ko ang sinabi ni Wilford Woodruff tungkol kay Propetang Joseph Smith; totoo rin ito kay Pangulong Nelson. Nakita ko “ang mga pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa kanya, at ang mga paghahayag ni Jesucristo sa kanya at ang katuparan ng mga paghahayag na iyon.”³²

Ang mapagpakumbaba kong paki-usap ngayon ay hangarin ng bawat isa sa atin ang patuloy na paghahayag



Rexburg, Idaho, USA



upang gabayan ang ating buhay at sundin ang Espiritu sa pagsamba natin sa Diyos Ama sa pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na pinatotohlanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Noong 1960 nang ibinaba ang edad ng mga binata sa paglilingkod bilang missionary mula sa edad na 20 ay naging 19 na taong gulang, isa ako sa mga huling 20 taong gulang; si Elder Jeffrey R. Holland ay isa sa mga unang 19 na taong gulang.
2. Tingnan sa "Ang Pagpapambungalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo," sa Russell M. Nelson, "Hear Him," *Liahona*, Mayo 2020, 91. Ang pahayag na ito ay makakasama ng limang iba pa na ibinigay ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol sa dispensasyong ito.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 288; tingnan din sa Mateo 16:13–19.
4. Moises 7:61.
5. Moises 7:62. Pagpapatuloy ng Panginoon, "At ang kabutihan at katotohanan ay papangyarihin kong umabot sa mundo gaya nang isang baha, upang tipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo" (Moises 7:62; tingnan din sa Mga Awit 85:11).

6. Ezra Taft Benson, "The Gift of Modern Revelation," *Ensign*, Nob. 1986, 80.
7. Tingnan sa Ezra Taft Benson, "The Gift of Modern Revelation," 80.
8. Hugh B. Brown, "Joseph Smith among the Prophets" (Sixteenth Annual Joseph Smith Memorial Sermon, Logan Institute of Religion, Dis. 7, 1958), 7.
9. Tingnan sa Hugh B. Brown, "Joseph Smith among the Prophets," 7. Sa lahat ng sitwasyon, ang mga paghahayag ay tugma sa salita ng Diyos na ibinigay sa naunang mga propeta.
10. Tingnan sa Opisyal na Pahayag 2; tingnan din sa 2 Nephi 26:33. Ipinatupad ng paghahayag ang doktrinang nakasaad sa Aklat ni Mormon na "pantay-pantay ang lahat sa Diyos," pati na ang "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae" (2 Nephi 26:33). Ang pambihirang paghahayag na ito ay natanggap at pinagtibay sa sagradong silid sa itaas ng Salt Lake Temple ng Kapulungan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.
11. Sinabi ng marami sa mga Apostol na ang paghahayag ay napakamakapangyarihan at napakasagrado na hindi sasapat ang anumang salitang ginamit upang ilarawan ito at, sa ibang paraan, ay mababawasan ang lalim at kapangyarihan ng paghahayag.
12. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2017, 145. Ang pagpapahayag na ito ay ibinalita ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa pangkalahatang pulong ng Relief Society na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sa Salt Lake City, Utah. Tingnan din sa Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona*, Nob. 2012, 4–5. Ibinalita ni Pangulong Monson ang pinababang edad na kailangan sa paglilingkod ng missionary.
13. Quentin L. Cook, "Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo," *Liahona*, Nob. 2018, 11.
14. Ang mga paghahayag na may kinalaman sa mga sagradong ordenansa sa templo ay ipinatupad sa lahat ng templo simula noong Enero 1, 2019. Mahalagang maunawaan na ang partikular na mga detalye tungkol sa mga ordenansa sa templo ay tinatalakay lamang sa loob ng templo. Gayunman, ang mga alituntunin ay itinuturo. Itinuro nang napakaganda ni Elder David A. Bednar ang kahalagahan ng mga tipan at ordenansa sa templo at kung paanong sa pamamagitan ng mga ito "ang kapangyarihan ng pagka-Diyos ay maaaring dumaloy sa ating buhay" ("Ang Bahay na Ito ay Itayo sa Aking Pangalan," *Liahona*, Mayo 2020, 86).
15. Ang prosesong ito at ang mga pulong na idinaos ay naganap sa Salt Lake Temple noong Enero, Pebrero, Marso, at Abril 2018. Ang huling paghahayag sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawang Apostol ay noong Abril 26, 2018.
16. Tingnan sa 2 Nephi 32:3.
17. *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*, Tomo 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846* (2018)
18. *Saints*, 1:418.
19. 3 Nephi 27:20.
20. Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos (tingnan sa I Ni Juan 5:7; Doktrina at mga Tipan 20:28). Siya ay may katawang espiritu at nasa hugis at larawan ng tao (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22). Ang Kanyang impluwensya ay maaaring nasa lahat ng dako. Siya ay kaisa sa layunin ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas.
21. Para sa komprehensibong pag-unawa sa Liwanag ni Cristo at sa kaibhan ng Espiritu Santo at ng Liwanag ni Cristo, tingnan sa 2 Nephi 32; Doktrina at mga Tipan 88:7, 11–13; "Light of Christ," Bible Dictionary. Tingnan din sa Boyd K. Packer, "Ang Liwanag ni Cristo," *Liahona*, Abril 2005, 8–14.
22. Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
23. Tingnan sa Helaman 5:30; Doktrina at mga Tipan 85:6.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:23.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:1.
26. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:13.
27. Tingnan sa Enos 1:10.
28. Tingnan sa Mateo 7:7–8.
29. Tingnan sa Mosias 3:19.
30. Doktrina at mga Tipan 42:61.
31. Neal A. Maxwell, *All These Things Shall Give Thee Experience* (2007), 31.
32. Wilford Woodruff, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 330.



Elder Ricardo P. Giménez
Ng Pitumpu

Paghanap ng Kanlungan mula sa mga Unos ng Buhay

Si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala ang kanlungan na kailangan nating lahat, anuman ang mga unos na humahampas sa ating buhay.

Noong kalagitnaan ng 1990s, noong nasa kolehiyo ako, bahagi ako ng Fourth Company ng Santiago Fire Department sa Chile. Habang naglilingkod doon, tumira ako sa fire station dahil bahagi ako ng mga tagapagbantay sa gabi. Bago matapos ang taon, sinabihan ako na kailangan kong manatili sa fire station sa Bispe-ras ng Bagong Taon dahil palaging may emergency sa araw na iyon. Dahil nagulat, sagot ko ay, “Talaga?”

Naaalala ko na habang naghihintay kami ng mga katrabaho ko, pagsapit ng hating-gabi, sinindiha na ang mga kuwitis at paputok sa bayan ng Santiago. Niyakap namin ang bawat isa habang nagbabatian ng isang matiwasy na bagong taon. Nang biglang tumunog ang sirena sa fire station na nangangahulugang may emergency. Kinuha namin ang aming mga kagamitan at sumakay sa fire truck. Sa pagtungo namin sa emergency, habang dumaraan kami sa maraming tao na nagdiriwang ng bagong taon, napan-sin kong hindi sila talagang nag-aalala

at wala silang pakialam. Sila ay haya-hay at nasisiyahan sa maalinsangang gabi ng tag-init. Gayunman sa isang lugar malapit roon, nasa seryosong panganib ang mga taong nagmamada-li kaming tulungan.

Tinulungan ako ng karanasang ito na matutuhan na bagama’t kung minsan ang ating buhay ay medyo maayos, darating ang panahon na ang bawat isa sa atin ay haharap sa mga hindi inaasahang hamon at unos na susubok sa ating kakayahang magtiis. Ang mga problema sa katawan, isipan, pamilya at trabaho; mga natural na kalamidad; at iba pang bagay kung saan nakasalalay ang buhay at kamatayan ay ilan lamang sa mga halimbawa ng unos na haharapin natin sa buhay na ito.

Kapag nahaharap sa mga unos na ito, madalas ay nakararamdam tayo ng kawalan ng pag-asa at takot. Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, “Pananampalataya ang lunas sa takot”—*pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo* (“Ipakita ang Inyong Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2014, 29). Dahil sa nakita kong mga unos na nakaapekto sa buhay ng mga tao, nagkaroon ako ng konklusyon na anumang unos ang humampas sa atin—mayroon mang solusyon dito o nakikita na natin ang wakas—iisa lamang ang kanlungan, at totoo ito sa lahat ng uri ng mga unos. Ang nag-iisang kanlungang ito na ipinagkaloob ng ating Ama ay ang ating Panginoong Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Wala sa atin ang hindi haharap sa mga unos na ito. Itinuro sa atin ni Helaman, isang propeta sa Aklat ni Mormon, ang sumusunod: “Tandaan na sa bato ng ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12).



Oslo, Norway

Si Elder Robert D. Hales na dumanas din sa kanyang sarili ng mga unos ay nagsabi: “Ang pagdurusa ay dinaranas ng lahat; kung paano tayo tumugon sa pagdurusa ay nakasalalay sa bawat indibiduwal. Ang pagsubok at pagdurusa ay magdadala sa atin sa isa sa dalawang paraan. Maaari itong maging karanasan na nagpapalakas at nagpapadalisa na nilakipan ng pananampalataya, o maaari itong maging puwersang wawasak sa ating buhay kung wala tayong pananampalataya sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon” (“Your Sorrow Shall Be Turned to Joy,” *Ensign*, Nob. 1983, 66).

Upang matamasa ang inihahandog na kanlungan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala, kailangan tayong magkaroon ng pananampalataya sa Kanya—isang pananampalatayang magtutulot sa atin na malampasan ang lahat ng pasakit ng isang limitadong pananaw sa mundo. Ipinangako Niyang pagagaanin ang ating mga pasanin kung lalapit tayo sa Kanya sa lahat ng ating ginagawa.

“Magsiparito sa akin,” sabi Niya, “kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:28–30); tingnan din sa Mosias 24:14–15).

Sinasabi na “sa isang taong may pananampalataya, hindi na kailangan ang paliwanag. Sa isang taong walang pananampalataya, walang paliwanag ang sasapat.” (Ang pahayag na ito ay naiugnay kay Thomas Aquinas ngunit mas malamang na pakahulugan lamang ng mga bagay na itinuro niya.) Gayunman, mayroon tayong limitadong pang-unawa sa mga bagay na nangyayari dito sa mundo, at kadalasan ay wala tayong sagot sa tanong na *bakit*. Bakit ito nangyayari? Bakit nangyayari ito sa *akin*? Ano ang dapat kong matutuhan? Kapag hindi natin mahanap ang mga sagot, pinakaangkop ang mga salitang ipinahayag ng Tagapagligtas kay Propetang Joseph Smith sa Piitan sa Liberty:

“Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

“At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas” (Doktrina at Tipan 121:7–8).

Bagama’t maraming tao ang tunay na naniniwala kay Jesucristo, ang pangunahing tanong ay kung *naniniwala* tayo sa Kanya at kung *naniniwala* tayo sa mga bagay na

itinuturo at iniuutos Niya sa atin na gawin. Maaaring iniisip ng isang tao, “Ano ang nalalaman ni Jesucristo sa mga bagay na nangyayari sa akin? Paano Niya nalalaman kung ano ang kailangan ko para maging masaya?” Tunay na ang ating Tagapagligtas at Tagapamagitan ang tinutukoy ni Isaia nang sinabi niya:

“Siya’y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman. . . .

“Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan. . . .

“Ngunit siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya’y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo” (Isaia 53:3–5).

Nagturo rin sa atin si Apostol Pedro tungkol sa Tagapagligtas, nagsasabing, “Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran, na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo” (I Ni Pedro 2:24).

Bagama’t nalalapit na ang oras ng pagpatay mismo kay Pedro, ang kanyang mga salita ay hindi napuno ng takot o ng pagiging negatibo; sa halip, itinuro niya sa mga Banal na “magalak,” bagama’t sila ay “pinalumbay sa muli’t muling pagsubok.” Pinayuhan tayo ni Pedro na alalahanin na “ang pagsubok sa [ating] pananampalataya . . . bagama’t ito’y sinusubok sa pamamagitan ng apoy” ay hahantong sa “ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Jesucristo” at sa “pagkaligtas ng [ating] mga kaluluwa” (I Ni Pedro 1:6–7, 9).

Patuloy ni Pedro:

“Mga minamahal, huwag kayong mangataka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo’y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo’y di karaniwang bagay:

Kundi kayo’y mangagalak, sapagka’t kayo’y mga karamay sa mga



SI CRISTO SA GETSEMANI, NI MICHAEL T. MALIM

hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak” (I Ni Pedro 4:12–13).

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na “kayang magsaya ng mga Banal sa lahat ng sitwasyon. . . . Kapag nakatuon ang ating buhay sa plano ng kaligtasan ng Diyos . . . at kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, makadarama tayo ng kagalakan anuman ang nangyayari—o hindi nangyayari—sa ating buhay. Ang kagalakan ay nagmumula sa at dahil sa Kanya. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan” (“Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 82).

Siyempre, mas madaling sabihin ang mga bagay na ito kapag wala tayo sa gitna ng unos kaysa ipamuhay at gawin ang mga ito habang may unos. Ngunit bilang inyong kapatid, umaasa ako na nadarama ninyo na tapat kong ninanais na ibahagi sa inyo kung gaano kahalaga na malaman na si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala ang kanlungan na kailangan nating lahat, anuman ang mga unos na humahampas sa ating buhay.

Alam ko na tayong lahat ay mga anak ng Diyos, na mahal Niya tayo, at hindi tayo nag-iisa. Inaanyayahan ko kayong magsiparito at makita na kaya Niyang pagaanin ang inyong mga pasanin at maging kanlungan na inyong hinahanap. Magsiparito at tulungan ang iba na makahanap ng kanlungan na labis nilang hinahangad. Magsiparito at manatiling kasama namin sa kanlungang ito, na tutulong sa inyong labanan ang mga unos ng buhay. Walang pagdududa sa aking puso na kung kayo ay paparito, makikita ninyo, tutulong kayo, at mananatili kayo.

Pinatotohanan ni propetang Alma sa kanyang anak na si Helaman ang sumusunod: “Nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw” (Alma 36:3).



Itinuro mismo ng Tagapagligtas: Kaya nga, maaliw sa inyong mga puso . . . ; sapagkat lahat ng laman ay nasa aking mga kamay; mapanatag at malaman na ako ang Diyos. . . .

“Dahil dito, huwag matakot maging sa kamatayan; sapagkat sa daigdig na ito ang inyong kagalakan ay hindi lubos, subalit sa akin ang inyong kagalakan ay lubos” (Doktrina at mga Tipan 101:16, 36).

Ang himnong “Pumayapa, Aking Kaluluwa,” na umantig sa aking puso sa maraming pagkakataon, ay may mensahe ng kapanatagan para sa ating mga kaluluwa. Ganito ang sina-sabi ng mga titik:

*Pumayapa, aking kaluluwa:
Walang-hanggang makakapiling Siya,
Paglipas ng bawat pagdurusa,*

*At pagkamit ng bawat ligaya.
Pumayapa: Pagpawi ng luha,
Ligtas tayong muling magkikita.
(Mga Himno, blg. 71)*

Sa pagharap natin sa mga unos ng buhay, alam ko na kung gagawin natin ang lahat ng makakaya natin at aasa kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala bilang ating kanlungan, tayo ay pagpapalain ng kaginhawahan, kapanatagan, kalakasan, kahinahunan, at kapayapaan na hinahangad natin, na may katiyakan sa ating puso na sa pagwawakas ng ating panahon dito sa mundo, maririnig natin ang mga salita ng ating Panginoon: “Mabuting gawa, mabuti at tapat na lingkod: pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon” (Mateo 25:21). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Olmué, Marga Marga, Chile



Ni Elder Dieter F. Uchtdorf
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pumarito at Maging Kabilang

Inaanyayahan namin ang lahat ng anak ng Diyos sa buong mundo na sumama sa amin sa dakilang gawaing ito.

Minamahal kong mga kapatid, minamahal kong mga kaibigan, bawat linggo, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang dako ng mundo ay sumasamba sa ating pinakamamahal na Ama sa Langit, ang Diyos at Hari ng sansinukob, at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Pinagninilayan natin ang buhay at mga turo ni Jesucristo—ang nag-iisang walang kasalanang nilalang na nabuhay, ang walang kapintasan at walang dungis na Cordero ng Diyos. Kasindalas ng itinutulot ng pagkakataon, tumatanggap tayo ng sakramento bilang pag-alaala sa Kanyang sakripisyo at pagkilala na Siya ang sentro ng ating buhay.

Siya ay minamahal at iginagalang natin. Dahil sa Kanyang dakila at walang-hanggang pagmamahal, si Jesucristo ay nagdusa at namatay para sa inyo at sa akin. Winasak Niya ang mga pintuan ng kamatayan, giniba ang mga harang na naghihiwalay sa mga kaibigan at sa mga mahal sa buhay,¹ at nagdala ng pag-asa sa mga nawalan ng pag-asa, nagpapagaling sa mga maysakit, at nagpapalaya sa mga naaapi.²

Sa Kanya natin inihahandog ang ating puso, buhay, at araw-araw na katapatan. Sa kadahilanang ito, “nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, [at] nangangaral tayo tungkol kay Cristo, . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”³

Ipamuhay ang Pagiging Disipulo

Gayunpaman, ang maging isang disipulo ni Jesucristo ay higit pa sa

pagsasalita at pangangaral ng tungkol kay Cristo. Ipinanumbalik mismo ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan para tulungan tayo sa landas patungo sa pagiging higit na katulad Niya. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa upang magbigay ng mga pagkakataon na maipamuhay ang mga pangunahing alituntunin ng pagkadisipulo. Sa pamamagitan ng pakikibahagi natin sa Simbahan, natututuhan nating kilalanin at sundin ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu. Nagkakaroon tayo ng ugaling tumulong nang may pagkahabag at kabaitan sa iba.

Ito ay pagsisikap na panghabambuhay, at kinakailangan nito ng praktis.

Ang mga matagumpay na atleta ay gumugol ng di-mabilang na oras sa pagpapraktis ng mga pangunahing tuntunin sa kanilang isport. Ang mga nurse, networker, nuclear engineer, at maging ako na isang mapagkumpitensyang hobby cook sa Harriet's kitchen ay nagiging magaling at mahusay lamang kapag masigasig kaming nagpapraktis.

Noong kapitan ako ng eroplano, madalas kong bigyan ng training ang mga piloto gamit ang isang flight simulator—isang sopistikadong maki-na na ginagaya ang karanasan sa pagpapalipad ng eroplano. Hindi lamang tumutulong ang simulator na matutuhan ng mga piloto ang mga pangunahing tuntunin sa pagpapalipad; ito rin ay nagtutulot sa kanila na maranasan



Millcreek, Utah, USA

at matugunan ang mga di-inaasahang pangyayari na maaaring makaharap nila kapag totooang eroplano na ang pinalilipad nila.

Naaangkop ang parehong mga alituntunin sa mga disipulo ni Jesucristo.

Ang aktibong pakikibahagi sa Simbahan ni Jesucristo at sa maraming iba't ibang pagkakataon na ibinibigay nito ay tutulong sa atin na maging mas handa para sa mga pagbabago ng mga kalagayan ng buhay, anuman at gaano man kahirap ang mga ito. Bilang mga miyembro ng Simbahan, hinihikayat tayo na ito ang ating sarili sa mga salita ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang mga sinauna at makabagong propeta. Sa pamamagitan ng taimtim at mapagpakumbabang panalangin sa ating Ama sa Langit, natututuhan nating makilala ang tinig ng Banal na Espiritu. Tumatanggap tayo ng mga tungkulin na maglingkod, magturo, magplano, mag-minister, at mangasiwa. Ang mga pagkakataong ito ay nagtutulot sa atin na umunlad sa espiritu, isipan, at pag-uugali.

Tutulungan tayo ng mga ito na maghanda sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan na magpapala sa atin sa buhay na ito at sa buhay na darating.

Halina at Sumama sa Amin!

Inaanyayahan namin ang lahat ng anak ng Diyos sa buong mundo na sumama sa amin sa dakilang gawaing ito. Pumarito at tingnan! Maging sa mahirap na panahong ito ng COVID-19, kausapin kami online. Kausapin ang aming mga missionary online. Alamin para sa inyong sarili kung ano ang Simbahang ito! Kapag natapos ang mahirap na panahong ito, bisitahin kami sa aming mga tahanan at sa aming mga lugar na pinagsasambahan!

Inaanyayahan namin kayo na pumarito at tumulong! Pumarito at maglingkod kasama namin, mag-minister sa mga anak ng Diyos, sumunod sa mga yapak ng Tagapagligtas, at gawing mas mainam na lugar ang mundong ito.

Pumarito at maging kabilang! Mas mapapalakas ninyo kami. At kayo rin

ay magiging mas mabuti, mas mabait, at mas maligaya. Ang inyong panampalataya ay lalalim at magiging mas matibay—mas makakayanan ang mahihirap at di-inaasahang mga pagsubok sa buhay.

At paano kayo magsisimula? Maraming posibleng paraan.

Inaanyayahan namin kayo na basahin ang Aklat ni Mormon. Kung wala kayong kopya, mababasa ninyo ito sa ChurchofJesusChrist.org⁴ o i-download ang Book of Mormon app. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo at katuwang ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Mahal namin ang mga banal na kasulatang ito at natututo kami mula sa mga ito.

Inaanyayahan namin kayo na maglaan ng ilang oras sa ComeuntoChrist.org para malaman kung ano ang itinuturo at pinaniniwalaan ng mga miyembro ng Simbahan.

Anyayahan ang mga missionary na kausapin kayo online o sa inyong tahanan kung maaari—mayroon silang mensahe ng pag-asa at pagpapagaling. Ang mga missionary na ito ay ang mga mahal naming anak na lalaki at babae na naglilingkod sa maraming lugar sa iba't ibang dako ng mundo na naglalaman ng kanilang panahon at gumugugol ng sariling pera.

Sa Simbahan ni Jesucristo, makakakita kayo ng isang pamilya ng mga tao na hindi gaanong naiiba sa inyo. Makakakita kayo ng mga tao na nangailangan ng inyong tulong at ng mga taong nais kayong tulong sa pagsisikap ninyo na maging pinakamabuting bersiyon ng inyong sarili—ang taong nais ng Diyos na kahinatnan ninyo.

Ang Yakap ng Tagapagligtas ay Para sa Lahat

Maaaring iniisip ninyo, “Marami akong nagawang pagkakamali sa buhay ko. Hindi ko sigurado kung mararamdaman ko na kabilang ako sa Simbahan ni Jesucristo. Hindi pag-aaksayahan ng oras ng Diyos ang isang taong katulad ko.”

Si Jesus ang Cristo, bagama't Siya ang “Hari ng mga hari,”⁵ ang Mesiyas, “ang Anak ng Dios na buhay,”⁶ ay

lubos na nagmamalasakit sa bawat anak ng Diyos. Nagmamalasakit Siya anuman ang katayuan ng isang tao—mahirap o mayaman, may kahinaan o may katatagan. Sa Kanyang naging buhay dito sa lupa, ang Tagapagligtas ay nagministeryo sa lahat: sa masasaya at matagumpay, sa mga nagdurusa at nalihis ng landas, at sa mga nawalan ng pag-asa. Kadalasan, hindi mga taong kilala, marangya, o mayaman ang pinaglingkuran at tinulungan Niya. Kadalasan, walang maibigay na kapalit ang mga taong tinulungan Niya kundi pasasalamat, mapagpakumbabang puso, at hangaring manampalataya.

Kung ginugol ni Jesus ang Kanyang mortal na buhay sa paglilingkod sa “pinakamaliit na ito,”⁷ hindi ba Niya mamahalin sila sa panahong ito? Wala bang lugar sa Kanyang Simbahan para sa lahat ng anak ng Diyos? Maging sa mga yaong nakadaramang sila ay hindi karapat-dapat, nalimutan, o nag-iisa?

Walang partikular na antas ng pagiging perpekto ang dapat ninyong matamo upang maging marapat sa biyaya ng Diyos. Ang mga panalangin ninyo ay hindi kailangang malakas o mahusay na mabigkas o tama ang gramatika upang makarating sa langit.

Katunayan, walang itinatangi ang Diyos⁸—walang halaga sa Kanya ang mga bagay na pinahahalagahan ng sanlibutan. Alam Niya ang nilalaman ng inyong puso, at mahal Niya kayo anuman ang inyong katayuan, halaga ng pera at ari-arian, o bilang ng mga Instagram follower.

Kapag ibinabaling natin ang ating puso sa ating Ama sa Langit at lumalapit sa Kanya, mararamdaman natin na lumalapit Siya sa atin.⁹

Tayong lahat ay Kanyang mga minamahal na anak.

Maging ang mga yaong hindi tumatanggap sa Kanya.

Maging ang mga yaong nagagalit sa Diyos at sa Kanyang Simbahan, gaya ng isang anak na napakatigas ng ulo at suwail na nag-alsa balutan, at padabog na lumabas ng pintuan at nagsabing lalayas na sila at hindi na babalik kailanman.

Kapag naglayas ang isang anak sa tahanan, maaaring hindi niya mapansin ang nag-aalalang mga magulang na nakatanaw sa bintana. Nang may pagmamahal, tinatanaw nila ang paglisan ng kanilang anak—umaasang matututo ang kanilang mahal na anak mula sa napakalungkot na karanasang ito at marahil makita ang buhay nang may bagong pananaw—at kalaunan ay babalik sa tahanan.

Ganito rin ang ating mapagmahal na Ama sa Langit. Hinihintay Niya ang ating pagbabalik.

Ang inyong Tagapagligtas, na may mga luha ng pagmamahal at pagkahabag sa Kanyang mga mata, ay naghihintay sa inyong pagbabalik. Kahit dama ninyong malayo kayo sa Diyos, makikita Niya kayo; mahahabag Siya sa inyo at tatakbo para yakapin kayo.¹⁰

Pumarito at maging kabilang.

Tinutulutan Tayo ng Diyos na Matuto mula sa Ating mga Kamalian

Tayo ay mga manlalakbay na tinatahak ang daan ng mortalidad sa paghahanap ng kahulugan at tunay na katotohanan. Madalas, ang tanging nakikita natin ay ang daan sa unahan—hindi natin nakikita kung saan hahantong ang mga liko sa daan. Hindi ibinibigay sa atin ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang lahat ng sagot. Inaasahan Niya na aalamin natin ang maraming bagay para sa ating sarili. Inaasahan Niya na mananampalataya tayo—kahit mahirap gawin ito.

Inaasahan Niya na kikilos tayo nang may panibagong tiwala sa sarili at kaunting katatagan—kaunting determinasyon—at magpapatuloy sa pagsulong sa buhay.

Iyan ang paraan para tayo matuto at umunlad.

Gusto ba talaga ninyo na idetalye sa inyo ang lahat ng bagay? Gusto ba talaga ninyo na masagot ang lahat ng tanong? Naka-mapa ang bawat patutunghanan ninyo?

Naniniwala ako na karamihan sa atin ay mapapagod agad sa ganitong uri ng istilo ng pamamahala ng langit. Natututuhan natin ang mahahaling aral ng buhay sa pamamagitan

ng karanasan. Sa pagkatuto mula sa ating mga kamalian. Sa pamamagitan ng pagsisisi at pagkatanto na “ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan.”¹¹

Si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay namatay nang sa gayon ay hindi tayo makondena dahil sa ating mga pagkakamali at mahadlangan magpakailanman sa ating pag-unlad. Dahil sa Kanya, makapagsisisi tayo, at ang ating mga pagkakamali ay maaaring maging batong-tuntungan natin tungo sa mas dakilang kaluwalhatian.

Hindi ninyo kailangang tahakin nang mag-isa ang daang ito. Hindi tayo hinahayaan ng ating Ama sa Langit na magpagala-gala sa kadiliman.

Kaya nga, noong tagsibol ng 1820, nagpakita Siya kasama ang Kanyang Anak na si Jesucristo sa isang binatilyo na si Joseph Smith.

Isipin ninyo iyan nang ilang sandali! Ang Diyos ng sansinukob ay nagpakita sa tao!

Ito ang una sa maraming pakikipag-ugnayan ni Joseph sa Diyos at sa iba pang mga nilalang mula sa langit. Marami sa mga salita ng mga banal na nilalang na ito na nakipag-usap sa kanya ang nakatala sa mga banal na kasulatan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Madali itong makukuha. Maaari itong basahin ng sinuman at matutuhan para sa kanilang sarili ang mensahe ng Diyos para sa atin ngayon.

Inaanyayahan namin kayo na pag-aralan ang mga ito para sa inyong sarili.

Medyo bata pa si Joseph Smith nang matanggap niya ang mga paghahayag na ito. Karamihan sa mga ito ay natanggap bago siya mag-30 taong gulang.¹² Kulang siya ng kaalaman at karanasan, at para sa ilang tao, siya marahil ay tila hindi kwalipikado na maging propeta ng Panginoon.

Gayon pa man tinawag pa rin siya ng Panginoon—sinusunod ang huwaring mababasa natin sa lahat ng banal na kasulatan.

Hindi naghintay ang Diyos na makahanap ng perpektong tao para ipanumbalik ang Kanyang ebanghelyo.

Kung naghintay Siya, naghihintay pa rin Siya hanggang ngayon.

Malaki ang pagkakatulad natin kay Joseph. Bagama’t nagkakamali siya, ginamit siya ng Diyos para maisakaltupran ang Kanyang mga dakilang layunin.

Madalas sabihin ni Pangulong Thomas S. Monson ang payo na ito: “Sinumang tinawag ng Panginoon ay binibigyan Niya ng kakayahan.”¹³

Ipinaliwanag ni Apostol Pablo sa mga Banal sa Corinto: “Pakaisipin ninyo ang sa inyo’y pagkatawag, mga kapatid: hindi marami ang marurunong sa inyo ayon sa mga paman-tayan ng tao, hindi marami ang may kapangyarihan, hindi marami ang mahal na tao.”¹⁴

Ginagamit ng Diyos ang mahihina at mga karaniwan upang maisakaltuparan ang Kanyang mga layunin. Ang katotohanang ito ay tatayo bilang patotoo na dahil sa kapangyarihan ng Diyos, hindi ng tao, kaya naisasakaltuparan ang Kanyang gawain sa lupa.¹⁵

Pakinggan Siya, Sundin Siya

Nang magpakita ang Diyos kay Joseph Smith, ipinakilala Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at sinabing, “Pakinggan Siya!”¹⁶

Iniukol ni Joseph ang buong buhay niya sa pakikinig at pagsunod sa Kanya.

Tulad ng nangyari kay Joseph, nagsisimula ang pagiging disipulo natin sa pasiya nating pakinggan at sundin ang Tagapagligtas na si Jesucristo.

Kung hangad ninyong sundin Siya, tipunin ang inyong pananampalataya at pasanin ang Kanyang krus.

Malalaman ninyo na *talagang* kabilang kayo sa Kanyang Simbahan—isang lugar na may kapanatagan at pagmamahal kung saan makakahagi kayo sa dakilang mithiin ng pagiging disipulo at pagtatamo ng kaligayahan.

Umaasa ako na sa ikadalawang daang taong ito ng Unang Pangitain, habang pinagninilayan at pinag-aaralan natin ang tungkol sa Pagpapalumbalik ng Simbahan ni Jesucristo, ay maunawaan natin na hindi lamang

ito isang makasaysayang pangyayari. Kayo at ako ay may mahalagang responsibilidad sa dakila at patuloy na kuwentong ito.

Ano, kung gayon, ang responsibilidad natin?

Ito ay ang matuto kay Jesucristo. Pag-aralan ang Kanyang mga salita. Pakinggan at sundin Siya sa pamamagitan ng aktibong pakikibahagi sa dakilang gawaing ito. Inaanyayahan ko kayo na pumarito at maging kabilang!

Hindi ninyo kailangang maging perpekto. Kailangan lang na mayroon kayong hangarin na palakasin ang inyong pananampalataya at lumapit sa Kanya bawat araw.

Ang responsibilidad natin ay mahalina at paglingkuran ang Diyos at ang mga anak ng Diyos.

Kapag ginawa ninyo ito, palilibutan kayo ng Diyos ng Kanyang pagmamahal, kagalakan, at tiyak na patnubay sa buhay na ito, maging sa pinakamahihirap na kalagayan, at higit pa ryan.

Pinatotohanan ko ito, at binabasan ko kayo nang may malaking pasasalamat at pagmamahal sa bawat isa inyo, sa sagradong pangalan ng ating Tagapagligtas, ang ating Guro—sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mga Taga Efeso 2:13–14.
2. Tingnan sa Lucas 4:18.
3. 2 Nephi 25:26.
4. Tingnan sa Aklat ni Mormon sa ChurchofJesusChrist.org/study/scriptures/bofm.
5. I Kay Timoteo 6:15.
6. Tingnan sa Mateo 16:15–17.
7. Mateo 25:40.
8. Tingnan sa Mga Gawa 10:34.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:63.
10. Tingnan ang reaksiyon ng ama nang makita ang pagbabalik ng alibughang anak sa Lucas 15:20.
11. Alma 41:10.
12. Halimbawa, sa 138 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan, mahigit sa 100 mga paghahayag ang natanggap ni Joseph Smith bago ang kanyang ika-30 kaarawan, noong Disyembre 23, 1835.
13. Thomas S. Monson, “Duty Calls,” *Ensign*, Mayo 1996, 44.
14. I Corinthians 1:26, New Revised Standard Version.
15. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:28–29; II Mga Taga Corinto 4:7.
16. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.



Ni Elder L. Whitney Clayton
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Ang Pinakamatitibay na Tahanan

Ang Tagapagligtas ang sakdal na inhinyero, karpintero, at tagadisenyo ng tirahan. Kanyang proyekto ang sakdal at walang-hanggang kagalakan ng ating mga kaluluwa.

Kamakailan lamang, napansin ko ang isang billboard sa Salt Lake City. Inadvertise nito ang isang kumpanya na gumagawa ng mga kasangkapan at disenyo sa loob ng bahay. Simpleng nakasulat doon, “Nagseserbisyo sa Pinakamatitibay na Tahanan sa Salt Lake City.”

Makatawag-pansin ang mensahe—ano ba ang “pinakamatitibay na tahanan”? Natagpuan ko ang sarili ko na pinag-iisipan ang tanong na iyon, lalo na patungkol sa mga anak na pinalaki namin ng asawa kong si Kathy, at sa mga anak na pinapalaki nila ngayon. Gaya ng mga magulang saan man, nag-aalala at ipinagdarasal namin ang aming pamilya. Kahit hanggang ngayon. Gusto talaga namin ang pinakamabuti para sa kanila. Paano sila makapamumuhay, at ang kanilang mga anak, sa pinakamatitibay na tahanan? Naisip ko ang mga tahanan ng mga miyembro ng Simbahan na nagkaroon kami ni Kathy ng pribilehiyong mabisita. Naimbitahan kami sa mga tahanan sa Korea at Kenya, sa Pilipinas at Peru, sa Laos at Latvia. Magbabahagi

ako ng apat na obserbasyon tungkol sa matitibay na tahanan.

Una, mula sa pananaw ng Panginoon, ang pagtatayo ng pinakamatitibay na tahanan ay may kinalaman lahat sa personalidad ng mga taong naninirahan doon. Hindi pinatibay ang mga tahananang ito sa anumang mahalaga o magtatagal na pamamaraan ng kasangkapan nila, o ng yaman o estado sa lipunan ng mga taong nagmamay-ari sa mga ito. Ang pinakamagandang katangian ng alinmang tahanan ay ang imahe ni Cristo na masasalamina sa mga naninirahan sa tahanan. Ang panloob na disenyo ng mga kaluluwa ng mga naninirahan ang mahalaga, at hindi ang mismong istruktura.

Natatamo ang mga katangian ni Cristo sa “paglipas ng panahon”¹ sa pamamagitan ng intensyonal na pagsulong sa landas ng tipan. Napapalamutian ng mga katangian na katulad ng kay Cristo ang buhay ng mga taong nagsisikap na mamuhay sa kabutihan. Pinupuno nila ang mga tahanan ng liwanag ng ebanghelyo, putik man o marmol ang sahig. Kahit pa mag-isa

lamang kayo sa buong pamilya ninyo na sumusunod sa utos na “hangarin ang mga bagay na ito,”² makadaragdag kayo sa espirituwal na mga kagamitan sa tahanan ng pamilya ninyo.

Sumusunod tayo sa payo ng Panginoon na “isaayos ang [ating sarili]; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay” sa pamamagitan ng pagsasaayos, paghahanda, at pagpapatatag sa ating espirituwal na pamumuhay, at hindi sa ating pag-aaring lupain. Kapag buong tiyaga tayong nagpapatuloy sa landas ng tipan ng Tagapagligtas, ang ating mga tahanan ay magiging “isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, [at] isang bahay ng Diyos.”³

Pangalawa, ang mga naninirahan sa pinakamatitibay na tahanan ay nagbibigay ng oras sa pagbabasa sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta sa araw-araw. Inanyayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na “gawing” iba at “gawing” bago ang ating mga tahanan sa pamamagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo.⁴ Mapagkikilala sa kanyang paanyaya na ang matitibay na tahanan ay nagkakanlong sa maingat, mahalagang gawain ng personal na pag-unlad at pagsasaayos sa ating mga kahinaan. Ang pagsisisi sa araw-araw ay isang kasangkapan ng pagbabago na nakatutulong sa atin na maging mas mabait pa, higit na mapagmahal at higit na mapag-unawa. Inilalapit tayo ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa Tagapagligtas, na ang saganang pagmamahal at biyaya ang umaalalay sa atin sa ating pag-unlad.

Ang Biblia, Aklat ni Mormon, at Mahalagang Perlas ay naglalahad ng mga kuwento ng mga pamilya, kaya naman hindi nakapagtataka na hindi matatawaran ang mga aklat na iyon sa pagbuo ng pinakamatitibay na tahanan. Iniulat ng mga ito ang mga alalahanin ng mga magulang, ang mga panganib ng tukso, ang pagtatagumpay ng katwiran, ng mga pagsubok na dala ng taggutom at kasaganahan, at ang kilabot ng digmaan at gantimpala ng kapayapaan. Paulit-ulit na ipinapakita sa atin ng mga banal na kasulatan

kung paano nagtatagumpay ang mga pamilya sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay at kung paano sila nabibigo sa pagpapatuloy sa ibang landas.

Pangatlo, sinusundan ng matitibay na tahanan ang huwarang ginawa ng Panginoon para sa Kanyang pinakamatibay na tahanan, ang templo. Ang pagtatayo ng isang templo ay nagsisimula sa mga pangunahing hakbang—paghahawan sa kasukulan at pagpapatag ng lupa. Ang mga unang pagsisikap na iyon na ihanda ang lupa ay maihahambing sa pagsunod sa mga pangunahing kautusan. Ang mga kautusan ang pundasyon na siyang tinatayuan ng pagiging isang disipulo. Ang pagiging tapat na disipulo ang umaakay sa atin na maging matibay, matatag, at hindi natitinag,⁵ na tulad ng bakal na balangkas para sa isang templo. Pinahihintulutan ng matibay na balangkas na ito na maipadala ng Panginoon ang Kanyang Espiritu upang baguhin ang ating mga puso.⁶ Ang maranasan ang magkaroon ng malaking pagbabago ng puso ay tulad ng pagdaragdag ng magagandang disenyo sa loob ng templo.

Kapag nagpapatuloy tayo nang may pananampalataya, dahan-dahan tayong binabago ng Panginoon. Tinatangap natin ang Kanyang larawan sa ating mukha at nagsisimulang magbigay-salamin sa pagmamahal at ganda ng Kanyang katangian.⁷ Kapag tayo ay mas nagiging katulad Niya, makadarama tayo ng kapanatagan sa Kanyang bahay, at makadarama Siya ng kapanatagan sa atin.

Mapananatili natin ang malapit na koneksyon ng ating tahanan sa Kanyang tahanan sa pamamagitan ng pagiging karapat-dapat para sa at paggamit ng temple recommend na kasindalas ng ipahihintulot ng pagkakataon. Sa paggawa natin nito, ang kabanalan ng bahay ng Panginoon ay mananahan din sa ating pamamahay.

Ang kahanga-hangang Salt Lake Temple ay nakatayo riyang lamang. Itinayo ng mga pioneer gamit ang mga makalumang kagamitan, mga lokal na materyales, at walang kapa-gurang pagtatrabaho, ang templo ay

ginawa mula 1853 hanggang 1893.

Ang pinakamahusay na maiaalay ng mga naunang miyembro ng simbahan sa engineering, architecture, at interior design ay nakalikha ng isang obra maestra na kinilala ng milyun-milyon.

Halos 130 taon na ang nakalipas magmula ng ilaan ang templo. Tulad ng nabanggit ni Elder Gary E. Stevenson kahapon, ang mga alituntunin sa engineering na ginamit sa pagdisenyo ng templo ay napalitan na ng mas makabago at ligtas na mga pamantayan. Ang mabigong pagbutihin ang engineering at pagkumpuni ng kahinaang pang-istruktura ng templo ay isang pagtataksil sa kumpiyansa ng mga pioneer, na ginawa ang lahat ng makakaya nila, at pagkatapos ay ipinaubaya ang pangangalaga sa templo sa mga susunod na henerasyon.

Sinimulan ng Simbahan ang isang apat na taong proyekto ng pagpapanumbalik upang mapabuti ang istruktura at lakas na pang-seismic ng templo.⁸ Ang pundasyon, mga sahig, at pader ay patatagin. Itataas ang templo sa modernong mga pamantayan ng pinakamahusay na kaalaman sa engineering na mayroon sa ngayon. Hindi natin makikita ang mga pagbabago sa istruktura, ngunit ang mga epekto nito ay totoo at mahalaga. Sa lahat ng gawaing ito, papanatilihin ang magandang panloob na disenyo ng templo.

Dapat nating sundan ang halimbawang ibinibigay sa atin ng pagkukumpuni sa Salt Lake Temple at maglaan ng oras upang suriin ang kani-kanya nating espirituwal na seismic engineering upang matiyak na naaayon ito sa panahon. Ang pana-panahong pagsusuri sa sarili, kasabay ng pagtatanong sa Panginoon, “Ano pa ang kulang sa akin?”⁹ ay makatutulong sa bawat isa sa atin na makapag-ambag sa pagtatayo ng pinakamatibay na tahanan.

Pang-apat, ang pinakamatitibay na tahanan ay kanlungan mula sa mga unos ng buhay. Nangako ang Panginoon na ang mga taong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos ay “uunlad sa lupain.”¹⁰ Ang kaunlaran ng Diyos ay yaong lakas na magpatuloy sa kabila ng mga problema sa buhay.

Noong 2002, may natutuhan akong mahalagang aral tungkol sa mga problema. Habang nasa Asunción, Paraguay, nakipagpulong ako sa mga stake president. Sa panahong iyan, naharap ang Paraguay sa napakatin-ding krisis sa pananalapi, at marami sa mga miyembro ng Simbahan ang nahihirapan at hindi magawang matugunan ang mga pangangailangan nila. Hindi na ako nakapunta sa South America magmula noong magmisyon ako at hindi pa ako nakarating ng Paraguay. Ilang linggo pa lamang akong naglilingkod sa Area Presidency doon. Alanganin sa kakayahan kong makapagbigay ng gabay sa mga stake president na iyon, hiniling ko sa kanila na sabihin lamang sa akin kung ano ang maayos na tumatakbo sa kanilang mga stake. Sinabi sa akin ng unang stake president ang tungkol sa mga bagay na maayos na tumatakbo. Nabanggit ng sumunod ang mga bagay na maayos na tumatakbo at kaunting problema. Nang umabot na kami sa huling stake president, bumanggit lamang siya ng magkakasanod na nakababahalang mga hamon. Habang ipinaliliwanag ng mga stake president ang malubhang sitwasyon, mas lalo akong nag-alala, halos hindi ko alam kung ano ang sasabihin.

Nang patapos na sa pagsasalita ang huling stake president, may pumasok sa aking isipan: “Elder Clayton, itanong mo ito sa kanila: ‘Mga president, sa mga miyembro ninyo sa stake na nagbabayad ng buong ikapu, bukas-palad na nagbabayad ng handog-ayuno, tumutupad sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan, aktuwal na dumadalaw sa mga pamilyang nakatalaga sa kanila bilang mga home teacher o visiting teacher¹¹ kada buwan, nagdaraos ng family home evening, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, at nagdarasal bilang isang pamilya sa bawat araw, gaano karami ang may mga problemang hindi nila malulutas nang sila lamang, nang walang kina-kailangang hakbang na gawin ang Simbahan at lutasin ang kanilang mga problema para sa kanila?’”

Bilang pagsunod sa impresyong natanggap ko, itinanong ko iyon sa mga stake president.

Nagulat sila at tahimik silang napatingin sa akin at pagkatapos ay sinabing, “*Pues, ninguno,*” ibig sabihin, “Wala po ni isa.” Pagkatapos ay sinabi nila na walang miyembro na gumagawa ng lahat ng bagay na iyon ang may mga problemang hindi nila kayang lutasin nang sila lamang. Bakit? Dahil nakatira sila sa pinakamatitibay na tahanan. Ang matapat nilang pamumuhay ang nagbigay sa kanila ng lakas, pananaw, at tulong mula sa langit na kailangan nila sa gitna ng kaguluhan sa ekonomiya na nakapaligid sa kanila.

Hindi ibig sabihin nito na hindi magkakasakit, masasaktan sa mga aksidente, mahaharap sa pagkalugi sa negosyo, o mahaharap sa marami pang paghihirap sa buhay ang mga matwid. Palaging may dalang hamon ang buhay na ito, ngunit paulit-ulit kong nakikita na pinagpapala ang mga taong nagsisikap na masunod ang mga kautusan na matagpuan ang kanilang landas patungo sa kapayapaan at pag-asa. Ang mga pagpapalang iyon ay matatamo ng bawat tao.¹²

Ipinahayag ni David, “Malibang itayo ng Panginoon ang bahay, walang kabuluhang nagsisigawa ang nagtatayo.”¹³ Saan man kayo nakatira, anuman ang ayos ng inyong bahay, at sinu-sino man kayo sa inyong pamilya, makatutulong kayo sa pagtatayo ng pinakamatitibay na tahanan para sa inyong pamilya. Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay may mga laang plano para sa tahananang iyon. Ang Tagapagligtas ang sakdal na inhinyero, karpintero, at tagadiseno ng tirahan. Kanyang proyekto ang sakdal at walang-hanggang kagalakan ng ating mga kaluluwa. Sa pamamagitan ng Kanyang mapagmahal na tulong, ang inyong mga kaluluwa ay magiging tulad ng nais Niyang maging kayo at maaari kayong maging pinakamahusay na bersyon ng inyong sarili na handang magtayo at manirahan sa pinakamatitibay na tahanan.



Olmué, Marga Marga, Chile

Buong pasasalamat na nagpatotoo ako na ang Diyos at Ama nating lahat ay buhay. Ang Panginoong Jesucristo na Kanyang Anak ang Tagapagligtas at Manunubos ng buong sangkatauhan. Sakdal ang pagmamahal Nila sa atin. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Panginoon sa mundo. Ginagabayan tayo ngayon ng mga buhay na propeta at apostol. Ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ang perpektong plano para sa pagtatayo ng pinakamatitibay na tahanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moises 7:21.
2. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
3. Doktrina at mga Tipan 88:119.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw,” *Liahona*, Nob. 2018, 113.
5. Tingnan sa 1 Nephi 2:10; Mosias 5:15; 3 Nephi 6:14.
6. Tingnan sa Mosias 5:2; Alma 5:7.
7. Tingnan sa Alma 5:14, 19.
8. Sapat na naipakita ng isang lindol noong Marso 18, 2020 ang pangangailangan na gawin ang proyekto
9. Mateo 19:20.
10. Mosias 2:22
11. Ang home teaching at visiting teaching ay itinigil at ipinatupad ang ministering noong 2018 (tingnan sa Russell M. Nelson, sa “Ministering,” *Liahona*, Mayo 2018, 100).
12. Kapag pinipili nating huwag mamuhay nang naayon sa mga kautusan, sa gayon binabawi ang mga pagpapala ng Panginoon nang ilang antas. Ang paulit-ulit na pattern na ito na makikita sa Aklat ni Mormon ay tinatawag kung minsan na paulit-ulit na katwiran at kasamaan (tingnan sa *Book of Mormon Student Manual* [Church Educational System manual, 2009], 414, ChurchofJesusChrist.org).
13. Mga Awit 127:1.



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagbabahagi ng Mensahe ng Pagpapanumbalik at ng Pagkabuhay na Mag-uli

Ang Pagpapanumbalik ay para sa sanlibutan, at ang mensahe nito ay lalong kinakailangan sa panahong ito.

Sa buong pangkalahatang kumperensyang ito, nangusap tayo at umawit nang may galak tungkol sa katuparan ng ipinropesiya noon na “pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay,”¹ tungkol sa “[pagtitipon ng] lahat ng mga bagay kay Cristo,”² tungkol sa pagbabalik ng kabuuan ng ebanghelyo, ng priesthood, at ng Simbahan ni Jesuscristo sa mundo, lahat ng ito ay inilalarawan natin sa titulong “ang Pagpapanumbalik.”

Gayunman, ang Pagpapanumbalik ay hindi lamang para sa atin na nagagalak ngayon dito. Ang mga paghahayag sa Unang Pangitain ay hindi lamang para kay Joseph Smith kundi ibinibigay bilang liwanag at katotohanan para sa sinumang “nagkukulang ng karunungan.”³ Ang Aklat ni Mormon ay pag-aari ng sangkatauhan. Ang mga ordenansa ng priesthood para sa kaligtasan at kadakilaan ay inihanda para sa bawat tao, pati sa mga yaong pumanaw na sa mundong ito. Ang Simbahan

ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang mga pagpapala nito ay para sa lahat ng nagnanais nito. Ang kaloob na Espiritu Santo ay para sa lahat. Ang Pagpapanumbalik ay para sa sanlibutan, at ang mensahe nito ay lalong kinakailangan sa panahong ito.

“Kaya nga, anong laking kahalagahan na ang mga bagay na ito ay ipaalam sa mga naninirahan sa mundo, upang kanilang malaman na walang laman ang makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas, na nag-alay ng kanyang buhay ayon sa laman, at binawi itong muli sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, upang kanyang mapapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.”⁴

Mula noong araw na pinuno ng kapatid ng Propeta na si Samuel Smith ang kanyang bag ng bagong limbag na mga kopya ng Aklat ni Mormon at nagsimulang maglakbay para ibahagi ang bagong banal na kasulatan, ang mga Banal ay gumawa na nang walang humpay upang “ang mga bagay na ito ay ipaalam sa mga naninirahan sa mundo.”

Noong 1920, si Elder David O. McKay na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsimulang maglakbay nang buong taon sa mga mission ng Simbahan. Noong Mayo 1921, nakatayo siya sa isang maliit na sementeryo sa Fagali'i, Samoa, sa harap ng maganda at maaayos na mga puntod ng tatlong maliliit na bata, isang anak na babae at dalawang anak na lalaki nina Thomas at Sarah Hilton. Ang mga musmos na ito—ang panganay ay dalawang taong gulang—ay pumanaw sa panahong



Bluffdale, Utah, USA

naglilingkod sina Thomas at Sarah bilang mga bata pang missionary couple noong huling bahagi ng 1800s.

Bago umalis sa Utah, nangako si Elder McKay kay Sarah, na isa nang balo, na dadalawin niya ang mga puntod ng mga anak nito sa Samoa dahil hindi na nakabalik si Sarah doon. Sumulat si Elder McKay sa kanya, “Ang iyong munting mga anak, Sister Hilton, sa katahimikang lubos na nakaantig . . . ay ipinagpapatuloy ang dakilang gawaing misyonero na sinimulan mo sa nakalipas na halos tatlumpung taon.” Pagkatapos ay idinagdag ang sarili niyang komposisyon:

*Buong pagmamahal na ipinikit ang kanilang mga mata,
Buong pagmamahal na inihimlay ang kanilang munting katawan,
Sa kanilang mga puntod mga dayuhan ang lumilingap,
Mga dayuhang gumagalang, at nalulumbay.⁵*

Ang kuwentong ito ay isa lamang sa libu-libo, daan-daang libo, na nagsasalaysay ng tungkol sa panahon, yaman, at buhay na isinakripisyo sa nakalipas na 200 taon para ibahagi ang mensahe ng Pagpapanumbalik. Nananatiling matibay sa panahong ito ang hangarin natin na mapasok ang bawat bansa, lahi, wika, at tao, na pinatutunayan ng sampu-sampung libong mga dalaga at binata, at mga mag-asawa na kasalukuyang naglilingkod bilang mga full-time missionary; ng mga miyembro ng Simbahan sa pangkalahatan, na inuulit ang paanyaya ni Felipe na pumarito ka at tingnan mo,⁶ at ang milyun-milyong dolyar na ginugugol taun-taon para maitaguyod ang gawaing ito sa iba’t ibang dako ng mundo.

Bagama’t ang aming paanyaya ay walang pamimilit, umaasa kami na magiging kahika-hikayat ang mga ito sa mga tao. Para mangyari iyan, nani-niwala ako na kinakailangang gawin ang kahit tatlong bagay: una, ang inyong pagmamahal; pangalawa, ang inyong halimbawa; at pangatlo, ang paggamit ninyo ng Aklat ni Mormon.



ANG TWIG NINA PEDRO, SANTAGO, AT JUAN, NINA LINDA CURLEY CHRISTENSEN AT MICHAEL T. MALM

Ang mga paanyaya natin ay hindi maaaring para sa pansariling interes; sa halip, ang mga ito ay dapat kakitaan ng di-makasaring pagmamahal.⁷ Ang pagmamahal na ito, na kilala bilang dalisay na pag-ibig ni Cristo, ay matatamo hilingin lamang natin. Tayo ay inaanyayahan, at inuutusan din, na “manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig.”⁸

Bilang halimbawa, ibabahagi ko ang karanasan na ikinuwento ni Sister Lanett Ho Ching, na kasalukuyang naglilingkod kasama ang kanyang asawa na si President Francis Ho Ching, na nangungulo sa Samoa Apia Mission. Ikinuwento ni Sister Ho Ching:

“Maraming taon na ang nakakaraan, lumipat ang maliit naming pamilya sa isang munting tahanan sa Laie, Hawaii. Ang garahe ng aming tahanan ay ginawang studio apartment, kung saan nanirahan ang lalaking nagnangalang Jonathan. Kapit-bahay namin si

Jonathan sa ibang lugar. Dahil nadama naming hindi nagkataon lang kung bakit kami pinagsama ng Panginoon, nagpasiya kami na maging mas hayagan sa pagsasabi ng tungkol sa aming mga aktibidad at pagiging miyembro sa Simbahan. Masaya si Jonathan sa pagkakaibigan namin at gusto niyang kasama ang aming pamilya. Gusto niyang malaman ang tungkol sa ebanghelyo, ngunit hindi siya interesado na magpabinyag sa Simbahan.

“Kalaunan, si Jonathan ay tinawag na ‘Tito Jonathan’ ng aming mga anak. Habang lumalaki ang aming pamilya, lalong naging interesado si Jonathan sa mga nangyayari sa aming buhay. Ang mga pag-iimbata namin sa mga holiday party, birthday, kaganapan sa paaralan, at mga aktibidad sa Simbahan ay sinamahan ng pag-iimbata sa mga family home evening at mga binyag ng mga anak.

“Isang araw nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula kay Jonathan.

Kailangan niya ng tulong. Mayroon siyang diyabetis at nagkaroon siya ng matinding impeksyon sa paa at kailangang putulin ito. Hindi siya pinabayaang ng aming pamilya at ng mga kapitbahay na miyembro ng ward sa panahong iyon ng pagsubok. Nagsalitan kami sa pagbabantay sa ospital, at ibinigay ang mga basbas ng priesthood. Habang nagpapagaling si Jonathan, sa tulong ng mga Relief Society sister, nilinis namin ang kanyang apartment. Ang mga priesthood brethren ay gumawa ng rampa sa kanyang pintuan at mga hawakan sa banyo. Nang makauwi na si Jonathan, labis siyang naantig.

“Si Jonathan ay nagsimulang makinig muli sa mga lesson ng mga missionary. Isang linggo bago ang Bagong Taon, tumawag siya sa akin at nagtanong, ‘Ano ang gagawin ninyo sa Bisperas ng Bagong Taon?’ Ipinalala ko sa kanya ang aming taunang party. Ngunit ang sagot niya ay, ‘Gusto kong pumunta kayo sa aking binyag! Gusto kong simulan nang tama ang bagong taon na ito.’ Pagkaraan ng 20 taon ng pag-anyayang ‘pumarito at tingnan,’ ‘pumarito at tumulong,’ at ‘pumarito at mamalagi,’ ang mahalagang kaluluwang ito ay handa nang mabinyagan.

“Noong 2018, nang matawag kaming maging mission president at kompanyon, humihina na ang katawan ni Jonathan. Nakiusap kami sa kanya na manatiling malakas at hintayin ang pagbabalik namin. Nakatagala siya ng halos isang taon, ngunit inihahanda na siya ng Panginoon sa pag-uwi. Pumanaw siya nang mapayapa noong Abril 2019. Pumunta ang aking mga anak na babae sa libing ng kanilang ‘Tito Jonathan’ at inawit ang kanta ring iyon na inawit namin sa kanyang binyag.”

Ipapaalam ko ang pangalawang kinakailangan para matagumpay na maibahagi ang mensahe ng Pagpapanumbalik gamit ang tanong na ito: ano ang makapaghihikayat sa isang tao para tanggapin ang inyong paanyaya? Hindi ba’t kayo, ang halimbawa ng inyong buhay? Marami

sa mga nakarinig at tumanggap ng mensahe ng Pagpapanumbalik ang nahikayat muna sa mga nakikita nila sa isang miyembro o mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Maaaring ito ay sa paraan ng pakikitungo nila sa iba, mga bagay na sinasabi nila o hindi nila sinasabi, ang katatagan na ipinapakita nila sa mahihirap na sitwasyon, o ang kanilang mukha o anyo lamang.⁹

Anuman ito, hindi natin matataksan ang katotohanan na kinakailangan nating maunawaan at ipamahayag ang mga alituntunin ng ipinangalik na ebanghelyo sa abot ng ating makakaya para maging kahika-hikayat ang ating mga paanyaya. Ito ay isang bagay na madalas tukuyin ngayon na pagiging tunay at tapat. Kung nana-nahan sa atin ang pagmamahal ni Cristo, malalaman ng iba na tunay ang pagmamahal natin sa kanila. Kung ang liwanag ng Banal na Espiritu ay nagliliwanag sa atin, pagningasin nito ang Liwanag ni Cristo na nasa kanila.¹⁰ Ang ugali at ginagawa ninyo ay magpapadama na tunay at tapat ang inyong paanyaya na pumarito para maranasan ang kagalakan ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang pangatlong kinakailangang gawin ay gamitin nang madalas ang kasangkapan sa pagbabalik-loob na itinalaga ng Panginoon para sa huling dispensasyong ito ng ebanghelyo, ang Aklat ni Mormon. Ito ay nakikita at nahahawakang katibayan ng pagiging propeta ni Joseph Smith at nakakukumbinsang katibayan ng pagiging Diyos at ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Ang paglalarawan at pagpapaliwanag nito sa plano ng pagtubos ng ating Ama ay walang katulad. Kapag ibinabahagi ninyo ang Aklat ni Mormon, ibinabahagi ninyo ang Pagpapanumbalik.

Noong tinedyer pa si Jason Olsen, paulit-ulit siyang binalaan ng kanyang mga kapamilya at ng iba pa laban sa pagiging Kristiyano. Gayunman, mayroon siyang dalawang mabubuting kaibigan na mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at madalas nilang pag-usapan ang relihiyon. Ang

mga kaibigan niya, sina Shea at Dave, ay sinagot nang may paggalang ang mga argumento na sinabi ng iba kay Jason laban sa pananampalataya kay Jesucristo. Sa huli, binigyan nila siya ng isang kopya ng Aklat ni Mormon, sinasabing, “Sasagutin ng aklat na ito ang mga tanong mo. Pakiusap, basahin mo ito.” Atubili niyang tinanggap ang aklat at inilagay sa kanyang backpack, na nanatili roon nang ilang buwan. Ayaw niya itong iwan sa bahay at baka makita ito ng kanyang pamilya, at ayaw niyang malungkot sina Shea at Dave kapag ibinalik niya ito. Sa huli, ipinasia niyang sunugin ang aklat.

Isang gabi, hawak ang lighter sa isang kamay at sa isa naman ang Aklat ni Mormon, susunugin na sana niya ang aklat nang makarinig siya ng tinig sa kanyang isipan na nagsabing, “Huwag mong sunugin ang aking aklat.” Nagulat siya, at napahinto. Pagkatapos, inakalang imahinasyon lang niya ang narinig na tinig, tinangka niyang muli na magsindi ng lighter. Muli, narinig niya ang tinig sa kanyang isipan: “Pumunta ka sa iyong silid at basahin ang aking aklat.” Itinabi ni Jason ang lighter, naglakad pabalik sa kanyang silid, binuksan ang Aklat ni Mormon, at nagsimulang magbasa. Patuloy siyang nagbasa araw-araw, madalas hanggang madaling-araw. Nang matapos si Jason at manalangin, isinulat niya, “Napuspos ako ng Espiritu mula sa aking ulo hanggang sa aking talampakan. . . . Naramdaman ko na puspos ako ng liwanag. . . . Ito ang pinakamasayang karanasan na nangyari sa aking buhay.” Hiniling niyang mabinyagan siya at kalaunan, siya rin ay naging missionary.

Marahil alam natin na sa kabila ng ating tunay na pagmamahal at katapatan, marami, kung hindi man karamihan, ang tatanggi sa ating mga paanyaya na pakinggan ang mensahe ng Pagpapanumbalik. Ngunit tandaan ito: lahat ay karapat-dapat sa paanyayang iyon—“pantay-pantay ang lahat sa Diyos”;¹¹ nalulugod ang Panginoon sa lahat ng pagsusumikap natin, anuman ang kahinatnan nito;



ang pagtanggap sa inyong paanyaya ay hindi dahilan para matapos ang ating pakikipagkaibigan; at ang kawalan ng interes ngayon ay maaaring human-tong sa pagiging interesado bukas. Anuman ang mangyari, hindi magbabago ang ating pagmamahal.

Huwag nating kalimutan kailanman na ang Pagpapanumbalik ay dumaan sa matinding pagsubok at sakripisyo. Iyan ay paksa para sa ibang araw. Ngayon ay nagagalak tayo sa mga bunga ng Pagpapanumbalik, isa sa pinakamahalaga ay ang naibalik na kapangyarihang magbuklod sa lupa at sa langit.¹² Tulad ng ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley maraming taon na ang nakararaan, “Kung wala nang iba pang bunga ang lahat ng pinagdaang kalungkutan at paghihirap at pasakit ng pagpapanumbalik maliban sa kapangyarihang magbuklod ng banal na priesthood upang ibigkis nang magkakasama ang mga pamilya magpakailanman, magiging sulit na ito sa lahat ng pinagdaanan nito.”¹³

Ang pinakadakilang pangako ng Pagpapanumbalik ay pagtubos sa pamamagitan ni Jesucristo. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay patunay na Siya, sa katunayan, ay nagtataglay ng kapangyarihang tubusin ang lahat ng lalapit sa Kanya—tutubusin sila mula sa kalungkutan, kawalang-katarungan, paninimdim, kasalanan, at maging sa kamatayan. Ngayon ay Linggo ng Palaspas; isang linggo mula ngayon ay Pasko ng

Pagkabuhay. Inaalala natin, palagi nating inaalala ang pagdurusa at kamatayan ni Cristo para magbayad-sala para sa ating mga kasalanan, at ipinagdiriwang natin ang pinakamasaya sa mga araw ng Linggo, ang araw ng Panginoon, na Siya ay nagbangon mula sa mga patay. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, nagkaroon ng kahulugan ang Pagpapanumbalik, nagkaroon ng kahulugan ang ating mortal na buhay, at higit sa lahat nagkaroon ng kahulugan ang mismong buhay natin.

Si Joseph Smith, ang dakilang propeta ng Pagpapanumbalik, ay nagbigay ng malakas na patotoo para sa ating panahon tungkol sa nabuhay na mag-uling si Cristo: “Na siya ay buhay! Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos.”¹⁴ Mapagpakumbaba kong idinaragdag ang aking patotoo sa patotoo ni Joseph at ng lahat ng apostol at propeta na nauna sa kanya at ng lahat ng apostol at propeta na sumunod sa kanya, na si Jesus ng Nazaret ay ang ipinangakong Mesiyas, ang Bugtong na Anak ng Diyos, at nabuhay na mag-uling Manunubos ng buong sangkatauhan.

“Nagpapatotoo kami na yaong mga mapanalanging

pag-aaralan ang mensahe ng Pagpapanumbalik at kikilos nang may pananampalataya ay pagpapalating magkamit ng kanilang sariling patotoo sa kabanalan nito at sa layunin nitong ihanda ang mundo para sa ipinangakong Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.”¹⁵ Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ay nagbigay-katiyakan sa Kanyang mga pangako. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Gawa 3:21.
2. Mga Taga Efeso 1:10.
3. Santiago 1:5.
4. 2 Nephi 2:8.
5. David O. McKay, liham kay Sarah M. Hilton, Hunyo 3, 1921, Church History Library, Salt Lake City.
6. Juan 1:46.
7. Tingnan sa I Ni Juan 4:18.
8. Moroni 7:48.
9. Napansin ni Pangulong David O. McKay: “Bawat taong nabubuhay sa mundong ito ay nag-iimpluwensiya, sa mabuti man o sa masama. Hindi lang sa sinasabi niya, ni sa ginagawa. Ito’y sa kung ano siya. Mababanaag sa bawat tao kung ano siya” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2004], 259).
10. Tingnan sa Juan 1:9; Doktrina at mga Tipan 88:6–13; 93:2.
11. 2 Nephi 26:33.
12. Tingnan sa Mateo 16:19; 18:18; Doktrina at mga Tipan 110:14–16; 132:19, 46.
13. Gordon B. Hinckley, “As One Who Loves the Prophet,” sa Susan Easton Black and Charles D. Tate Jr., eds., *Joseph Smith: The Prophet, the Man* (1993), 6.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:22–24.
15. “Ang Pagpapanumbalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo,” Abr. 5, 2020, sa Russell M. Nelson, “Pakinggan Siya,” *Liahona*, Mayo 2020, 91.



Sandy, Utah, USA



Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Sumulong nang may Pananampalataya

*Binabasbasan ko kayo ng kapayapaan at dagdag
na pananampalataya sa Panginoon.*

Mahal kong mga kapatid, sa pagtapos ng makasaysayang kumperensyang ito, nagpapasalamat tayo sa Panginoon. Napakaganda ng musika at ang mga mensahe ay nakasisigla.

Sa kumperensyang ito, marami tayong naranasang tampok na pangyayari. Sa ika-200 taong anibersaryong ito, naipakilala natin sa mundo ang proklamasyon na nagpapahayag sa katotohanan ng Pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ginunita natin ang Pagpapanumbalik nang may Sigaw na Hosana.

Ipinakita namin ang isang bagong simbolo ng ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at bilang pantukoy sa opisyal na impormasyon at mga materyal ng Simbahan.

Nanawagan tayo para sa pandaigdigang araw ng ayuno at panalangin, nang ang pandemya ngayon ay mapi-gilan, maprotektahan ang mga nanganalaga sa kalusugan, lumakas ang ekonomiya, at bumalik sa normal ang buhay. Ang ayunong ito ay gaganapin sa Biyernes Santo, Abril 10. Napakadakilang Biyernes na iyon!

Sa susunod na Linggo ay Linggo ng Pagkabuhay, kung kailan muli nating gugunitain ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng ating

Panginoong Jesucristo. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, ang Kanyang kaloob na pagkabuhay na mag-uli ay darating sa lahat ng nabuhay. At ang Kanyang kaloob na buhay na walang hanggan ay darating sa lahat ng magiging marapat dahil sa katapatan sa mga ordenansa at tipang ginawa sa Kanyang mga banal na templo.

Ang maraming nakasisiglang bahagi nitong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020—at ang sagradong linggo na sisimulan natin ngayon—ay maibubuod sa dalawang salita ng Diyos: “Pakinggan Siya.”¹ Dalangin namin na ang tuon ninyo sa Ama sa Langit, na bumigkas sa mga salitang iyon, at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, ay manatili sa inyong isipan sa lahat ng naganap. Dalangin namin na magsisimula kayong muli na *talagang* makinig, pakinggan, at dinggin ang mga salita ng Tagapagligtas.² Nangangako ako na kasunod nito ay mababawasan ang takot at madaragdagan ang pananampalataya.

Salamat sa hangarin ninyong gawin ang inyong mga tahanan na mga tunay na santuwaryo ng pananam-palataya, kung saan makapananahan ang Espiritu ng Panginoon. Ang ating kurikulum sa pag-aaral ng ebanghelyo

na, *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*, ay patuloy na magpapala sa inyong buhay. Ang patuloy ninyong pagsisikap sa adhikaing ito—kahit sa mga sandali na maaaring dama ninyo na di kayo matagumpay—ay magpabago sa inyong buhay, sa inyong pamilya, at sa mundo. Mapalalakas tayo sa pagiging mas magiging na disipulo ng Panginoon, naninindigan at nagsasalita para sa Kanya saanman tayo naroroon.

Ngayon, pag-usapan natin ang mga templo. Mayroon tayong 168 na nailaang mga templo sa iba't ibang panig ng mundo. Ang iba ay pina-plano at ang iba ay itinatayo. Kapag ibinalita ang mga plano sa pagtatayo ng bagong templo, nagiging bahagi ito ng ating sagradong kasaysayan.

Parang kakaiba ang pagbabalita ng mga bagong templo habang lahat ng ating mga templo ay nakasara sa ngayon.

Mahigit isandaang taon na ang nakalipas, nakita ni Pangulong Wilford Woodruff ang kalagayan natin ngayon, ayon sa nakatala sa kanyang panalangin ng paglalaan ng Salt Lake Temple, noong 1893. Maaaring nakita ng ilan sa inyo sa social media ang mga sipi mula sa pambihirang panalangin ito.

Dinggin ang mga pagsamong ito mula sa isang makapangyarihang propeta ng Diyos: “Kapag ang Inyong mga tao ay *hindi* magkakaroon ng pagkakataong pumasok sa banal na bahay na ito . . . at sila ay inaapi at binabagabag, nahihirapan . . . at ihaharap ang kanilang mukha dito



sa Inyong banal na bahay at hihiling sa Inyo ng kaligtasan, ng tulong, ng Inyong kapangyarihan alang-alang sa kanila, sumasamo kami sa Inyo, na dumungaw mula sa Inyong banal na tahanan nang may awa . . . at pakinggan ang kanilang mga pagdaing. O kapag ang mga anak ng Inyong mga tao, sa darating na mga taon, ay mawalay, sa anumang dahilan, mula sa lugar na ito, . . . at dadaing sila sa Inyo mula sa kailaliman ng kanilang pagdurusa at kalungkutan, bigyan po sila ng kapanatagan at kaligtasan, aba naming samo sa Inyo . . . na dinggin ang kanilang mga pagdaing, at ipagkaloob ang hiling nilang mga pagpapala.”³

Mga kapatid, sa panahon ng ating pagkabalisa kung kailan ang mga templo ay sarado, maaari pa rin kayong humugot ng kapangyarihan sa inyong mga tipan sa templo at endowment habang iginagalang ang inyong mga tipan. Gamitin sana ninyo ang panahong ito na sarado ang mga templo upang patuloy na mamuhay nang marapat o maging marapat para sa templo.

Pag-usapan ang templo kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan. Dahil si Jesucristo ang sentro ng lahat ng ginagawa natin sa loob ng templo, habang lalo ninyong iniisip ang templo ay lalo ninyo Siyang maiisip. Mag-aral at manalangin upang mas marami pang matutuhan tungkol sa kapangyarihan at kaalaman na ipinagkaloob sa inyo—o ipagkakaloob pa lang sa inyo.

Ngayon ay ikinagalak naming ibalita ang mga plano na magtayo ng walong bagong templo sa sumusunod na mga lugar: Bahía Blanca, Argentina; Tallahassee, Florida; Lubumbashi, Democratic Republic of the Congo; Pittsburgh, Pennsylvania; Benin City, Nigeria; Syracuse, Utah; Dubai, United Arab Emirates; at Shanghai, People’s Republic of China.

Sa lahat ng walong lokasyon, ang mga arkitekto ng Simbahan ay makikipagtulungan sa mga lokal na opisyal upang maging akma ang templo at maging magandang karagdagan sa bawat komunidad.

Ang plano para sa isang templo sa



ANG MGA PUNERSA NG LUNAWAG AT DILIM, NI WARREN LUCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Dubai ay dumating bilang tugon sa magiliw nilang paanyaya, na buong pasasalamat nating tinatanggap.

Ang konteksto sa plano para sa Shanghai ay napakahalaga. Sa loob ng mahigit dalawang dekada, ang mga karapat-dapat na miyembro sa People’s Republic of China ay dumadalo sa Hong Kong China Temple. Ngunit noong Hulyo 2019, ang templong iyon ay isinara para sa matagal nang nakaplano at talagang kinakailangang renobasyon.

Sa Shanghai, isang simpleng multipurpose na lugar na pagpupulungan ang magbibigay-daan upang ang mga miyembrong Tsino ay patuloy na makalahok sa mga ordenansa ng templo—sa People’s Republic of China—para sa kanila at sa kanilang mga ninuno.⁴

Sa bawat bansa, tinuturuan ng Simbahang ito ang mga miyembro nito na igalang, sundin, at itaguyod ang batas.⁵ Itinuturo natin ang kahalagahan ng pamilya, ng pagiging mabubuting magulang at mga huwarang mamamayan. Dahil iginagalang natin ang mga batas at patakaran ng People’s Republic of China, ang

Simbahan ay *hindi* nagpapadala ng mga proselyting missionary doon; ni hindi natin ito gagawin ngayon.

Ang mga kongregasyon ng mga expatriate at mga Tsinong miyembro ay patuloy na hiwalay na magpupulong. Ang legal na katayuan ng Simbahan doon ay *hindi pa rin nagbabago*. Sa unang paggamit ng pasilidad, ang pagpasok ay sa pamamagitan ng appointment lamang. Ang bahay ng Panginoon sa Shanghai ay *hindi* magiging lugar na pasyalan para sa mga turista mula sa ibang mga bansa.

Pagpapalain ng walong bagong mga templong ito ang buhay ng maraming tao sa magkabilang panig ng tabing. Ang mga templo ang pinakatampok na bahagi ng Pagpapalumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sa kabutihan at pagkamaagbigay ng Diyos, inilalapit Niya



New Taipei City, Taiwan

ang mga pagpapala ng templo sa Kanyang mga anak *sa lahat ng dako*.

Habang patuloy ang Pagpapal-
numbalik, alam ko na patuloy na
maghahayag ang Diyos ng maraming
dakila at mahahalagang bagay hinggil
sa Kanyang kaharian dito sa lupa.⁶
Ang kahariang iyan ay Ang Simbahan
ni Jesucristo ng mga Banal sa mga
Huling Araw.

Mahal kong mga kapatid, ipina-
aabot ko ang pagmamahal ko sa
inyo. Sa panahong ito ng tensiyon at
kawalang-katiyakan, at sa pagsamo
sa karapatang iginawad sa akin, nais
kong ipagkaloob sa inyo ang isang
basbas ng apostol.

Binabasbasan ko kayo ng kapaya-
paan at dagdag na pananampalataya
sa Panginoon.⁷

Binabasbasan ko kayo ng hanga-
ring magsisi at maging lalo pang
katulad Niya sa bawat araw.⁸

Binabasbasan ko kayo na mala-
man na si Propetang Joseph Smith
ang propeta ng Pagpapal-
numbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sakaling mayroon kayong karam-
daman o ang inyong mga mahal sa
buhay, iniwan ko ang basbas ng
paggaling, alinsunod sa kalooban ng
Panginoon.

Iyan ang basbas ko sa inyo, at
mulí, inuulit ko, mahal ko ang bawat
isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni
Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; tingnan
din sa Lucas 9:35.
2. Tingnan sa Juan 10:27; Apocalipsis 3:20;
Mosias 26:21, 28; Doktrina at mga Tipan
29:7.
3. Wilford Woodruff, panalangin ng
paglalaan ng Salt Lake Temple,
Abr. 6, 1893, ChurchofJesusChrist.org;
idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Sa loob ng libu-libong taon, ang mga
Tsino ay nag-ingat ng mga kasaysayan at
talaangkangan ng kanilang mga angkan.
Ang tradisyonal na mga seremonya
ng mga Tsino ay nagpapakita ng
paggalang sa kanilang mga ninuno,
tulad ng Qingming Festival (清明节). Ang
Qingming Festival sa taong ito (清明节)
ay sa Abril 4–5 ng kalendaryo.
5. Tingnan sa Mga Saligan ng
Pananampalataya 1:12.
6. Tingnan sa Mga Saligan ng
Pananampalataya 1:9.
7. Tingnan sa Juan 14:27.
8. Tingnan sa 3 Nephi 27:27.

Ulat sa Estadistika, 2019

Para sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, nag-isyu ang Unang
Panguluhan ng sumusunod na ulat sa estadistika hinggil sa paglago at
kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2019.

MGA YUNIT NG SIMBAHAN

Mga Stake	3,437
Mga Mission	399
Mga District	542
Mga Ward at Branch	30,940

MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN

Kabuuang bilang ng mga miyembro	16,565,036
Mga bagong children of record	94,266
Mga nabinyagan	248,835

MGA MISSIONARY

Mga Full-Time Missionary	67,021
Mga Church-Service Missionary	31,333

MGA TEMPLO

Mga Templong Inilaan noong 2019 (Rome Italy, Kinshasa Democratic Republic of Congo, Fortaleza Brazil, Port-au-Prince Haiti, Lisbon Portugal at Arequipa Peru)	6
Mga Templong Muling Inilaan noong 2019 (Memphis Tennessee, Oklahoma City Oklahoma, Oakland California, Raleigh North Carolina, Frankfurt Germany, Asunción Paraguay, at Baton Rouge Louisiana)	7
Mga Templong Nagagamit sa Pagtatapos ng Taon	167



Elder Jorge T. Becerra

General Authority Seventy

Si Elder Jorge T. Becerra ay mahiyain at tahimik habang lumalaki, ngunit binigyan siya ng kanyang mission president ng oportunidad na mamuno. Umuwi si Jorge mula sa California Arcadia Mission na may hangaring makibahagi sa gawain ng Panginoon sa buong buhay niya.

Mas maraming oportunidad sa pamumuno ang dumating nang mas maaga kaysa inaasahan niya. Sa edad na 27, tinawag siya sa bishopric. Sa edad na 32, tinawag siyang maging bishop. Sa pakiramdam niya noong una ay hindi sapat ang kakayahan niya nang kausapin siya ng mga tao tungkol sa kanilang mga hamon sa buhay.

“Wala akong ideya kung ano ang ginagawa ko,” sabi niya sa kanyang ama.

Ang sagot ng kanyang ama ay nagturo sa kanya ng mabisang aral, nagpaalala sa tiwala ng mission president niya sa kanya, at nakatulong sa kanya na maghanda sa mga tungkulin sa pamumuno sa hinaharap, kabilang na ang pagiging stake president sa edad na 37.

“Sabi ng aking ama, ‘Anak, ilang taong gulang ang Espiritu Santo?’” Paggunita ni Elder Becerra. “Iyon ay isang napakagandang pagkakataon na naturuan ako dahil alam ko na magagawa ko ang anumang ipagawa sa akin ng Panginoon.”

Nanatili kay Elder Becerra ang aral na iyon sa maraming taon ng tapat na paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Si Jorge Eduardo Torres Becerra ay ipinanganak noong Disyembre 18, 1962, kina Juan C. Becerra at Celia T. Becerra sa Salt Lake City, Utah, USA, kung saan siya lumaki.

Matapos maglingkod bilang full-time missionary, pinakasalan ni Elder Becerra si Debbie Ilene Schneberger sa Salt Lake Temple noong Agosto 10, 1984. Sila ay may limang anak.

Nagtapos si Elder Becerra ng degree in general studies mula sa University of Utah at ng associate of arts degree in accounting mula sa Salt Lake Community College. Nag-aral din siya ng business sa University of Phoenix. Noong 1998 naging kasosyo siya sa Allegis Advisor Group, isang financial advisory company. Nang tawagin siya bilang General Authority Seventy, nagtatrabaho siya bilang investment adviser para sa Intermountain Financial Partners.

Si Elder Becerra ay naglingkod bilang ward Young Men president, tagapayo sa mission presidency, tagapayo sa branch presidency, seminary teacher, tagapayo sa bishopric, bishop, stake president, at pangulo ng California Arcadia Mission. Nang tawagin siya sa kanyang bagong tungkulin, siya ay naglilingkod bilang Area Seventy. ■



Elder Matthew S. Holland

General Authority Seventy

Si Elder Matthew S. Holland ay sanay na sa mga General Authority o sa mga pangkalahatang kumperensya.

Maraming Banal sa mga Huling Araw ang nakakakilala sa kanya bilang anak ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. Maaaring naaalala pa ng iba na siya ang 17-taong gulang na nagsalita sa sesyon ng priesthood noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 1983.

“Napakagandang pagpapala, sa buong buhay ko, na makita kung paano namuhay ang aking ina at ama, kung gaano sila katapat, at kung ano ang ipinagawa sa kanila,” sabi ni Elder Holland, na kasalukuyang pangulo ng North Carolina Raleigh Mission.

“Ngunit dahil sa mga personal na obserbasyong ito, napakarami na naming alam tungkol sa tungkuling ito kaya naiisip namin kung sapat ba ang kakayahan namin ukol dito,” dagdag niya. “Mabuti na lamang, natutuhan din namin na ginagawang marapat ng Panginoon ang Kanyang mga tinatawag, at nananalig at napapanatag kami nang lubos diyan.”

Naaalala pa ni Elder Holland kung gaano nakakakaba ang magsalita sa pangkalahatang kumperensya. Ang paghanda ng mensahe na dumarating nang “taludtod sa taludtod, [nang] tuntunin sa tuntunin” (2 Nephi 28:30) ay naging “maagang pagbibigay ng katiyakan na kapag tumatanggap ka ng mga atas mula sa Panginoon, tutulungan ka Niya at bibigyan ka ng mga kaisipan at impresyon sa mga bagay na dapat mong ibahagi.”

Si Matthew Scott Holland ay ipinanganak noong Hunyo 7, 1966, sa Provo, Utah, USA, at anak nina Jeffrey R. at Patricia Holland. Pinakasalan niya si Paige Bateman noong May 20, 1996, sa St. George Utah Temple. Sila ay may apat na anak.

Kabilang sa mga natapos ni Elder Holland sa edukasyon ang tatlong degree sa political science—bachelor of arts mula sa Brigham Young University noong 1991 at master of arts and doctor of philosophy, parehong mula sa Duke University, noong 1997 at 2001, ayon sa pagkakabanggit.

Habang nagtatrabaho bilang associate professor of political science sa BYU (2001–2009), naging pangulo siya ng Utah Valley University noong 2009, at naglingkod hanggang noong 2018 nang matawag siya na maging mission president.

Siya ay naglingkod bilang bishop, high councilor, tagapayo sa bishopric, ward Young Men adviser, ward mission leader, Sunday School teacher, at full-time missionary sa Scotland Edinburgh Mission. ■



Elder William K. Jackson

General Authority Seventy

Makalipas ang 23 taon bilang regional medical officer sa U. S. Foreign Service, si William K. Jackson ay nahilingang magbahagi ng 20 pinakamahahalagang karanasan niya habang namumuhay at nagtatrabaho sa pinakamalalayong rehiyon ng mundo.

Habang nag-iisip-isip siya tungkol sa kahilingang iyon bago ang kanyang seremonya sa pagreretiro, natanto niya na “lahat ng 20 sa 20 pinakamahahalagang karanasan ko ay may kinalaman sa Simbahan o sa pamilya,” sabi niya.

Si William King Jackson ay ipinanganak noong Marso 29, 1956, sa Washington, D.C., USA, kina E. William at Lois Andrey Jackson. Lumaki siya sa Ojai, California, USA, ngunit dahil sa mga gawaing boluntayo ng kanyang mga magulang, nakapag-aral din siya sa Honduras, Algeria, at Afghanistan.

Matapos magmisyon sa Bolivia La Paz Mission, nakilala ni Elder Jackson si Ann Kesler noong tag-init ng 1977.

“Para sa akin, pag-ibig iyon sa unang pagkikita,” sabi niya. “Ginugol ko ang nalalabing araw ng tag-init na iyon sa pagkumbinsi sa kanya na ako ang inilaan para sa kanya.”

Ikinasal sila noong Disyembre 29, 1977, sa Los Angeles California Temple. Sila ay may walong anak, tatlo sa kanila ay inampon—mula sa India, Nepal, at Cambodia.

Si Elder Jackson ay nag-aral sa Brigham Young University, nagtapos ng bachelor of science degree mula sa University of California, Berkeley, at nagtapos ng doctor of medicine degree mula sa University of California, San Francisco, noong 1983.

Pagkatapos ng kanyang medical residency, nagtrabaho sila sa ibang bansa nang 26 na taon. Nitong huli ay nagtrabaho siya bilang medical director ng Valley Family Health Care, sa mga lugar sa Idaho at Oregon, USA.

Noong nakatira pa sila sa labas ng Estados Unidos, madalas na nakasalamuha nila ni Sister Jackson ang mga unang henerasyong miyembro ng Simbahan.

“Isa sa mga pinakamalaking bahagi ng aking patotoo sa ebanghelyo ay ang mamasdan ang ginagawa ng ebanghelyo sa mga taong ito na mahal namin,” sabi niya. “Binabago sila nito.”

Si Elder Jackson ay naglingkod bilang Area Seventy, pangulo ng India New Delhi Mission, branch Young Men president, institute teacher, at Gospel Doctrine teacher. Nang tawagin siyang maging General Authority Seventy, siya ay naglilingkod bilang bishop. ■



Elder Jeremy R. Jaggi

General Authority Seventy

Noong tinedyer si Elder Jeremy R. Jaggi, ang kanyang pitong-taong gulang na kapatid na babae, si Kristen, ay nakakuha ng bakterya na umatake sa kanyang utak. Sinabi ng mga doktor na hindi na siya maililigtas.

Lumuhod ang batang si Jeremy sa tabi ng kanyang kama sa bahay ng kanilang pamilya sa Salt Lake City, Utah, USA, at nagsumamo sa Panginoon na ipaalam sa kanya kung bakit kailangang mamatay ang kapatid niya sa napakabatang edad. Gayunpaman, tumanggap ng basbas ng priesthood ang kanyang kapatid at nanatiling buhay.

Ito ang nag-udyok sa 17-taong gulang na si Jeremy na “maging masunurin sa Diyos,” at naghikayat sa kanya na seryosohin ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon sa unang pagkakataon. Kalaunan naglingkod siya bilang full-time missionary sa Ohio Cleveland Mission.

Muling taimtim na nagdasal si Jeremy ilang taon kalaunan nang ang kanyang asawang si Amy, ay maagang nagdamdam sa pagluluwal ng kanilang pangatlong anak. “Nang sandaling iyon, napuspos ako ng kapayapaan—kapayapaan na mailalarawan lamang bilang mapagmahal na mga bisig ng isang Ama sa Langit at pinalibutan ako ng init ng Espiritu Santo,” sabi niya.

Ang kapayapaang iyon ang pumanatag sa kanya sa maikling panahon na nabuhay ang sanggol at sa mga sumunod na buwan na puno ng kalungkutan matapos na muling makunan ang kanyang asawa. “Lahat tayo ay sinusubok sa ating buhay,” sabi niya, “ngunit magagawa pa rin nating ‘ariin [nang] buong kagalakan’ [Santiago 1:2] na naglaan ang Tagapagligtas ng daan upang magkaroon tayo ng kapayapaan at kaligayahan.”

Si Jeremy Robert Jaggi ay ipinanganak sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Marso 23, 1973, kina Robert Stanley Jaggi at Judy Anne Roos. Pinakasalan niya si Amy Anne Stewart sa Salt Lake Temple noong Hunyo 12, 1995. Sila ay may limang anak.

Si Elder Jaggi ay nagtapos ng bachelor of science degree in behavioral science and health mula sa University of Utah at ng executive master of business administration degree mula sa Pepperdine University. Siya ang namumuno sa regional sales para sa Alkermes at namamahala ng commercial real estate sa HCA Investments nang tawagin siya sa tungkulin.

Si Elder Jaggi ay naglingkod bilang Area Seventy, pangulo ng Utah Ogden Mission, assistant stake executive secretary, bishop, elders quorum president, seminary teacher, counselor sa ward Young Men presidency, stake missionary preparation teacher, at ward mission leader. ■



Elder Kelly R. Johnson

General Authority Seventy

Tandang-tanda pa ni Elder Kelly R. Johnson ang araw nang tawagin siya bilang bishop sa edad na 31. Noong araw ding iyon siya ay nasuring may Bell's palsy—isang kalagayan kung saan hindi maigalaw o humina ang kalamnan ng isang panig ng mukha.

Napakahirap na kalagayan nito nang panahong iyon, hindi lamang dahil sa hirap at kahihiyan na dulot nito kundi dahil sa kanyang maraming mga bagong responsibilidad. Ngunit ang mahirap na panahong iyon ay naging isang pagpapala.

“Dahil hindi ko alam kung ano ang magiging pang-matagalang sitwasyon, nahabag ako sa mga taong nakasama ko sa buong buhay ko,” sabi niya. “Nalaman ko nang lubos na dumaranas ang mga tao ng mahihirap at malulungkot na bagay na hindi nila kayang kontrolin na nakakaapekto sa kanilang mga kakayahan, damdamin, at tiwala sa sarili.”

Kung minsan, hindi madaling maglingkod sa Simbahan ng Panginoon. Ngunit tulad ng mga disipulo ng Tagapaglig-tas na “pagdaka’y iniwan nila ang mga lambat” (Mateo 4:20) para sumunod sa Kanya, “anuman ang ipagawa sa atin, handa tayong gawin ito,” sabi ni Elder Johnson.

Saanman siya o ang kanyang pamilya tawagin ng Panginoon, sumusunod sila nang may pagkukusang puso at isipan, sinisikap na makahanap ng kabutihan anuman ang kanilang kalagayan.

Si Kelly Ray Johnson ay ipinanganak sa Pleasant View, Utah, noong Enero 16, 1963, kina Harold Raymond Johnson Jr. at Helen Craggaun Johnson. Lumaki siya sa Ogden, Utah, at pinakasalan si Teresa Lynn Bartrum sa Salt Lake Temple noong Marso 27, 1986. Sila ay may limang anak.

Si Elder Johnson ay nagtapos sa Weber State University noong 1987 na may bachelor of science degree in accounting at nakamit ang kanyang master degree sa business administration mula sa Brigham Young University noong 1989. Siya ay nagtrabaho bilang forensic accountant sa KPMG International Cooperative at nitong huli ay nagtrabaho bilang forensic accountant at kasosyo sa Norman, Townsend, and Johnson.

Si Elder Johnson, na naglilingkod bilang Area Seventy nang tawagin siya sa tungkulin, ay naglingkod bilang mission president sa Thailand Bangkok Mission, kung saan siya naglingkod bilang full-time missionary. Siya ay naglingkod din bilang stake president, tagapayo sa stake presidency, high councilor, bishop, elders quorum president, ward mission leader, at stake missionary preparation teacher. ■



Elder Thierry K. Mutombo

General Authority Seventy

Si Elder Thierry K. Mutombo ay may malakas na patotoo tungkol sa ebanghelyo nang matanggap niya ang kanyang mission call noong binata pa siya. Nabinyagan kasama ng kanyang pamilya sa edad na 10, nasaksihan niya ang matinding pagbabagong ginawa ng ebanghelyo sa kanyang pamilya.

Ngunit kahit naghahanda na siyang magmisyon sa Côte d'Ivoire Abidjan Mission, wala siyang malakas na patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Hindi pa niya ito nabasa kahit kailan noon.

Hinikayat si Thierry ng kanyang inspiradong bishop na basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw bago siya umalis papuntang misyon. Binigyan niya pa si Thierry ng susi ng meetinghouse ng simbahan para makapag-aral siya nang tahimik.

Araw-araw na nagbasa si Thierry sa loob ng tatlong buwan. Nang pumasok na siya sa mission field, hindi lamang siya nagkaroon ng malakas na patotoo sa Aklat ni Mormon, kundi nagkaroon din siya ng mga gawi sa pag-aaral na nakatulong sa kanya bilang missionary.

“Ang pinakamabisang kasangkapang kailangan natin upang dalhin ang mga tao sa liwanag ng ebanghelyo at tipunin ang ikinalat na Israel ay ang Aklat ni Mormon,” sabi niya.

Si Thierry Kasuangi Mutombo ay ipinanganak sa Kinshasa, Democratic Republic of the Congo, noong Enero 31, 1976, kina Antoine Kasuangi Mutombo at Marie Therese Matsanga Mutombo. Pinakasalan niya si Tshayi Nathalie Sinda sa isang kasal na sibil noong Nobyembre 29, 2002. Sila ay ibinuklod kalaunan sa Johannesburg South Africa Temple noong Nobyembre 19, 2004. Mayroon silang anim na anak.

Si Elder Mutombo ay nagtapos noong 2010 mula sa University of Cepromad na may degree sa business management at noong 2012 na may bachelor's degree sa human resources management. Nagtrabaho siya para sa Simbahan sa Democratic Republic of the Congo bilang manedyer sa Family History at Human Resources Department at bilang supervisor sa Materials Management Department.

Nang tawagin siya para maging General Authority Seventy, si Elder Mutombo ay naglilingkod bilang pangulo ng Maryland Baltimore Mission. Siya ay naglingkod bilang stake president, tagapayo sa stake presidency, ward mission leader, guro sa Sunday School, at executive stake secretary. ■



Elder Adeyinka A. Ojediran

General Authority Seventy

Ang Abril 2020 na pangkalahatang kumperensya ay “isang di-malilimutang Sabado’t Linggo” para kay Elder Adeyinka A. Ojediran.

Ang convert sa Simbahan ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy—ang una para sa isang Nigerian at West African na Banal sa mga Huling Araw. Ang kanyang nag-uumpaw na pasasalamat at galak ay lalo pang nadagdagan nang ibalita ni Pangulong Russell M. Nelson na ang pangatlong templo sa Nigeria ay itatayo sa Benin City.

“Hindi ko iyan inaasahan,” sabi ni Elder Ojediran, na ngiting-ngiti. “Ang marinig sa ating propeta na isa pang templo ang itatayo sa Nigeria ay talagang kamangha-mangha. Para sa akin, iyon ay pagpapatibay na ang gawain ng Panginoon ay kumikilos nang mabilis. Lahat tayo ay maraming gagawin para maihanda ang mga anak ng Diyos para sa Ikalawang Pagparito ng Kanyang Anak.”

Ipinanganak sa Ibadan, Nigeria, noong Abril 5, 1967, kina Amos Adeniyi at Caroline Anike Ojediran, si Adeyinka Ayodeji Ojediran ay nagtapos ng bachelor’s degree sa botany sa University of Ilorin noong 1991 bago nagtapos kalaunan ng master of business administration degree mula sa Ladoke Akintola University of Technology. Nagtrabaho siya sa larangan ng finance at business administration bilang isang propesyonal na chartered accountant. Nagtatrabaho siya bilang business finance manager ng Shell Nigeria bago siya tinawag bilang General Authority.

Tatlong taon matapos siyang mabinyagan, nakilala niya si Olufunmilayo Omolola Akinbebije sa isang pagtitipon. Nagsimulang magdeyt kalaunan ang dalawa, pero ang pagtatrabaho sa magkaibang lungsod ay nangangahulugang “sa telepono lang kami nagkakausap.”

Kalaunan ay ikinasal ang magkasintahan sa Nigeria noong 1998 at ibinuklod sa Johannesburg South Africa Temple noong Nobyembre 14, 2002. Ang mga Ojediran ay may isang anak na babae.

Ipinagpapasalamat ni Elder Ojediran ang bawat katungkulan sa Simbahan na natanggap niya mula nang sumapi sa Simbahan noong 1990 sa edad na 23. Bawat tungkulin sa Simbahan ay nakatulong sa kanya na umunlad at nagbigay sa kanya ng mga sagradong oportunidad na tulungan ang iba na umunlad sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

Si Elder Ojediran, na naglilingkod bilang Area Seventy nang tawagin siya, ay naglilingkod din bilang tagapayo sa mission presidency, stake president, tagapayo sa stake presidency, bishop, tagapayo sa bishopric, at branch president. ■



Elder Ciro Schmeil

General Authority Seventy

Laging sinisikap ni Elder Ciro Schmeil na sundin ang Panginoon, kahit hindi niya nauunawaan ang dahilan ng isang partikular na kautusan. “Kapag masunurin tayo, kapag sinusunod natin ang mga kautusan,” natutuhan niya na, “lagi tayong pagpapalain ng Panginoon.”

Sa pagtupad sa kanyang mga tungkulin, nakita niya ang mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod. Habang naglilingkod bilang bishop at stake president, napakarami niyang katangi-tanging oportunidad na “makitang nagbabago ang buhay ng mga tao dahil sa kanilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Aklat ni Mormon.”

Si Elder Schmeil ay ipinanganak noong Abril 16, 1971, sa Ponta Grossa, Paraná, Brazil, kina Bruno at Erica Schmeil, parehong convert sa Simbahan. Lumaki siya sa Curitiba, Brazil, at noong panahong matawag ang kanyang mga magulang na mangulo sa Brazil Campinas Mission, umalis naman siya para maglilingkod sa Utah Ogden Mission.

Habang nag-aaral sa University of Utah, nakilala ni Elder Schmeil si Alessandra Machado Louza, isang estudyante sa Brigham Young University, sa isang debosyonal. “Nang magkita kami sa unang pagkakataon sa debosyonal, talagang hindi niya ako pinansin,” sabi niya. Ngunit para sa kanya, pag-ibig iyon sa unang pagkikita.

Sila ay ikinasal sa São Paulo Brazil Temple noong Hulyo 1994 at tinapos ang kanilang pag-aaral sa Estados Unidos. Bumalik sila sa Brazil sa loob nang 20 taon bago lumipat sa Colorado, USA, at pagkatapos ay sa Florida, USA. Sina Elder at Sister Schmeil ay may dalawang anak.

Si Elder Schmeil ay nagtapos ng bachelor of arts degree in architectural studies sa University of Utah noong 1995 at ng executive master of business administration degree sa Ohio University noong 2010. Nagtrabaho siya para sa Walmart Brasil bilang vice president at director ng real estate development, bilang chief operating officer ng Scopel, bilang general manager ng Cia City, at nitong huli bilang pinuno ng real estate para sa JBS S.A.

Si Elder Schmeil ay naglilingkod bilang Area Seventy, stake president, tagapayo sa stake presidency, bishop, elders quorum president, at branch president. ■



Elder Moisés Villanueva

General Authority Seventy

Si Elder Moisés Villanueva ay 10 taong gulang pa lang noon, pero hindi niya nakalimutan ang nadama niya nang ituro sa kanya at sa kanyang pamilya ng mga missionary ang ebanghelyo sa Oaxaca, Mexico.

“Naaalala ko na kahit nakaalis na ang mga missionary, naramdaman ko pa rin ang Espiritu, ang kapayapaang nadama ko sa aking puso,” sabi niya.

Nang mabinyagan si Moisés at ang apat sa kanyang mga kapatid, ang kanyang ina—na nag-iisang nagpalaki kay Moisés at sa kanyang pitong kapatid sa napakahirap na mga kalagayan—ay naging aktibong muli sa Simbahan.

Kalaunan, noong naghahanda na sa misyon ang 18-taong gulang na si Moisés, patuloy na nakaranas ng kakapusan sa pera ang kanyang pamilya. Pinag-alinlanganan niya ang desisyon niyang umalis at sinabi sa kanyang ina na hindi na siya tutuloy para matulungan ito.

“Kung gusto mo talagang matulungan ako,” sabi sa kanya ng kanyang ina, “umalis ka at maglingkod sa Panginoon.”

Habang nakaluhod sa tabi ng kanyang higaan sa pagtatapos ng unang araw niya sa Mexico Hermosillo Mission, nadama ni Moisés na nalugod ang Panginoon sa kanyang desisyon. Itinuturing niya ang kanyang misyon na siyang dahilan ng paglago ng patotoo niya sa ipinangabalik na ebanghelyo.

“Ang Simbahang ito ay pinamumunuan ng ating Taga-pagligtas na si Jesucristo,” sabi ni Elder Villanueva. “Kilala Niya ang bawat isa sa atin sa pangalan. Alam Niya ang ating mga pangangailangan, mga hamon sa buhay, at mga alalahanin. Alam din Niya ang ating mga kalakasan at maging ang mga hangarin ng ating mga puso.”

Si Moisés Villanueva López ay ipinanganak noong Disyembre 13, 1966, sa Oaxaca, Oaxaca, Mexico, kina Rubén Villanueva Platas at Delfina López Domínguez. Pina-kasalan niya si Leticia Ávalos Lozano sa Mexico City Mexico Temple noong Hunyo 30, 1995. Sila ay may tatlong anak.

Si Elder Villanueva ay nagtapos ng kanyang bachelor's degree in business administration mula sa Southeast Regional University noong 1997 at master's degree in innovation for business improvement mula sa Tecnológico de Monterrey noong 2011. Ang pinakahuling trabaho niya ay bilang chief executive officer ng Sertexa, isang transportation company.

Nang tawagin siya sa kanyang bagong tungkulin, si Elder Villanueva ay naglingkod bilang Area Seventy sa Mexico. Siya ay naglingkod din bilang pangulo ng California Arcadia Mission at bilang high councilor, tagapayo sa stake presidency, bishop, at public affairs director. ■



Steven J. Lund

Young Men General President

Bilang bagong Young Men General President, tinanggap ni Steven J. Lund ang sagradong tungkulin na tumulong sa paggabay sa daan-daang libong kabataan ng Aaronic Priesthood sa isang pandaigdigang Simbahan.

Kung posible lamang na makausap niya sila nang isa-isa, alam na alam niya ang kanyang sasabihin, “Ang pagiging matagumpay na miyembro sa kaharian ng Diyos ay hindi kumplikado. Mahal ka ng Ama sa Langit. Kailangan mo lang na mahal din Siya. At kung gagawin natin iyan, magiging ligtas at maligaya tayo. . . . Magkakaroon ng kabuluhan ang buhay natin.”

Ang pagseryoso sa Simbahan ay hindi lamang nangyayari sa araw ng Linggo. Ito ay araw-araw na oportunidad, ayon sa abogadong ito na naging negosyante.

“Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagsisimba, pagsisisi sa sandaling nalihi tayo ng ladas, pagbubuka ng ating mga bibig, at pagiging halimbawa ng ebanghelyo—iyan ang plano ng ating Ama sa Langit,” sabi niya.

Si Brother Lund ay ipinanganak noong Oktubre 30, 1953, kina Jay at Toy Ellen Lund at lumaki sa Northern California (Santa Rosa) at Southern California (Long Beach), USA. Ang kanyang pagsisilbi sa U.S. Army ang dahilan kaya siya nakabalik sa Europa, isang kontinente na minahal niya sa panahong naglingkod siya sa Netherlands Amsterdam Mission.

Kasunod ng kanyang serbisyo, nag-aral siya sa Brigham Young University, kung saan siya muling nagkaroon ng koneksyon kay Kalleen Kirk, isang dalaga na nakilala niya habang nasa Germany. Ikinasal kalaunan sina Steven at Kalleen sa Salt Lake Temple noong Agosto 8, 1980. Sila ay may apat na anak.

Nang magtapos ng law degree sa BYU, si Brother Lund ay nagtrabaho bilang abogado bago siya naging pangulo at CEO ng Nu Skin Enterprises. Siya ang kasalukuyang executive chairman ng board of directors ng kumpanya. Isa rin siyang regent ng Utah System of Higher Education.

Si Brother Lund ay naglingkod bilang pangulo ng Georgia Atlanta Mission at bilang coordinator ng Provo City Center Temple Dedication Committee. Naglingkod din siya bilang miyembro ng Young Men general board at bilang Area Seventy. ■



Ahmad S. Corbitt

*Unang Tagapayo sa Young Men
General Presidency*

Si Ahmad S. Corbitt, 57, ay ipinanganak noong Agosto 1962, kina James Earl Corbitt at Amelia Corbitt. Mahirap lang ang pamilya nila noon at dating nakatira sa proyektong pabahay ng Philadelphia, Pennsylvania, USA, isang lugar na kabi-kabila ang krimen at puno ng mga grupo ng basagulero. Hindi ligtas ang magpagala-gala sa magkakalapit na lugar.

Ngunit ang mga espirituwal na impresyon ng kanyang ina ang gumabay at nagpanatiling ligtas sa kanyang 10 anak. Sa kutob pa lang niya ay alam niya kung kailan dapat maglaro sa labas ang kanyang mga anak at kung kailan sila dapat manatili sa loob ng bahay.

Ang espirituwal na pagkasensitibo na ito ang nagbunsod sa kanya na anyayahan sa kanyang tahanan ang mga missionary mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Mula pagkabata hanggang maging binatilyo si Ahmad, siya at ang kanyang pamilya ay nagsisimba sa Nation of Islam, pero kalaunan ay nabinyagan siya sa Protestante. Ngunit ngayon nadama niya ang pagmamahal ng lokal na kongregasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang kanyang ina at ilang kapatid ay nabinyagan nang sumunod na buwan. Noong Agosto 16, 1980, sa kanyang ika-18 kaarawan, nagpabinyag din si Ahmad. Ang kanyang amain na si Henry Brandford Campbell ay sumapi sa Simbahan nang sumunod na taon.

“Hindi ito talaga tungkol sa atin,” sabi niya. “Ito ay tungkol sa Diyos at kung ano ang gusto Niyang ipagawa sa atin. Handa tayo na maging mapagpakumbaba at makinig. Inaakay Niya tayo.”

Matapos mag-aral sa Ricks College at maglingkod sa Puerto Rico San Juan Mission mula 1982 hanggang 1984, nakilala niya si Jayne Joslin sa isang young single adult temple trip. Ikinasal ang magkasintahan noong Agosto 24, 1985, sa Washington D. C. Temple at biniyayaan ng anim na anak.

Sa sumunod na siyam na taon, nagtrabaho siya sa araw at nag-aral sa gabi. Nakatapos siya ng mga kurso sa The Richard Stockton College sa New Jersey at Rutgers University Law School.

Naglingkod siya bilang tagapayo sa stake presidency, stake president, high councilor, at president ng Dominican Republic Santo Domingo East Mission.

Si Brother Corbitt ay nagtrabaho bilang isang trial attorney, sa public relations at bilang direktor ng New York Office of Public and International Affairs ng Simbahan. Siya ay kasalukuyang nagtatrabaho sa Missionary Department ng Simbahan. ■



Bradley R. Wilcox

*Pangalawang Tagapayo sa Young Men
General Presidency*

Habang nakikilahok sa isang youth conference sa California, nakilala ni Bradley (Brad) R. Wilcox ang isang binatilyo na hindi talaga gustong pumunta roon. Sinamahan niya ang tinedyer sa ilalim ng isang malilim na puno, at hindi nagtagal pinag-usapan nila ang paboritong paksa ng binatilyo—skateboarding.

Hiniling ni Brother Wilcox sa tinedyer na pakitaan siya ng ilang mga galaw nito sa skateboarding. Napahanga siya nito kaya inanyayahan niya ang binatilyo na mag-demo ng skateboarding sa Especially for Youth noong tag-init na iyon. Tumanggi ang binatilyo pero pumayag na rin sa huli. Sa EFY, nagkaroon siya ng karanasang nagpabago sa kanyang buhay at nagkaroon siya ng patotoo sa ebanghelyo.

“Pumunta siya sa EFY para magpakita ng nalalaman niya sa skateboarding, pero sa pag-alis niya roon nagkaroon siya ng patotoo at hangaring maging missionary,” sabi ni Brother Wilcox.

“Maraming panahon sa buhay ko ang inukol ko sa mga bata at tinedyer,” sabi ni Brother Wilcox, “at mahal ko ang mga kabataan.”

Si Bradley Ray Wilcox ay ipinanganak sa Provo, Utah, USA, noong Disyembre 25, 1959, kina Ray T. Wilcox at Val C. Wilcox. Lumaki siya sa Provo pero tumira nang ilang taon sa Ethiopia noong bata pa siya.

Matapos magmisyon sa Chile Viña del Mar Mission, pinakasalan ni Brother Wilcox si Deborah Gunnell sa Provo Utah Temple noong Oktubre 7, 1982. Sila ay may apat na anak.

Natamo ni Brother Wilcox ang kanyang bachelor's at master's degree mula sa Brigham Young University at ang kanyang doctorate in education sa University of Wyoming. Siya ay ginawaran ng ilang parangal para sa kanyang mga nagawa sa edukasyon, nag-ukol nang mahigit 30 taon sa Especially for Youth program ng BYU, at ikinasiya nang labis ang pagtuturo sa Campus Education Week.

Si Brother Wilcox at ang kanyang pamilya ay tumira sa New Zealand at Spain habang pinangangasiwaan niya ang mga programa na pag-aaral sa ibang bansa para sa BYU. Sumulat siya ng ilang aklat at kasalukuyang nagtuturo sa Department of Ancient Scripture sa BYU.

Si Brother Wilcox ay naglingkod bilang pangulo ng Chile Santiago East Mission at bilang miyembro ng Sunday School general board, tagapayo sa stake presidency, at bishop ng young single adult ward. Nang tawagin siya sa tungkulin, siya ay naglilingkod bilang high councilor at bilang stake Young Men president. ■



Mga Hindi Malilimutang Sandali sa Kumperensya

Tulad ng ipinangako ni Pangulong Russell M. Nelson, ang pangkalahatang kumperensyang ito ay hindi malilimutan sa maraming paraan.¹ Narito ang ilang hindi malilimutang sandali sa kumperensya.

Bagong Simbolo

Ipinaalam ni Pangulong Nelson ang bagong simbolo para sa Simbahan (tingnan sa pahina 73). Kasama sa simbolo ang pangalan ng Simbahan na nasa loob ng isang parihaba, na naglalarawan ng bato sa panulok. Sa ibabaw niyan ay nakatayo ang estatwa ng Christos sa ilalim ng arko, na nagpapaalala sa atin sa Tagapagligtas at sa Kanyang libingan na walang laman.

Proklamasyon para sa Ika-200 Taong Anibersaryo

Binasa ni Pangulong Nelson “Ang Pagpapanumbalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo,” na nag-aanyaya

sa lahat ng tao saan man na malaman na ang ebanghelyo ni Jesucristo na binanggit sa Bagong Tipan ay nasa mundo na muli ngayon. Ang opisyal na pagsasalin ay matatagpuan sa loob ng pabalat sa harap ng isyung ito sa 12 wika. Ang mga miyembro na naghihintay pa ng opisyal na pagsasalin ay makakakuha ng paunang mga pagsasalin ng proklamasyong ito sa mensahe ni Pangulong Nelson (tingnan sa pahina 91).

Kapita-pitagang Kapulungan

Ang isang “kapita-pitagang kapulungan” ay ginanap sa Linggo ng umaga bilang bahagi ng pagdiriwang ng Simbahan para sa Ika-200 Taong Anibersaryo ng Unang Pangitain. Sa sagradong pulong na ito, pinangunahan ni Pangulong Nelson ang mga Banal sa Sigaw na Hosana, isang nagkakaisang pagpapahayag ng papuri na ginagamit sa mga kaganapang tulad ng mga paglalaan ng templo (tingnan sa pahina 92).

Pangalawang Pandaigdigang Pag-aayuno

Sa pangalawang pagkakataon sa loob ng siyam na araw, inanyayahan ni Pangulong Nelson ang buong daigdig na mag-ayuno at manalangin “na ang pandemya sa kasalukuyan ay mapigilan, maprotektahan ang mga nanganalaga sa kalusugan, na lumakas ang ekonomiya, at bumalik sa normal ang buhay” (pahina 74). Ang pangalawang pandaigdigang ayunong ito ay ginanap noong Biyernes Santo, Abril 10, 2020.

Mga Bagong Templo

Ibinalita ni Pangulong Nelson ang mga planong pagtatayo ng walong bagong templo sa iba’t ibang dako ng mundo (tingnan sa pahina 115). Mayroong 168 na inilaang mga templo sa buong mundo, 7 sa mga iyon ang kasalukuyang sumasailalim sa renobasyon.

Mga Tagapagsalita na mga Kabataan

Tampok sa sesyon sa Sabado ng gabi ang dalawang tinedyer na tagapagsaita, sina Laudy Ruth Kaouk at Enzo Serge Petelo, na nagsalita tungkol sa kung paano pinagpapala ng priesthood ang mga kabataan (tingnan sa pahina 56 at 58). Mahigit 20 taon na ang nakalipas mula nang magkaroon ng mga tagapagsalita na mga kabataan sa pangkalahatang kumperensya.

Nakakaantig na Musika

Ang mga musikang inihandog para sa kumperensya ay dati nang nairekord. Ang kumperensya ay tinapos ng mga Banal sa iba’t ibang panig ng mundo sa pag-awit ng “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta” ng mga koro mula sa Ghana, New Zealand, Mexico, South Korea, Germany, at Brazil (tingnan sa pahina 2). ■

TALA

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pangwakas na Mensahe,” *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2019, 122.

COVID-19: Mga Mensahe ng Patnubay, Paggaling, at Pag-asa

Nagpatotoo ang mga miyembro na nakikita nila ang kamay ng Panginoon kahit sa panahong ito ng mga pagbabago, pag-aalala, at kawalan.

Paunawa ng Patnugot: Nang magsimula ang pangkalahatang kumperensya noong Abril 4, ang mga larawan ng tahimik na Conference Center ay mga paalala ng pandemyang nakapaligid sa atin, ngunit ang mga mensahe mula sa ating mga lider ay nakatuon sa mga positibong pananaw at pag-asa. Nitong mga nakaraang linggo, nakatanggap kami ng magkakatulad na mga kuwento ng pananampalataya mula sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo. Ang mga kasunod na pahina ay naglalaman ng mga sipi mula sa ilan sa inyong mga kuwento, gayundin ng mga impormasyon tungkol sa iba pang mga artikulo online. Sa pagkahabag na tulad ng kay Cristo, maaari nating patuloy na tulungan ang isa't isa na gumaling mula sa mga epekto ng pandemyang ito.

Siya ay Kasama Ko Noon; Siya'y Kasama Ko Ngayon

Habang nakaupo ako sa bahay at pinipilit na pakalmahin ang pag-aalala ko tungkol sa nangyayari sa mundo, binuklat ko ang aking journal sa kahit saang pahina lang at nakita ko ang sumusunod: “Napakaraming takot na kasama sa paggising natin bawat araw sa mundong ito, pero kapag nananampalataya tayo sa mga turo ng ebanghelyo, makasusulong tayo nang paunti-unti. . . . Laging nadadaig ng pananampalataya ang takot.”

Alam ko na nakatanggap ako ng malakas na personal na paghahayag at ibinigay ito sa akin ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng mga isinulat ko sa sarili kong journal ilang taon na ang nakaraan. Nabiyayaan ako ng ilang sandali ng kapayapaan at kaalaman na kasama ko noon ang Ama sa Langit, at kasama ko Siya ngayon mismo.

Danette Gray, Utah, USA

Ang Espiritu Santo ay Maaaring Kumilos Online

Nabigyang-inspirasyon ako na simulan ang pagdaraos ng mga klase sa seminary sa pamamagitan ng mga group video chat. Dalawang araw bago isinailalim sa quarantine ang lungsod namin, nagdaos ng unang lesson online ang klase namin.

Sumali rin ang ilan sa mga magulang sa klase namin, pati na ang mga hindi miyembro. Pinigilan kong maluha nang sama-sama naming pag-aralan ang Mosias kabanata 2. Nada-ma naming lahat ang Espiritu dahil natutuhan namin na ang paglilingkod sa iba ay paglilingkod din sa Diyos. Marami akong natutuhan tungkol sa pagtanggap at pagkilala ng personal na paghahayag. Ipapakita ng Espiritu Santo ang katotohanan ng ebanghelyo sa maraming paraan na maipaparating ito. Sa kabila ng nangyayari sa mundo, walang makapipigil sa pagsulong

ng gawain ng Ama sa Langit para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak.

Marites Pineda, Mindanao, Philippines

Hindi pa Kami Pumalya sa Pagdaraos ng Seminary

Kahit maraming nangyayari dahil sa coronavirus, natutuwa akong sabihin na hindi kami pumalya sa pagdaraos ng seminary! May kahirapang magturo ng klase sa pamamagitan ng video chat, pero natutuwa ako na makitang nakikinig ang mga magulang at mga nakababatang kapatid sa mga pag-uusap namin ng klase. Tuwang-tuwa ako na nakakapagbigay ito ng gawain na regular naming magagawa nang sama-sama bilang pamilya, at ang pinakagusto ko rito ay patuloy kaming makapagpapatotoo sa isa't isa tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang pagmamahal para sa amin.

Mandi Crandell, Yigo, Guam

Paglilingkod sa mga Yaong nasa Magkabilang Panig ng Tabing

Naglilingkod ako bilang isang senior sister missionary sa Missouri Independence Mission nang kanselahin ang mga miting ng Simbahan at nagsimulang manatili lamang kami sa aming mga apartment. Ginamit namin ang aming mga telepono at computer para makausap ang mga miyembro at makipag-ugnayan sa mga binibisita namin na hindi regular na nagsisimba.

Para maging abala, nagpasiya akong gumawa ng family history, kahit medyo nahirapan ako noong una sa paghanap ng anumang mga bagong pangalan. Nang mag-log on ako sa FamilySearch, nakita ko ang isang notification tungkol sa isang rekord na naghihintay na ma-attach. Mula sa isang rekord na iyon nakahanap ako ng mga 70 tao sa aking angkan. Pagkaraan ng limang araw, nahinto ang paglabas ng mga pangalan. Kalaunan nang araw na iyon, nalaman namin na ire-release na kami lahat para umuwi. Nalulungkot akong umalis, pero nada-ma kong pinagpala pa rin ako dahil



nakapaglingkod ako sa pamilya sa kabilang panig ng tabing sa mahirap na panahong ito.

Kim Nielson, Oregon, USA

Paggawa ng Ating Tungkulin upang Patuloy na Isulong ang Gawain ng Panginoon

Dahil pinayuhan ang mga missionary sa aming area na manatili sa kanilang mga apartment, sinikap naming gawin ang aming tungkulin, mag-anyaya ng isang kaibigan para malaman ang tungkol sa Simbahan. Ibinabahagi ng mga missionary ang kanilang mga lesson sa aming kaibigan sa pamamagitan ng telepono. Nadarama namin ang lakas ng Espiritu sa aming tahanan dahil sa teknolohiya na mayroon tayo ngayon. Kamanghamanghang makita na nagpapatuloy ang gawain ng Panginoon sa kabila ng lahat ng mga hamon sa mundo.

Elaina Reich, Washington, USA

Naririnig ng Tagapagligtas ang Aming Pag-awit

Naglilingkod ako bilang Church-service missionary sa PathwayConnect program sa Kyiv Ukraine Stake. Ipinasiya ng mga lider ng programa na kaming lahat na namumuno sa pagtipon ng mga tao ay bigyan ng training para mapangasiwaan namin ang mga taong ito online. Kinabukasan mismo, nagdeklara ang gobyerno nang mahigpitang quarantine sa Kyiv.

Gustung-gusto ko ang oportunidad na magtipun-tipon para sa Pathway-Connect. At gustung-gusto ko ang pagkakataon na sama-samang sumamba at magkantahan sa bahay sa mga araw ng Linggo. Nagpapasalamat ako sa katiyakan na kapag may dalawa o tatlong nagkakatiyon sa Kanyang pangalan, Siya ay nariyan. Walang nakakaalam kung gaano kami katagal na sasailalim sa quarantine sa Kyiv, ngunit alam namin na maririnig ng Tagapagligtas ang aming pag-awit.

Kateryna Serdyuk, Kyiv, Ukraine

"Panahon na para Ibalik ang Iyong Pamilya"

Nang dumalas ang balita tungkol sa COVID-19, inisip ko na sinosobrahan



lang ang pagbabalita rito. Pero habang lumilipas ang mga araw, nagsimula akong makadama ng pagkabalisa at takot sa hinaharap ng ating mundo.

Isang umaga, hindi ako makatutulong at nanatiling nakaupo habang pinag-iisipang mabuti kung para saan ba ang lahat ng ito. Pagkatapos ay napayapa ako. Itinuro sa akin ng Espiritu na binigyan ako ng Panginoon ng isang kaloob. "Panahon na para ibalik ang iyong pamilya," sabi Niya.

Lagi kaming abala sa buhay. Binigyan ng pandemyang ito ang aming pamilya ng pagkakataong pagtuunan ang mga bagay na mahalaga: ang ebanghelyo ni Jesucristo. Mahahadlangan ko ang ilan sa mga mapanganib na impluwensyang iyon sa mundo at magtutuo sa pagtuturo sa aking mga anak na umasa kay Cristo. Palagi tayong inaalala ng ating Ama sa Langit. Nadarama ko iyan ngayon nang higit kailanman.

Mary Ostler, Nebraska, USA

Inihanda Tayo ng Panginoon Para Dito

Nang una akong sinabihan na pansamantalang kakanselahin ang pagtitipun-tipon sa Simbahan, medyo nabalisa ako. Pero ngayon nakikita ko kung paano tayo inihanda ng Panginoon para dito sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Ang pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan ay makakatulong sa atin sa panahon ng mga pagsubok. Nagpapasalamat ako na maaari pa rin akong tumanggap ng sakramento tuwing Linggo at mabasa, mapanood, at mapakinggan ang mga salita ng mga propeta. Nakakapanatag na malaman na hangga't hindi pa tayo maaaring magkasamasamang muli, maaari pa rin nating madama ang Espiritu ring iyon.

Emma van As, Gauteng, South Africa

Tinuruan Kami Kung Paano Sumamba

Noong nakibahagi kaming mag-asawa sa ordenansa ng sakramento sa aming tahanan sa unang pagkakataon, damang-dama ko ang Espiritu kaya nahirapan akong kantahin ang himno na pinili namin. Sa loob ng mahigit 70 taon na pagdalo ko sa mga worship service natin, wala akong maalala na pinasalamatan ko nang lubos ang mga pagpapalang natanggap ko sa pamamagitan ng pagiging miyembro at pakikibahagi namin sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Itinuro sa amin kung paano sumamba at kung sino ang sinasamba namin. Oo, hindi namin nakakahalubilo ang aming mga kapwa Banal at ikasasaya namin na bumalik na sa "normal" ang sitwasyon sa lalong madaling panahon, pero nagpapasalamat ako sa mga aral na natututuhan namin sa mga panahong ito habang sinusunod namin ang payo ng propeta sa aming pagsamba na "nakasentro sa tahanan, at sinusuportahan ng Simbahan."

Susan Preator, Montana, USA

Pagkakaroon ng Kapayapaan at Pagkakaisa

Ang pagdaraos ng home evening ay isang bagay na inaasam namin ng ang aking anak bawat linggo.

Madalas na pumupunta noon sa bahay namin ang mga miyembro, kaibigan, at mga missionary. Pagkatapos ay nabago na ang mga bagay-bagay dahil sa pandemya. Ngayon may home evening pa rin kami kasama ang aming mga kaibigan gamit ang telepono. Sa panahong ito na magkakasama kami nakagawa kami ng maraming bagay na lalong naglapit sa amin sa isa't isa.

Lubos akong nagpapasalamat para sa ating mahal na propeta, na nag-anyaya sa ating lahat na mag-ayuno. Nadama ng marami sa atin ang kapangyarihan ng pagkakaisa at kapayapaan sa pamamagitan ng karanasang iyan. Sa panahong tulad nito, ang kapayapaan na kailangan natin ay nagmumula sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Roshene McKenzie, Kingston, Jamaica

Ang Diyos ang May Kontrol

Nagsimula ako sa misyon dalawa't kalahating buwan pa lang ang nakararaan. Naatasan akong maglingkod sa Hermosillo, Mexico. Bawat araw, nagkaroon ako ng pagkakataon na makilala ang mabubuting tao na handang tanggapin ang ipinangumalik na ebanghelyo. Nadama ko na sinisimulan ko pa lang maisakatuparan ang layunin ko nang matigil ang misyon ko dahil sa COVID-19.

Masakit iwan ang mga taong iyon na mahal na mahal ko, pero nadama ko rin ang malaking kapayapaan at kapanatagan dahil alam ko na ang Diyos pa rin ang may kontrol. Nagpapasalamat ako na mayroon tayong propeta at mga Apostol na gumagabay sa atin sa panahong ito. Tulad ng maraming missionary sa buong mundo, naniniwala ako na hindi ito ang katapusan ng misyon ko. Hindi magtatagal makakatulong akong muli na isulong ang gawain ng Panginoon at patuloy na magiging kasangkapan sa Kanyang mga kamay upang makapagdala pa ng mas maraming kaluluwa tungo sa pagsisisi. ■

Carolina Roman, Puerto Rico

Patuloy na Magsiyasat Online

Magbasa pa ng mga kuwento tungkol sa paraan ng pagtugon ng mga miyembro sa mga epekto ng pandemya sa kanilang buhay nang may pananampalataya at pag-asa.

Kailangan mo ng pag-asa?

- Alamin kung paanong ang mga miyembro sa iba't ibang dako ng mundo ay nakahanap ng pag-asa na binabantayan tayo ng Diyos.
- Basahin kung paano nagpatuloy sa pagsulong ang mga miyembro sa ilang pagkakataon sa kasaysayan ng Simbahan nang makansela ang mga sacrament meeting.



Kailangan mo ng tulong?

- Alamin kung paano mo malalaman na ikaw ay nagdadalamhati at kung paano makidalamhati sa mga nagdadalamhati.
- Alamin kung paano nakaakma ang iba sa pagsamba sa loob ng tahanan.

Kailangan mo ng mga ideya?

- Kumuha ng mga ideya tungkol sa kung paano ka patuloy na makapagmi-minister sa mga kakaibang kalagayang ito.
- Alamin kung paano nakaakma ang mga full-time missionary sa mga pagbabago sa kani-ang mga assignment.

Para mabasa ang mga kuwentong ito at iba pa, bisitahin ang espesyal na bahagi ng *Liahona*, "COVID-19: Mga Mensahe ng Pananampalataya." Hanapin ang bahagi sa pamamagitan ng pagbisita sa mga magasin sa Gospel Library app, o online sa [ChurchofJesusChrist.org](https://www.ChurchofJesusChrist.org).

Karagdagang Resources na Makakatulong sa mga Magulang

- Kasama sa isyu ng *Ang Kaibigan* sa buwan ng Mayo ang mga kuwento tungkol sa mga batang nag-aaral at naglilingkod.
- Buksan ang Gospel Living app at ang mga isyu ng *New Era* kamakailan para makita ang mga kuwento tungkol sa mga kabataan na sumusulong sa pananampalataya at naghahanap ng mga kakaibang paraan ng paglilingkod.
- Ang pagsasama-sama sa masisikip na kuwento ay napakahirap. Para sa mga ideya tungkol sa pagbuo ng mas matibay na ugnayan sa iyong asawa at pamilya, basahin ang mga artikulong ito:
 - "Paglalaho ng Pag-ibig . . . At Pagsisikap na Ibalik Ito," *Liahona*, Ene. 2005.
 - "Nurturing a Love That Lasts," *Liahona*, May 2000.
 - "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona*, Mayo 2013.
 - "Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan," *Liahona*, Nob. 2009.
 - Ang malungkot, may mga taong gagamitin ang nakakabagabag na panahong ito para abusuhin ang iba. Kung sinasaktan ka, saliksikin lamang ang resources sa [abuse.ChurchofJesusChrist.org](https://www.ChurchofJesusChrist.org) at humingi ng tulong. Karapatan mong maging ligtas at respetuhin.

Tuklasin ang Iba Pa

- Para sa mga pinakabagong update mula sa Simbahan tungkol sa mga epekto ng COVID-19, pumunta sa [ChurchofJesusChrist.org](https://www.ChurchofJesusChrist.org).

Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan sa mga kabanata tungkol sa mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society sa *Handbook 2: Administering the Church*, (2019).

Ang mga sumusunod na tanong ay makakatulong sa mga guro habang nagpapalano sila na ituro ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya.

- [illegible]

Mga Ideya para sa Aktibidad

Maraming paraan para matulungan ang mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Narito ang ilang halimbawa; maaaring may iba kang mga ideya na magiging mas epektibo sa inyong korum o Relief Society.



- ***Talakayin sa mga grupo.***

Hatiin ang mga miyembro sa maliliit na grupo, at bigyan ang bawat grupo ng iba-ibang bahagi ng mensahe sa kumperensya para basahin at talakayin. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang katotohanang natutuhan nila. O maaaring igrupu-igrupo mo ang mga taong nag-aral ng iba't ibang bahagi at sabihin sa kanila na ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila.

- ***Sumagot ng mga tanong.***

Anyayahan ang mga miyembro na sagutin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod tungkol sa mensahe sa kumperensya: Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang makikita natin sa mensaheng ito? Paano natin maipamumuhay ang mga katotohanang ito? Anong mga paanyaya at ipinangakong mga pagpapala ang ibinigay? Ano ang itinuturo ng mensaheng ito sa atin tungkol sa gawaing nais ng Diyos na gawin natin?

- ***Magbahagi ng mga sipi o quotation.***

Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga sipi o quotation mula sa mensahe sa kumperensya na nagbibigay-inspirasyon sa kanila na gawin ang kanilang mga responsibilidad sa gawain ng kaligtasan. Hikayatin sila na isipin kung paano nila maibabahagi ang mga quotation na ito para mapagpala ang isang tao, kabilang ang mga mahal nila sa buhay at mga taong pinaglilingkuran nila.

- ***Magbahagi ng isang object lesson.***

Maaga pa lang, anyayahan ang ilang miyembro na magdala ng mga bagay mula sa kanilang tahanan na magagamit nila sa pagtuturo ng tungkol sa mensahe sa kumperensya. Sa oras ng miting, sabihin sa mga miyembro na ipaliwanag kung paano nauugnay ang mga bagay na iyon sa mensahe.

- ***Maghanda ng lesson na ituturo sa tahanan.***

Pagpartner-partnerin ang mga miyembro para magtulungan sa paggawa ng isang home evening lesson batay sa mensahe sa kumperensya. Paano natin maiuugnay ang mensahe sa ating mga pamilya? Paano natin maibabahagi ang mensaheng ito sa mga taong pinaglilingkuran natin?

- ***Magbahagi ng mga karanasan.***

Magkakasamang basahin ang ilang pahayag mula sa mensahe sa kumperensya. Hilingin sa mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa kanilang buhay na naglalarawan o nagbibigay-diin sa doktrinang itinuro sa mga pahayag na ito.

- ***Pag-aralan ang isang banal na kasulatan.***

Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang isang banal na kasulatan na binanggit sa mensahe sa kumperensya. Ipatalakay sa kanila kung paano nakatulong sa kanila ang mga turo sa mensahe para mas maunawaan ang banal na kasulatan.

- ***Maghanap ng sagot.***

Maaga pa lang, gumawa ng ilang tanong na masasagot gamit ang mensahe sa kumperensya. Magtuon sa mga tanong na naghihikayat ng malalim na pag-iisip o pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*, 31–32). Pagkatapos ay hayaang pumili ang mga miyembro ng isang tanong at humanap ng mga sagot sa mensahe. Sabihin sa kanila na talakayin ang mga sagot nila sa maliliit na grupo.

- ***Maghanap ng parirala.***

Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe sa kumperensya, at maghanap ng mga parirala na makahulugan sa kanila. Ipabahagi sa kanila ang mga parirala at kung ano ang natutuhan nila mula sa mga ito. Paano tumutulong sa atin ang mga turong ito na magawa ang gawain ng Panginoon?

- ***Lumikha ng isang bagay.***

Anyayahan ang mga miyembro na gumawa ng isang poster o bookmark na may nakasulat na maikling pahayag na nagbibigay-inspirasyon mula sa mensahe sa kumperensya. Bigyan sila ng pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila. ■



Ang Sentrong Lugar ng Tagapagligtas

Ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson ang bagong simbolo para matukoy Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa pahina 73). Ang sagisag ay nagbibigay-diin sa pangalan ni Jesucristo at sa Kanyang mahalagang papel sa lahat ng ginagawa ng Simbahan. Ang pangalan ng Simbahan ay nasa loob ng isang hugis parihaba na kumakatawan sa isang batong panulok—si Jesucristo, ang batong panulok kung saan nakatayo ang Simbahan (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:19–21). Sa gitna ng simbolo ay ang representasyon ng marmol na estatua na gawa ni Thorvaldsen, ang Christus. Ipinakikita ng larawan ang nabuhay na mag-uli at buhay na Panginoon na nakatayo sa ilalim ng arko bilang paalala sa Kanyang paglabas mula sa libingan tatlong araw pagkatapos ng Kanyang kamatayan.

Sa pagrespeto sa kasagraduhan ng simbolo ng Simbahan at upang magkaroon ng legal na proteksyon, ang opisyal na simbolo ng Simbahan ay gagamitin lamang ayon sa pahintulot ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.



“Ano ang ibig sabihin para sa inyo na ipinanumbalik na sa mundo ang ebanghelyo ni Jesucristo?” Itinanong ni Pangulong Russell M. Nelson sa ika-190 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan.

“Ang ibig sabihin nito ay mabubuklod na kayo at ang inyong pamilya magpakailanman! Ang ibig sabihin nito ay dahil nabin-yagan kayo ng isang taong may awtoridad mula kay Jesucristo at nakumpirmang miyembro ng Kanyang Simbahan, makakasama ninyong palagi ang Espiritu Santo. . . . Ang ibig sabihin nito ay hindi kayo iiwang mag-isa o nang walang kakayahang makatang-gap ng kapangyarihan ng Diyos para matulungan kayo. Ang ibig sabihin nito ay mapagpapala kayo ng kapangyarihan ng priest-hood kapag tumatanggap kayo ng mga kinakailangang ordenan-sa at gumagawa ng mga tipan sa Diyos at tinutupad ang mga iyon. Isang angkla sa ating mga kaluluwa ang mga katotohanang ito, lalo na sa mga panahong ito na nagngangalit ang bagyo.”

